Dr. Laurence B. Brown

# NADIYOS'KUBRE?

# *(GOD'ED?)*

Isinalin sa Tagalog ni Muhammad Eisa de Jesus

Ang Kapakanan ng Islam bilang Pagwawakas ng Rebelasyon

Lahat ng mga sipi ng kasulatan, maliban kung nasasaad nang kaiba, ay mula sa *New King James Version. Copyright © 1982* ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot May-ari ng lahat ng karapatan.

Ang mga sipi rito ng kasulatang may tatak "NRSV" ay mula sa New Revised Standard Version Bible, Copyright © 1989 ng Division of Christian Education of the National Council of the Churches of Christ in the U.S.A. Ginamit nang may pahintulot May-ari ng lahat ng karapatan.

*Copyright © 2007* Dr. Laurence B. Brown

May-ari ng lahat ng karapatan.

ISBN: 1-4196-8460-4

ISBN-13: 978-1419684609

MGA IBA PANG SULATING KAAKIT-AKIT

NI

DR. LAURENCE B. BROWN

Kathang-Isip:

*The Eighth Scroll*

Hindi Kinatha:

*Misgod'ed*

*Bearing True Witness*

*The First and Final Commandment*

Mga *Website* ng May-Akda:

www.EIGHTHSCROLL.com

www.LEVELTRUTH.com

*NaDiyos'kubre?*

Ang mga linya ay naghahatid mula sa kauna-unahang Kristiyanismong Judio hanggang sa ikapitong dantaon, katiyakang patungo sa Islam. . . . Ang mga paghahambing sa pagitan ng larawan sa Qur'an ni Jesus at ng isang Kristolohiyang may isang timbreng Judio-Kristiyano ay nakalilito. Ang mga pagkakatulad na ito ay di-matatanggihan at humihingi ng mas malawak na makasaysayan at mapamaraang pagninilay.

—Hans Küng, *Islam, Past, Present and Future*

(2007, One World Publications. p. 37, 44)

MGA NILALAMAN

– MGA TALA (REKORD) SA MGA KASULATANG PINAGKUNAN AT MGA SALIN –...............6
– PANIMULA –........................................................................................................8
UNANG BAHAGI: ANG BANAL NA QUR'AN..........................................................13
1: ISANG MAIKLING KASAYSAYAN NG BANAL NA QUR'AN....................................14
2: EBIDENSYA — ISANG PAHAPYAW
..................................29..........................................29
3: EBIDENSYA #1 — PANLOOB NA PANG-
AKIT..............................................................322
4: EBIDENSYA #2 — ANG WIKA (LENGGWAHE) NG QUR'AN..........................................40
5: EBIDENSYA #3 — KAUGNAYAN NG REBELASYON SA MGA UNANG NAGANAP..... ......61
6: EBIDENSYA #4 — KAUGNAYAN NG REBELASYON SA MGA NAGAGANAP
NGAYON....799
7: EBIDENSYA #5 — KAUGNAYAN NG REBELASYON SA MGA MAGAGANAP..................84
8: EBIDENSYA #6 — REBELASYON NG MGA DI-LAM.....................................................101
9: BUOD NG EBIDENSYA...................................................................................140
IKA-2 BAHAGI: MGA SUGO..................................................................................145
1: ADAN HANGGANG MOISES.............................................................................148
2: MOISES.......................................................................................................151
3: JESUCRISTO.................................................................................................162
4: MUHAMMAD.................................................................................................169
IKA-3 BAHAGI: KATUNAYAN NG PAGKAPROPETA..........................................180
1: MGA MAHIMALANG TANDA.............................................................................181
2: MGA HIMALANG ISINAGAWA..........................................................................188
3: PAGKATAO...................................................................................................193
4: PAGTITIYAGA AT KATATAGAN..........................................................................210
5: KAKULANGAN NG MGA HADLANG.....................................................................221
6: PAGPAPANATILI NG MENSAHE.........................................................................232
IKA-4 NA BAHAGI: ANG MGA DI-NAKIKITA.....................................................239
1:MGA ANGHEL.................................................................................................240
2: ARAW NG PAGHUHUKOM................................................................................243
3:TADHANANG MAKADIYOS..................................................................................246
IKA-5 BAHAGI: MGA PANGWAKAS........................................................................252
1:ANG "LIHIS" NA RELIHIYON..............................................................................253
2:PAGTALIMA......................................................................................................256
3:ANG MGA BUNGA NG KATWIRAN.......................................................................261
APPENDISE 1— PAGSAMBA SA DIYUS-DIYUSAN.............................................265
APPENDISE 2— MGA MUNGKAHING BABASAHIN............................................285
BIBLIYOGRAPIYA...........................................................................................289
TALASALITAAN..............................................................................................299

Mga Tala (Rekord) sa mga Kasulatang Pinagkunan at mga Salin –

Ang mga sinipi sa Bibliya sa sumusunod na akda, maliban kung isinasaad nang naiba, ay mula sa *New King James Version*. Ang dahilan ng pagpili sa bersyong ito ng Bibliya ay di-tumutukoy sa antas ng pagkamakatotohanan ng kasulatan, na mapagtatalunan, manapa'y dahil sa popularidad ng teksto. Sa mga bansang Inggles ang katutubong wika, ang edisyong 1611 ng *King James Version* ang pinakamalaganap na binabasang salin ng Bibliya. Ang *New King James Version (NKJV)* ay tumubo mula sa isang pagsisikap na higit na maipaabot ang saling 1611 sa mga modernong mambabasa, na nagtatapon ng mga *thee* at *thou.* Sa kasamaang-palad, kakaunting pagsisikap ang nagagawa upang pagkaisahin ang mga pagkakaiba sa *1611 King James Version* at mga *codex* na *Sinaiticus* at *Vaticanus*, na natuklasan noong mga taon ng 1800 at nagtataglay ng mga pinakamatatanda at pinakamapatitibayang sulat-kamay (manuskrito) ng BagongTipan na natagpuan hanggang sa ngayon. Ngayong ang mga tekstong ito ay naririto, maaaring asahan ninumang makita ang impluwensya ng mga ito sa mga higit na makabagong salin ng Bibliya. Hindi ganito ang pangyayari sa kaso ng *New King James Version*, na nagpapanatili sa mga talata at pangungusap na salungat sa mga pinakaluma at iginagalang na sulat-kamay ng Bagong Tipan. Samakatwid, samantalang tumutukoy ang karamihan sa aklat na ito sa *New King James Version* sa ikasisiya ng mayorya ng mga Protestante ng Kanluraning Kristiyanismo, isang karagdagang bersiyon ang isinasaalang-alang kung saan may mas malaking katumpakan sa pag-aaral ang kailangan.

Ang *New Revised Standard Version (NRSV)* ay pumupuno sa kakulangang ito. Katulad ng nauna ritong *Revised Standard Version (RSV),* ang *NRSV* ay isang pagtutulungang ekumeniko, na nasasalamin sa tatlo nitong magkakahiwalay na edisyong Protestante, *Catolico Romano* at *Eastern Orthodox*. Higit na mahalaga, ang *NRSV* ay naglalarawan ng makabagong pag-aaral sa Bibliyang noong una ay hindi umiiral. Sa katotohanan, ang alikabok ay bahagya pa lamang napapawi sa mga *Dead Sea Scrolls* nang ang salin ng *RSV* sa Lumang Tipan ay

malathala noong 1946. Sa mga kadahilanang ito, ang *NRSV* ay mabisang pumalit sa *Revised Standard Version* at nagtatamasa ng pinakamalawak na pagtanggap ng lahat ng mga salin ng Bibliya.

Ang mga sipi mula sa *World Bibliography of Translations of the Meanings of the Holy Qur'an* (mula ngayon dito ay *TMQ*), maliban kung nakasaad nang naiba, ay mula sa *The Holy Qur'an: Translation and Commentary* ni Abdullah Yusuf Ali. Sa mga higit na akmang saling kinakailangan, yaong *Saheeh International* o nina Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan (alalaong-baga, *The Noble Qur'an*) ang ginagamit.

Sa mga nag-aalinlangan sa paggamit ng maramihang pagsasalin, masasabing walang anumang wika, at lalung-lalo na ng isang kasinsalimuot ng Arabik, ang maaaring isalin nang ganap na katumpakan. Gaya ng sinabi ng Orientalista at tagasaling si Alfred Guillaume, "Ang Qur'an ay isa sa mga klasika ng daigdig na hindi maisasalin nang walang malubhang mawawala."[1]

Kung kaya, may pangangailangan sa maramihang pagsasalin ng Qur'an, sapagkat walang iisang salin ang maaaring sapat na makapaghatid ng kahulugan ng orihinal.

---

[1] Guillaume, Alfred. 1990. *Islam*. Penguin Books. pp. 73–74.

## – Panimula –

*Ang buhay ay tulad mandin ng isang latang sardinas —*
*lahat tayo ay ang susi ang siyang hinahanap.*
—Alan Bennett, *Beyond the Fringe*[2]

Ito ang pangalawa sa dalawang aklat na nauukol sa isang pagsusuri ng tatlong pananampalatayang Abrahamikong Judaismo, Kristiyanismo, at Islam. Gaya ng isinasaad sa unang aklat, *NaDiyos'grasya*, ang mga layunin ng ganitong pagsusuri ay mabigyang-kahulugan ang mga kawing sa tanikala ng rebelasyon, matunton ang tanikalang ito tungo sa konklusyon nito, at sa prosesong ito ay mailantad ang mga mananampalataya at di-mananampalataya [alalaong-baga, ang mga "naDiyos'kubre" (ang Gabay ng Diyos) at ang mga "naDiyos'grasya" (nalihis sa Gabay)] buhat sa kalipunan ng mga nag-aangkin ng gabay na makadiyos. Inaakala kong natapos na ng mga mambabasa ang unang libro sa seryeng ito, ngunit para sa mga hindi pa, binigyang-kahulugan ng *NaDiyos'grasya* ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga pang-unawa tungkol sa Diyos ng Judaismo, Kristiyanismo, at Islam, nagsuri ng mga pagkakaiba sa doktrinang naghihiwalay sa Kristiyanismo mula sa Islam, at naglantad ng mga kahinaan ng kasulatan at dogmang (katuruang) Judio-Kristiyano. Kaugnay nitong huli, karamihan ng mga kahinaang ito ay naging masalimuot, gaya ng paghango ng mga maling turo sa pananampalatayang Kristiyano mula sa mga kamalian ng pagsipi (pagkopya) o mga panghuhuwad ng kasulatan. Sa ibang mga pagkakataon, ang mga labag na turo ng pananampalatayang Kristiyano ay hinango sa mga pinagmulang di-biblikal, na mangyari pang nangangahulugang ang kasulatan ay may maliit o walang kinalaman sa mga ito. Saanman na ang mga elemento ng batas ng Krisityanismo *ay* hinango sa mga pinagmulang biblikal, nakakagulat na matuklasang ang mga turo ni Pablo ay higit na pinahahalagahan kaysa roon sa kay Jesucristo, lalo na kapag ang dalawang mga turo ay lantarang magkasalungat

---

[2] Cohen, M.J. and J.M. 1996. The Penguin Dictionary of Twentieth-Century Quotations. Penguin Books.

Ang pagiging di-mapagkakatiwalaang ito ng mga pinagmulang  Judio-Kristiyano ay pumipilit sa mga tapat na mapaghanap upang tumingin sa iba pa para sa paggabay. Kaya't narito ang pangalawang librong ito sa serye. Ang maraming tumutuligsa sa naitatag na katuruang Judio o Kristiyano ay nakakatuklas na ang kanilang mga makatwirang pagtutol ay kinakalaban ng maapoy na damdaming kaakibat ng bulag na pangangaral.

Hindi gayon sa Islam..

Sa mga salita ni Margaret Nydell, "Sila [kumbaga, ang mga Arabeng Muslim] ay matatag sa kanilang paniniwala tungkol sa pagiging ganap ng Islam, yayamang ito ay tanggap bilang pangatlo at pangwakas na pagpapadalisay ng nangaunang dalawang ipinahayag na relihiyon, ang Judaismo at Kristiyanismo.."[3]

Natutuklasan ng marami na ang pagtalakay ng Islam sa relihiyon ay nakagiginhawa, sapagkat kinokondena ng Islam ang bulag na pangangaral at humihingi ng paghango ng mga katotohanan sa relihiyon mula sa mga ebidensyang pinagbabatayan. Itinuturo ng Islam ang mga tanggap na paniniwala, upang makatiyak, subalit nag-aangkin din ito ng di-pagtapak nang labis sa mga hangganan ng katwiran. Ang pag-aaral na may panlabas na pananaw ay inaasahang makapagbunyag ng tanikala ng rebelasyon at maglantad ng mga di-tanggap, di-makadiyos na elemento ng lahat ng mga kasulatan at pilosopyang napalitan ng rebelasyon ng Banal na Qur'an. Ang nagsisisang-ayon sa kuru-kurong ito ay kumikilala sa "pagtalima sa kalooban ng Diyos" bilang tanging panuntunan ng buhay na katanggap-tanggap sa Lumikha, at natutuklasan ang mga turo ng Islam hindi lamang sa Banal na Qur'an, kundi gayundin sa mga kasulatang nanagauna rito.

Ang paninindigan ng Islam ay hindi dapat makadama ng pangamba ang mga tapat na mapaghanap, sapagkat ang Islam ay hindi hihigit sa isang pagbabalik-buhay at pagpapatibay sa mga turo ng lahat ng mga propeta. Gaya ng nasasaad sa Banal na Qur'an,  "Itong Qur'an ay hindi isang malilikha ng maliban sa Allah; sa kabaligtaran, ito ay isang pagpapatunay ng (mga rebelasyong) dumating nang una rito, at pagkatapos ay ng isang higit na buong paliwanag ng

---

[3] Nydell, Margaret K. 2006. *Understanding Arabs*. Intercultural Press. p. 34.

Aklat — kung saan ay walang alinlangan — mula sa Panginoon ng mga Daigdig ” (TMQ 10:37). Sa kabilang dako, ang mga institusyong Judio at Kristiyano ay maaaring makaramdam ng matinding pagbabanta, sapagkat ibinubunyag ng Islam ang mga huwad na pundasyong pinagtayuan ng mga ito — mga pundasyong mas madalas kaysa hindi, ay inimbento mula sa mga turo ng mga tagasunod na higit na may pagpapahalaga kaysa roong mula sa mga propeta mismo.

Paanong nangyari ito? Ayon sa Islam, noong panahon ng kaugaliang ipinahayag ng bibig, ang Allah (alalaong-baga, ang Diyos) ay nagpadala ng isang propeta sa bawat nasyon. Subalit nang hinandugan ng Allah ang sangkatauhan ng wikang nakatitik, ang mga aklat ng kasulatan ay humalili sa gayong karaming mga propeta. Nakarating ang rebelasyon sa sumunod na mga salinlahi (henerasyon) sa pamamagitan ng pinagsamang kaugaliang ipinahayag, kasulatang itinitik, at mga relihiyosong kalalakihan at kababaihang nagsilbing mga banal na halimbawa sa kanilang mga pamayanan.

Iniuulat na hinandugan ng Allah ang sangkatauhan ng isang serye ng mga kasulatan, na nagpahayag ng *suhuf* (“mga pahina”) kay Abraham, *zaboor* (mga salmo) kay David, *tawraat* (Torah) kay Moises, *injeel* (ebanghelyo) kay Jesus, at Qur’an kay Muhammad. Bawat aklat ay humalili sa naunang tala sa sandaling ang dalisay na mensahe ng rebelasyon ng Diyos ay nahaluang sapat upang mangailangan ng pagtutuwid.

Maaaring maging pangkaraniwan ang senaryong ito, sapagkat hindi banyaga ang kasaysayan sa maraming taong bumago o nagbigay ng piniling pakahulugan sa rebelasyon ayon sa mga lihis na paghahangad. Tungkol sa mga taong ito, itinuturo ng Allah,

> “Sa kanila ay may isang bahaging sa Aklat ay sumisira
> sa pamamagitan ng kanilang mga dila,
> (habang binabasa nila) na aakalain mong iyon ay bahagi ng Aklat,
> subalit hindi iyon bahagi ng Aklat,
> at sinasabi nila, ‘Iyan ay mula sa Allah,’
> subalit iyon ay hindi mula sa Allah:
> sila yaong nagsisinungaling laban sa Allah,
> at iyon ay (ganap na) alam nila!” (TMQ 3:78),
> at ,

"Kaya't sa habag nilang isinusulat ang Aklat sa sariling mga kamay nila,
at pagkaraa'y sinasabing: 'Ito ay mula sa Allah,'
upang kalakalin (negosyohin) ito sa isang napakahamak na halaga!
— sa aba nila dahil sa isinusulat ng kanilang mga kamay,
at sa tubong dahil doon ay kanilang nakakamtan" (TMQ 2:79).

Ang makasaysayang bunga ay ang paglaganap ng isang pambalanang paksa sa kabuuang himaymay ng relihiyong Abrahamiko. Gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'grasya*, ang mga Luma at Bagong Tipan ay kapwa may di-maitatangging tanda ng pagkasira. Datapwat isang pambalanang paniniwala ang naglalagos sa kawing ng rebelasyon sa Lumang Tipan, Bagong Tipan at Banal na Qur'an. Lahat ng tatlong aklat na ito ay nagtuturo ng kaisahan ng pagkadiyos at nag-uutos ng pagtalima sa mga utos ng Diyos. Ang mga paglihis ay pumasok nang ang gawaing magtala, magsalin o magsabatas ay bumagsak sa mga kamay niyaong naghangad na ihugis ang relihiyon nang mas malapit sa paghahangad ng kanilang mga puso.

Isaalang-alang, halimbawa, ang mga Salmo (Awit) ni David. Kung sinuman ang naniniwalang ang mga nalalabi sa mga kamay ng tao ay isang kompleto at di-nahaluang aklat ng patnubay, na may kakayahang tumayo sa sarili nitong kahalagahan, makabubuting magkaroon sila ng ibang mababasa. Isunod na isaalang-alang ang Lumang Tipan, na natatadtad ng sapat na mga kamaliang makapagtuturing sa obrang ito upang mapag-alinlanganan. Pagkatapos ay isaalang-alang ang Bagong Tipan, na nagtanggal ng nasa pagitan ng tinatayang 250 at 2,000 mga di-naisabatas na mga obra, epistola (sulat) at ebanghelyo (na hindi pinahalagahan at sinunog na may isang dakot lamang na mga nalalabing "apocripa").[4 (EN)] Ipinagtataka ng isa ang tungkol sa

---

[4 (*EN*)] Ayon sa *Encyclopaedia Britannica,* "Ang kasaysayan ng gamit ng katawagan [*apocripa*] ay nagbabadyang ito ay tumukoy sa isang kabuuan ng mga sulating mahirap unawaing nang una ay pinahalagahan, pagkatapos ay pinahintulutan, at sa wakas ay tinanggal." Nakawiwiling mapansing ang apocripa, bagamat sa simula ay "pinahalagahan," ay unti-unting nalaglag sa katayuang basta lamang pinahintulutan, at pagkatapos ay tinanggihan. Ang paninindigang ang gayunding pagkakasunud-sunod ng pagtubo ng relihiyon ay nagbunga sa wakas ng pagbabago at / o pagtanggi sa mga turo ni Jesucristo ay hindi ganap na nananatiling malayo. At paanong magkakagayon, samantalang ang mismong kasaysayan ng sinaunang "Kristiyanismo" ay nalalambungan (natatakpan) ng alinlangan? Pagbanggit muli sa *Encyclopaedia Britannica*,

> Ang mga sumulat ng apat na Ebanghelyo na kabilang sa Bagong Tipan ay sumaksi sa mga tiyak na katotohanang marapat malaman ng mga mananampalataya, at *walang kapani-paniwalang pagbuong muli ng mga katotohanang makasaysayan ang posible* mula sa mga aklat na ito ng Bagong Tipan. Ang tanging maaaming makasaysayang aklat sa loob nito (alalaong-baga, sa Bagong Tipan) ay ang Mga

pagkatao niyaong nagsigawa ng *gayong* pagpili ng pagtutuwid, ng kanilang layunin at kasanayan sa relihiyon, at kanilang kagustuhang ilagay sa alanganin ang katotohanang pangkasulatan bilang pagtataguyod sa ideolohiya ng pangkat.

At pagkatapos ay mayroon tayong bantog na dalubhasa (eksperto) sa pagsuri sa teksto, si Profesor Bart D. Ehrman, na nagsasabi sa ating tinataya ng mga iskolar ang bilang nga mga pagkakaiba sa mga manuskrito ng Bagong Tipan sa daan-daang libo, ang iba ay nagtatayang sintaas ng 400,000. [5] Sa mga tanyag na salita ngayon ni Ehrman, "May mas maraming mga pagkakaiba sa ating mga manuskrito kaysa mga salita sa Bagong Tipan."[6]

Kaya't saan iniiwan nito ang mapaghanap ng katotohanang panrelihiyon, kung hindi naghahanap ng pangwakas, na walang- halong aklat ng rebelasyon? At maaari bang ang pangwakas na rebelasyong iyan ay ang Banal na Qur'an? Hahayaan kong ang lahat ng mga mambabasa mismo ang tumugon sa tanong na iyan, batay sa ebidensyang sumusunod.

Sa wakas, ang suliranin sa mga gawang may napakaraming mga sangguniang tulad nito ay ang hindi kaalamang lagi ng mga mambabasa kung mahalagang buklat-buklatin ang mga pahina upang mabasa ang mga tala-hulihan *(endnotes)*. Upang lutasin ang problemang ito, ang mga tala-hulihang nagtataglay ng tekstong nagpapaliwanag ay ipinapahiwatig ng bilang ng tala-hulihang sinusundan ng (*EN*), kagaya nito,[36(EN)] na ang ibig sabihin, "Tala-hulihan bilang *(Endnote number)* 36: Paliwanag." Ang mga bilang ng Tala-hulihang walang tandang *(EN)* ay nagtaglay lamang ng tanging impormasyong pansangguniang-aklat (bibliograpiya).

---

Gawa ng mga Apostol. Ang Bagong Tipan sa kabuuan ay kumakatawan sa isang kalipunan lamang mula sa mga sinaunang sulatin ng Kristiyanismo. Ito ay nagtaglay niyaon *lamang* na umangkop sa doktrina ng simbahan, na sa bandang huli, ang doktrinang iyon ay naging palagian sa isang anyo. Sa pagitan ng Mga Gawa ng mga Apostol, na marahil ay may petsang mula sa hulihan ng unang dantaon, at ng mga sulatin ni Eusebio ng Cesaria (namatay bandang 340) at ng kanyang mga kapanahon sa unang sangkapat *(quarter)* ng ikaapat na dantaon, may halos kompletong puwang sa nakasulat na kasaysayan ng Kristiyanismo. (Akin ang mga italisasyon sa itaas.)

At magkagayon, dapat nating ipagtaka, "Ano ang alam ng mga sinaunang una-, ikalawa- at ikatlong-dantaong "Kristiyano" na hindi natin nalalaman?"

5 Ehrman, Bart D. 2005. *Misquoting Jesus*. HarperCollins. p. 89.

6 *Ibid.,* p. 90.

# UNANG BAHAGI: ANG BANAL NA QUR'AN

*Kapag lumilikha si Satanas ng maruruming berso,*
*Nagpapadala ang Allah ng makadiyos na himig upang linisin ang mga ito.*
*—George Bernard Shaw, The Adventures of the Black Girl in Her Search for God*

# 1: Isang Maikling Kasaysayan ng Banal na Qur'an

*Isang dahilan kung bakit nauulit ang kasaysayan*
*ay dahil sa di-nakinig ang kayraming tao sa simula pa lamang.*
*—Margaret Hussey*

Ang Banal na Qur'an ay ipinahayag sa simula ng ikapitong dantaon, humigit-kumulang sa 600 taon kasunod ng pangangaral ni Jesucristo. Pinaninindigan ng mga Muslim na sa bawat salita, ang rebelasyon ay naisaisip at naisabibig ng propetang si Muhammad sa loob ng huling 23 taon ng kanyang buhay. Sa kabaligtaran, ang mga di-mananampalataya ay nagbibintang kay Muhammad ng isang buong tala-batikos ng huwad na propesiya. Ang mga bintang ng plahiyo *(plagiarism)* ng kasulatan, panlilinlang, pagsisinungaling, at ligaw na kaisipan ay pawang naisulong, kagaya ng pananaw ng pagkilala kay Muhammad sa pagiging isang taong may di-karaniwang talino at kaisipan, ngunit di-higit dito. Ang ilan ay nakaabot sa pagpapalagay na si Muhammad ay epileptiko, at ang Banal na Qur'an ay isang kalipunan ng kanyang pinagbububulong samantalang nasa pagdedeliryo ng pagsumpong.

Marahil ay bunga ito ng mga nakatalang paglalarawan kay Muhamamad sa nabagong kaanyuan samantalang tumatanggap ng rebelasyon. Ang kanyang mahal na maybahay, si A'ishah, ay nag-ulat na siya ay pinagpawisan nang tumanggap ng rebelasyon, maging sa isang napakalamig na araw. Yaong naghahangad na tahasang patayin ang pagkatao ni Muhammad ay makalilikha ng anumang konklusyong ayon sa kanilang nais mula sa gayong mga kakarampot na ebidensya. Gayunman, yaong mga higit na mahinahon ay maipapalagay na ang gayong kakaibang anyo ay hindi lamang mapauumanhinan, kundi maaasahan. Sapagkat, ano ba, kung tutuusin, ang maaasahan nating makita sa mukha ng sinumang taong nahaharap sa isang isipiritwal na pagsalakay ng deretsong rebelasyon?

Yaong mga nakaranas na ng matinding kaba, kilabot, paninindig ng buhok, panlalamig ng gulugod, at pagbilis ng mga pakiramdam na kaakibat ng isang di-normal na kalagayang

ispiritwal ay madaling maiisip na ang anghel ng rebelasyon ay makapagdudulot ng higit na matinding nerbiyos. Katiyakang ang isang nakatuong pansin, pawis sa noo, isang titig sa kawalan, ay hindi hihigit sa inaasahan. Lalong hindi makatwirang ipalagay na ang sinuman ay maaaring makipag-usap sa anghel ng rebelasyon sa pangkaraniwan at maginhawang kondisyon — gaya halimbawa ng may kapeng *cappuccino* at biskotso sa isang kapihang lokal. Maraming taong pinagpapawisan makaharap lamang ang kanilang amo. Kung gaano lalong titibay ang kanilang nerbiyos kung makaharap ang Maylikha ng *lahat* ng mga amo ay mahirap hulaan. Bukod dito, sinumang makasaksi ng mga matinding atake ng pagsumpong ay nalalamang ang mga epileptiko ay hindi makapagsalita nang matino, at hindi makakausap kapag may sumpong o kahit sa panahon ng pagkabawi ng mga pakiramdam na kasunod. Gaya ng pagpuna ni W. Montgomery Watt,

> Ang mga kaaway ng Islam ay madalas igiit na si Muhammad ay may epilepsya, at samakatwid ang kanyang mga karanasang panrelihiyon ay walang bisa. Sa katotohanan, ang mga inilarawang sintomas ay hindi katulad ng sa mga may epilepsya, yayamang ang karamdaman ay nagtutuloy sa kapinsalaan sa katawan at isip, samantalang si Muhammad ay nanatiling matatag hanggang wakas. Subalit, kahit naging totoo ang mga bintang, ang argumento ay magiging ganap na di-makatwiran at batay lamang sa kamangmangan at maling palagay; ang gayong mga pisikal na kaugnayan ay hindi nagbibigay-bisa ni nagpapawalang-bisa sa karanasang panrelihiyon. [7]

Si Hartwig Hirschfeld, isang taong hindi kailanman naubusan ng mga paninirang-puri sa Qur'an, isang taong naglantad ng kanyang maling palagay sa pambungad ng kanyang *New Researches into the Composition and Exegesis of the Qoran* sa mga salitang, "Ang *Qoran*, ang batayang-aklat ng Islam, sa katotohanan ay di-higit sa pagiging panghuhuwad ng Bibliya," [8] gayunpaman, ay nagwakas,

> Ano ang nalalabi ngayon sa impluwensya ng epilepsya o histirya sa pinagmulan ng Islam? Walang-wala. Kailanman ay walang taong bumigkas ng isang pangungusap nang may

---

[7] Watt, W. Montgomery. 1953. *Muhammad at Mecca*. Oxford: Clarendon Press. p. 57.

[8] Hirschfeld, Hartwig, Ph.D. 1902. *New Researches into the Composition and Exegesis of the Qoran*. London: Royal Asiatic Society. Preface, ii.

higit na katinuan at kamalayan kaysa ginawa ni Muhammad sa *iqra'* [ang ika-96 na *surah*, o kabanata, ng Qur'an]. Kung naipahayag niya iyon nang wala maliban sa kasabikang pangpropeta, siya na ang magiging pinakadakilang henyong nabuhay kailanman.[9]

Mangyari pa, pinanininindigan ng mga Muslim na binigkas ni Muhammad ang buong Qur'an, kabilang ang *Surah* (alalaong-baga, kabanata) *Al-'Alaq* (lalong kilala bilang ang *Surah Iqra'*) tahasang sa labas ng katinuan, sapagkat inulit lamang niya ang ipinahayag sa kanya. Si Hirschfeld, bagamat nasa malinaw na di-pagsang-ayon sa pananaw na Muslim, gayunpaman ay pinawalang-halaga ang bintang ng epilepsya bilang isang maingay na paninirang-puri.

Ang hibang na pag-iisip ay dapat ding ipagwalang-bahala, sapagkat si Muhammad ay di-lumitaw na ganap na naunawaan ang kanyang unang karanasan sa rebelasyon. Lubhang nakababagabag ang kanyang unang pakikipagtagpo sa anghel na si Gabriel kung kaya't si Muhammad ay nangailangan ng pagkumbinsi. Ayon sa *New Catholic Encyclopedia*, "Si Mohammed mismo ay nahintakutan, di-makapaniwala, at di-tiyak ang kahulugan ng karanasan. Nangailangan iyon ng paghimok ng kanyang maybahay at mga kaibigan bago siya nakumbinsi at naniwalang tunay siyang nakatanggap ng isang rebelasyon mula sa Diyos." [10]

Ang mga taong nalilinlang ay madaling maniwala sa mga panlilinlang sa kanila. Iyan ang ibinabadya ng salita: isang kahandaang tanggapin ang di-totoo dahil sa ilang pagkabaluktot sa proseso ng pag-iisip. Bukod dito, isang mahalagang haba ng panahon ang lumipas (ayon sa ilan ay kasing-ikli ng 40 araw, sa iba ay kasintagal ng dalawang taon) sa pagitan ng una at pangalawang rebelasyon kay Muhammad. Ngayon, ang isip ng isang taong nalinlang ay bumubuo ng mga magugulong kaisipan nang madalas. Iyan ang kalikasan ng mga nagugulo ang pag-iisip — ang kanilang nabaluktot na pangangatwiran ay hindi kaagad naitutuwid sa loob ng dalawang araw, lalong hindi sa isang linggo, lalong hindi sa 40 araw o higit pa. Gayon din ang mga madaldal at talamak na sinungaling, na waring hindi kayang pawiin ang kanilang mga panlilinlang, na unti-unti rin namang nahahalata sa anumang pagkakataon.

Sa pakakapaglinis kay Muhammad sa mga bintang na pagkakaligaw, pagsisinungaling at

---

[9] *Ibid.,* p. 32.
[10] *New Catholic Encyclopedia*. 1967. Washington, D.C.: The Catholic University of America. Vol 9, p. 1001.

panlilinlang, walang tunay na iskolar ang tumatanggap ng gayong mga paninirang-puri.

Halimbawa, nagkomentaryo si Thomas Carlyle,

Kung paanong siya (si (Muhammad) ay nahirang ni Kadijah, isang mayamang biyuda, bilang kanyang katiwala, at naglakbay para sa negosyo nito, muli sa mga pagtatanghal (perya) ng Syria; kung paano niyang pinamahalaang lahat, gaya ng mauunawaang mabuti, nang katapatan, kahusayan; kung paanong ang kanyang (Kadijah) pagpapasalamat, ang kanyang paghanga kayMuhammad ay umunlad: ang kuwento ng kanilang kasal ay ganap na mabini at kauna-unawa, ayon sa pagkakasalaysay sa atin ng mga awtor na Arabe. Siya ay 25; si Kadija ay 40, bagamat marilag pa rin. Sa wari'y namuhay siyang lubhang mapagmahal, mapayapa, at kapaki-pakinabang sa piling nitong pinakasalan niyang tagapagtaguyod; minamahal niyang tunay, at bukod-tanging siya lamang. Ito ay sumasalungat sa teoriya ng pagkaimpostor, ang katotohanang namuhay siya sa ganitong lubos na di-mapapantayan, lubos na tahimik at pangkaraniwan, hanggang sa natapos ang init ng kanyang mga taon. Siya ay 40 bago siya nagsalita ng anumang misyon mula sa Kalangitan. Lahat ng mga di-kaayusan, tunay at ipinalagay, ay nagsimula sa kanyang ika-50 taon, pagkamatay ng butihing si Kadijah. Lahat ng kanyang "pangarap," sa wari, mula't sapul, ay mamuhay nang tapat ; ang kanyang "katanyagan," ang sapat na mabuting-palagay ng kanyang mga kapitbahay na nakakilala sa kanya, ay naging sapat na sa simula pa lamang. Hindi gayon nang siya ay nagkakaidad, nang malipasan na siya nang ganap ng mapagnasang init ng kanyang buhay, at nang ang *kapayapaan* ay lumalaking maging pangunahing bagay na maibibigay sa kanya ng mundo, na ang pinasimulan niyang "tungkulin ng ambisyon;" at, pagpapasinungaling sa lahat ng kanyang nakalipas na katauhan at pamumuhay, ay natatag na isang abang walang-kakayahang nagdurunung-dunungan upang magkamit ng hindi na niya makakalugdan! Sa aking bahagi, wala akong anumang paniniwala riyan.

Ah hindi: ang may pusong malalim na Anak ng Kaparangang ito, na may maniningning na matang maiitim, at bukas na makakapwang malalim na kaluluwa, ay may ibang mga kaisipan sa kanyang sarili kaysa ambisyon. Isang tahimik na dakilang kaluluwa; siya ay isa sa mga di-maaaring hindi magsumigasig; na mismong hinirang ng Kalikasan upang maging tapat. . . . Ganap naming iiwanan ito, ang pagpapalagay na ito ng pagkaimpostor, sa pagiging hindi kapani-paniwala; ni hindi rin labis na mapahihintulutan, na pangunang karapat-dapat lamang na hindi namin pahalagahan.[11]

Tungkol sa mga ibang pagtatangkang pawalang-bisa ang rebelasyong inangkin ni

---

[11] Carlyle, Thomas. 1841. *On Heros, Hero-Worship and the Heroic in History*. London: James Fraser, Regent Street. pp. 86–87, 89.

Muhammad, marapat tayong bumaling sa pagsusuri ng Qur'an mismo.

Bilang pasimula, ang salitang *Qur'an* ay di-tumutukoy sa isang aklat, kundi sa isang rebelasyon. Pinanghahawakan ng kaugaliang Islamikong ang rebelasyong ito ay inihatid nang pasalita sa propetang si Muhammad ng anghel ng rebelasyon, si Gabriel. Kung kaya't ito ay napanatili — bilang isang tradisyong binigkas na nananatili hanggang ngayon sa mga puso at isip ng mga debotong *hafith* (nagsaulo, o mga "tagapagtanggol" ng Qur'an), na ang bilang sa kasalukuyan ay konserbatibong tinatayang di-bababa sa 30 milyon.

Ang Qur'an ay naitala rin ng mga eskriba, na buong katapatang kinopya ang bawat elemento ng rebelasyon nang ito ay naipahayag. Di-gaya ng Bagong Tipan, na ang mga pinakasinaunang mga aklat ay isinulat mga dekada pagkatapos ng pangangaral ni Jesus, ang Banal na Qur'an ay ang tanging aklat ng kasulatang naitala sa panahon ng pagkakapahayag (rebelasyon) at napanatiling di-nababago hanggang sa kasalukuyan. Ang kagamitan sa pagsulat ay madalang, kaya't ang Banal na Qur'an ay naunang naitala sa mga dahon ng palmira, mga piraso ng katad, mga talim ng balikat ng malalaking hayop, at anumang iba pang dagliang makuha. Ang lubhang malaki at di-maginhawang talaang ito ay ipinag-utos ni Abu Bakr (ang kauna-unahang Califa)[12] *(EN—Explanatory Note,* taliwaas sa pagtukoy sa bibliyograpiya) upang sipiin (kopyahin) at likumin sa isang opisyal na *mushaf* (libro), kulang-kulang sa dalawang taon pagkamatay ni Muhammad.

Ang proyektong ito ay pinamahalaan ni Zaid ibn Thabit, isa sa pinakamatatapat na eskriba ni Muhammad. Sa pagitan ng apat at walong sipi ang natapos nang panahon ng pagiging Califa ni Uthman, at bawat sipi ay inihandog sa isa sa mga teritoryo ng daigdig na Islamiko. Dalawa sa mga librong ito ay buhay pa — isa sa Tashkent, Uzbekistan, ang isa ay sa Istanbul, Turkiya — at patuloy na nagsisilbing mga batayang-sipi. Alinmang Qur'an, saanman sa mundo, ay mapapatotohanan laban sa mga "orihinal" na ito upang ipakita ang katatagan at pagpapanatili ng banal na aklat ng Islam. Ang preserbasyong ito ang itinuturing na mahimalang patunay ng

[12] *(EN)* Ang Islam ay walang katumbas na kaparian o isang papa, ngunit mayroon itong mga opisyal (kumbaga, mga hukom, gobernador, atbp.) na naglilingkod para pamahalaan ang *ummah* (bansang Islamiko). Ang Califa ang pinakamataas sa mga namumunong ito, subalit hindi ito nagbibigay-kapangyarihan sa kanya sa ibabaw ng relihiyon. Sa halip, ang kanyang mga kautusan ay sakop ng patibay ng mga iskolar ng relihiyon.

pagiging sagrado ng Banal na Qur'an. Idinaragdag ni Dra. Laura Vaglieri ang elementong ito ng pagpapatunay sa kanyang talaan ng ebidensya: "Mayroon pa tayong isang katibayan ng makadiyos na pinagmulan ng Quran sa katotohanang ang teksto nito ay nananatiling dalisay at di-nababago sa mga dantaon mula sa pagpapadala nito hanggang ngayon . ."[13]

Si Profesor Arthur J. Arberry, Profesor sa Arabik sa Cambridge University mula noong 1947 hanggang 1969, ay nag-aambag: "Bukod sa ilang mga pagbabagong ortograpiko (pagbaybay o ispeling) ng orihinal na may pagka-sinaunang paraan ng pagsulat, na nilalayong makapagbigay ng di-malabo at ng magaang gawain ng pagbigkas, ang Koran ayon sa pagkalimbag noong ika-20 dantaon ay siya ring Koran ayon sa pagpapahintulot ni Uthman mahigit sa 1300 taon na ang nakalilipas."[14]

Ang opinyong ito ay hindi na bago. Si Sir William Muir, ang ika-19 na dantaong Orientalista (dalubhasa sa kaalamang pansilanganin o Asyatiko) at tagatalambuhay ni Muhammad, ay sumulat ng sumusunod: "Ang pagsasaayos ni Othman ay nakarating sa atin nang di-nababago. . . . Marahil ay walang ibang gawa sa mundong nanatili nang 12 dantaon nang may gayong kadalisay na teksto."[15]

Samantala, isang higit na napapanahong komentaryo ang mabubuo sa mga salita ni Adrian Brockett,

> Ang paghahatid ng Qur'an pagkamatay ni Muhammad ay palagian, sa halip ng tumutubo, sa pinakakaibuturan. May kaisa-isang teksto, at walang anumang mahalaga, ni maging diumano'y pinalitang materyal , ang matatanggal ni hindi maipapasok ang alinman. Ito ay tumukoy maging sa mga sinaunang Califa. . . . Ang paghahatid ng Qur'an ay laging pabigkas, gaya ng ito ay laging naisulat. [16]

Nagkakaisang pinagtibay ng sampu-sampung libong *sahaba* (mga Muslim na namuhay at nakipag-ugnayan sa propetang si Muhammad) ang isinulat na tala ng Banal na Qur'an. Lahat ng

---

13 Vaglieri, Dr. Laura Veccia. Isinalin mula sa Italyano ni Dr. Aldo Caselli, Haverford College, Pennsylvania. Nalathala sa orihinal sa Italyano sa titulong *Apologia dell' Islamismo* (Rome, A. F. Formiggini, 1925). 1980. *An Interpretation of Islam*. Zurich: Islamic Foundation. pp. 41–42.

14 Arberry, Arthur J. 1964. *The Koran Interpreted*. London: Oxford University Press. Introduction, p. ix.

15 Muir, Sir William. 1923. *The Life of Mohammad*. Edinburgh: John Grant. Introduction, pp. xxii–xxiii.

16 Rippin, Andrew (editor). 1988. *Approaches to the History of the Interpretation of the Qur'an*. Chapter: "Value of Hafs and Warsh Transmissions," by Adrian Brockett. Oxford: Clarendon Press. pp. 44–45.

mga *sahabang* ito ay nakapagsaulo ng mga bahagi ng Qur'an at marami ang *hafith*, na naisaulo ang Qur'an sa kabuuan nito. Nang unang malikom sa isang libro ang Qur'an, maraming *sahaba* ang nagmay-ari ng personal na sipi ng kanilang sariling pagtatala. Marami sa mga siping ito ay hindi kompleto at ang iba (gaya ng kina Abdullah ibn Masud, Ubay ibn Kab at Ibn Abbas), bagamat wasto sa isang pagbasa, ay hindi nagbigay-daan sa mga maramihang pagbasang bumubuo ng isa sa mga himala ng Qur'an.[17 (EN)] Bilang bunga, ang mga bahaging talang ito ay hindi kinilala, *maging ng mga may-ari ng mga ito*, sa pagiging alinman sa kompleto o makatotohanan.

Ang tanging nakasulat na tala ng Qur'an na tinanggap sa nagkakaisang pagpapatibay ay ang opisyal na pinagtibay na *mushaf* na nilikom ni Zaid ibn Thabit at ipinag-utos ni Abu Bakr. Upang maiwasan ang kalituhan at posibleng pagkakahati sa mga darating na henerasyon, lahat ng mga personal na kopya ay kusang-loob na isinuko at, kabilang ang mga nalabing mga buto, balat ng hayop, at *papyrus* na tinitikan ng kasulatan, ay winasak. Kung hindi isinagawa ito, ang mga darating na henerasyon ay maaaring maging biktima ng kamangmangan o pagmamataas, na may pagkiling sa isa sa mga di-kompletong gawang napagsalin-salin sa isang pamilya o tribo sa halip ng wasto at kompletong rebelasyon. Ang pagkakaisa ng tribo at pagkakahiwalay sa relihiyon ang halos tiyak na magiging bunga. Ang mga banal na *sahaba* ay waring napagkilala at pinawi ang panganib na ito sa pamamagitan ng pagpreserba ng kompletong rebelasyon lamang, na nagpawalang-bahala sa mga katiting at kapirasong bahaging sa pinakamababa'y pagmumulan ng mga pag-aaway.

Mahilig tukuyin ng mga Muslim na walang isa man sa mga kapanahon ni Muhammad ang tumutol sa teksto ng opisyal na *mushaf*. Wala isa mang *sahaba* ang nag-angking nalaktawan ang alinmang bahagi o ang isang bahaging di-galing sa Qur'an ay naisingit. Mahalaga sa lahat, ang mga tekstong natipon at winasak ay mga *di-kompletong* tala at hindi mga *naiibang* tala. Ang mga nagmamay-ari ay kusang-loob na nagsuko ng kanilang mga sipi, sapagkat ang *mushaf* na nilikom ni Zaid ibn Thabit ay masaklaw: sadyang walang tumpak na mga talang di-nakabilang

---

[17(EN)] Tingnan ang Unang Bahagi, Kabanata 4 para sa karagdagan sa isyung ito.

doon. Bukod dito, gaya ng nakasaad sa itaas, ang Qur'an ay pangunahing napanatili hindi sa pagkakasulat, kundi sa mga memorya (pagsasaulo) ng mga mananampalataya. Ang mga nagsaulo ay nagsuri at nagpatibay sa opisyal na *mushaf*, at pinatunayan ang kaganapan at katumpakan nito. Wala isa mang *hafith* ang tumutol. At ang bilang nila ay libu-libo.

Ang pagkakaroon ng kahit ilang nakapagsaulo ng Qur'an matapos ang 1,400 taon ay pambihira, ngunit ang pagkakaroon ng sampu-sampung milyon? Iyan . . . bueno, iyan ay tila kahima-himala.

Sang-ayon sa napapanahong mga estadistika ng sensus, may isang bilyong Kristiyano at maraming milyong Judio sa buong mundo, subalit wala isa man sa kanilang naghahawak ng orihinal na kasulatan ng kanilang relihiyon sa kanilang memorya. Maaaring isang pambihirang *rabbi* ang nakapagsaulo ng Torah — hindi kung paano itong naipahayag, kundi kung paano ito nabuong muli kulang-kulang na dalawang dantaon matapos ang pagkawasak ng orihinal nang panahon ng paglansag sa Templo ni Solomon ng nanakop na imperyong Babilonyo noong 586 *CE (Christian Era* o Panahong Kristiyano*)* . Ang tanging kilalang bersyon ng Lumang Tipan, maging sa memorya o pagkalimbag, ay nagtataglay ng mga di-makadiyos na kamaliang tinalakay nang malalim sa aking naunang aklat, *NaDiyos'grasya*.

Bukod dito, isang *labis* na pambihirang magkaroon ng ni isang Kristiyano na makapagsaulo ng buong BagongTipan, sa pagkakasalin ng isa man lamang sa libu-libong bersyong kilalang umiiral. Lalo pang pambihira, kundi man di-nangyayari, ay ang isang Kristiyanong nakapagsaulo ng isa sa 5,700 nawalang manuskritong Griyego. Subalit wala saanman ngayon sa buong mundo at wala saanman sa kasaysayang may isang nakilalang nakapagsaulo ng orihinal na Ebanghelyo ni Jesus — sa simpleng dahilang, sa abot ng aming kaalaman, ito ay hindi na umiiral. Kung *sadyang* umiral ito, ang daigdig ng Kristiyanismo ay titigil nang magsikap na maituwid ang daan-daan at libu-libong pagkakaiba-iba ng kanilang mga nangawalang manuskritong Griyego, at haharapin ang mundong taglay ang walang pagkasirang orihinal.

Ang Qur'an, kung gayon, ay kakaiba. Ito lamang ang tanging aklat ng kasulatang naitala sa panahon ng rebelasyon at napanatili sa kadalisayan ng orihinal hanggang ngayon. Maaaring

may mga iba't ibang salin sa mga wikang di-Arabik, subalit may iisa lamang na orihinal. Kaya, walang kalituhang gaya ng umiiral sa maraming bersyon ng Bibliya. Walang kabiguan, tulad ng ibinubunga ng kakulangan ng natitiyak na orihinal na kasulatan. Walang di-katiyakan, gaya ng pag-aalala kung anong mga katotohanan ang nakamkam mula sa mata ng publiko sa pribadong aklatan ng Vaticano o sa mahigpit na natatanurang rolyong *Qumran (Dead Sea Scrolls)*. Walang sinumang dapat magtaka kung gaano naiiba ang nakalalamang na Griyegong *Koiné* (orihinal) sa Aramaik na sinalita ng propetang si Jesus. Kung ang mga kamalian sa pagsasalin mula sa Aramaik at lumang Hebreo sa Griyegong *Koiné* ay naging kasindami at kasimbigat ng mga kamaliang naganap sa pagsasalin ng Griyegong *Koiné* sa Inggles, lahat ng pag-asa sa katumpakang bibliko ay naalis na sanang matagal noon pa man.

Ang isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng Bibliya at ng Qur'an ay ang pagiging nasa kamay palagi ng mga tao ng Qur'an, samantalang lubhang tiyak na ang Bibliya ay hindi. Sinumang nagnais na magkaroon ng isang Qur'an ay nagkaroon ng isa. Ang nilalaman ng modernong Bibliya, sa kabilang dako, ay hindi nabigyang-linaw hanggang ikaapat na dantaon, ni Atanacio, ang Obispo ng Alejandria, malawakang kilala bilang ang "Ama ng Ortodoxia." Sa kanyang Liham-Pagdiriwang ng 367 *CE,* nagpalabas si Atanacio ng kauna-unahang kompletong pagtatala ng 27 aklat ng Bibliyang Katoliko. Kahit noon, iyon ay mahigpit na pinanatili sa Vulgatang Latin sa loob ng isang milenyo (sanlibong taon). At nang ang salin sa Inggles ni John Wycliffe ng bagong Tipan noong 1382 ay sinundan ng kay William Tyndale (kinompleto ni Miles Coverdale at isinaayos ni John Rogers) at ng salin ng Bibliya sa Aleman ni Martin Luther (na kapwa naisalin lamang nang ika-16 na dantaon ), ano ang gantimpala ni Tyndale? Kamatayan — sinunog sa tulos (poste) noong 1536. Ni Rogers? Gayunding kapalaran, ibang tulos, noong 1555. Ang kanilang sinundan, si Wycliffe, ay nakapuslit sa pagpatay ngunit hindi sa apoy, sapagkat ang *Consejo Ecumenico* ni Constancio noong 1415 ay naghatol sa kanya *pagkamatay* niya, at ang kanyang mga buto ay hinukay at sinunog sa harap ng publiko. Kung hindi lamang sa pagpapamagitan ng Dinamarka (Denmark), si Miles Coverdale sana ay nahatulan din ng gayon. At katulad ng kanilang mga awtor, ang mga salin nina Wycliffe at Tyndale ay sinunog sa harap ng madla.

Kaya't sa mahigit na 1500 taon, ang mga kasulatang Kristiyano ay mayroon lamang sa mga wikang Griyego o Latin: mga wikang tanging ang mga uring edukado at ang higit na maalam na kaparian ang makakabasa, sapagkat maraming paring Katoliko ang di-makabasa ng sarili nilang kasulatan. Isang malungkot na kaisipan ang mapagkilalang kung magbabalik si Jesucristo, maging siya ay hindi mababasa alinman sa Griyego ng ating Bagong Tipan o ang Latin ng Vulgatang Katoliko, sapagkat ang kanyang katutubong wika ay Aramaik.[18] Katotohanan, ang mga edukado ay isang maliit na bahagdan (porsyento) ng populasyon kahambing ng ngayon; sila lamang ang makakabasa ng Bibliya, at sila lamang ang mayroon niyon. Ang kombinasyon ng napakalaking gastos at pagkakaroon ng napakakaunti ng mga Bibliya (lahat ay kinopya ng kamay), kabilang ang mga mahihigpit na batas na nagbawal sa layko (mga di-pari) ng pagkakaroon ng Bibliya, ay matinding pumigil sa kanilang pagkakaroon nito. Marami sa mga batas na ito ay naghatol ng kamatayan, lalo na sa pagkakaroon ng mga salin sa katutubong wika o ng di-awtorisadong saling itinuring na kaagapay ng erehiya (paglaban sa simbahan), na ang mga Bibliyang Protestante ang itinuring na pinakalabag na halimbawa.

Ang maramihang paglimbag ng mga Bibliya ay di-madali kundi dahil lamang sa pagkaimbento ni Gutenberg ng tipong nagagalaw noong mga 1450, at kundi hanggang sa Repormasyong Protestante ng ika-16 na dantaon ay hindi lamang nasalin ang Bibliya sa mga wika ng mga laykong nag-aral (alalaong-baga, Aleman at Inggles), kundi malawakang nalimbag at ipinahintulot sa madla.

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan, ang ika-16 na dantaon ay nakasaksi ng produksyon ng mga Bibliyang isinalin sa wikang lokal, kaagapay ng pagtubo ng mga bago, di-Katolikong simbahang itinaguyod ng isang monarkiyang mapagtaguyod. Pagtugon sa mga pagkalaban ng Repormasyong Protestante, ang Iglesya Katolika ay nagpalimbag ng Bibliyang Douay-Rheims, na nagbigay ng salin ng Vulgatang Latin sa Inggles sa kauna-unahang pagkakataon. Ang bahaging Bagong Tipan ay natapos sa Rheims, Pransiya noong 1582, at ang Lumang Tipan ay natapos sa Douay noong 1609–10. Gayundin sa kalahatan, kahit may

---

[18] Ehrman, Bart D. 2003. *Lost Christianities*. Oxford University Press. p. 102.

maramihang produksyong noon ay madali, ang pagkakaroon ay labis na napigilan, sapagkat, ". . . tinayang mayroon marahil na humigit-kumulang sa 25,000 nalimbag na Bibliyang nakakalat sa kanlurang Europa nang bandang 1515, kalahati ng mga ito sa wikang Aleman, para sa mga 50 milyong mamamayan; alalaong-baga, isang Bibliya sa bawat 2,000 kaluluwa." [19]

Ang kahulugan nito ay sa loob ng mahigit 1,500 taon, ang karaniwang mamamayan ay hindi mapapatunayan ang mga turo ng kasulatang Kristiyano, kapwa sa kawalan ng kaalamang bumasa at sa kawalan ng mga Bibliya. Sa loob ng mas mahaba pang panahon, ang layko ay hindi maaaring pag-alinlanganan ang mga doktrinang isinabatas na ipinilt sa kanila sa pangamba sa isang "di-madugong kamatayan" — ang katawagang may magandang tunog na pinagkakilanlan sa pagsunog sa tulos.

Ang mga Katoliko ay nangangatwirang ang pagtatakda ng pagpapakahulugan sa kasulatan at pagtuturo ng relihiyon sa mga pamunuan ng simbahan (na nananatili hanggang ngayon) ay kinakailangan upang mapanatili ang orihinal na pag-unawa. Ang iba ay naninindigang ang simbahan ay may mas mababang malasakit sa pagtatanggol sa kasulatan laban sa maling pakahulugan kaysa noong ito ay may kapangyarihang batayan at katayuang natatangi sa lipunan. Malinaw nating alam na ang simbahan ay naniwalang ang mga kasalimuutan ng mga hiwaga ng Kristiyanismo ay malamang na di-maunawaan sa pamamagitan ng may-batayang pangangatwiran at ng mga pagpapasya ng mga di-pari. Ang di-gaanong malinaw na alam ay ang hindi man lamang pagtitiwala ng simbahan kahit sa kanilang mga sariling iskolar sa pagbibigay-kahulugan sa kasulatan. Gaya ng isinaad ni Papa Inocente III noong 1199,

Ang mga misteryo ng pananampalataya ay hindi dapat ipaliwanag nang daglian kaninuman. Karaniwan, sa katotohanan, ang mga ito ay hindi mauunawaan ng bawat isa, kundi ng mga may kakayahang maunawaan ang mga ito nang katalinuhang napag-alaman . . . . Ang mga Kasulatang makadiyos ay gayong kalalim na hindi lamang ang mga hindi nag-aral at hindi naturuan ang may kahirapang maunawaan ang mga ito, bagkus pati ng mga nakapag-aral at

---

[19] Fossier, Robert (editor). 1986. *The Cambridge Illustrated History of The Middle Ages*. Cambridge: Cambridge University Press. Vol. 3, p. 495.

nabiyayaan. [20]

Ang paninindigang Protestante, sa kabilang dako, ay, nilikha ang lahat ng taong may mga utak at kakayahang maipaliwanag ang kasulatan para sa kanilang mga sarili. Naninindigan ngayon ang mga Protestanteng, gaya ng ginawa nila sa nakalipas, na sa sandaling ang mga tao ay malayang makabasa at makapag-aral ng Bibliya sa kanilang sariling wika, mapagkakaiba nila ang katotohanang bibliko laban sa isinabatas na di-makatotohanan. Sa sandaling ang mga kamalian ng Katolisismo ay nailantad at ang pundasyon ng teolohiyang Katoliko ay nabunyag na sa karamihan (at sa maraming pagkakataon, sa kabuuan) ay di-biblikal, ang pagkahigop patungo sa Protestantismo ay di-maiiwasan.

Tinatanggap ng mga Muslim ang argumentong ito nang may dagdag na hakbang at pinaninindigang ang mabuway na pundasyon ng mga kasulatang Kristiyano ay di-dapat magtaboy sa mga tao mula sa isang sektang Kristiyano patungo sa iba, sa patuloy na pagbatay sa mga paniniwala sa isang batas ng kasulatang nakakalatan ng mga naipapakitang kamalian at salungatan. Sa halip, naniniwala silang ang mga naghahanap sa katotohanan ng Diyos ay dapat kilalanin ang pangangailangan ng Lumikha para bigyang-pagpapanibago ang Kanyang rebelasyon.

Sa pag-angking ang pangwakas na rebelasyong ito ay ang Banal na Qur'an, ipinapakita ng mga Muslim na ang Qur'an ay laging nasa mga kamay at isip ng mga tao. Ang Qur'an ay dinadalit (binibigkas) nang malakas sa mga araw-araw na pananalangin ng mga Muslim mula pa noong rebelasyon. Taun-taon, sa buwan ng Ramadan, ang Qur'an ay dinadalit sa kabuuan nito nang malakas, sa halos bawat moske sa buong mundo. Sinumang Muslim na nakikinig ay maaaring magsabi ng pagtutuwid, subalit sa 1,400 taon, walang gaanong kahit iisang titik na pinagtalunan sa lipon ng mga ortodoksong (Sunni) Muslim. Sa kasalukuyan, iyan ay nasa kabuuang isang bilyong nagkakaisang mga boto. Lubhang kataka-takang sa mahabang panahon ay nagkaroon ng mga pagkakahati sa mga Muslim na Sunni, ang ilan sa kanila ay

---

[20] Denzinger, Henricus & Schonmetzer, Adolfus. 1973. *Enchiridion Symbolorum, Definitionum et Declarationum de Rebus Fidei et Morum*. Barcinone: Herder. p. 246.

nakipagdigmaan sa isa't isa. Si Uthman, ang pangatlong Califa, ay pinaslang samantalang nagbabasa ng Qur'an, at ang kanyang natuyong dugo ay makikita pa hanggang ngayon sa mga pahina. Gayunpaman, sa kalipunan ng mga pangkat na ito ng mga nagkakaibang Muslim, at sa loob ng lahat ng mga dantaon, ang pagkamakatotohanan ng Qur'an kailanman ay hindi pinagtalunan. Katiyakang hindi ito masasabi tungkol sa Bibliya. Gaya ng komentaryo ni F.F. Arbuthnot isang dantaon na ang nakalipas,

> Sa pananaw na pampanitikan, ang Korân ay itinuturing na isang halimbawa ng pinakadalisay na Arabik, isinulat sa kalahating tula at kalahating tuluyan. Sinasabing sa ilang mga kaso, ang mga gramatiko ay iniakma ang kanilang mga kautusan upang sumang-ayon sa partikular na mga parirala at pahayag na ginamit dito, at, bagamat marami ang mga pagtatangka upang makabuo ng isang obrang makakapantay rito sa pagsasaalang-alang sa pagsulat na maringal, wala pang nagtagumpay hanggang ngayon.
>
> Makikita kung gayon sa itaas, na isang pangwakas at kompletong teksto ng Korân ang inihanda sa loob ng 20 taon pagkamatay (*A.D.* 632) ni Muhammad, at ito ay nanatiling gayon, nang walang anumang pagpalit o pagbago ng mga masigasig, mga tagasalin, o mga tagasingit, hanggang sa kasalukuyan. Mapanghihinayangang ang ganito ay hindi masasabi tungkol sa lahat ng mga aklat ng mga Luma at Bagong Tipan.[21]

Ang Qur'an, dagdag dito, ay umiiral sa isang buhay na wika, nauunawaan ng daan-daang milyong tapat na tagasunod kahit hanggang sa kasalukuyan. Ang Bibliya ay pangunahing umiiral sa patay na wikang Griyegong *Koiné*, na may mga pinagtabasan ng katulad na patay na antigong Hebreo (hindi ang Makabagong Hebreong ginagamit ngayon) at Aramaik. Sa buong mundo, mayroon lamang kakaunting iskolar ang may bahaging pagkaunawa sa mga patay na wikang ito, at maging sila ay hindi nagkakaisa sa pagsasalin. Ang ebidensya ng kahirapan ay matatagpuan sa Pambungad *sa Revised Standard Version* ng Bibliya, na pinagtibay ng boto ng *National Council of the Churches of Christ* sa Estados Unidos noong 1951. Ang *RSV* sa malas ay nagkaroon pagkatapos ng pinakamalawak na tanyag na pagtanggap sa buong daigdig ng Krisityanismo, subalit sa kabila ng ekumenikong pag-aaral at pandaigdigang pagtanggap, inaamin ng *RSV*,

---

[21] Arbuthnot, F. F. 1885. *The Construction of the Bible and the Korân*. London: Watts & Co. pp. 5–6.

Maraming kahirapan at kalabuan, di kasi, ang nananatili. Kung saan ang pagpili sa pagitan ng dalawang kahulugan ay partikular na mahirap o mapag-aalinlanganan, nagbigay kami ng isang alternatibong paliwanag sa isang talababa *(footnote).* Kung sa palagay ng Lupon, na ang kahulugan ng isang pahayag ay lubhang di-tiyak o malabo, alin sa dahilan sa pagsira ng teksto o dahilan sa kakulangan ng aming kaalaman sa kasalukuyan tungkol sa wika, ang bagay na iyan ay ipinapahiwatig sa isang paliwanag. Hindi dapat ipalagay, gayunman, na ang Lupon ay ganap na nakatitiyak o nagkakaisa tungkol sa bawat pakahulugang hindi naipahiwatig nang gayon.[22]

Ang pag-unawa sa mga manuskritong biblikal ay nararagdagan sa bawat isang bagong tuklas, gaya ng ebidensya ng paghimok ng mga kapangyarihang pansimbahan upang rebisahin ang *King James Version* ng 1611 sa *American Standard Version* ng 1901, at pagkatapos sa *Revised Standard Version* makalipas ang 50 taon. Ang panghikayat para sa gayong mga rebisyon ay nakabatay, gaya ng isinaad sa Pambungad sa *RSV*, na ang *KJV* ay may pinsala ng "mabibigat na depekto." Higit na tiyakan, iminamatwid nito, "Ang *King James Version* ng Bagong Tipan ay ibinatay sa isang tekstong Griyegong ginulo ng mga kamalian, nagtataglay ng mga natipong kamalian ng 14 na dantaong pagkopya ng manuskrito."[23]

At samantalang ang pag-unawa sa Bagong Tipang Griyego ay patuloy na pinagbubuti, ito ay malayo sa pagiging mauunawaan, at malamang na hindi ito magkakagayon. Sa ganitong kalagayan ng di-katiyakan, ang maling salin — maging sinadya, nagkataon, o pinagbalakang mabuti — ay madaling naipapasa bilang wasto sa mga kulang sa kaalaman sa wika upang makaalam nang mas mabuti. Ang ganito ay hindi magiging totoo kung ang wika ay nauunawaan ng mga mananampalataya, na sa katiyakan ay siyang kaso ng wikang Arabik at ng Banal na Qur'an.

Maipagtataka natin, kung gayon, kung paanong sinusuportahan ng mga Muslim ang paninindigang ang Qur'an ay kakaiba at di-nababago. Ang mga walang batayang pag-aangkin ay hindi tanggap. Karamihan sa sangkatauhan ay tinanong — pagtutuwid, *pinilit* sa bulag na paniniwala nang napakatagal. Ang matalinong layko ay sawa na sa mapang-akit ngunit di-

---

22 The Bible, Revised Standard Version. 1977. New York: American Bible Society. Preface, p.v.
23 *Ibid.,* Preface, p. iii.

mapatunayang mga linya, binudburan ng laway ng mga tagapagpalaganap, at nanlalamig sa diwa hanggang sa kaibuturan ng buto. Ang mga tapat na naghahanap ay nangangailangan ng isang kumot ng ebidensya upang painitin ang kanilang mga paninindigan. Hindi lamang ng isang pantakip na nagmumukhang maganda at maginhawa mula sa malayo, kundi isang tumutupad ng gawain.

Ang sumusunod, kung gayon, ay ang di-mabilang na mga katangian ng Qur'an na tumatahi sa karamihan ng kumot ng ebidensyang ipinagpapaginhawa ng mga Muslim sa kanilang mga paninindigan.

## 2: Ebidensya — Isang Pahapyaw

*Kapag nagawa ng pagbabakasakali ang kanyang pinakamasama,*
*Ang dalawa at dalawa'y apat pa rin ang magagawa.*
—Samuel Johnson

Ang kakulangan ng mga sanggunian (reperensya) sa mga sumusunod na pagtalakay ng kasaysayang Islamiko at saligang-batas ng Qur'an ay maaaring makapagtaka sa mga di-pamilyar sa kasaysayang Islamiko, ngunit sa katotohanan ay itinuturing na kaalamang panlahat sa mga edukadong Muslim. Kung kaya, kung paanong ang mga gayong katanyag na pahayag na gaya ng, "Ang Bibliya ay ang batayang aklat ng Kristiyanismo at nagtataglay ng mga ebanghelyong iniuugnay kina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan" ay di-nangangailangan ng reperensya, gayundin ang karamihan ng sumusunod.

Gayunpaman, ang mga detalye ay mapapatotohanan sa pamamagitan ng maraming iginagalang na aklat ng pinagmulan, kabilang dito ang *Manaahil al-'Irfaan fee 'Uloom al-Qur'an (Mga Bukal ng Karunungan sa Siyensya ng Qur'an)* ni Shaykh Muhammad 'Abd al Adheem az-Zarqaanee, *al-Madkhal li Dirasaat al-Qur'an al-Kareem (Ang Pintuan sa Pag-aaral ng Banal na Qur'an)* ni Muhammad Abu Shahbah, at dalawang aklat, kapwa may pamagat na *Mabaahith fee 'Uloom al-Qur'an (Mga Pag-aaral sa Siyensya ng Qur'an)*, ang isa ni Dr. Subhee al-Saalih, ang ikalawa ni Dr. Mannaa' al-Qattaan. Ang mga librong ito ay isasalin pa mula sa Arabik, ngunit may dalawang napakahusay na aklat sa Inggles. *'Ulum Al-Qur'an: An Introduction to the Sciences of the Qur'an (Mga Siyensya ng Qur'an: Isang Pagpapakilala sa mga Siyensya ng Qur'an)*, ni Ahmad Von Denffer, ay isang batayan bagamat isang mababaw na pagpapakilala sa paksa. Ang isang sulating higit na pandalubhasa at malawak ay ang *An Introduction to the Sciences of the Qur'aan (Isang Pagpapakilala sa mga Siyensya ng Qur'an)*, ni Abu Ammaar

Yasir Qadhi.[24]

Sa kabilang dako, ang mga kapasyahan ng marami, kundi man ng karamihan, ng mga awtor na Muslim ay karaniwang namamantsahan ng maling palagay na panrelihiyon. Karamihan ng mga maselang sulating ito ay may napakababang grado sa panlabas na kahalagahan sa pag-aaral na sukat makapagwalang-bahala rito hindi lamang ng mga Muslim, kundi maging ng edukadong kaparian, mga orientalista, at mga iskolar sa relihiyon, na ikalulungkot ng sinumang awtor.

Ang ganap na maling mga pahayag na ginagawa tungkol sa Islam sa Kanluran kung minsan ay siyang bunga ng kamangmangan, at kung minsan ng sistematikong pagmamaliit. Ang pinakaseryoso sa lahat ng mga kasinungalingan tungkol dito gayunpaman ay, tumutukoy sa mga katotohanan, sapagkat samantalang mapauumanhinan ang mga maling opinyon, hindi gayon sa paglalahad ng mga pahayag na sumasalungat sa katotohanan. Nakaliligalig na makabasa ng mga tahasang kasinungalingan sa mga sulating tanyag na iginagalang na sinulat ng mga awtor na ipinalalagay na mga may kakayahan. [25]

Bukod dito, maraming diumano'y "sulatin ng mga iskolar" ang pinawawalang-halaga ng mga kasama sa relihiyon mismo ng mga awtor. Kadalasan, gayunman, ang mga sumusunod na detalye ay basta tinatanggal sa mga aklat na iyon, maipapalagay na marahil ay dahil sa ang pagtalakay ng paksa ay nakaiilang sa mga tumatanggi sa mga tandang waring nagpapatotoo sa rebelasyong Islamiko.

Sa kabilang dako, halos ay walang di-napagkakasunduan sa daigdig na Islamiko sa mga sumusunod na paksa, at ang pagpapatotoo sa mga iyon ay sadyang magaan kung isasaalang-alang ang katumpakan ng pag-iingat ng mga talang katutubo sa mga siyensya at kaugaliang Islamiko.

Katanggap-tanggap, na ang ilan sa mga makabagong akltat ng Muslim na pagkaawtor ay nagdaranas ng di-katumpakan, kadalasang mula sa mga labis na sabik na pagtatangkang alinman

---

[24] Ang huling aklat na ito ay makukuha sa *Al-Hidaayah Publishing*, P.O. Box 3332, Birmingham, U.K. B10 9AW.

[25] Bucaille, Maurice, M.D. 1977. *The Bible, the Qur'an and Science*. Lahore: Kazi Publications. pp. 110–111.

sa pagsasamoderno o pagluluwalhati sa relihiyon. Magkagayunman, ang gayunding pangkalahatang tanggap na mga elemento ng kasaysayan ng Qur'an ay natatagpuang naglalagos sa karamihan ng gayong mga sulating may kapansin-pansing katatagan. Ang mga ganitong pangkalahatang tanggap na elemento ang siya lamang tatalakayin sa kasalukuyang sulatin. Ang mga bagay na personal, pangsektang lumilihis (gaya ng Ahmadi'a, Shi'a at *Nation of Islam*), o opinyong minorya (di-nakararami) ay iniiwasan dito, na iniiwan sa mga nagnanais na saliksiking mag-isa ang mga sektang di-kabilang sa mas nakararami sa Islam.

# 3: Ebidensya #1 — Panloob na Pang-akit

*Lahat ng katotohanan, sa bandang hulihan,*
*ay sentido komun lamang, na binigyan ng linaw.*
—Thomas Henry Huxley, *On the Study of Biology*

Sa pinakamababaw na antas, pinanghahawakan ng mga Muslim ang katotohanan ng Qur'an bilang may sariling patotoo dahil sa simpleng katotohanang ito ay makatwiran, ganap na umaayon sa ating katutubong pang-unawa tungkol sa Diyos at sa Kanyang pamamaraan. Ngunit anong relihiyon ang nagkukulang ng ganitong pag-angkin? Walang patotoong nakasisiya sa lahat ng sangkatauhan, gaya ng pinatutunayan ng katotohanang ang mundo ay hindi Muslim. Gayunman, sa indibidwal na antas, ang patibay ay nasa pagkakalantad. Maraming bumabasa ng mga batayang aklat ng iba't ibang relihiyon, na sa di-maipaliwanag na dahilan ay nahahatak sa isang partikular na aklat at sa mga ideolohiyang taglay nito. Hindi naiiba ang Qur'an. Ang mga tao ay kailangang maupo lamang at basahin.

Ang mga gumagawa nito ay makatatagpo ng isang librong may kapansin-pansing katangiang kakaiba roon sa nasa ibang pananampalatayang Abrahamiko. Samantalang ang Lumang Tipan ay karamihang isang aklat ng mga batas, mahahabang listahan ng mga "isinilang" at kasaysayang walang-sigla, ang Bagong Tipan ay nagpapamalas ng espiritwalidad habang nagkakait sa mambabasa ng ganap na patnubay sa mga mahahalagang kapakanan sa buhay. Ang Banal na Qur'an, sa kabilang dako, ay nagkakaloob ng pundasyong di-lamang para sa relihiyong Islam, kundi para rin sa Islamikong batas, pamahalaan, asal sa lipunan, balangkas ng pamilya, at bawat bahagi ng makamundo at espiritwal na pag-iral. Nagkomentaryo si H. G. Wells sa mga turo ng Islam, gaya ng sumusunod:

> Itinatag ng mga ito (mga turo) sa daigdig ang isang dakilang tradisyon ng marangal na pakikitungong patas, ang mga ito ay humihinga ng isang espiritu ng kabutihang-loob, at ang mga ito ay makatao at maisasagawa. Lumikha ang mga ito ng isang lipunang higit na ligtas sa laganap na kalupitan at pang-aaping panlipunan kaysa sa alinmang lipunan sa mundo sa una

pa. . . . Ito [alalaong-baga, ang Islam] ay tigib ng diwa ng kabaitan, kagandahang-loob, at kapatiran; ito ay isang payak (simple) at kauna-unawang relihiyon; ito ay kalikasang katutubo na may damdaming maginoo (galante) ng desyerto; at ginawa nitong tuwiran sa pinakakaraniwang mga katutubong kalikasan ang pang-akit nito sa kabuuan ng mga ordinaryong tao. Inilaban dito ang Judaismo, na lumikha ng isang panlahing pag-angking sarili (pagtinggal) sa Diyos; ang Kristiyanismong nagsasabi at nangangaral nang walang humpay (tigil) ngayon ng mga trinidad, doktrina, at erehiyang walang karaniwang taong makakikilala ng pagkakaibaiba ("ulo ba o buntot"?); at ng Mazdaismo, ang kulto (sekta) ng Mago ng Zoroastrianismo, na nagbigay-inspirasyon sa krusipiksyon ni Mani. Ang karamihan ng mga taong dinatnan ng hamon ng Islam ay hindi nag-abala nang napakabuti kung si Muhammad ay mapagnasa o hindi, o kung nakagawa siya ng ilang bagay na mapanlinlang at mapag-aalinlanganan; ang nakaakit sa kanila ay: ang Diyos na ito, ang Allah, na kanyang iniaral, sa pamamagitan ng pagsusuri ng budhi (konsyensya) sa kanilang mga puso, ay isang Diyos ng pagiging matuwid, at ang tapat na pagtanggap sa kanyang doktrina at pamamaraan ay nagbukas ng pinto nang maluwag sa isang daigdig ng di-katiyakan, kataksilan, at mga di-mapahihintulutang pagkakahiwalay para sa isang dakila at lumalaking pagkakapatiran ng mga mapagkakatiwalaang tao sa mundo, at sa isang paraisong walang panghabambuhay na pagsasanay sa pagpuri at pagsamba, kung saan ang mga santo, mga pari, at mga hinirang na hari ay nanatiling may mas nakatataas na puwesto, kundi ng pantay na kapatiran at ng mga simple at mauunawaang kalugurang gaya ng kinasabikan ng kanilang kaluluwa. Walang anumang malabong sagisag (simbolo), walang anumang pagdilim ng mga altar o paghimig ng mga pari, naiuwi ni Muhammad yaong mga kaakit-akit na doktrina sa mga puso ng sangkatauhan.[26]

Ang punong bato ng pananampalatayang Islamiko, na binibigyang-diin nang paulit-ulit sa Banal na Qur'an, ay ang simpleng mensahe ng monoteismo. Itinuturing ng mga Muslim ang mensaheng ito ng pagkakaroon ng pinakamalaking panloob na pang-akit ng *lahat ng* kaalaman, yayamang ang Lumikha ay nagpaloob ng kaalaman tungkol sa Kanyang kaisahan at mga kakaibang katangian sa isip, puso, at kaluluwa ng bawat tao. Kaya't walang tao (maliban kung natadhanang gayon sa buhay) ay maaasahang tumutol kapag naturuan ng kaisahan ng Lumikha, ng Kanyang mga pambihirang pangalan, at ng Kanyang mga perpektong katangian.

Kaugnay ng kaisahan ng Allah, ang ideolohiyang Islamiko ay malinaw sa puntong ito. Ang Allah ay Iisa, walang-hanggan at ganap. Hindi ipinanganak at hindi nag-aanak, walang

---

[26] Wells, H. G. 1922. *The Outline of History*. Fourth Edition. Volume 2, pp. 686–688.

katambal o kahati sa pagkadiyos:

> Sabihin mo: Siya ang Allah, Ang Iisa lamang;
> Ang Allah, Ang Walang-Hanggan,
> Hindi nagsisilang, ni hindi isinilang;
> At walang sa Kanya ay maipapantay.
> (TMQ 112:1–4)

Ang paglilinaw na ito ng di-mapasusubaliang Kaisahan ng Allah ang tinututulan ng mga Kristiyanong Trinitaryo, sapagkat ang ideolohiyang Trinitaryo ay nagtuturong tunay ngang Iisa ang Diyos, subalit tatlo rin sa Isa. Ang mga argumentong Trinitaryo ay tinalakay nang buo sa aking naunang aklat, *NaDiyos'grasya*, kaya't dito ay maimumungkahi natin ang isang pagsubok ng panloob na pang-unawa. Kung ipapalagay nating ang mga paninindigan ay napagiginhawa ng pagyakap sa mga likas na pang-unawa, ang kabaligtaran ay lubos na katiyakang dapat maging totoo. Ang pagyakap sa mga turong sumasalungat sa katutubong kaalaman ay makapagbibigay ng bagabag at di-kaginhawahan. Kaya't dapat ang pagsubok. Yaong mga namumuhay sa isang relihiyong umaayon sa panloob, pang-unawang kaloob ng Diyos (gaya ng kaisahan ng Lumikha) ay magiginhawahang ipaliwanag ang kanilang mga paninindigan, sapagkat ang kanilang paliwanag ay aangkop din sa likas na pang-unawa ng kanilang tagapakinig. Sa kabilang dako, yaong magtatangkang ipaliwanag ang mga kaisipang salungat sa katutubong kaalaman ay magpapamalas ng kabiguan, kapwa sa kahinaan ng kanilang mga argumento at sa kanilang di-kakayahang ipagpilitan ang kanilang mga kaisipan sa isang grupong tagapakinig na nakaaalam nang higit. Ang mga sapilitang pagtungo sa mga pag-akit sa emosyon, mga pagkukunwa-kunwariang pagkamatuwid sa sarili at mga pag-aartista ang siyang mga palatandaan ng mga nabibigo sa makatwirang pagtatalo.

Pangalawa sa paniniwala, ang Banal na Qur'an ay naghaharap ng maraming turong angkop sa araw-araw na pamumuhay. Itinutuwid ang mga pagkilos, na may diin sa kababaang-loob. Ang paggamit ng salapi, panahon, at lakas ay hinaharap, na may tuon sa isang timbang na paglapat sa tao, pamilya, relihiyon at lipunan. Ang kakuriputan ay kinokondena, gayundin ang

walang habas (kontrol) na kabulagsakan. Maging ang digmaan ay pinamamahalaan, na may mga batas na itinatakda upang magtaguyod ng paglalabang may karangalan, simula sa pagpapahintulot sa pakikidigma sa ilalim lamang ng mga kalagayang ang lahat ng ibang mga mapagpipilian ay naubos. Magkagayunman, ang mga Muslim ay inuutusang huwag samantalahin ang isang nakamtang kalamangan, at maging maawain hanggang ipinahihintulot ng pagkakataon.

Ang pagkapatas at pagkapantay, awa at pag-ibig ay mga pangunahing paksa ng Qur'an na kadalasan ay nagbibigay-daan sa isang sistema ng katarungang patas subalit mahigpit laban doon sa ang mga paglabag ay nagbabanta sa kapayapaan ng lipunang Islamiko, Walang mga batas sa kasaysayan ng tao ang naging higit na matagumpay sa paghihigpit sa mga kaimbihan ng pagpaslang, panggagahasa, pagnanakaw, pakikiapid, relasyong sekswal sa labas ng pag-aasawa, relasyong homosekswal, alak, at mga bawal na gamot. Ang pandaraya, pagsisinungaling, panunuhol, pagpapatubo, maling bintang, at lahat ng anyo ng kawalang-katarungan ay isinusumpa, na nagbibigay-daan sa isang pagbabagong panlipunan na, kapag naipatupad, ay malamang na makapagkaisa sa lahat ng sangkatauahan sa ilalim ng Diyos.

Ang poligamya, samantalang isinasagawa ng minorya (di-karamihan) ng mga Muslim, ay nagpapahntulot ng isang legal na daan para roon sa ang mga pagnanasa ay maaaring makadala sa kanila sa pakikiapid. Ang kababaihan, sa kabilang dako, ay napangangalagaan. Sa nakalipas na 1400 taon, binigyan ng Islam ang kababaihan ng mga karapatan sa pagmamay-ari, pagmamana, relihiyon at edukasyon — mga karapatang itinanggi ng lipunang Kanluranin at sa mga relihiyon ng Luma at Bagong Tipan hanggang sa ika-20 siglo (dantaon).

Samantalang binibigyang-diin ng Banal na Qur'an ang mga pakinabang ng pagpapalaya sa mga alipin, gayon ding pinalalaya nito ang isip — itinutuwid ang mga maling paniniwala at pinasisigla ang malayang pag-iisip. Ang matapat na katotohanan ay binibigyan ng paunang pahalaga sa ibabaw ng personal na kuru-kuro, mga kaugalian ng lipunan, mga tradisyon ng pamilya, mga isinabatas na turo ng mga institusyon, at lahat ng mga makiling na impluwensyang panlabas. Ang pamimilit sa relihiyon ay ipinagbabawal sa lahat ng pagkakataon. Bukod dito, hinahamon at pinasisigla ng Qur'an ang talino samantalang pinagiginhawa ang espiritu. Sa maikling salita, makikita ang Qur'an bilang isang "pangwakas na testamento," na nagbibigay sa

sangkatauhan ng timbang na gabay sa lahat ng kapakanan ng buhay.

Ipinapalagay ng mga Muslim na ang rebelasyon ay di-matatanggihan. Tumututol ang mga di-Muslim; itinuturing nilang labis na matatanggihan ang rebelasyon, at ipinapalagay na ang mga pag-aangkin ng mga Muslim sa panloob na pang-akit ay huwad. Mangyari pa, hindi ito nakaaakit sa kanila.

Paanong nilulutas ng mga Muslim ang suliraning ito? Naniniwala ang mga Muslim na ang mga kaisipang *walang pagkiling* ay magiging bukas sa mga turo ng Banal na Qur'an. Tulad ng isang matabang lupa, ang mga bukas na isip ay makabubungkal ng pinakamabubuting kanilang tatanggapin kung kaya sila ay nilikha. Gayunpaman, karamihan ng mga isip ay labis na nalalabuan. Sa panahong ang karamihan sa mga Kanluranin ay matutuhan ang Islam, nalantad na sila sa isang habambuhay na propagandang laban sa Islam sa mga lipunang sosyal, relihiyoso at pambalitaan (*media*). Bilang bunga, ang kanilang mga puso at isip ay nakapinid.

Bilang paghahambing, ang *photon theory* (teoriya sa linaw ng mata) ng mga epekto ng liwanag at prisma (pagpapalihis ng liwanag) sa pananaw ay magkakaroon ng maliit o walang kahulugan sa isang taong bulag. Gayundin, yaong ang mga puso at isip ay nakapinid (sarado) sa Islam ay di-maaasahang kalugdan ang ebidensyang Islamiko. Subalit katulad ng liwanag sa isang taong bulag, ang kabiguang makakita ay hindi nakabubura ng katotohanan; sadyang hindi lamang ito makakakumbinsi sa mga bigong makilala ito. Yaong nag-aaral ng mensahe at nakikita ito bilang isang pinagmumulan ng lakas ay mauunawaan ang pananaw na Islamiko; yaong ayaw, ay hindi.

Sinasabi sa atin ng Allah na maaari Niyang mautusan ang sangkatauhan upang maging may iisang isip:

> "Kung niloob ng inyong Panginoon, magagawa Niyang
> iisang Bayan lamang ang sangkatauhan:
> ngunit sa pagtatalu-talo'y hindi sila maglulubay " (TMQ 11:118),

subalit sa mga dahilang tanging Siya ang nakaaalam, hindi Niya ginawa ito. Ang malinaw na pakahulugan ay ginagabayan ng Allah ang ilan at iniiwan ang iba pa upang maligaw,

at ito ang eksaktong itinuturo ng Qur'an:

> "Tunay, iniiwan ng Allah upang maligaw
> ang sinuman nang ayon sa Kanyang kalooban;
> subalit ang nagsisising Siya'y binabalikan
> ang siya Niyang ginagabayan" (TMQ 13:27).

Ang katotohanang ginagabayan ng Allah ang ilan at hindi ang iba ay malayo sa pagiging makiling. Sa katunayan, iyon ang bunga ng mga gawa't pagtanggap ng bawat indibidwal, sapagkat

> "Ipinadadala Namin ang mga Sugo upang ang mabuting balita
> ay ihatid lamang at magbigay-babala:
> kaya't yaong naniniwala at nagbabagumbuhay,
> hindi sila matatakot, ni hindi sila malulumbay.
> Subalit yaong tumatanggi sa mga Tanda Namin,
> dadantayan sila ng parusa, dahil sa paglabag sila'y di-nagtigil."
> (TMQ 6:48–49), at

> "Anumang may kabutihang sa inyo'y dumating,
> ay sa Allah ito nanggagaling,
> subalit anumang may kasamaang sumapit sa inyo,
> iyon ay mula sa sarili ninyo" (TMQ 4:79).

Sa ibang salita, ginagabayan ng Diyos yaong kumikilala sa Kanya, humahanap ng Kanyang paggabay, at napatutunayang karapat-dapat. Ang lahat ng iba ay matinding nagpipinid ng sarili nilang mga pintuan sa harap ng Kanyang paggabay. Na ginagabayan ng Allah yaon lamang kumikilala sa Kanya at humahanap ng Kanyang paggabay ay di-mahirap maunawaang gaya ng katotohanang ang mga guro ay nagtuturo sa mga dumadalo lamang sa klase, at ang mga naglilingkod sa estasyon ng gasolina ay magtuturo lamang ng direksyon sa mga nagtatanong. Gaya ng iniuulat ng Bibliyang isinaad ni Jesus, "Humingi ka, at ibibigay sa iyo; humanap ka, at iyong masusumpungan (makikita); kumatok ka, at ikaw ay pagbubuksan. Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatanggap, at ang humahanap ay nakasusumpong, at ang kumakatok ay

pinagbubuksan" (Mateo7:7–8). Huwag kang humingi, huwag kang humanap at, bueno, ano ang inaasahan ng mga tao, kundi ang maiwan sa kalagayan ng kamangmangang sila mismo ang pumipili?

Ang lahat ng ito ay isa pang kawing sa tanikala ng pagpapatuloy ng mga Luma at Bagong Tipan sa Banal na Qur'an. Itinuturo ng Lumang Tipan, "Hindi nila nalalaman ni nauunawaan; Sapagkat ipininid Niya ang kanilang mga mata, kung kaya hindi sila makakita, *At* ang kanilang mga puso, kaya't hindi sila makaunawa" (Isaias 44:18). Ang Bagong Tipan ay mabisang inuulit ang aral na ito sa Marcos 4:11–12 at Mateo 13:11–15.

Ang pananagutan sa pagpili, kung gayon, ay nasa indibidwal. Ang mga humahanap ng paggabay ay tutugon sa anyaya para sa kabutihan. Yaong mga tumatanggi sa Allah ay mag-aani ng Kanyang pagkamuhi (galit), subalit walang maaaring sisihin kundi ang kanilang sarili mismo.

Na ang Allah ay naggagabay sa mga bumabaling sa Kanya nang tapat ay isang pagpapakita ng Kanyang awa; na iniiwan Niyang naliligaw ang mga tumatanggi sa Kanya ay isang pagpapakita ng Kanyang katarungan..

Ang pananaw na ito ay maaaring may pagkaelitista (pagkiling sa mataas na lipunan), subalit gayon din ang lahat ng mga relihiyon. Ang daigdig ay isang paghahalo ng sari-saring ang-aming-sekta-ay ililiilgtas-ng-Diyos-at-ang-iba-ay-susunugin-sa-impyerno na bumubuo ng mga grupong relihiyoso.

Maraming relihiyon ang naglalarawan sa kanilang sarili bilang pinili ng Diyos at nakikipagtalo kung bakit sila, at tanging sila lamang, ang magkakamit ng kaligtasan. Ang gayong mga pagtatalo ay karaniwang kapos sa pangangatwiran kung bakit ang isang partikular na grupo ay "ililiilgtas," na ang paliwanag ay laging may mabuting himig sa mga kabilang, ngunit walang kakayahang ipaliwanag kung bakit ang nalalabi sa sangkatauhan ay isinusumpa. Ang pagkakaiba sa pagitan ng relihiyong Islamiko at ng iba pa sa bagay na ito ay ang pagkakaloob ng Islam ng buong paliwanag na nakasisiya sa magkabilang bahagi ng tuusan. Ang ibang relihiyon ay karamihang nabibigong harapin ang paksang ito, at iniiwan ang tagalabas na nagtatanong kung bakit gagabayan ng Diyos ang ilan at ang iba ay hindi. Ang konsepto ng isang Diyos na may kinikilingan (pinipili) ay sadyang hindi katanggap-tanggap sa isipan ng nakararami.

Ang mga Muslim ay nag-aangking, para roon sa nakalantad sa lahat ng ebidensyang alay ng Islam, ang isa o dalawa ay makaaakit.  Patuloy na umaangkop sa layunin ng rebelasyon, nagkakaloob ang Allah ng isang bagay mula sa lahat ng ebidensya upang mapapaniwala ang bawat isang indibidwal sa makadiyos na pinagmulan ng Kanyang rebelasyon. Ang pagkilala ay madali, ang pagtanggi ay nangangailangan ng katigasan.

Kaya, gantimpala laban sa parusa.

# 4: Ebidensya #2 — Ang Wika (Lenggwahe) ng Qur'an

*Ang wika, gayundin ang kakayahang magsalita,*
*ay ang dagliang biyayang sa Diyos nagmula.*
—Noah Webster

Ang Banal na Qur'an ay umiiral sa isang anyong nakasulat ngunit sampung magkakaibang (bagamat magkakaugnay na) pagbasa o pagbigkas, at sa pitong magkakaibang diyalekto (sangay ng isang wika). Maaaring pagtakhan kung paano itong nangyayari. Nakasalalay ang sagot sa mga kasalimuutan ng wikang Arabik, na di-gaya ng ibang mga wikang di-Semitiko ay nagpapanatili ng isang pambihirang katangiang mapagbabago dahil sa katotohanang ang alpabeto ay walang maiikling titik na patinig *(vowel)*. Ang maiikling patinig, na siyang pinakakaraniwang patinig sa Arabik, ay ipinakikita sa mga markang diakritiko (mga mapagkakilanlang tanda, gaya ng isang hilis o paikot) sa ibabaw o ibaba ng mga katinig *(consonants)*. Halimbawa, ang letrang Arabik na katumbas ng B sa Inggles ay bibigkasing *ba* kung ang isang hilis ay nasa ibabaw ng titik, subalit *bi* kung ang hilis ay sa ilalim ng titik. Ang ibang pagbuo ay magagawang *bu, baan, been, buun, baa, bii, buu, bai, bau,* atbp. ang titik.

Kapag ang mga salita ay isinusulat na may markang diakritiko, madali nating nauunawaan ang kanilang tamang bigkas at kahulugan. Datapwat kapag ang Arabik ay isinusulat nang walang mga markang diakritiko, dapat tayong umasa sa kabuuan upang matiyak ang tamang bigkas at kahulugan ng bawat salita, sapagkat ang mga salitang magkatulad ang pagbaybay ay maaaring magkaroon ng ibang kahulugan depende sa kung paanong nalagyan ng patinig ang mga ito. Halimbawa, sa pangungusap na, "Ang isang butil ng alikabok ay lumipad sa aking mata," ang salitang Arabik para sa "mata" *('ayn)* ay maaaring lagyan ng patinig upang mangahulugan ng isang espiya, mahalagang tao, mataas na pinuno, o maging ng walang-kuwentang tao. Katunayan, ang salitang ito ay may mahigit sa 30 kahulugan, kabilang ang mga magkakaibang posibilidad na isang bukal ng tubig at isang kapital na pag-aari. Subalit isang kahulugan ang karaniwang nagbibigay-saysay (halaga) sa isang gamit sa kabuuan. Pambihirang ang mga maramihang

kahulugan ay mailalapat, subalit *lubhang* pambihirang lahat ng posibleng kahulugan ay maiuugnay sa kabuuang tekstong ginamitan ng isang salita. Guni-gunihing ang isang pangungusap na nagtataglay ng isa o mahigit na salitang may maraming kahulugang posible, na ang lahat ng mga kahulugan ay may saysay. Ngayon, *iyan* ay isang mayamang wika. Bukod dito, iyan ang isa sa mga himalang binabanggit ng mga Muslim tungkol sa Banal na Qur'an, sapagkat ganyan isinusulat ang Qur'an mula sa simula hanggang sa katapusan.

Bilang pasimula sa pag-unawa man lamang sa kasalimuutan ng puntong ito, maaaring hapyawin natin ang alinmang iginagalang na diksyunaryong Arabik-Inggles, gaya ng *A Dictionary of Modern Written Arabic* ni Hans Wehr. Ang makikita natin ay ang nakapananaig na nakararaming mga salitang Arabik na nagtataglay ng maramihang salin. Kung hahanapin natin ang mga salita ring iyon sa pinakaiginagalang na aklat-sanggunian, *Arabic-English Lexicon* ni Lane, makikita natin ang paliwanag sa Inggles ng isang salitang Arabik na madalas lumabas na hindi lamang mga parapo *(paragraphs)* kundi *mga pahina.*

Sa harap ng ganitong kasalimuutan, maliit ang ipagtatakang ang Qur'an ay makaiiral sa sampung opisyal na kinikilalang pagbasa sa pitong iba't ibang diyalekto. Para mapagbigyan ang ganitong pagkakaiba-iba, ang orihinal na *mushaf* (aklat) ng Qur'an ay kulang sa mga markang diakritiko, na nagpapahintulot ng mga pagkakaiba sa pagbigkas at kahulugan ayon sa mga batas ng pagtakda ng mga tanda ng patinig sa mga tekstong walang patinig. Subalit ang kataka-taka ay sa kabila ng maraming mga posibilidad, lahat ng mga pagbigkas ay hindi lamang may saysay, kundi nagdaragdag pa sa isa't isa. Saanman ay walang isang pangungusap, ni isang salita, ng isang pagbigkas na sumalungat sa iba. Halimbawa, ang mga salitang Arabik para sa *may-ari* at *hari* ay nagkakaiba sa isa lamang tanda ng patinig, gayunpaman ay kapwa angkop na mga paglalarawan sa Allah. Ang resulta ay, ang pagbigkas ng Qur'an ng isang taong may malawak na kaalaman sa Arabik, ay hindi lamang naghahatid ng isang partikular na aral, kundi tumatawag din ng isang maramihang paglalarawan ng mga pangitain at pang-unawa.

Ang mga Judio at Kristiyanong nahihirapan sa konsepto ng isang kasulatang walang patinig ay dapat kilalanin ang iisang batayan sa pagitan ng Bibliya at ng Qur'an tungkol sa bagay na ito, sapagkat ang mga batayang manuskrito ng Lumang Tipan ay gayon ding walang patinig.

Gaya ng ayon sa E*ncyclopaedia Britannica*:

Yayamang ang mga teksto ay kinaugaliang alisan ng mga patinig sa pagsulat, ang mga Masoreto [27(EN)] ay nagpasimula ng mga pananda sa patinig upang tiyakin ang tamang pagbigkas. Kabilang sa maraming sistema ng pagpapatinig na naimbento, ang binuo sa lunsod ng Tiberia, Galilea ay unti-unting nakilala. Bukod dito, ang mga tanda para sa diin at pagtigil ay idinagdag sa teksto upang pagaanin ang pagbasang pangmadla ng mga Kasulatan sa sinagoga.[28]

Gayundin, ang mga modernong aklat ng Qur'an ay karamihang nakatala sa pagbasang *Hafs 'an 'Aasim*, na naging pinakatanyag sa maraming tanggap na pagbigkas sa mga Muslim. Ang isang mahalagang kaibahan sa pagitan ng dalawang halimbawang ito ay ang "unti-unting pagkilala" ng tekstong Masoretiko ng Lumang Tipan mula "sa iba't ibang sistema ng palapatinigang inimbento" (at, tumigil muna tayo sa salitang iyan, *inimbento*), samantalang ang pagbigkas na *Hafs 'an 'Aasim* ng Banal na Qur'an ay isa sa mga kilalang pagbigkas ng orihinal.

Gaya ng tinalakay sa naunang aklat, *NaDiyos'grasya* , wala alinman sa mga orihinal na rebelasyong ibinaba kay Moises o Jesus ang nalalamang matatagpuan pa. Ngunit gaya ng Arabik ng Qur'an, ang dalawa ay kapwa isinulat sa mga wikang Semitiko (lumang Hebreo para sa Torah ni Moises; Aramaik — katutubong wika ni Jesus — para sa Ebanghelyo ni Jesus). Kaya't kung mayroon pang orihinal na Ebanghelyo ni Jesus, maaasahan nating ang teksto ay walang patinig. Subalit dahil ang orihinal na Torah at Ebanghelyo ni Jesus ay *wala na*, ang mga tagasalin ng Luma at Bagong Tipan ay nagtangkang punan ang pagkukulang na ito. Ang Pambungad ng *Revised Standard Version of the Bible* ay nagsasaad ng sumusunod, kaugnay ng Lumang Tipan: "Ang mga tandang pampatinig, na idinagdag ng mga Masoreto, ay tanggap din sa kabuuan, subalit kung saan may higit na posible at kapani-paniwalng pagbasa ang makakamtan sa paggamit ng iba't ibang mga patinig, ito ay

isinagawa.." [29]

---

27 (EN) Ang mga eskribang Judio mula ikapito hanggang ika-11 dantaon na lumikha ng mga markang diakritiko na nagsapamantayan ng pagbigkas, paghahating-talata, at pagtatanda ng patinig sa Lumang Tipan.
28 Encyclopaedia Britannica. CD-ROM.
29 The Bible, Revised Standard Version. Preface, p. iv.

Oh. Bueno, hindi ba *iyan* nagbibigay sa atin ng isang mainit at maginhawang pakiramdam, kung isasaalang-alang na ang ating kaligtasan ay nakasabit sa alanganin.

Ang pagkakataon para sa pagbabago (manipulasyon) ng teksto ay kapansin-pansin, at ang isip ay tumutukso sa guni-guni: una pa sa pagsasapamantayan ng mga Masoreto, ang Bibliyang Judio ay kulang ng mga palatuldikan, mga patinig, malalaking titik, at maging ng mga puwang sa mga salita. Bilang katuwaan lamang, makapaglilista tayo ng mga salitang sama-sama sa isang pangungusap sa alinmang wika, paliitin ang mga malalaking titik, tanggalin ang mga tuldik, mga titik na patinig at markang diakritiko, at pagkatapos ay makikita kung gaano kadaling ang modelo ng orihinal na mensahe ay maaaring sirain.

Halimbawa, ang katuruang, "God is One" ay maaaring isulat na *gdsn,* na maaaring muling palawakin sa "God is One." Subalit ang *gdsn* ay gayon ding kadaling maling ipakahulugan sa "Good son," "Good sin," "Go do sin," "God's son" (pagsunod sa mga batas ng mga wikang Semitiko, ang iisang katinig, gaya ng S sa halimbawang ito, ay maaaring doblehin), o kahit maging "Sun-God" [sa mga wikang Semitiko, ang isang panturing *(modifier)* ay sumusunod sa pangngalan *(noun)* nito. Kaya't ang *gdsn* ay maaaring palawakin sa "God-Sun," ang katumbas na Semitiko ng "Sun-God" sa Inggles].

Sa ganitong paraan, madali nating pakahuluganan nang mali o baguhin ang pinaikling *gdsn* mula sa pagkaorihinal na turo tungo sa erehiya (maling turo), at yaong babasa ng salin ay mawawalan ng palatandaan tungkol sa ating pagsira. Gaano pa kayang higit na madali kung tayo (o, sa deretsahan, ang mga tagasalin ng Bibliya) ay maipakahulugan nang mali ang mga buong pahina ng manuskrito ng Luma at Bagong Tipan nang mas malapit sa ating mga hangad kaysa sa tunay na kahulugan? At gayunman, ang ganito ay di-magagawa sa Banal na Qur'an, sapagkat kailanman ay di-nawala ang kasulatan ng Islam, ang orihinal ay laging matatagpuan bilang pangunahing pinagmulan, na sa pamamagitan nito ay makikilala ang mga kamalian.

Ang tuldik ay gayon ding kaselan, gaya ng tinutukoy ni F. F. Arbuthnot, na nagsasalaysay ng isang kawili-wiling kuwento ng isang Kagawad ng Parlamento ng Britanya, na napilitang maglathala ng isang pahayag ng pagbawi matapos niyang sabihing sinungaling ang isa pang kagawad. Ipinahayag ng kagawad ang kanyang pagbawi nang, "Sinabi kong nagsinungaling

ang ginoo, ito ay totoo; at ikinalulungkot ko ito." Subalit nang sumunod na umaga, ang pagbawi ay lumabas sa pahayagang lokal na, "Sinabi kong nagsinungaling ang ginoo. Ito ay totoo; at ikinalulungkot ko ito." [30] Ang isang pagbaligtad sa kahulugan ay maaaring magresulta mula sa isang kamalian sa isang tuldik sa gayong mga pagkakataon.

Maitatanong natin nang patas, kung gayon, sino ang nagpasya kung ano ang ang bumuo ng isang "higit na posible at kapani-paniwalang babasahin" sa isang sadyang walang katangian, walang patinig, walang tuldik, walang malalaking titik na kasulatang Judio? Ang pasya bang iyan ay batay sa doktrinang may pagkiling o pananaliksik na may layunin? At kung ang sistema ng palapatinigan ng mga Masoreto ay sapat na mapagtitiwalaang tanggapin bilang awtoridad sa kasulatan para sa isang buong relihiyon, bakit may pangangailangang gumamit ng "iba't ibang patinig" sa ilang bahagi upang magkamit ng "isang higit na posible at kapani-paniwalang babasahin"? Pangwakas, bakit hihigpitan ang kamalayan ng mga manonood sa mga kontrobersyang ito para sa bihirang mabasang pambungad kaysa sa ipatalastas ang mga ito kung saan lumilitaw sa teksto?

Ang tugon sa huling katanungang ito ay madali — ang mga kontrobersya ay lubhang napakarami. Naisulat na ang kabuuang mga libro tungkol sa mga pagtatalong ito, at para ibilang ang mga talakayang ito sa teksto ng Bibliyang Judio ay mangangailangang gawing higit sa doble ang sukat nito. Makasisira rin ito sa mga mambabasa. Kahit ang bulag na pananampalataya ay may kahirapang ipagwalang-bahala ang labis sa daming mga kontrobersya.

Ang mga kalagayan ay makatwirang nag-uudyok ng di-maliit na paghihinala sa panig niyaong kinikilala ang kakayahang baguhin ang salin upang umayon sa pagkiling sa doktrina. Ang Pambungad sa *RSV* ay nagpapatuloy nang ganito "Kung minsan ay malinaw na ang teksto ay nagdusa sa pagsasalin, subalit wala sa mga bersyon ang nagkakaloob ng kasiya-siyang pagsasauli. Dito ay makasusunod lamang tayo sa pinakamabuting pasya ng mga may-kakayahang iskolar para sa pinakaposibleng pagsasauli ng orihinal na teksto.."[31]

---

[30] Arbuthnot, F. F. p. 10.
[31] The Bible, Revised Standard Version. Preface, pp. iv-v.

Ang katotohanang ang pinakatanggap na Bibliya sa buong mundo sa kasaysayan ay inaaming ang teksto ay "nagdusa sa pagpapadala" ay hindi nangangailangang magpakahulugan ng anumang kapintasan sa makabagong pag-aaral, subalit ito ay sadyang nagpapakahulugan ng isang di-tiyak na batayan.

Kaya't samantalang ang Bibliya at ang Qur'an ay naitala sa mga tekstong katinig, ang dalawa ay nagkakaibang malaki sa pagiging mapagkakatiwalaan. Ang Qur'an ay naipahayag at nananatiling tradisyong binigkas hanggang ngayon, kaya't ang bigkas at kahulugan kailanman ay hindi naging suliranin. Ang iba't ibang pagbasa ng Qur'an ay pawang magkakaugnay, di-gaya ng Biblia kung saan ang "higit na posible at kapani-paniwalang pagbasa" ay humahanap ng depinisyon, yayamang ang iba't ibang posibilidad sa pagbigkas ay nagkakaiba nang malaki sa kahulugan. Ang Qur'an ay pinanatiling di-nababago hanggang ngayon, samantalang (pagbanggit muli sa Pambungad ng *RSV*) "para sa Bagong Tipan ay mayroon tayong isang malaking bilang ng mga manuskritong Griyego, na nagpapanatili ng maraming iba't ibang anyo ng teksto." [32] Walang isa man nito ay makapangyayari.

Ang kabuuang teksto kung saan ang pampanitikang himala ng Qur'an ay naipahayag ay mahalaga sa kapakanang ito, sapagkat ang bawat propeta ay lumilitaw na pinagkalooban ng isang pambihirang tanda na mabisang katangi-tangi sa mga pinaghatiran sa kanya. Ang kakayahang higit sa lahat na pinahalagahan ng mga antigong Ehipsyo ay mahika (salamangka), at yaong higit sa lahat ay iginalang ng mga Judio, ang panggagamot. Di-nakapagtataka, kung gayon, na si Moises ay binigyan ng mga himalang nakagulat sa mga salamangkero ng palasyo ng Faraon upang tumalima. Katumbas nito, walang dapat ipagtakang si Jesus ay bingyan ng himala ng pagpapagaling.

Kaya, ano ang pinakamataas na kakayahan at sining na higit sa lahat ay iginalang ng mga Arabe? Ang tula, at kahusayan sa pagbigkas. Ang kasalimuutan ng wikang Arabik ay nag-uugat sa kasaganaan ng mga dialekto, na "makapagpapaiba-iba sa 80 pangalan ng pulot, 200 ng ulupong (ahas), 500 ng isang leon, ang sanlibo ng isang espada, sa isang panahong ang

---

[32] *Ibid.,* Preface, p. iv.

masaganang diksyonaryong ito ay ipinagkatiwala sa isip ng isang bayang di-nag-aral."[33] Gayong katapat ang mga Arabe sa pagtatalumpati kung kaya't nagdaos sila ng mga taunang pagdiriwang, na inilalarawang ganito:

> Tatlumpung araw ang ginamit sa palitan, hindi lamang ng mais at alak, kundi ng pagtatalumpati at pagtula. Ang gantimpala ay pinaglabanan sa pamamagitan ng bigay-kayang paggaya sa mga makata; ang matagumpay na pagganap ay inilagak sa mga artsibo (pag-iingat ng mga kasulatan) ng mga prinsipe at amir, at mababasa natin, sa ating wika, ang pitong orihinal na tula, na itinitik sa ginto, at nakasabit sa templo ng Mecca. [34]

Si R. Bosworth Smith ay nagkokomentaryo,

> Kung ano ang ginawa ng mga Palarong Olimpiyada sa Gresya para sa pagpapanatili ng pambansang damdamin, bilang kaibahan sa kalayaang pantribo, sa pagbibigay ng isang maikling pagtigil sa mga paglalaban, at gumaganap bilang isang sentrong pampanitikan, gayon din ang mga taunang pagtatanghal sa Okaz at Mujanna sa Arabia. Dito ay ginawa ng mga tribo ang kanilang mga pagtatalo, nagpalitan ng mga bihag (preso) ng digmaan, at, pinakamahalaga sa lahat, naglaban-laban sa mga paligsahang biglaan sa pagtula. Kahit sa "mga panahon ng kamangmangan," ang bawat tribo ay nakalikha ng sarili nitong makatang laureado; at ang pinakahanda at pinakamahusay ay nakita ang kanyang tulang isinulat sa mga titik na ginto, o isinabit sa dinding ng pasukan ng Kaaba, kung saan ito makikita ng bawat peregrinong dadalaw sa pinakabanal na pook sa bansa. [35]

Sa madaling salita, kinagiliwan ng mga Arabe ang kanilang poesiya.

Ang pagiging patuloy ay nagaganap, sapagkat kung paanong ang mga himala ni Moises ay nakagimbal sa mahika ng mga salamangkero ng Faraon, at samantalang ang mga pagpapagaling ni Jesus ay nagpahiya sa mga manggagamot ng kanyang panahon, si Muhammad ay naghatid ng isang rebelasyong binubuo ng pinakamagandang Arabik na nakilala ng tao. Ang

---

[33] Gibbon, Edward, Esq. 1854. *The History of the Decline and Fall of the Roman Empire*. London: Henry G. Bohn. Vol. 5, Chapter L, p. 452.

[34] *Ibid.,* Chapter L, p. 453.

[35] Smith, R. Bosworth, M.A. 1986. *Mohammad and Mohammadanism*. London: Darf Publishers Ltd. pp. 64–65.

isang talata ng Banal na Qur'an ay makapagpapaluha sa mga matitigas ang pusong taga-desyerto, samantalang ang isa pa ay makaaangat ng mga espiritu ng mga mananampalataya sa mga tuktok ng kaligayahan. Ang nobelistang si James A. Michener, sa kanyang sanaysay, "*Islam: The Misunderstood Religion* (Islam, ang Di-Nauunawaang Relihiyon)*,"* ay sumusulat:

Ang Koran marahil ang pinakamadalas basahing aklat sa buong mundo, katiyakang pinakamadalas isaulo, at maaaring pinakamaimpluwensya sa araw-araw na buhay ng mga taong nananalig doon. Di-gaanong kasinghaba ng Bagong Tipan, isinulat sa isang estilong nagpapauri, hindi ito isang tula ni isang karaniwang tuluyan (prosa), subalit nagtataglay ng kakayahang makapukaw sa mga tagapakinig nito sa mga kaligayahan sa pananampalataya. [36]

Ang mahimalang kagandahan ng Qur'an ay lubhang nakaaantig na sapat makalikha ng mga masaganang pagpapatotoo. Ang higit na kapani-paniwala sa lahat ay ang makasaysayang ulat ng mga *kaaway* ni Muhammad, na karamihan ay labis na nahatak ng kagandahan ng Qur'an, kung kaya't palihim silang sumalunga sa gabi sa gitna ng pusikit na kadiliman ng desyerto upang makinig nang patago sa mga panggabing pagbigkas. Sa isang gayong pagkakataon, isang bilang ng mga kalalakihang ito ang nagkabungguan sa isa't isa habang papauwi mula sa pagbasa. Sa pagkakakilala sa isa't isa bilang mga *pinuno* ng mga kaaway ni Muhammad (sina Abu Sufyan at Abu Jahl na dalawa sa tatlo), nanumpa silang hndi na magbabalik. Sa sumunod na gabi, muli silang nagkatagpu-tagpo sa gayunding pangyayari. Ngayon ay *tunay* silang sumumpang hindi na magbabalik, lakip ang pagsumpa sa ngalan ng kanilang mga diyus-diyusan bilang patotoo sa kanilang katapatan. Sa sumunod na gabi, muli na naman silang nagkabanggaan sa gitna ng dilim. [37] Itinuturing ng mga Muslim ang kuwentong ito bilang ebidensya ng di-mapaglabanang kagandahan ng Banal na Qur'an — isang kagandahang lubhang kaakit-akit na nahatak nito ang mga pandinig at mga guni-guni ng kahit na pinakamatalamak sa mga tumututol, pinakamahigpit sa mga kaaway.

---

[36] Michener, James A. May, 1955. "Islam: The Misunderstood Religion," in *Reader's Digest* (American Edition). p. 70.

[37] Muhammad Ibn Ishaq ibn Yasar. 1963. *Seerat An-Nabi*. Maydan Al Azhar (Cairo): Muhammad Ali Sabi'eh & Children. Vol. 1. p. 207

Ang paglipat-pananampalataya (kombersyon) ni Umar, isa sa pinakadakilang mandirigma ng kanyang panahon at, hanggang sa sandali ng kanyang kombersyon ay siyang kinatakutang higit sa lahat bilang kaaway ng Islam, ay madalas na mabanggit. Patungo sa pagpatay kay Muhammad, siya ay nalihis ng pagpunta sa bahay ng kanyang kapatid na babae, kung saan, pagkarinig sa pagbigkas ng iisa lamang na *surah*, siya ay nagbalik-loob sa iglap na iyon.

Ang iba pang mga natatanging pangyayari ay makikita sa mga halimbawa nina Unays al-Ghifaaree at Al-Kindii, dalawa sa mga pinakadakilang makata sa panahon ni Muhammad. Si Unays al-Ghifaaree ay ganito ang sinabi pagkatapos ng kanyang unang pakikipagtagpo kay Muhammad: "Nakatagpo ko ang isang lalaki sa iyong relihiyon sa Makkah, na nagpahayag na ipinadala ng Allah. Sinasabi ng mga taong siya ay isang makata, o isang salamangkero, o isang mahikero. Subalit nakarinig na ako ng mga salita ng mga salamangkero, at ang mga salitang ito ay di-nahahawig sa anumang paraan sa mga salitang binibigkas ng isang salamangkero. At inihambing ko rin ang kanyang mga salita sa mga berso ng isang poeta, ngunit ang gayong mga salita ay di-maaaring bigkasin ng isang poeta. Sa ngalan ng Allah, siya ang nagsasabi ng totoo, sila ang mga sinungaling!" [38] Si Al-Kindii, nang hinilingang lumikha ng isang talatang tulad ng matatagpuan sa Qur'an, ay nagsaad na sadyang hindi iyon posible. Ipinahiwatig ni Al-Kindii na mangangailangan siyang sumulat ng mga aklat upang maihatid ang kahulugan ng kahit iilan lamang na mga talata ng Qur'an. Ang kanyang di-kakayahang pantayan ang kagandahan at nilalaman ng Qur'an ay itinuturing ng mga Muslim bilang patotoo sa makadiyos na kalikasan ng hamon ng Allah sa sangkatauhan:

> "At kung kayo [mga Arabeng pagano, Judio at Kristiyano] ay nag-aalinlangan
> tungkol sa Aming ibinaba (ang Qur'an)
> sa Aming alipin (propeta Muhammad), kayo kung gayon ay lumikha
> ng isang *surah* [kabanata] na ito'y kamukha
> at ang lahat ng inyong mga saksi (kapanalig) ay tawagan
> bukod sa Allah, kung kayo ay makatotohanan" (TMQ 2:23).

---

[38] Isinalaysay sa *Muslim* (ng pamosong ika-9 na dantaong iskolar ng *hadith* scholar, Muslim ibn Al-Hajjaj).

Ang mambabasa ay pinaaalalahanang ang “Kami” at “Amin” sa banggit sa itaas na mga salin ng “maramihang pangmaharlika” (na tinalakay sa *NaDiyos’grasya*) at hindi pangmaramihan sa bilang. Sa pagsasabi nito, ang banggit ay nakikinabang mula sa malapitang pagsusuri.

Ang Allah ay nakatalang humamon sa sangkatauhan nang di-bababa sa limang beses na tangkaing pantayan ang Qur’an. Ang unang hamon (sa pagkakasunud-sunod sa rebelasyon, hindi sa pagkakalahad sa mga kabanata) ay upang sumulat ng isang buong aklat na katumbas ng sa Qur’an (mga *surah* 17:88 at 52:33–34). Nang ang mga dakilang makata ng wikang Arabik ay hindi makakuha ng kahit isang kalahok, nagbigay ang Allah ng pangalawang hamon upang sumulat ng sampung kabanata katulad ng sa  Qur’an (*surah* 11:13). Nang ang bansang Arabyano ay iyuko ang ulo nito sa abang pagkapahiyang pampanitikan, binabaan ng Allah ang hamon sa paggawa ng iisang *surah* na katulad ng matatagpuan sa  Qur’an (*surah* 10:38, sinundan ng *surah* 2:23). Sa loob ng 1,400 taon, ang mga katutubong Judio, Kristiyano, pagano, at ateistang nagsasalita ng Arabik ay nagsumakit na pabulaanan ang Qur’an sa mga relihiyoso, pulitikal, at personal na kadahilanan. At Arabik ang kanilang katutubong wika.

Isang bagay ang tila halos di-mapaniniwalaan sa senaryong ito, sapagkat ang pinakamaikling  *surah* sa Banal na Qur’an ay *Al-Kauthar*, bilang 108, tumitimbang ng puspos-kapangyarihan, tigib-kahulugang tatlong linya. *Tatlo.* Tatlong talatang may kabuuang sasampung salita lamang. Kaya’t bakit ang sangkatauhan ay nabigong makasulat ng tatlong linyang katumbas o higit sa nakalipas na 1,400 taon? Bakit bigo ang sangkatauhang “lumikha ng isang *surah* na katulad nito”?

Ipinapahayag ng mga Muslim na ang pamantayang pantao ay madaling masira. Ang inaakalang  mga imposibleng hadlang ay nilalabag nang pangkaraniwan, ang mga di-mahigitang rekord ay nahihigitan, at ang mga dating di-maisip na tagumpay ay naisasagawa. Ang isang milyang apat na minuto ay nasira na, ang bilis ng tunog ay nawasak, nalakaran ang buwan, nahati ang atomo, at naging elado ang mga elektron. Subalit bakit ang lahat ng sangkatauhan ay bigong makasulat ng katulad ng Qur’an? Makaraan ang 1,400 taon? Iyon ay hindi sa kakulangan ng panahong pag-isipan iyon, iyan ay tiyak.

Si Al-Waleed ibn al-Mughera, isang habampanahong kumakalaban sa Islam at isang makata sa sarili niyang kakayahan, ay umaming, "Sa ngalan ng Allah, narinig ko ang isang pagbigkas (ang Qur'an) mula kay Muhammad ngayon; hindi iyon galing sa mga tao o mga *jinn* (mga espiritu) — para itong katamisan. Para itong pinakamataas na prutas sa isang punong-kahoy sa mayamang lupa, at wala nang ibang hihigit doon."[39] Kapag ang mga pinakamahuhusay na makata at pinakamahihigpit na kaaway ay umaamin sa pagiging pinakamataas ng rebelasyon, ang gayong mga opinyon ay dapat igalang.

Samantalang iginigiit ng ibang si Muhammad ay isa lamang napakadakilang poeta, idinidiin ng mga Muslim na ang isang katangian ng pagkatao ng mga dakilang alagad ng sining ay ang katotohanang kapag natapos na nilang putulin ang kanilang mga taynga, nayayamot sila sa kanilang di-kasiyahan sa kanilang ginawa. Maaasahan ba ng isang taong si Beethoven, na matinding nagsumakit sa kanyang mga *obra maestra,* gaya ng pinatutunayan ng kanyang mga piyesang may mabibigat na markang-guhit ng pagbabago, ay hamunin ang daigdig na makasulat ng mas mahusay na musika? O si Michelangelo, na nangwasak ng kanyang mga estatwang nagkapira-piraso, dahil naadama niyang ang mga ito ay hindi pa gaanong mahusay, ay humamon sa mundo upang lumilok ng mas mahusay na estatwa? Ang gayong matapang na paghamon ay maaaring magawa lamang, nang may pagtitiwala, ng Isang Siyang nag-uutos sa nilikha at nakababatid na hindi Niya pahihintulutang matugunan ang hamon. Kung kaya, pagkatapos ng 1,400 taon, kagaya ng pinapansin ng maraming awtor, ang hamom ay nananatili pa. Si Profesor A. J. Arberry ay nagsasaad: "Walang pagtutol na ang Koran ay sagana sa maiinam na sulatin; mayroon itong sariling mga katangiang lubhang pansarili; ang wika ay labis na idiyomatiko (mayaman sa pananalita), gayunman sa karamihan ay napakasimpleng di-inaakala; ang mga indayog at tugma ay mga di-mapaghihiwalay na katangian ng kahanga-hangang kahusayan nito, at tunay na ang mga ito ay di-mapaparisan."[40]

---

[39] Manaahil Al-Irfaan fi Uluum Al-Qur'an (Wells of Knowledge of the Sciences of the Qur'an). 1988. Muhammad Abdul-At-Theem Az-Zarqaani. Dar Al-Kutub Al-Ilmee'a. Vol 1. p. 216.

[40] Arberry, A. J. 1953. *The Holy Koran: An Introduction with Selections*. London: George Allen & Unwin Ltd. p. 28.

Si Dra. Laura Vaglieri ay nag-aambag,

> Ang Himala ng Islam *par excellence* (higit sa lahat) ay ang Quran, na sa pamamagitan nito ay naihahatid sa atin ng isang patuloy at walang-patid na tradisyon ang mga balita ng ganap na katiyakan. Ito ay isang aklat na hindi mapamamarisan. Bawat isa sa mga pahayag nito ay malawak, gayunman ay may angkop na sukat, hindi napakahaba ni napakaikli. Walang huwaran ng ganitong estilo sa panitikang Arabik sa mga panahong nauna rito. Ang epektong dulot nito sa kaluluwa ng tao ay nakakamtan nang walang anumang tulong mula sa labas sa pamamagitan ng sarili nitong mga katutubong kagalingan. Ang mga berso ay para-parang (magkakatulad na) mahuhusay sa loob ng teksto, kahima't ang mga ito ay ukol sa mga paksang gaya ng mga utos at mga pagbabawal, na mangyari pang nakapagpapaganda sa himig nito. Ang mga salaysay tungkol sa mga Propeta, paglalarawan ng simula at katapusan ng mundo, pag-iisa-isa at paglalahad ng mga makadiyos na katangian ay inuulit subalit nauulit sa isang paraang lubhang kahanga-hanga na hindi nakapagpapahina ang mga ito sa epekto. Ang teksto ay nagtutuloy mula sa isang paksa hanggang sa susunod nang hindi nawawala ang kapangyarihan nito. Ang lalim at tamis, mga katangiang karaniwan ay di-magkasama, ay natatagpuang magkasama rito, kung saan ang bawat anyo ng pananalita ay nakatatagpo ng perpektong gamit . . . . Natutuklasan natin doon ang mga malalawak na imbakan ng kaalamang di-sakop ng pinakamatatalinong tao, mga pinakadakilang pilosopo at pinakamagagaling na pulitiko. [41]

At si A. Guillaume ay nagbubuod nang gaya ng sumusunod:

> Ang Qurān ay isa sa mga klasika ng mundo na hindi maisasalin nang walang malalang kawalan. Ito (ang Banal na Qurān) ay may indayog ng pambihirang ganda at isang kumpas na nakahahalina sa pandinig. Maraming Kristiyanong Arabe ang nagsasabi tungkol sa estilo nito nang may mainit na paghanga, at karamihan ng mga maka-Arabik ang kumikilala sa kagalingan nito. . . . tunay na mapaninindigang sa loob ng panitikan ng mga Arabe, sa pagiging malawak at mayaman nito kapwa sa poesiya at itinaas na panitikan sa tuluyan, walang makakahambing dito. [42]

Isang kapansin-pansing punto sa wika ng Qur'an ang unang pagtanggap ni Muhammad sa

---

[41] Vaglieri, Dr. Laura Veccia. pp. 40–41.
[42] Guillaume, Alfred. pp. 73–74.

rebelasyon nang siya ay 40 taong gulang. Alam ng mga tao ang kanyang pagkatao, paglakad, pagsasalita, asal, mga pag-uugali. *Alam* nila ang kanyang pananalita. Ang obserbasyon ay madalas mangyaring ang mga ugali at pagkatao ay di-nababagong gaano paglampas ng 30. Ang isang matandang kawikaang Intsik ay tumpak na nagsasabi, "Sa mga tao at sa seda, pinakamahirap magpalit ng kulay sa sandaling ang pangkulay-tina ay nailagay."

Sa edad na 40, karamihan ng mga tao ay nagiging matatag sa isang buong balangkas ng mga katangian ng pagkatao. Hindi lamang napatunayan ni Muhammad ang sarili bilang di-awtor (isang puntong tinutukoy sa bersong,

> "At hindi mo [kayang] mabigkas ang isang Aklat bago ito [dumatal],
> ni [kayang] maisulat ito sa iyong kanang kamay;
> sa gayon, tunay, na mag-aalinlangan ang mga nagsasabi ng mga kapalaluan" [TMQ 29:48]),

subalit ang wika ni Muhammad ay mapagkikilalang nasa mababang antas kaysa ng sa Qur'an. Bukod dito, si Muhammad ay lubhang tiyak tungkol sa mga salitang naiulat bilang rebelasyon. Sinimulan niyang pagbawalan ang kanyang mga kasamahan na itala ang kanyang mga sariling salita, sa anumang anyo, at nag-utos, "Huwag kayong sumulat ng anumang mula sa akin maliban sa Qur'an. Sinumang sumulat ng anuman bukod sa Qur'an ay nararapat sunugin iyon."[43]

Maging sa bandang huli, nang pinahintulutan ni Muhammad ang pagtatala ng *hadith,* ang kanyang mga salita at yaong sa rebelasyon ay hindi kailanman pinaghalo, at walang kalituhan sa katotohanang ang mga salita ni Muhammad ay hindi kailanman lumapit sa makadiyos na kagalingan ng Qur'an. Hangang ngayon, mapatutunayan natin ang kaibahan ng wika sa pamamagitan ng paghahambing ng alinmang aklat ng *hadith* sa Banal na Qur'an. Ang mga tradisyon ni Muhammad ay itinala sa dala-dalawampung bulto ng *hadith,* nagpapanatili ng kanyang pananalita sa isang kalipunan ng mga pinagmulang nagbibigay sa mga mambabasa ng di-pangkaraniwang pananaw sa kanyang pagkatao at kakayahan sa panitikan. Gayunman, ang tugma at indayog.ang madamdaming nang-aakit na pinakabuod ng mensahe at ang pambihirang kagandahan ng Qur'an ay di-natatagpuan sa sariling pananalita ni Muhammad. Gaya ng itinatanong ni Dr. Laura Vaglieri, "Paanong ang aklat na ito ay magiging obra ni Muhammad, isang di-aral na Arabeng sa buong buhay niya ay nakalikha ng dadalawa o tatatlong berso lamang, na walang ni isang nagbubunyag ng pinakamababang uring pantula, gaya ng 'Ako ay ang

[43] Isinalaysay sa *Muslim.*

Propeta at di-nagsasabi ng di-matuwid. Ako'y anak ni Abd el-Muttalib.'?"[44]

Nagdaragdag si Professor A. J. Arberry nang sumusunod:

> Alam na alam nating mabuti kung paanong nagsalita si Mohammed sa kanyang normal, pang-araw-araw na kondisyon; sapagkat ang lahat-lahat ng kanyang mga pahayag *(obiter dicta)* ay naipreserba nang masagana. Sadyang di-totoong sabihin, kung gayon, gaya ng sinabi ni Margoliouth, na "magiging mahirap makakita ng isa pang kaso na may kompletong pagkakatulad sa pagitan ng obrang pampanitikan at ng kaisipan ng isang taong lumikha nito." Tanggapin man, yayamang may mabuting dahilan tayong tanggapin, ang mga sinabi ni Mohammed na nakatala sa mga aklat ng mga Tradisyon (Kaugalian) bilang makatotohanan sa kabuuan, at ipalagay man, gaya ng pagpapalagay ni Margoliouth, na ang Koran ay likha ni Mohammed nang buong kamalayan, magiging lalong makatwirang sabihin na magiging mahirap makakita ng isa pang kaso na ang pahayag na pampanitikan ng isang tao ay naiba nang napakalaki sa kanyang karaniwang pananalita.[45]

Ang punto ay gayong kadaling mapagkikilala ang pagkakaiba sa pagitan ng pananalita ni Muhammad at ang sa Qur'an, na ang mga kasalungat ng Islam ay nailayo ang kanilang mga kaisipan nang napakalaking agwat upang matutulan ang Qur'an bilang rebelasyon. Maraming di-Muslim, gaya ng nabanggit sa itaaas na taga-Oxford na orientalista, si David Margoliouth, ay nakarating na nang malayo sa pagpapahintulot sa maling palagay sa relihiyon upang lampasan ang mga patakaran sa pag-aaral. Ang mga orientalistang ito ay walang kaisip-isip na tinatanggihan yaong sa ganang mga iskolar na may mas mababang pagkiling ay isang malinaw na katotohanan. Ang mga di-Muslim na Arabeng iskolar (gaya ng unang nabanggit na si A. J. Arberry[46 EN]) ay dagliang napagkikilala ang pagkakaiba ng pananalita ni Muhammad at ang pampanitikang himala ng Qur'an. Bunga nito, ang pagkakaibang ito ay humingi ng paliwanag. Sapagkat kundi mula sa isip ni Muhammad, ano ang pinagmulan ng Banal na Qur'an?

---

[44] Vaglieri, Dr. Laura Veccia. pp. 40–41.

[45] Arberry, A. J. *The Holy Koran: An Introduction with Selections*. pp. 31–32.

[46(EN)] Sa gayunding pahinang tulad ng sa naunang banggit ( p. 31), sinulat ni Profesor Arberry, "Sa ganang mga mananampalataya, hindi ko ipaglilihim sa kanila, ang anumang di-sukat nilang maisip, na ako ay di-Muslim, ni magiging gayon kailanman."

Sa pagsisikap na makapagbigay ng isang paliwanag nang di-kikilalanin ang rebelasyon , ang ilang iskolar ay nakarating sa pagpapahiwatig na si Muhammad ay maaaring nagkaroon ng isang gurong nagturo ng pagbuo ng Qur'an. Ito, ipinalalagay nila, ang magpapaliwanag sa kaibahan. At tunay na maaari nga. Gayunpaman, ang mga kapanahon ni Muhammad ay kumikilalang ang pagkakabuo ng Qur'an ay ganap na banyaga sa lahat ng mga anyo ng pananalita ng poesiyang Arabik. [47] Nananatiling gayon ito hanggang ngayon. Bukod dito, kung sakali mang nagkaroon ng gayong magaling na tagaturo, sino siya at ano ang nangyari sa kanyang mga ibang obra? Nasaan ang kanyang ibang mga komposisyong gayon ding maluwalhati at naiiba? *Sentido komun* (karaniwang pag-iisip) ang nagsasabi sa ating ang isang bayang nagpahalaga sa kanilang panitikang katulad ng mga Arabe ay papananatilihin (preserba) ang gayong mga kayamanan mula sa sinasabing tagaturong ito. Datapwat walang nalalamang anumang mayroon nito.

Para palawakin ang argumento, ang Banal na Qur'an ay sumira ng marami kundi man ng nakararaming mga batas ng panitikang unang umiral. Sa isang banda, ang poesiya ay pinakamadalas na nauukol sa mga bagay ng pangkaraniwang hilig — alak, babae at awit, bilang halimbawa — na may mga paglalakbay tungo sa di-maunawaan sa mga panitik ng mga maestro. Sa panahon n Muhammad, ang poesiyang Arabik, kagaya ng katumbas nito sa Kanluran, ay nagdiwang sa mga romantiko at maluhong kaligayahan. Datapwat ang mga suliranin ng kalamangan ng tribo, ang mga karangalan ng mga tao at mga hayop na may dakilang pagpapalaki o mga tanyag na katangian, mga paligsahan sa lakas at talino, mga bayani at kasaysayang lokal ay naging paksa rin ng pagluwalhati sa pamamagitan ng tula. Gaya ng maaaring isaisip, karamihan ng tulang Arabik ay nagparangal sa mga kabutihan ng isang tao, tribo, kamag-anak, samantalang inaalipusta ang lahat ng iba pa. [48 (EN)]

---

[47] Said Qutub, *Fi Thilal Al-Qur'an*.

[48 (EN)] Itinuring ng mga Arabe ang poesiya na gayong makapangyarihan kaya't ang mga digmaan kung minsan ay sinimulan, pinaglabanan at tinapos sa gayong batayan. Sa ganitong mga pagkakataon, ang mga tagisang (paglalabang) pampanitikan ay tumaas mula sa matatalim na mga dila hanggang sa matatalim na mga espada. Ang gayong mga alitan sa taludturan (berso) at karahasan ay karaniwang nagwakas kung paanong nasimulan, na may isang matalinong makatang nagpaalaala sa magkabilang tribo sa makayanig-pusong tula tungkol sa kanilang mga kawalan at sa madilim na hinaharap ng patuloy na pagkakagalit, bilang kahambing

Sinira ng Qur'an ang kaanyuang ito. Ang pagpapalabis ay iniwasan, ang mga paglalarawan ay itinakda sa mga hangganan ng katotohanan, at ang mga piling paksa ay lumaganap sa mga larangan ng batas at pagsasabatas, mga kaasalan at kaugalian, mga pananagutang panlipunan at pantao, at mga paniniwala at gawaing panrelihiyon. Ang kombinasyon ng gayong mga paksang waring tuyot (walang-sigla) na may di-pinagandang pagtutuos ay bigong makabuo ng inaasahan ng higit na nakararami sa mga tao na mga sangkap para sa isang pampanitikang *obra maestra* (dakilang gawa). At gayunpaman, kinikilala ng mga makatang Arabe ang Qur'an sa loob ng 1400 taon bilang pinakamagaling at pinakamapang-akit na pagpapahayag ng kanilang wikang  nakita ng buong daigdig.

Mahirap paniwalaan.

Subalit hindi ba iyan ang kung ano ang isang himala? Isang napakapambihirang katotohanang  tumataliwas sa mga makatwirang pag-asam?

Kahima't paulit-ulit, ang Qur'an ay hindi nakababagot; bagamat inihatid sa pamamagitan ng isang taong pinagdaanan  (alalaong-baga, si Muhammad), hindi nito ipinagkakanulo ang mga pagtaas-baba ng damdamin at himig na di-maiiwasan sa mga makata; bagamat naipahayag sa loob ng mahigit sa 23 taon, walang pagbabago sa estilo, walang pag-unlad ng pamamaraang karaniwan sa isang obrang sinulat sa loob ng gayong kahabang panahon. Sa paglabag sa normal na pantaong pagkakaiba, ang Qur'an ay namalaging di-nabago sa pagpapahayag nito at sukdulan sa kahusayan nito, paksa sa paksa, simula hanggang wakas.

Ang isa sa pinakakahanga-hangang aspeto ng sukdulang ganda ng Banal na Qur'an ay ang hindi nito pagkakapahayag nang kronolohikal (ayon sa panahon ng pagkakasunud-sunod). Habang ipinahahayag ang mga talata, si Muhammad ay inatasang ilagay ang bawat isang bagong talata sa isang tiyak na pook sa balangkas ng naipahayag na hanggang sa bahaging iyon. Kadalasang may mga bagong talatang ipinagitan sa dalawang naunang mga berso, isiningit sa isang kalagayang may makadiyos na tagubilin sa kasulatan. Sa Panimula ng kanyang salin ng Banal na  Qur'an, si Profesor A. J. Arberry ay nagkomentaryo sa ganitong pamamaraan nang

---

ng mga pakinabang ng pagkakasundo sa mga ipinagkaiba.

ganito:

> Sinundan ko ang kinaugaliang pagsasaayos para sa lahat ng tanggap na kasalmuutan nito. Ang mga *Sura* mismo sa maraming pagkakataon — at ito ay kinilala ng mga estudyanteng Muslim mula sa sinaunang mga panahon — ay may kabuuang katangiang naghahawak dito ng mga baha-bahaging tinanggap ni Muhammad sa mga petsang may malalawak na pagitan . . .[49]

Muli, tinutukoy ng mga Muslim ang di-pagkakatulad ng prosesong ito at ng pamamaraang pantao. Nagkukuwento ang mga tao at iniuugnay ang mga pangyayaring makasaysayan, at nagtatangkang pag-ugnayin ang mga ito. Sinusuri man natin ang isang aklat-kasaysayan o ang Bibliya, ang kaayusan ay iisa — pinagkakabit ang mga kuwento nang wakas-sa-wakas, sa pagsisikap na makamtan ang pagiging tuluy-tuloy. Ang pagbuo sa Qur'an nang baha-bahagi, gaya ng ginawa rito, ay sumasalungat kapwa sa kakayahang pantao at sa pamamaraan. Bukod dito, kung hinuwad ni Muhammad ang rebelasyon, ang pampanitikang pagpapabago ay sadyang di-kailangan, sapagkat sa buong kasaysayan, ang mga huwad na mesiyas ay nakapagligaw ng mga tao sa gayong di-karamihan, at sa mabuting dahilan — ang mga huwad na mesiyas ay tamad. Walang huwad na mesiyas na mapag-aakalang gagawa ng gayong kahirap na gawain!

Bunga nito, upang maging patas, yaong mga naniniwalang makalilikha sila ng tatlong talatang mapapantayan ang nasa Qur'an ay dapat gawin ito nang pabalik! Ngayon ay dapat nilang sulatin nang una ang huling linya nang di-iniisip kung ano ang mga unang dalawang linya), susunod ang unang linya, at sa huli ay ang pangalawang linya. O isang kagaya niyan. Ngayon, kailangang gawin nila ito sa isang paraang ang bawat yugto ng komposisyon ay makatitindig nang mag-isa, nagtataglay ng isang matalinong mensahe, at nakagagawa ng isang di-mapapantayang kahusayan sa panitikan. Bilang karagdagan, ang mga turo ay dapat magpahayag ng isang pangyayari sa hinaharap, tumalakay ng isang pangkasalukuyang suliranin, o magturo ng isang katotohanan sa siyensya na hindi matutuklasan sa darating na 1,400 taon. Sampung magkakaibang pagbasa sa pitong iba't ibang diyalekto sa bawat yugto ng pagbuo ng pahayag ang

---

[49] Arberry, A. J. 1996. *The Koran Interpreted*. A Touchstone Book: Simon & Schuster. Preface, p. 25.

kinakailangan — bawat isa ay nagkakaugnay sa kahulugan, bawat isa ay nagtataglay ng mga katangiang nasa itaas. Kung ito ay nagmumukhang imposible, ang pag-aangkin ng Muslim ay, sa pananaw na makatao, ito ay gayon nga!

Datapwat ang Qur'an ay sadyang naitala sa ganitong anyo sa loob ng 23 taon, na ang rebelasyon ay inihatid sa mga labi ng isang lalaking mangmang (hindi nakababasa't nakasusulat), si Muhammad. Kung ang paglikha ng tatatlong linya lamang ay mukhang imposible, paanong nakalikha si Muhammad ng isang kompletong libro sa ganitong paraan, gayong hindi naman siya makabasa at makasulat, sa simula pa lamang? At kulang sa luho ng isang isinulat na obrang-nasa-progreso na kanyang mapagsasanggunian, paano niyang mailalagay ang mga nawawalang piyesa sa loob ng dalawang dekada? Bawat yugto ng gawain ay nagtataglay ng isang kauna-unawang mensaheng may gayong kapakinabangan at kagandahan na wala pang taong nakapantay kahit sa kakaunting tatlong linya. Walang maipakikitang mga kamalian, pagbabagu-bago, o pagkahadlang sa agos ng pagpapatuloy. Maiisip ba natin ang lahat ng nasa itaas, sa *bawat isa* sa daan-daang (kundi man libu-libong) yugto ng rebelasyon, na naisakatuparan ng sinumang tao? Karamihan sa mga tao ay di-makabuo ng isang proyektong *do-it-yourself* (sa sariling kamay) nang hindi naipasok ang isang mahabang piyesa sa maikling butas, naiwawala ang mga estante o mga partisyon, o kahawig na mga pagkakamali — at lahat-lahat ng mga iyan sa kabila ng paghahawak ng isang librong-gabay *(manual)* sa kamay. Sa huli, nararating ng mga pagsisikap ng tao ang pagiging perpekto sa pamamagitan ng isang serye ng mga pagkakamaling naituwid.

Kaya't ang isang aklat ba ng gayong kasalimuutan ay maaaring isulat ng isang tao, o maging ng isang pangkat ng mga tao? Pinaninindigan ng mga Muslim na ang rebelasyon at nilalaman ng Banal na Qur'an ay sumasalungat kapwa sa kakayahang pantao *at* pamamaraan. Makalipas ang ilan lamang taon, kundi man dalawang buwan, ang mga kaganapan ay maaaring magsabwatan upang biguin ang mga nakaplanong talata, ang planong ilagay ang gayu't gayong talata, rito o roon ay maaaring makalimutan, at ang buong bagay ay mauwi sa pagsama sa pagiging isang walang kaayus-ayos na kalagayan.

Kung walang ibang anuman, walang sinumang taong makahuhulang mabubuhay sila nang ganap na katagal upang matapos ang gawain; ang isang maagang pagpanaw ay mag-iiwan

sa gawain nang may mga nakabukang butas na pagdaraanan ng binalak na mga talata sa hinaharap.

Nang nakalipas na 14 na dantaon, isang lalaking 40 taong gulang na naninirahan sa desyerto ang maaaring makatwirang mag-akalang nasa wakas na ng kanyang buhay, at magkaroon ng kasiyahan doon. Ang umasang mabuhay pa ng susunod na 23 taon sa panahong iyon sa ilalim ng mga kalagayang may pag-uusig at pakikidigma laban sa labis na nakalalamang ay magiging tila di-makatotohanan, sa pinakamataas na pagsusuri. Ang isa pang mas malaking paglayo sa katotohanan ay ang isiping sinuman ay makahuhula ng mga kaganapang pagmumulan ng pagpapahayag ng mga talata ng Qur'an sa hinaharap.

Ang isa sa mga unang araling natututuhan ng isang artistang kontrabida ay ang pagkakaroon ng mga mas mabuting memorya ng mga mabubuting sinungaling. Subalit ang pananaw na Islamiko ay walang sinumang taong nabuhay na may memoryang kailangan upang makabuo ng isang gayong kasalimuot na obra. At gayunman, ito ang paraan kung paano naipahayag ang Qur'an. Tala-talata, sa loob ng 23 taon, ang Qur'an ay napagdugtung-dugtong at napuno sa paraang ito, na sa lahat ng yugto ng pag-unlad ay isang di-mapantayang mahusay na rebelasyon, na may gayong kataas na lakas at gandang sapat na nakapagpabago ng mga puso ng tao at sa patutunguhan ng sangkatauhan.

Ang tanong na kung Sino ang awtor, sa kaisipan ng Muslim, ay di-tumatanggap ng isang taong kandidato.

May mga sumasang-ayon na walang sinumang taong makakasulat ng gayong aklat, na naninindigang ito ay gawa ng Satanas. Ang gayong mga paninindigan ay nakalulungkot, sa pinakamataas na pagsusuri, sapagkat ang Bagong Tipan ay nag-uulat na maraming di-naniwalang mga Judio ang nagbigay ng gayunding palagay tungkol kay Jesus — na ang kanyang mga gawa ay hindi mula sa Diyos, bagkus sa Satanas, ang prinsipe ng mga diyablo (Mateo 12:24, Marcos 3:22, Lucas 11:15).

Sa isang dako, ang mga pusong Kristiyano ay natutunaw sa mga kuwento ng mga milagro ni Jesus, nagtataka kung paanong ang di-naniwalang mga Judio ay gayong makatatanggi sa mga himala bilang ebidensya ng pagkapropeta ni Jesus. Iniisip ng mga Kristiyanong bumabasa

ng mga kuwento ng Bibliya na, kung sila lamang ay naroon, hindi sila magiging mga bulag — sila ay maniniwala. Ngunit magkakagayon nga kaya sila? Yayaman din lamang, na ang mga ito ay kadalasang ang mga Krisityano mismong naninirang-puri sa himala ng Qur'an bilang gawain ng demonyo. Ang gayong mga Kristiyano ay nagsisimulang magmukhang katulad ng mga di-naniwalang mga Judio sa panahon ni Jesus, sapagkat sa kabila ng bigat ng ebidensya (kabilang ang mga himala), hindi lamang sila gumagawa ng mga masalimuot na dahilan upang pawalang-halaga ang kasulatang Muslim, subalit madalas nilang isinusulong ang mismong nabibiglaanang palagay — na ito'y gawa ng "prinsipe ng mga demonyo."

Maging ang ganyang hamon ay may isang sagot, magkagayunman, sapagkat itinuturo ng mga Muslim na inaalis ng Banal na Qur'an ang gayong posibilidad. Ang *Surah* 16, *ayah* 98 (kabanata at talata) ay nag-uutos sa Muslim, "Kapag nangyaring binabasa mo ang Qur'an, hingin mo ang proteksyon ng Allah  laban sa Isinumpang (Satanas) Shaytan" (salin ng Yusuf Ali). Ang salin ng Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan ay lalo pang tiyakan: "Kaya't kung nais mong dalitin (bigkasin) ang Qur'an, hingin mo ang pagkupkop ngAllah laban sa itinakwil na (isinumpang) Shaytan." Ang *sentido comun*  ay nagsasabi sa ating ang Satanas ay hindi susulat ng isang librong nag-uutos sa isang taong magpakupkop sa Makapangyarihang Diyos laban sa kanyang sarili. Maaaring palawakin ng ilan ang kanilang pag-iisip nang sapat na layo upang panindigang ang Satanas ay sadyang gayong mapanlinlang, subalit ang ipokritong Kristiyano lamang ang makagagawa ng gayong pag-aangkin, sapagkat isinasaad ng Bibliya,

Subalit nabatid ni Jesus ang kanilang mga iniisip, at sinabi sa kanila: "Bawat kahariang nahahati laban sa sarili nito ay nahahantong sa pagkawasak, at bawat lunsod o tahanang nahahati laban sa sarili nito ay hindi makatitindig. Kung itinataboy ng Satanas ang Satanas, siya ay nahahati laban sa kanyang sarili. Paano kung gayon titindig ang kanyang kaharian?" (Mateo 12:25–26)

Ang katuruang ito ay nauulit sa Marcos 3:23–27 at Lucas 11:17. Ang pagtanggi sa argumento ay pagtanggi hindi lamang kay Jesus, kundi sa tatlo rin sa mga ebanghelyo ng Bagong Tipan. At para roon sa nagtuturing sa Bibliya bilang salita ng Diyos, ito ay pagtanggi sa Diyos

Mismo. Ang punto? Na ang *surah* 16, *ayah* 98 ay hindi lamang isang argumentong Muslim. Ito, sa katotohanan, ay isang argumentong biblikal!

Ang mundong Islamiko ay naghaharap ng ganitong hamon kung gayon: Kung ang tao at ang Satanas ay di-kabilang sa mga awtor, Sino ang tiyakang iniiwan nito?

## 5: Ebidensya #3 — Kaugnayan ng Rebelasyon sa mga Unang Naganap

*Ang lumipas ay isang banyagang bayan;*

*doon ay kakaiba nilang ginagawa ang mga bagay.*

—L.P. Hartley, *The Go-Between,* Prologue

Maraming mga kuwentong biblikal ang isinasalaysay na muli sa Qur'an, subalit may mga mahahalagang kaibahan. Ang isang madalas na hamon ay ang paninindigang ang Qur'an ay kinopya sa mga Luma at BagongTipan. Maraming suliranin sa ganitong pag-aakala, ang una ay sa pagiging hindi nakapag-aral ni Muhammad, at ang hindi pagkabasa sa mga kasulatang Judio at Kristiyano kung sinubukan niya. Sa bagay na ito, ang mga Arabeng Judio at Kristiyano ay di-mababasa ang kanilang mga Bibliya, kahima't sinubukan nila. Bakit? Sapagkat wala pa ang mga ito noon. Ipinahihiwatig ng mga ebidensya na walang gayong bagay na isang Bibliyang Arabik sa buong buhay ni Muhammad, at sa mga dantaong sumunod.

Ang kawalang ito ng isang Bibliyang Arabik ay nakaliligalig sa mga nag-aakalang kinopya ni Muhammad ang mga kuwentong biblikal para sa Qur'an. Bagamat ang pagkakatuklas ng isang Bibliyang Arabik nang una pa sa ikapitong siglo (dantaon) ay makapagbibigay ng malaking galak sa gayong mga nag-aakala, ang pagsasaliksik na ito ay nagpatunay na nakakasirang-loob. Ang *Encyclopedia of Religion and Ethics*, isang serye ng mga makakapal na tomo (bulto) na tigib sa mga lason at paninirang-puring nakatutok sa Islam, gayunpaman ay umaaming, "Walang ebidensya sa alinmang bahagi ng Bibliyang naisalin sa Arabik nang una sa Islam. "[50] Ang *Dictionary of the Bible* ni Hastings ay nag-uugnay ng kauna-unahang salin sa Arabik ng Bibliya sa ikasampung siglo,[51] samantalang ang *Encyclopedia Judaica* ay nag-uugnay ng kauna-unahang salin sa Arabik ng Lumang Tipan alinman kay Hunayn ibn Ishaq (800–873

---

[50] Hastings, James. 1913. *The Encyclopedia of Religion and Ethics*. Charles Scribner's Sons. Vol X, p. 540.

[51] Hastings, James (editor); Revised edition by Frederick C. Grant and H. H. Rowley. 1963. *Dictionary of The Bible*. 2nd edition. Charles Scribner's Sons. p. 105.

CE) o kay Saadiah (isinilang na Joseph Gaon, 882–942 *CE*).[52]

Kaya, dapat tayong magtaka kung anong mga pinagmulang Judio at Kristiyano ang mayroon sa panahon ni Muhammad. Kung walang Bibliyang Arabik, ano ang mayroon? Ang pagkopya mula sa isang hindi nagkaroon ay magiging, bueno, mahirap — mas mahirap pang lalo sa isang di-makabasa't makasulat.

Ang paglitaw ng mga Judio at Krisityano sa Tangway (Peninsula) ng Arabia nang panahon ni Muhammad ay lubhang tanyag. Si Khadijah (unang asawa ni Muhammad) ay may isang matandang pinsan, si Waraqah ibn Nawfal, na isang Kristiyano. Bukod dito, nakatagpo ni Muhammad si Bahira-Sergio, isang mongheng Nestorio sa Syria, nang siya ay bata pa. Ang pakikipagtagpo sa mga Judio sa kanyang pamayanan, at ang pagkakataon sa pag-aaral tungkol sa kanilang relihiyon, ay hindi isang maliit na posibilidad. Kaya't isang pagkakataon ang maaaring mangyaring si Muhammad ay natuto ng mga batayan ng mga relihiyong Judio at Kristiyano sa pamamagitan ng kanilang mga kaugaliang ipinahayag. Habang inihatid ng mga Judio at Kristiyano ang mga turo ng kanilang mga relihiyon sa isa't isa, maaaring naihatid din nila ang mga iyon kay Muhammad. Ang gayong kaso ay magagawa. At ang gayong kaso ay maaaring masira.

Ang problema sa ganitong palagay ay hindi ang kawalan ng mga tradisyong Judio at Kristiyano, sapagkat walang dudang ang mga ito ay mayroon nang madalian. Hindi, ang problema ay ganap na kaugnay sa *kung ano* ang mga katuruang Kristiyano ang lumaganap sa Tangway ng Arabia noong panahon ni Muhammad. Sapagkat sa katotohanan, ang mga Arabe ay mukhang di-yumakap sa mga umiiral na pananaw ng mga relihiyong Judio at Kristiyano nang panahong iyon. Kaugnay ng panahon ng pagkapropeta ni Muhammad, ang *New Catholic Encyclopedia* ay nagkokomentaryo,

> Sa kasamaang-palad, walang Arabeng Judio ni Kristiyano ang mauuring kabilang sa mga nakahihigit na kumakatawan sa kanilang mga pananampalataya nang panahong iyon. Ang una ay namuhay nang maituturing na pagiging hiwalay marahil mula nang kalagitnaan ng unang milenyo

---

[52] *Encyclopaedia Judaica*. 1971. Jerusalem: Keter Publishing House Ltd. Vol 4, p. 863.

(sanlibong taon) bago ang *Christian Era,* bagamat sila ay nagtagumpay nang maliit sa pagpapalaganap, at ang huli ay karamihang eretikong Monofisito, lubhang malayo sa bawat pakahulugan mula sa sentro ng pag-aaral ng Kristiyanismo. [53]

Si Paul D. Wegner, awtor ng *The Journey from Texts to Translations,* ay nag-aambag nito:

> Ang mga Kasulatan ay waring di-umiral sa isang bersyong Arabik bago dumating ang panahon ni Muhammad (570–632), na nakilala ang kuwento sa ebanghelyo sa anyong isinalaysay lamang, at karamihang sa mga pinamulang Syriaco. Ang mga pinagmulang Syriacong ito ay may tatak ng Docetismo (naniwalang si Jesus ay may kalikasang makadiyos lamang at lumitaw na nagkatawang-tao — inakala nilang ang mundong materyal at samakatwid ang katawan ng isang tao ay likas na masama) . . .[54]

Kung kaya, may problema. Ang pag-aakala ay nangopya si Muhammad mula sa mga pinagmulang Judio at Kristiyano, bagamat siya ay di-makabasa't makasulat, walang mga nilimbag na kopya ng Bibliya, at ang bukod-tanging pinagmulang mga ipinahayag na tradisyong Judio at Kristiyano ay yaong sa mga nakakababang-uring "kinatawan ng kanilang mga pananampalataya." Sa ibang salita, ito ang mga tradisyon ng mga eretikong Monofisito, Docetista, at Nestoriano. Bakit, kung gayon, hindi na lamang kumopya ang Qur'an ng dogmang kakatwa sa mga eretikong sektang ito? Bakit isinusumpa ng Qur'an ang pag-uugnay kay Jesucristo sa pagkadiyos, sa halip na itaguyod ang paniniwalang Monofisito sa isang pagsasama ng pagkadiyos at pagkatao sa isang kalikasan ni Jesucristo? Bakit pinatitibayan ng Qur'an si Jesucristo bilang isang tao, at hindi ipagtanggol ang pananaw na Docetico sa pagiging isang pantasma (pangitain) ni Jesus? At bakit tinatanggihan ng Qur'an ang pag-aangking Nestoriano sa pagkakaisa ng Diyos (anak) kay Jesus (ang tao)? Kung ang Qur'an ay sinipi (kinopya) sa mga tradisyong ipinahayag sa bibig, at ang mga Arabeng Judio at Kristiyano ay mga hamak na kinatawan ng kanilang mga pananampalataya, bakit ang kanilang erehiya (pagiging labag) ay

---

[53] *New Catholic Encyclopedia*. Vol 9, p. 1001.
[54] Wegner, Paul D. *The Journey from Texts to Translations*. 1999. Grand Rapids: Baker Books. p. 250.

hindi pinagtatalunan sa Banal na Qur'an? Bakit kinakaharap ng Qur'an ang mga paniniwalang may bisa ng ortodoksong Judio, ang mga karaniwang tanggap na makasaysayang ulat ng kapwa Luma at Bagong Tipan, at ang mga pinakatampok na isyu ng Kristiyanismong Trinitaryo ng Constantinopla? Bakit hindi nito inilalahad ang mga di-orihinal na pananaw ng mga Arabeng Judio at Kristiyano sa kapanahunan ni Muhammad?

Kahawig nito, dapat tayong magtaka kung bakit itinatala ng Qur'an ang kasaysayan nang naiiba sa pagkakaunawa rito ng mga Arabe. Inaangking paulit-ulit ng Qur'an ang pagbubunyag ng mga detalye ng kasaysayang dating lingid sa mga Arabe — kabilang ang mga Judio at Kristiyano. Kasunod ng kuwento ni Noe, itinuturo ng Qur'an, "Gayon ang ilan sa mga kuwento ng mga Di-Nakikita, na Aming ibinunyag sa inyo: una rito, maging kayo o ang inyong mga mamamayan ay hindi nabatid ang mga ito" (TMQ 11:49).

At gayunman, walang sinuman, maging isang maraming nalakbay na pagano, matalinong Judio o Kristiyano, o kahit Muslim, ang kailanman ay humangos sa harap ng konggregasyon nang sumisigaw, "Tayka muna sandali, alam ko na iyan!" Minsan pa, ang pagkopya sa mga di-umiral na tradisyong Judio o Kristiyano, kahit sa papel o sa binigkas na tradisyon, ay magiging, bueno, magusot. Ano ang maaaring maging pinagmulan ng gayong impormasyon kung ang ibang mga *kapangyarihan* sa relihiyon mismo ay walang palatandaan?

Ang pinakamahalagang punto, gayunman, ay ang pagtutuwid, sa halip ng pag-uulit, ng Qur'an sa mga kamaliang biblikal. Ano ang dapat nating isipin sa isang aklat na nagtuwid ng hindi pa kilalang mga kamaliang itinuring na "katotohanan sa ebanghelyo" sa panahon ng pamumuhay ni Muhammad? Ang isang aklat na likhang-tao na itinalagang makaakit sa mga masa ay aasahang magpatibay, sa halip ng tumutol, sa popular na opinyon. Subalit ang tunay na rebelasyon, ay aasahang magtuwid ng mga kasinungalingan, gaano mang kapait lumitaw ang katotohanan. At ganito ang kaso sa Banal na Qur'an — pinatatag ang mga tumpak na paniniwala at ang mga di-kilalang kamalian ay itinuwid.

Ang mga pinakamahalagang pagwawasto ay nauugnay sa mga bahagi ng paniniwala, gaya ng tinalakay sa unang tomo ng seryeng ito, *NaDiyos'grasya*. Ang Banal na Qur'an ay humahamon sa mga Kristiyano sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanilang tingnan ang kanilang

sariling aklat, sapagkat makikita nilang hindi kailanman tinawag ni Jesus ang kanyang sariling "Anak ng Diyos" [tingnan ang *NaDiyos'Grasya*]. Ngayon, paanong maaaring nalaman iyan ni Muhammad? Gaya ng tinalakay sa itaas, hindi niya mababasa ang kanilang aklat. Sa ganyang bagay, hindi *nila* mababasa ang kanilang aklat; dalawang dantaon pa bago sila magkaroon ng isang salin nito. Kaya't ano ang mga pinagmulan para kay Muhammad? Muli, ang pinakamalamang na narinig niya ang mga bahagi ng mga binigkas na tradisyong Krisityano. Ngunit paano niyang malalaman kung narinig niyang lahat ang mga iyon? O kaya ay tumpak? Kung walang isang Bibliya bilang sanggunian, paano niyang malalamang sa buong BagongTipan, kailanman ay hindi kinilala ni Jesus ang kanyang sarili bilang "Anak ng Diyos"? Ang mas malamang na pusta, ipagpalagay nang siya ay sinabihan, ay ipahayag ang eksaktong kabaligtaran. Hanggang ngayon, ang pambihirang Kristiyano ang nakaaalam na hindi tinawag kailanman ni Jesus ang kanyang sariling "anak ng Diyos" sa Bibliya. Kaya't paanong nalaman ito ni Muhammad?

Ang mga halimbawa ng matapat, mapatutunayang pagtutuwid ay ibinibilang ang ebidensyang siyentipiko. Subalit maaari rin nating isaalang-alang ang edad in Jesus sa pasimula ng kanyang pangangaral.

Ayon sa Bibliya, "Ngayon, si Jesus ay nagsimula ng kanyang pangangaral nang humigit-kumulang sa 30 taong gulang . . ." (Lucas 3:23)

Gayon ang sinasabi ng Bibliya.

At gayundin ang sinasabi ng nakararaming mga Kristiyano.

Datapwat ang kasaysayan ay nagpapahiwatig na si Jesus ay maipapalagay na may katandaan —marahil ay kasintanda ng 46, ngunit hindi bababa sa 38.[55] Saan natin nakukuha ang mga numerong ito? Si Jesus ay isinilang sa panahon ng pamumuno ni Haring Herodes Magno (Herodes ang Dakila) ng Judea (na namatay nang maikling panahon matapos ang isang eklipse ng buwan, binibigyang-petsa ng mga astronomo nang Marso 12–13, 4 *BC*) at nagsimula ng kanyang pangangaral matapos ang pagkakabilanggo ni Juan Bautista. Bakit nabilanggo si Juan Bautista?

---

[55] Fox, Robin Lane. 1991. *The Unauthorized Version: Truth and Fiction in the Bible*. Viking Press. pp. 28–34.

Dahil sa pinagsabihan niya si Antipas — ang anak ni Haring Herodes Magno, kilala rin bilang si Herodes ang Tetrarka (alalaong-baga, gobernador) ng Galilea at Perea —sa pagpapakasal sa kanyang sarling pamangkin at hipag. Ngayon, malinaw nating maipapalagay na hindi mangyayaring pakasalan ni Antipas ang kanyang hipag maliban kung, sa isa o ibang kadahilanan, ang kanyang kapatid na lalaki ay wala sa usapan. Kung hindi ay maaaring magkaroon ng kaunting pag-aaway ng magkapatid. Tamang-tama, sa kanyang *Jewish Antiquities,* ang mananaysay ng unang dantaon na si Josef ay nagtatala na ang mahal na kapatid ni Herodes na si Filipo ay namatay "noong ika-20 taon ng paghahari ni Tiberio," na pumapatak sa taong 33–34 *CE*.[56] Isang madramang kuwento rito, isang paglalaban doon, isang paglalakbay upang sunduin ang kahina-hinalang nagluluksang biyuda, isang kasalan, isang pananalita ng pagtutol sa harap ng madla, at natagpuan ni Juan Bautista ang sarili sa loob ng bilangguan habang naghihintay ng mapang-akit na anak-anakang babae upang magsayaw. Ang pagkakatiyempo ay nagbigay-daan kay Jesus na pasimuilan ang kanyang pangangaral noong 34 *CE* o pagkatapos, ayon sa mga ebanghelyo nina Marcos at Lucas: "Ngayon matapos mabilanggo si Juan, dumating sa Gelilea si Jesus, na nangangaral ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos" (Marcos 1:14).

Sa pagiging 38 taon sa pagitan ng 4 *BC* hanggang 34 *CE*, hindi maaaring si Jesus ay makapagsimula ng kanyang pangangaral bago sumapit sa gulang na 38.

Kung ipagpapalagay na si Jesus ay hindi isinilang nang araw na namatay si Haring Herodes Magno, at maglalaan ng mas makatwirang panahon para ang kanyang anak, si Herodes Antipas ay mapangasawa ang kanyang hipag, si Jesus ay malamang na patungo sa ika-40 taong gulang o higit pa. Ang gayong pagpapalagay ay hindi walang-katwiran.

Para maunawaan kung bakit, isaalang-alang natin ang mga pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari:

Isinilang si Jesucristo noong pamumuno ni Haring Herodes Magno. (Mateo 2:1)

Pagkatapos ng pagsilang ni Jesus, ang mga Mago (mga pantas), na nakita ang bituing nagbigay-tanda sa kanyang mahimalang pagsilang, ay dumatimg sa Jerusalem mula sa silangan.

---

56 Whiston, William, A.M. 1998. *Josephus, The Complete Works*. Nashville: Thomas Nelson Publishers. 18.4.6., p. 580.

(Mateo 2:1)

—— Iyan ay isang pangunahing paglalakbay. Sa isang bahagi ng kasaysayan na ang sasakyang pinakamataas na uri ay nangahulugang isang kamelyong hindi lumulura, ang mga gayong bagay ay mahabang panahon.

Pinapunta ni Herodes ang mga Mago sa isang paglalakbay ng pagmamanman sa Bethlehem. (Mateo 2:8)

——Iyan ay isang pangalawang paglalakbay.

Ang mga Mago ay bumalik sa kanilang mga bansa, nang lihim kay Herodes. (Mateo 2:12)

——Iyan ay isang pangatlong biyahe.

Isang anghel ng Diyos ang nag-atas kay Jose "upang bumangon," at tumakas. (Mateo 2:13)

Bumangon si Jose. . . (Mateo 2:14)

——Iyan ay maaaring naganap sa isang minuto o higit pa.

At inilikas ang mag-anak sa Ehipto para sa isang di-tiyak na haba ng bakasyon (Mateo 2:14)

——Iyan ay mas mahabang panahon marahil. Isang pang-apat na biyahe.

Natuklasan ni Herodes ang panlilinlang. (Mateo 2:16)

——Maaaring nagtagal din iyan. Ikalimang biyahe (ng sugo).

Si Herodes, bilang isang taong may gayong kabaliwan upang patayin ang kanyang mahal na asawang si Marianne at, sa ibang mga pagkakataon, ang tatlong anak na lalaking inakalang banta sa kanyang trono, ay ipinadala ang kanyang mga tapat na tagasunod sa malupit na pagpatay sa lahat ng anak na lalaking dalawang taong gulang at pababa sa Bethlehem at karatig. (Mateo 2:16)

——Bakit dalawang taon at mas bata pa? ". . . ayon sa panahong natiyak niya mula sa mga pantas" (Mateo 2:16). Sa ibang salita, si Jesucristo ay nasa gayong gulang ng isang sanggol.

Pagkatapos ng isang di-tiyak na panahon, namatay si Herodes. (Mateo 2:19)

Sa paglalarawan sa itaas, makatwiran nating maaasahan na si Jesus ay naisilang sa

pinakamababang dalawang taon bago namatay si Haring Herodes Magno.  Sa ibang salita, isinilang siya noong 6 *BC* o maaga pa. Gayundin, makatwiran nating maaasahan na ang mga pangyayari sa paligid ng madilim na pag-aasawa ni Haring Herodes Antipas ay naganap nang may kabagalan kaysa sa pagpapatunog ng mga daliri.

Bigla, ang tanong na ipinukol kay Jesus sa Juan 8:57, "Ni hindi ka pa man lamang 50 taong gulang, at nakita mo na si Abraham?" ay nagbibigay-katwiran. Makatwiran nating maasahang, kung si  Jesus ay nasa kanyang mga ika-30 taon, ang hamon ay maaaring sabihing, "Ni hindi ka pa man lamang *apatnapung* taong gulang  . . ." Subalit hindi gayon. At ngayon ay nauunawaan natin kung bakit.

Ang paglalarawan ng isa pang kahirapan sa Bibliya ay hindi siyang punto. Ang iniuuwing mensahe ay ang nababasa ng mga Kristiyano hanggang ngayon sa  Lucas 3:23 ("Ngayon si Jesus mismo ay nagsimula ng kanyang pangangaral sa edad na humigit-kumulang sa 30   . . .") at naninindigang si Jesus ay nagsimula ng kanyang pangangaral sa edad na humigit-kumulang sa 30. Kung nagtanong si Muhammad, ito ang katiyakang sasabihin sa kanya. Ngayon, ano ang sinasabi ng Qur'an? Na si Jesus ay nagsalita sa mga tao sa kanyang pagkabata, at nang siya ay *kahlan* (*surah* 5:110). *Kahlan* ay naglalarawan sa isang lalaking nasa pagitan ng 30 at 50 taong gulang. [57] Kung ang Bibliya ay kinopya, maaasahan nating makita ang pahayag sa "Lucas" na si Jesus ay "humigit-kumulang sa 30 taong gulang." Datapwat kung paanong ang ebidensya ng kasaysayan ay sumasalungat sa rekord sa Bibliya, ang paglalarawan sa Qur'an ay nagtutuwid, sa halip ng umuulit, sa kamalian sa bibliyang ito.

Ano ang isa pang halimbawa? Ang titulong *faraon* ay ikinapit sa mga pinunong Ehipsiyo noon lamang mga taong 1539–1292 *BC* at *bandang* 945–730 *BC*. [58] Bilang banggit, "Ang katawagang Ehipsiyo ay naging isang titulo ng paggalang sa hari noong ika-18 dinastiya. . . . Anumang gamit  ng  'Faraon' para sa mga hari nang una kay Thutmose III ay anakronismo

---

[57] Wehr, Hans. *A Dictionary of Modern Written Arabic*. 3rd printing. Beirut: Librairie Du Liban; London: MacDonald & Evans Ltd. 1980.

[58] *Encyclopaedia Britannica*. CD-ROM.

(maling panahon)." [59] At si Thutmose III ay namuhay — pakitunog nga ang mga tambol — mula humigit-kumulang noong 1490 hanggang 1436 BC.[60] Kaya't ang anumang gamit ng katawagang *faraon* nang una sa bandang 1490 *BC* ay magiging isang anakronismo "isang pag-uugnay ng isang kaugalian, kaganapan, atbp., sa maling panahon." [61]

Ano ang kinalaman nito sa Bibliya at sa Banal na Qur'an?

Noong kapanahunan ni propeta Jose (bandang 1700 *BC*), ang Ehipto ay pinamunuan ng isang naiibang hanay ng pagkahari. At nagkagayon sa ilang panahon. Ang Dinastiyang Hyksos ay mga katutubong Arabeng kumamkam sa tronong Ehipsiyo nang *bandang* 2000 *BC*, at namuno sa Ehipto hanggang matapos ang ika-15 dantaon *BC*. Hindi nila kailanman tinawag na "Faraon" ang kanilang mga hari. At magkagayunman ay narito si Jose, sa panahong bago-mag-1700, biglang-pasok sa gitna ng Dinastiyang Hyksos. Gayunman ay tinatatakan ng Bibliya kapwa ang mga hari ni Jose (Genesis, kabanata 39–50) at ni Moises (Exodo 2–18) bilang "Faraon." Ang nalalaman natin sa kasaysayan, gayunman, ay sumasalungat sa gamit ng katawagan sa panahon ni Jose. Subalit, oh, bueno, ang isa sa dalawa ay hindi masama, kung iyan ang patakaran ng katumpakang hinahanap natin sa isang aklat ng rebelasyon.

Ngayon, paano naman sa Qur'an?

Kinikilala nang tumpak ng Qur'an ang hari sa panahon ni Moises bilang "Faraon," subalit kinikilala ang hari ng Ehipto sa panahon ni Jose bilang gayon lamang — ang "Hari" (Tingnan ang *Surah* Yusuf — alalaong-baga, *surah* 12). Muli, rito, itinutuwid ng Qur'an, sa halip ng inuulit, ang isang kamalian sa bibliya , sa kabila ng katotohanang binabanggit ng Qur'an ang titulong "Faraon" nang mahigit sa 70 beses. Gayunman, bawat isa sa mga banggit na ito ay tumutukoy sa isang panahon sa kasaysayan nang ang monarka sa Ehipto ay sadyang kinilala bilang "Faraon." Sa pagsasaalang-alang ng kabuuang ito, ang kapansin-pansing pag-iwas sa taguring ito sa pagtukoy sa pinuno noong kapanahunan ni Jose ay lumilitaw na napakahalaga.

Napag-uusapan ang Ehipto, itinatala ng Qur'an ang Faraon sa pag-aatas sa isang lalaking

---

[59] *The Encyclopedia Americana International Edition*. 1998. Grolier Inc. Vol 21. p. 848.
[60] *Ibid.,* Vol 26. p. 714.
[61] Thompson, Della (patnugot). *The Oxford Dictionary of Current English*. 1993. Second Edition. Oxford University Press. p. 26.

tinawag na Haman upang maghurno ng mga ladrilyo para sa konstruksyon (TMQ 28:38). Ang salitang *haman* ay dumarating sa atin mula sa hiyeroglipiko (lumang paraan ng pagsulat sa Ehipto) at pinaniniwalaang nangangahulugang "ang pinuno ng mga manggagawa sa mga tibagan ng bato." [62] Sa ibang salita, sa panahon at pook na ang konstruksyon ay karamihang katumbas ng pag-iimbak ng mga bloke, si "Haman" ay may pananagutan sa mga materyales.

Ngayon, ang hiyeroglipiya ay namatay mga dantaong una sa panahon ni Muhammad, at natutuhan lamang muli sa pagkatuklas ng Batong Rosetta *(Rosetta Stone)* noong 1799 *CE*. Narito ang pangyayari: Pagkatapos ng pagkamatay nina Marco Antonio (alalaong-baga, Marc Antony) at Cleopatra noong 30 *BC,* ang pagkagobernador na Romano ang pumalit sa sistemang dinastiyang Ehipto, at Latin ang naging wika ng kaharian. Bunga nito, ang sistema ng pagsulat na hiyeroglipiko ay namatay sa loob ng sumunod na dantaon. Ang pagkatuklas ng Batong Rosetta ay nagpabalik sa hiyeroglipiko, ngunit hindi ito naging madali. Kahit taglay ang Batong Rosetta, ang pagsisikap ay nangailangan ng panahon (mahigit sa 20 taon), inspirasyon, at ilan sa mga pinakamatatalino sa Europa. Na lahat ay naghahatid sa ating itanong kung paanong nalaman ng awtor ng Qur'an ang pagtataguri sa taong namahala ng mga materyales ng konstruksyon bilang "Haman." Sa pagiging patay na ng hiyeroglipiko at nalibing nang mahigit sa 500 taon, at ang gayong mga titulo ay maipapalagay na patay na rin, ano ang pinagmulan ng gayong kaalaman sa panahon ni Muhammad?

Ngayon, isaalang-alang natin ang isang mas di-kilalang halimbawa.

Kailanman ay hindi kinilala ni Jesus ang kanyang mga tagasunod bilang "mga Kristiyano." Sa katunayan, ang kanyang mga tagasunod ay hindi ginamit ang tatak hanggang maraming taon pagkatapos ng kanyang pangangaral. Gayunpaman, minsang nagamit, ang tatak ay nanatili. Kaya't kung tinanong ni Muhammad ang mga Kristiyano nang kanyang kapanahunan kung ano ang tawag nila sa kanilang sarili, sasabihin nilang "Kristiyano" (o *Masihiyyun*, sa Arabik). Ang *Masihiyyun* ay naglalarawan sa mga tagasunod (*-iyyun*) ni Cristo (*Messiah* sa Hebreo, *Masih* sa Arabik).

---

[62] Ranke, Hermann. *Die Ägyptischen Personennamen* (*Dictionary of Personal Names of the New Kingdom*). Verzeichnis der Namen, Verlag Von J J Augustin in Glückstadt, Band I (1935); Band II (1952).

May katwiran? Siyempre. Hanggang ngayon, ang mga Kanluraning Krisityano ay ipinakikilala ang mga sarili nang gayon nga — mga Kristiyano. Gayundin, ang mga Arabeng katumbas nila ay kikilalanin ang kanilang mga sarili bilang *Masihiyyun* (mga tagasunod ni Cristo). Sa anong pangalan, kung gayon, makikilala ni Muhammad ang mga tagasunod ni Jesus? Bilang *Masihiyyun*. Bakit, kung gayon, hindi nababanggit ni minsan ang salitang ito sa Qur'an? Ni isa, ni minsan, na nag-iisang beses?

Binabanggit ng Qur'an ang mga Krstiyano nang paulit-ulit, hindi bilang "mga Kristiyano" o *Masihiyyun*, kundi bilang *Nasara* (mga Nazareno). Ngayon, sandali lang. Ilang mga Kristiyano saanman sa mundo, ang kailanman ay tumawag sa kanilang mga sarili bilang "Nazareno"? Kakaunti, ang hinala ko. Bakit kung gayon ginagamit ng Qur'an ang tapat na taguring biblikal na "Nazareno," sa halip ng popular na markang Arabik na *Masihiyyun?* Sino ang nagsabi kay Muhammad na bagamat halos lahat ng mga Kristiyano ay kinikilala ang kanilang mga sarili bilang "Krisityano," si Jesus kailanman ay hindi? Nakikita natin sa mga Gawa 11:26 na "ang mga disipulo ay unang tinawag na mga Kristiyano sa Antioquia." Sa ibang salita, unang ikinapit ng mga di-mananampalataya ang taguring ito sa mga tagasunod ni Cristo nang bandang 43 *CE*, kulang-kulang sa sampung taon pagkatapos ng kanyang pangangaral. Bukod dito, hindi ito mukhang isang magalang na katawagan.

Taliwas sa tanyag na paniniwala, ang taguring *Kristiyano* ay lumilitaw na inisip bilang isang katawagang may pangungutya. Ito ang itinawag ng mga di-nanampalataya sa mga tagasunod ni Cristo — isang masamang-lasang pangalan para sa mga nanampalatayang kinilala ang mga sarili bilang mga Judio, na sumusunod sa mahabang linya ng mga propetang Judio. At magkagayunman, ang mismong tatak na iyan ay isinusuot ngayon nang buong pagmamalaki, sa kabila ng katotohanang,"lumilitaw na mas malaganap na ginamit ng mga pagano, at ayon kay Tacitus, ito ay may pangkalahatang gamit sa panahon ng pagmamalupit ni Nero (Annals, 15.44)." [63]

Sa ibang salita, ang "Kristiyano" ay isang mapanghamak na tatak na ikinapit sa mga

---

[63] Meagher, Paul Kevin OP, S.T.M., Thomas C. O'Brien, Sister Consuelo Maria Aherne, SSJ (editors). 1979. *Encyclopedic Dictionary of Religion*. Philadelphia: Corpus Publications. Vol 1, p. 741.

mananampalataya ng kanilang mga kaaway.  At gayunmam, ang taguri ay nanatili, at taglay ang karaniwang kababaang-loob ng Kristiyano, ay unti-unting tinanggap.

Mabuti. Ngayon ay alam na natin.  Subalit ilang mambabasa ang nakaalam ng katotohanang ito bago ito nabasa rito?  Mas malapit sa punto, sino ang nagsabi kay Muhammad? Sino ang nagsabi kay Muhammad na ang taguring "Kristiyano" (*Masihiyyun* sa Arabik) ay nagsimula ng buhay nito bilang isang taguring nangungutya, at kailanman ay hindi sinambit ni Jesucristo? Sino ang nagsabi kay Muhammad na ang isang mas magalang na taguring biblikal ay *Nasara?* At bakit mag-aabala si  Muhammad na lumangoy laban sa napakalakas na agos ng opinyong pangmadla? Maliban, kung magkagayon, inihatid lamang niya ang mga salitang ibinigay sa kanya — mga salitang nagtuwid sa kanyang sariling opinyon gayundin sa karamihan ng nalalabi sa sangkatauhan?

Ang mga isyu sa itaas, samantalang hinaharap ang mga may kaliitang detalye ng katumpakan sa kasaysayan, ay lubhang napakahalaga.  Ang mga maliliit na detalyeng ito ang nagsisilbing mga kuryenteng pumalya kung saan ang huwad na pagkapropeta ay natatapilok. Walang nababangga sa isang gusali; ang mga maliliit, mukhang walang halagang bukol sa karsada ang kinatatapilukan ng mga tao.  Gayunman, sa halip na magpinta ng isang bagong kintab sa mga lumang kamalian, ang mga maliliit na puntong ito ng detalye ang itinutuwid ng Qur'an nang buong katumpakan.

Itinuturo ng Bibliya, "Ang sinumang tapat sa pinakakaunti ay tapat din sa marami, at ang sinumang di-makatarungan sa pinakakaunti ay hindi rin makatarungan sa marami" (Lucas 16:10). Kung ang turong ito ay ilalapat sa Bibliya, ang kahalagahan  ng kahit na pinakamaliit na kamalian (alalaong-baga, katapatan sa detalye) ay nagiging malinaw. Kahit ang kasiinliit ng pagkopya sa mali ay dapat magpatunog ng alarma sa katotohanang "ang sinumang di-makatarungan sa kakaunti ay hindi rin makatarungan sa marami." Mahalaga ang mga detalye, sapagkat sa batayan ng detalye natin napagkakaiba ang kamaliang pantao at ang makadiyos na walang-kamalian.

At pagkatapos ay naroon ang Iram.

Ang Banal na Qur'an ay nagbibigay ng pahapyaw na banggit sa isang lunsod na tinawag na  Iram (TMQ 89:7). Gaya ng natutuklasan, ang Iram ay nawaglit sa kasaysayan sa loob ng

mahigit na 3,500 taon, at kamakailan lamang natuklasan. Sino, kung gayon, ang nakaalam na banggitin ang Iram sa Banal na Qur'an? Sa loob ng 2,000 taon bago nahayag, wala man lamang ebidensyang ito ay lumitaw.

Ang mapang-landas ng arkiyolohiya (agham sa sinaunang mga tao) sa Iram ay naglalagos sa antigong (matandang) lunsod ng Ebla, na tinalakay sa Disyembre 1978 na labas ng *National Geographic*. Ang artkulo, *"Ebla, Splendor of an Unknown Empire* (Ebla, Ningning ng Isang Lingid na Imperyo)" ay nagbabalangkas ng isa sa mga pinakadakilang tuklas ng arkiyolohiya sa kasalukuyang panahon — ang pagkakatuklas sa lunsod ng Ebla sa Hilagang-kanlurang Syria.[64] Ang lawak ng tuklas na Ebla ay iniuulat sa sumusunod:

> Noong 1975, si Matthiae [Paolo Matthiae, isa sa dalawang arkiyologong namahala sa paghukay] ay tumama ng isang *jackpot* sa arkiyolohiya. Sa mga guho ng isang palasyong lumilitaw na winasak noong ika-23 dantaon *B.C.,* naratnan niya ang pinakamalaking artsibo (lumang kasulatan) ng ikatlong libong taon na nahukay kailanman. Mahigit sa 15,000 mga lapida at mga pira-pirasong bahagi sa *cuneiform* (matandang alpabeto sa bansang ngayon ay Iraq na may mga matutulis na titik na hugis kunyas o *wedge*) — ang mga talaang komersyal, mga kasunduan (tratado), kroniko (mga balitaan) — na ibinulong, sa pamamagitan ng mga hamog ng antigo at di-malinaw na gramatika, ng isang di-kilalang kahariang Semitiko, na ang Ebla ang punong lunsod, na minsang namayani sa nakalalamang na bahagi ng Gitnang Silangan . . . . ang tuklas na ito ay humampas sa mundo ng karunungan nang animo'y bomba ng kidlat at kulog.[65]

Gaano kalaki ang tuklas na ito? Pagbanggit kay Dr. Ignace J. Gelb, " Ang Ebla ay isang makapangyarihang kaharian, itinuring na kauri ng pinakamakapangyarihang mga estado ng panahong iyon." [66] Gaano kahalaga ang mga lapidang *cuneiform* na ito? Pagbanggit kay Dr. Giovanni Pettinato, "*Lahat* ng ibang mga teksto ng panahong ito na natuklasan hanggang ngayon ay hindi umaaabot sa ikaapat na bahagi ng mga mula sa Ebla." [67]

Ang malaking koleksyong ito ng mga kasulatang *cuneiform* (mga luwad o pinatuyong putik na tinitikan ng hugis tulis o kunyas na kasulatan) ay humahawi sa talukbong ng kadiliman

---

64 Yaong may mas malalim na interes ay maaaring maghangad na manaliksik sa *Atlantis of the Sands*, ni Ranulph Frennes, *Ebla: A Revelation in Archeology,* nina Chaim Bermant at Michael Weitzman, at *Lost Civilizations*, ni Bill Harris.
65 *National Geographic*. December, 1978. pp. 731–5.
66 *Ibid.* p. 735.
67 *Ibid.*

mula sa mukha ng kasaysayan upang ilantad ang isang larawang salungat sa maraming klasikong sinaunang maling kaisipan. Ang mga lapidang ito ay nagbubunyag ng isang mayamang kultura sa isang buhay na pamayanan — na sa gayon ay nagpalagay ang mga dalubhasa sa arkiyolohiya: “Ang Ebla ay nakipagtunggali sa Ehipto at Mesopotamia bilang isang malaking kapangyarihan sa antigong daigdig.”[68]

Waw.

Kaya, ano ang nangyari sa isang gayong kadakilang kultura? Saan ito napunta?

Sa lupa.

Bandang 2300 *BC*, tinalo ni Sargon ang Ebla at sinunog ang lunsod. Ang pagsunog sa palasyo ay ginawang pugon ang aklatan at ang apoy ay naghurno sa mga luwad na lapida sa pagkakapreserbang seramiko. Ang mga nahukay na suson ng mga guho ay nagbubunyag na ang Ebla ay muling binuo upang muling wasakin mga tatlong dantaon pagkatapos, pinakamalamang ng mga Amoritiko. Muling nabuo minsan pa, ang “Ebla ay pamuling umunlad, subalit nang bandang 1800 *B.C.*, ang lunsod ay nagsimulang humina, at sa loob ng 200 taon sa wakas ay nawala sa kasaysayan.” [69]

Ano ang kinalaman nito sa Iram? Ang Ebla, katulad ng ibang mga malalaking kapangyarihan sa mundo, ay nag-ingat ng mga talaan ng lahat ng mga lunsod na nakipagnegosyo sa kanila o kanilang siningil ng buwis. Ang mga talang ito ay inimbak sa aklatan ng palasyo. At ano ang natutuklasan natin doon? Pagbanggit sa Beirut, Damascus, Gaza, Sodom, Gomorrah, kabilang sa mga iba pa. Ano pa? “Kabilang din ang Iram, isang di-kilalang lunsod na tinutukoy sa *surah* 89 ng Koran.” [70] Kaya’t noong 1975, ang Iram, gaya ng pagbanggit sa Banal na Qur’an 1,400 taon na ang nakalilipas, ay naging isang napatotohanan sa kasaysayan.

Ano pa ang napatunayan? Ang mga tala sa aklatan ng Ebla ay bumabanggit din sa mga lunsod ng Ad at Shamutu (pinaniniwalaang siyang lunsod ng sinaunang mamamayang Arabyanong kilala bilang ang Thamud): dalawang nawalang kabihasnan (sibilisasyon) na

---

[68] *Ibid.,* p. 731.
[69] *Ibid.,* p. 748.
[70] *Ibid.,* p. 736.

binabanggit sa Qur'an.[71] Sa katunayan, limang maiikling talata sa Qur'an (89:6–10) ang bumabanggit sa apat na nangawalang kabihasnan, na lahat ay pawang kilala na ngayon sa kasaysayan: Iram, Ad, Shamutu, at ang bayan ng Faraon.

Maaari kayang nalaman ni Muhammad ang Iram? Ad? Walang dudang alam niya ang mga mamamayan ng Faraon, at lalong tiyak na alam niya ang Shamutu, sa balangkas kundi man sa pangalan, sapagkat ang mga guho ng Shamutu ay nananatili pa hanggang ngayon sa lunsod na Arabyano ng *Mada'in Salih*. Ngunit ang Iram at Ad? Maaari kayang nalaman ni Muhammad ang mga kalinangan (kultura) na nangawala libu-libong taon bago sumikat ang araw sa unang araw niya sa mga bisig ng kanyang ina? Maaari kaya niyang nalaman ang mga pangalan ng mga nawalang lunsod sa isang panahon at pook kung saan ang pinakamalapit na bagay sa isang *information superhighway* (dakilang lagusan ng kaalaman) ay isang patag na daan at isang mabilis na kamelyo?

Malamang ay hindi.

Ang karaniwang Amerikano ay hindi maibibigay ang mga pangalan ng tatlong kauna-unahang pamayanan sa Estados Unidos, at maaaring magmintis sa tamang sagot kahit ibinigay sa anyo ng piliin-ang-tamang-sagot na katanungan. At ang mga pamayanang ito ay hindi lamang kilalang mabuti, kundi iilang dantaon pa lamang ang gulang. Kaya, sa paanong paraan nalaman ni Muhammad ang mga pangalang Iram, Ad, at Thamud? Ang tukuyin ang mga nawalang pangalan ay mapanganib — maliban lamang, magkagayon, kung ikaw ay Diyos.

At iyan, sa paninindigan ng mga Muslim, ang punto.

Kapag binubuo natin ang larawan ng isang huwad na propeta, nagagawi tayo sa pag-iisip tungkol sa isang nagsisikap na makakuha ng tiwala ng kanyang mga tagasunod. Ang isang huwad na propeta ay magiging hangal na magsangkot sa mga katotohanan, mga propesiya, o mga paniniwalang bukod sa mga karaniwang tanggap, maging may bisa o wala. Kaya, bakit maglalakad pa nang iisang paa si Muhammad para pangalanan ang mga nawalang sibilisasyon gayong magagawa niyang limitahan ang kanyang mga komentaryo sa mga bantog na lunsod,

---

[71] Bermant, Chaim and Michael Weitzman. 1979. *Ebla: A Revelation in Archaeology.* Times Books. p. 191.

gaya ng Nazareth? Maaaring pinuno ng mga Kristiyano sa paligid ni Muhammad ang kanyang mga taynga ng mga kuwento tungkol sa Nazareth, kaya't dapat nating ipagtaka kung bakit ang Nazareth ay hindi nababanggit sa Qur'an. Ang pag-aanunsyo sa Nazareth ay makapagdudulot ng sapat na kagandahang-loob sa kanyang mga kababayang Kristiyano, at tayo ay napipilitang guni-gunihin ang kapinsalaan. Maliban lamang, magkagayon, kung walang Nazareth. At, sa katotohanan, maaari nga.

Ang Nazareth ay 29 na beses na binabanggit sa Bagong Tipan, subalit walang bayang may gayong pangalan ang nakilalang lumitaw sa panahon ni Jesus. Ngayon, kung totoo mang may Nazareth o wala ay hindi napakahalaga. Subalit nakalulugod malamang ang mga Romano ay may malawak na talaan ng negosyo at buwis ng lahat ng mga bayan sa Palestina. Sila ay mapamaraan sa mga talaang ito, sapagkat hindi nila gustong libutin ang buong kanayunan upang hanapin ang mga lukbutan ng mga magsasaka at paspasin ang mga buwis mula roon. Ang Nazareth, gayunman, ay hindi nababanggit. Bukod dito, ang Nazareth "ay hindi kabilang sa mga pook na binabanggit sa Josue 19:10 at mga sumusunod, ni hindi ito tinutukoy ni Josef, na nagbibigay-ngalan sa 45 bayang Galileo, ni ng Talmud, na nagbibigay-ngalan sa 63." [72]

Sa katunayan, ang *Encyclopedia Judaica* ay nagsasabi sa ating sa labas ng Bibliya, ang Nazareth ay hindi nababanggit sa tala-kasaysayan hanggang sa ikatlong dantaon *CE.*[73] Dapat tayong magtaka kung ito ay nagpapahiwatig ng kakulangan sa makasaysayang tala o isang kamalian sa Bibliya. Nagkaroon ba, o hindi ng isang Nazareth sa panahon ni Jesus?

May ilang iskolar na nagpapalagay na ang Nazareth at ang makabagong *en Nasira* ay iisa lamang. Ngunit walang tiyak na nakaaalam.

Bakit, kung gayon, tinawag si Jesucristo bilang Nazareno? Mahirap sabihin. Gayunpaman, ang *Nazarene* ay ang salin sa Inggles ng Griyegong *Nazoraios*, na mukhang hinango sa Hebreong *Nozrim*, na mismong nagmula sa *Nozrei ha-Brit* — ang pangalang antigong Hebreo kung saan kinilala ng pamayanang Qumran ang kanilang sarili bilang "Tagapag-ingat ng

---

[72] Kraeling, Emil G. Ph.D. 1952. *Rand McNally Bible Atlas.* Rand McNally & Co. p. 358.
[73] *Encyclopaedia Judaica*, CD-ROM Edition. 1997. Judaica Multimedia (Israel) Limited. "Nazareth" entry.

Tipan."[74] Kung ang paghango ay mukhang may-kamalian, maisasaalang-alang natin na ang makabagong *Tsar* (o *Czar*) ay hinahango sa *Kaiser,* na mismong hinango sa *Caesar,* at walang kinalaman sa alinman sa mabutong rolyo ng hamburger o ensalada ng may-hilig kumain. Gaya ng batid ng lahat ng mga etimologo (dalubhasa sa pinagmulan ng mga salita), ang mga salitang pinaghiwalay ng 2,000 taon ay kumukulubot sa katandaan.

Subalit, sa pagbalik sa *Nazareno,*

Taliwas sa mga pala-palagay ng mas huling tradisyon, ito ay walang anumang kaugnayan sa diumano'y pagpapalaki kay Jesus sa Nazareth, na ayon sa ebidensya, (o kawalan niyon) ay nagpapahiwatig na hindi ito naroon nang panahong iyon. Katunayan, waring ito ang pinakamalaking gusot sa mga naunang komentaristang nakatatagpo ng di-kilalang katawagang "Nazorean" na nagbunsod sa kanilang ipalagay na ang pamilya ni Jesus ay galing sa Nazareth, na noon ay sumipot na sa mapa.[75]

Hanapin ang Palestina ngayon, at makikita natin ang Nazareth sa mababang Galilea (alalaong-baga, Hilagang Palestina). Ang problema, ang lunsod na may ganitong pangalan ay lumilitaw na hindi umiral sa mga panahong biblikal. Kaya, ang pagbibigay-ngalan ba sa isang lunsod na Palestino bilang "Nazareth" ay kumakatawan sa isang pagsisikap na Kristiyano upang punan nang pabalik ang isang kakulangan sa kasulatan? Marahil. Subalit ang malamang, kagaya ng lunsod na Amerikanong Bethlehem, Pennsylvania, ang mga nagtatag ng lunsod na Palestinong Nazareth ay ginamit ang pangalang biblikal sa simpleng kadahilanang nagustuhan nila ito.

Isang bagay na masasabi naming tiyak ay hindi ipinanganak si Jesucristo sa Bethlehem, Pennsylvania. Kahawig nito, walang mabuting dahilang isipin na siya ay may anumang kaugnayan sa lunsod na Palestinong ngayon ay umaangkin ng titulong Nazareth.

Gaano mang naganap ang ganitong pag-alog sa mga pangalang biblikal, ang punto ay nagbubuo ito ng isa pang patunay ng katumpakan ng Qur'an. Ang Bibliya ay bumabanggit ng isang pook na lumilitaw na hindi umiral nang kapanahunan ni Jesus, samantalang ang Qur'an ay

---

[74] Baigent, Michael and Richard Leigh. 1991. *The Dead Sea Scrolls Deception.* New York: Summit Books/Simon & Schuster Inc. p. 174.

[75] *Ibid.*

hindi. Ang pag-iwas sa pag-ulit ng ganitong di-gaanong alam na kamaliang biblikal ay nagsasabi sa atin ng isang mahalagang bagay tungkol sa Qur'an at sa awtor nito. Ang "Nazareth" ay sadyang isa lamang uri ng popular na salaping biblikal na sukat makaakit sa mga Kristiyano ng kapanahunan ni Muhammad, datapwat hindi ito nabanggit sa Banal na Qur'an.

Kakatwa.

Iyan ay kung ipapalagay nating ang Qur'an ay inakda (sinulat) ng isang tao.

Ngunit balik tayo sa Iram. Para ipahiwatig ang pagsipot ng isang lunsod na walang rekord nang kapanahunan ni Muhammad (huwag nang banggiting sa sumunod na 14 na dantaon) ay lubhang mapangahas para sa isang tao. Higit pang mapangahas ang pagbanggit ng hindi lamang iisa kundi *tatlong* gayong mga lunsod, *nang sunud-sunod*. Iyan ay . . . iyan ay . . . aba, iyan ay lagpas na sa di-maaari. Si Muhammad ay magiging kapwa hangal at mapalad sa kasaysayan. At ano, maaaring itanong natin, ang motibasyon? Sapagkat walang maaaring maipanalo at may napakalaking matatalo sa gayong pagbanggit.

Sa kabilang dako, nagpapanukala ang mga Muslim na ang ating Diyos na maalam sa lahat ay malalamang 1,400 taon ang ebidensya sa bandang huli ng Iram, Ad, at ang bayan ng Thamud ay mapagkikilala, na magbibigay ng mga tanda para sa kasalukuyang panahong ito.

Hmm.

Pinanghahawakan ng mga Muslim na ang isa sa mga himala ng Qur'an ay sadyang ito — iyon ay walang panahon. Bagamat ang rebelasyon ay natapos humigit-kumulang sa 1,400 taong nakalipas. Ang mga himala ay patuloy na sumusulpot sa kasalukuyan.

## 6: Ebidensya #4 — Kaugnayan ng Rebelasyon sa mga Nagaganap Ngayon

*Ang Katotohanan ay magiging lalong popular*
*Kundi lamang ito laging nagsasaad ng mga pangit na katotohanan.*
—Henry H. Haskins

Ang katotohanang mga tiyak na talata sa Banal na Qur'an ang naipahayag na kasabay ng mga kaganapang inilalarawan ay hindi gaanong kataka-taka. Ang nakapagtataka, gayunman, ay hindi kung ano ang taglay ng rebelasyon, kundi ano ang kapansin-pansing nawawala.

Halimbawa, nagtagal ang buhay ni Muhammad kaysa sa una niyang pag-ibig at unang asawa, ang babaeng nakapiling niya sa 25 taon ng kanyang kabataan, si Khadijah. Siya ay yumao pagkatapos ng dalawang mahaba, masakit na taong itinakwil, pinagmalupitan, at ginutom ng mga paganong taga-Makkah sina Muhammad at ang kanyang mga tagasunod. Dalawampu't limang taon ng pag-ibig, suporta, pangangalaga at kabaitan — wala na. Ang kanyang unang maybahay, na sa labis niyang pagmamahal ay namalagi siyang tapat sa kanya sa buong panahon ng kanilang kasal at sa buo niyang kabataan — wala na. Ang kauna-unahang taong naniwala sa kanyang pagkapropeta, ang asawang nagsilang ng lahat maliban sa isa ng kanyang mga supling — wala na. Gayon siyang katapat (Khadija) na inubos niya ang kanyang kayamanan at isinakripisyo ang kanyang mga relasyon sa tribo sa pagtataguyod sa kanya. Pagkatapos, wala na siya.

Inaawit ng mga musiko ang kanilang mga nawalang pag-ibig; pinananatiling walang-kamatayan ng mga alagad ng sining ang kanilang mga pagkahaling sa pag-ibig sa pamamagitan ng marmol at pagpinta, pinupuno ng mga potograpo ang mga album ng makikintab na alaala at

ibinubuhos ng mga makata ang kanilang mga puso sa papel sa tulong ng tinta ng likido ng hinagpis. Gayunman, sa kabila ng maaasahan ng isang tao, wala saanman sa Qur'an binabanggit ang pangalang Khadijah. Ni minsan. Ang mga asawa ng Faraon, nina Noe, at Lot ay ipinapahiwatig, ngunit si Khadijah ay di-binabanggit nang kahit minsan. Bakit? Dahil hindi siya minahal? Nang pagkaraang magkaroon ng maraming asawa si Muhammad, ang kanyang paboritong maybahay noon, si A'ishah, ay nagsaad na kailanman ay hindi siya nanibugho (nagselos) sa kaninumang babae gaya kay Khadijah, sapagkat ginugunita siya ni Muhammad nang madalas, nang buong pag-ibig at paggalang. Minsan ay isinalaysay ni A'ishah na sinabi ni Muhammad,

> Naniwala siya sa akin nang walang ibang nagkagayon. Niyakap niya ang Islam nang ang mga tao ay di-naniwala sa akin. At tinulungan at inaliw niya ako sa kanyang pagkatao at kayamanan nang wala nang ibang tumulong sa akin. Nagkaanak ako mula sa kanya lamang.[76]

At gayunpaman, ang babaeng pumuno sa buhay at isip ni Muhammad ay di-nabanggit kailanman sa Qur'an. Sa bagay na iyan, maging ang kanyang ama (na yumao bago siya isinilang), ang kanyang ina (na pumanaw nang siya ay bata pa), ni ang kanyang asawang si Khadijah, o sinuman sa kanyang mga anak na lalaki o babae ay di-binabanggit. Ni hindi man lamang sila naipahiwatig.

Maraming orientalista ang nagpapalagay na ang Qur'an ay hindi tunay na rebelasyon, kundi nanggaling sa isip ni Muhammad. Nagdaragdag sa pagiging kakatwa ng palagay na ito ay ang kagulat-gulat na katotohanang ang *nag-iisang* babaeng binabanggit ang pangalan sa Qur'an ay si Maria, isang Israelita at ina ni Jesus. At siya ay binabanggit sa mga nagniningning na mga salita. Sa katunayan, isang buong *surah* ang nagtataglay ng kanyang pangalan. Itinatanong ng Muslim kung ang gawain bang ito ay magiging produkto ng isip ng isang tao. Para ideklarang si Muhammad ay isang huwad na propeta, nang tinanggal niya ang mga babaeng pumuno sa kanyang buhay at alaala mula sa rebelasyong kanyang inangkin, para sa kapakanan ng isang

---

[76] *Musnad Ahmad.*

babaeng Israelita at ina ng isang propetang Israelita, ay isang pagmamanehong walang pakundangan laban sa daloy ng makatwirang pag-aakala.

Sa panahon ng buhay ni Muhammad, nakita niyang namatay ang bawat isa sa kanyang apat na anak na lalaki. Lahat ng kanyang mga anak na babae maliban sa isa ay nangauna sa kanyang pumanaw. Ang kanyang paboritong amain, si Hamzah, ay napatay sa isang labanan at winasak ang katawan sa isang kakila-kilabot na paraan. Si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod ay palagiang ininsulto, inalipusta, sinaktan, at may pagkakataong pinaslang. Sa isang okasyon, ang dumi ng bituka ng isang kinatay na kamelyo ay ipinatong sa likod ni Mohammad habang siya ay nakapatirapa sa pagdarasal. Ang labis na bigat ng duming ito ay iniulat na nagdiin sa kanya sa lupa hanggang sa alisin ito ng kanyang anak na babae. Ngayon, ang mga kamelyo ay umaamoy nang sapat na baho kung sila ay buhay. Subuking isipin ang amoy ng kanilang natutuyong dumi sa init ng araw sa tropiko. At subuking isipin ang matabunan ng patung-patong na masa ng kanilang maputik na pananalakay, na may mga daloy ng nabubulok na katas ng kamelyo na umaagos sa mga lantad na braso, pisngi at, oh oo nga, sa likod ng mga taynga. Ang isang nakagiginhawang masaheng may buhos sa ulo ay 2,000 pahina ang layo, na ang sabon ay hindi pa nakarehistro sa tanggapan ng patente (karapatan sa paglikha ng mga produkto). Ang gayong mga pangyayari ay maaaring makapagpahirap sa alaala ni Muhammad. Ngunit hindi inilalarawan ang mga ito saanman sa Qur'an.

Sa isang higit na positibong bagay, si Muhammad ay nababahala tungkol sa kalinisan ng bibig. Sinipilyo niya ang kanyang mga ngipin tuwing bago magdasal, na katumbas ng di-bababa sa limang beses sa isang araw. Bukod dito, tinuruan niya ang kanyang mga kasamahan upang sipilyuhin din ang dila, mahigit na 1,300 taon bago kinilala ang dila bilang pangunahing dahilan ng mabahong hininga. Ang kalinisan ay isang malaking hangarin ng Propeta, at isang kaugaliang kaugnay ng pagdarasal ng Muslim. Binanggit sa Qur'an? Hindi kahit minsan.

Itinuro ni Muhammad na ang bawat karamdaman ay may isang panlunas. Totoo man o hindi, nagsasalaysay ang mga mapaniniwalaang tradisyon na siya ay matatag na naniwala rito. Bakit, kung gayon, hindi natin nakikita ang Qur'an na puno ng mga pagpapagaling na pantahanan? Ang tanging pagbanggit ng anumang produktong may kahalagahan sa paggamot ay

isang pagtukoy sa pulot-pukyutan *(honey),* kung saan "may pagpapagaling para sa mga tao" (TMQ 16:69). Katiyakang ang mga kompanyang parmasyotika ng kalmante sa lalamunan at sa sipon-at-trangkaso ay hindi tututulan ang puntong ito.

Kaya't ang Qur'an ay kahanga-hanga sa dahilang ang nilalaman nito ay hindi naglalantad ng kaisipan ng sugo. Sa katunayan, sa ilang mga pagkakataon, ginagawa ng Qur'an ang eksaktong kabaligtaran, at itinutuwid ang mga kamalian sa pagpapasya ni Muhammad.

Halimbawa, maraming talata ang nagpakahulugan sa mga suliraning si Muhammad at ang kanyang mga kasamahan ay biglaang nasangkot, o naghatid ng mga leksyon tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari. Ang gayong mga pahayag ay isang hukbo (napakarami). Gayunman, sa halip ng pagsang-aayon sa pasya ni Muhammad, ang Qur'an ay hindi lamang nagpapaalaala sa ilang mga mananampalataya, kundi nagtutuwid din kay Muhammad paminsan-minsan. Ang *Surah* 80 ay nagpapaalaala kay Muhammad sa pagkunot-noo at pagtalikod sa isang bulag na Muslim na, sa paghingi ng patnubay, ay nakagambala sa isang pakikipag-usap na naipagkamali ni Muhammad na bigyan ng higit na pahalaga. Ang kamalian sa pagpapasya ay kauna-unawa, subalit isa ring pagkakamali sa anu't ano pa man. At ayon sa Banal na Qur'an, iyon ay pagkakamaling marapat ituwid.

Sa ibang pagkakataon, ang rebelasyon ay nagbabala kay Muhammad sa pagbabawal sa kanyang sariling gumamit ng pulot-pukyutan (pagkatapos malinlang na maniwalang ito ay nagbigay ng masamang amoy sa kanyang hininga — TMQ 66:1), sa pag-atas sa kanyang ampong lalaki na panatilihin ang kanyang pag-aasawa gayong diborsyo ang higit na marapat (TMQ 33:37), at sa pananalangin para sa kapatawaran ng mga Mapagkunwari (mga-Muslim-sa-pangalan-lamang na pinagkaitan ng awa ng Allah dahil sa kanilang sutil (matigas na ulong) paglabag — TMQ 9:80). Ang pagbababala sa kanyang maling pasya tungkol sa kanyang ampon, si Zaid, at ang malungkot na pag-aasawa nito kay Zainab, ay gayong katinding kahihiyan kung kaya ang maybahay ni Muhammad, si A'ishah, ay nagsabi pagkatapos sa pakahulugang, "Kung inilingid lamang ni Muhammad ang anumang bagay mula sa rebelasyon, ipinagkaila sana niya

ang talatang ito [alalaong-baga, TMQ 33:37]"[77]

Sa isang pagkakataon, si Muhammad ay itinuwid sa pagiging mapaghiganti, [78 (EN)] at sa isa pa sa pagiging mapagbigay.[79(EN )] Bagamat ang gayong mga pagkakamali sa pagpapasya ay madalang, ang mga ito ay nagbigay-diin sa kanyang pagiging isang tao.[80(EN)] Gayunding kahalaga, ang mga ito ay naghahayag ng kanyang katapatan, sapagkat ang mga kamalian ni Muhammad ay nangailangan ng pagtutuwid ng Isang Siyang kinakatawan ni Muhammad, baka ang mga ito ay mabigyang-kahulugang may pagsang-ayon ng Diyos. Gayunman, di-tulad ng isang huwad na propeta, na maaaring maglihim ng kanyang mga pagkukulang, si Muhammad ay naghatid ng rebelasyong nagpanatiling walang-kamatayan ng kanyang mga kamalian, gayundin ng mga pagbababala ng Allah sa mga ito.

Kaya't narito ang isang taong nag-angking ang bawat letra ng rebelasyon ay mula sa Diyos, kabilang ang mga bahaging nagtuwid sa kanyang mga sariling kamalian at nag-utos sa kanyang magsisi. Kakatwa. Kung, gayon nga, iisipin nating ang Qur'an ay sinulat ng isang huwad na propeta. Ang mga huwad na propeta ay alin sa sinungaling o nalinlang, at ang dalawang uri ay nagtatangkang lumikha ng tiwala sa kanilang mga tagasunod sa pamamagitan ng paglalarawan sa kanilang sarili bilang perpekto. Ang awtor ng Qur'an ay bigong umangkop sa ganitong anyo. Kaya, kung hindi isang tao, Sino, kung gayon, ang awtor ng Qur'an?

---

[77] Isinalaysay sa *Al-Bukhari.*

[78 (EN)] Nang ang pinakamamahal na amain ni Muhammad na si Hamzah ay napatay sa labanan at ginutay-utay nang kahindik-hindik, ipinangako niyang gagawin ang gayundin sa 70 sa mga kaaway. Sa *surah Nahl*, 16:126–128, si Muhammad ay itinuwid at inutusan ng di-hihigit kaysa pantay na pagpaparusa, at pagtitiis at pagpipigil. Pagkaraan ng ilang taon, sinakop ng mga Muslim ang Makkah at ang babaeng nag-utos ng pagpatay kay Hamzah ay humarap kay Muhammad. Hindi lamang niya ipinapatay si Hamzah, kundi biniyak nang palabas at nginuya ang atay ng kanyang bangkay. Gayunman ay pinatawad siya ni Muhammad.

[79 (EN)] Sa pagkakataong naipatubos na ni Muhammad ang isang pangkat ng mga bihag — mga lalaking mapupusok na kaaway ng Diyos, at mga nabihag samantalang nakikipaglaban sa mga Muslim na nagtanggol ng kanilang pananampalataya. (TMQ 8:67)

[80 (EN)] Isang paliwanag ang kailangan sa bagay na ito. Ang Ortodoksong (Sunni) Muslim ay maramdamin sa katotohanang sapagkat si Muhammad ay kilalang nagdusa ng bihirang maling pasyang pantao, ilang "Muslim" ang nagpakahulugan nang mali sa bagay na ito, at nagsikap pawalang-halaga ang alinman sa kanyang mga salita at gawang mayroon silang personal na di-pagkakagusto. Ang gayong mga tao ay kinukuha ang nais nila mula sa *sunnah* ng propeta, at mapamili nilang nilalabag ang lahat ng di-umaayon sa kanilang pagpapahalaga, nagdadahilang marahil ang pasya ni Muhammad tungkol sa partikular na bagay ay mali. Ang pinakabuod na sangkap ng pananampalatayang Islam ay naituwid nang siya ay nabubuhay, sapagkat hindi ipahihintulot ng Allah na ang mga salita o gawa ng Kanyang sugo ay maghatid ng isang kamalian. Kung kaya't samantalang ang madalang na kamalian sa pagpapasya ay angkop sa pagiging isang tao ng sugo, ang dagliang pagtutuwid ng gayong mga kamalian ay angkop sa pagiging ganap ng Maylikha, at sa pagiging ganap ng mensaheng pinili Niyang ihatid, kapwa sa rebelasyon at sa buhay na halimbawa ng propeta.

## 7: Ebidensya #5 — Kaugnayan ng Rebelasyon sa mga Magaganap

*Hindi ko alam kung ano ang mahahawakan ng hinaharap,*
*Subalit alam ko kung sino ang sa hinaharap ay may hawak.*

— R
alph Abernathy

Gaya ng sinabi nang may katalinuhan ni Albert Einstein, "Hindi ko kailanman iniisip ang hinaharap. Ito ay dumarating nang sapat na aga." Ang problema, kapag ang hinaharap ay *dumating*, kadalasang ito ay salungat sa inaasahan. Kaya, may kahirapan sa mga paghula. Ang Tanging makakaalam ng hinaharap nang may katiyakan ay ang Isang nagpapasya nito. Ang lahat ng iba ay naglalantad ng kanilang makataong  pagkakamali kapag sila ay nakikipaglaro sa mga hula, sapagkat ang mga darating na kaganapan ay karaniwang nagpapatunay na sila ay mali, kahit sa bahagi ng panahon man lamang.

Ang bisa ng mga hula sa bibliya ay hindi kataka-taka sa mga nag-aakalang ang karamihan ng nasa Bibliya ay mula sa Diyos. Kaya, gayundin sa Banal na Qur'an. Ang *siyang* problema, gayunman, ay ang ituring ang Qur'an na may awtor na tao sa harap ng kahanga-hangang pagiging tumpak ng mga hula nito.

Di-gaya ng ibang mga aklat, kabilang ang Bibliya, pinaninindigan ng mga Muslim na wala isa mang hulang ginawa sa Qur'an ang matutuligsa mula sa pananaw ng kasaysayan o siyensya. At sa katunayan, yaong may hangad na siraan ang banal na aklat ng Islam ay bigong naghahanap ng isang mahinang kawing sa mga hula sa Qur'an sa halos 1,400 taon. Hanggang ngayon, wala silang nasiraan, sapagkat walang gayong kamalian ang natagpuan. Sa dahilang ito, dapat nating pansining ang mga kumakalaban sa relihiyong Islam ay karaniwang itinutuon ang

mga pamimintas nila sa mga isyung madamdamin, gaya ng mga kaugaliang Islamiko, na itinuturing na hindi kanais-nais sa lipunang Kanluranin. Sa ibang salita, sinasabi nila ang hindi nila nagugustuhan sa Islam, sa halip na pawalang-halaga ang ebidensyang Islamiko. Ito, sa pinakamataas na pagsusuri, ay isang pagkilalang may sumpong.

Dapat nating isaisip ang ganitong pangyayari, sapagkat ang katotohanan ay walang aklat sa kasaysayan, bukod sa Qur'an, na nagtatagumpay nang ganap sa mga prediksyon nito. Pumili ng alinmang aklat ng isang pilosopo, manghuhula o huwad na propeta, at makakakita ka ng ilang mga hulang nagkatotoo, subalit mattutuklasan mong napakarami ang hindi. Hindi gayon sa Banal na Qur'an, na ang katumpakan ay nagtataboy ng anumang makatwirang pamimintas.

Halimbawa, sa unang bahagi ng kasaysayan ng Qur'an, samantalang ang mga Muslim ay isa pa lamang minoryang pinagmamalupitan sa Makkah, isang talata ang naipahayag sa *surah* "Buwan" na nangako ng tagumpay (sa labanan) sa mga Muslim laban sa paganong Quraysh (alalaong-baga, ang nakararaming tribo sa Makkah):

> Kayo bang mga Di-Nananampalataya (O Quraysh) sa kanila ay nakalalamang?
> O sa mga Banal na Aklat ba'y mayroon kayong kaligtasan?
> O sinasabi ba nilang : "Magtatanggol kami sa sama-samang paggalaw?"
> Hindi magtatagal na ang kanilang pangkat ay lalaban,
> At ihahantad ang kanilang mga likuran.

Ngayon, sa panahon ng pahayag na ito, ang mga Muslim ay kakaunti, mahina, at karaniwang natatalo at napapatay ng nakararaming mga pagano. Pagkalipas ng limang taon, samatalang lumilikas sa Medina, ang mga Muslim ay gayon pang kahihina, na ang pangunahing tribo ng Makkah, ang Quraysh, ay nangamkam ng kanilang lupa, ari-arian at kayamanan, binihag ang kanilang mga asawa, at pinahirapan at pinatay yaong kulang-palad na kakaunting kulang sa proteksyon ng tribo. Hindi lamang walang lakas ang mga Muslim sa pakikilaban, ngunit kulang din sila ng sapat na bilang upang umasa ng anuman maliban sa isang buhay ng kalupitan. Ang

pampatamis sa *kanafa*[81](EN)) ay ang hindi pa pagkakapahayag sa mga talata ng Qur'an na nag-uutos sa mga Muslim na labanan ang pang-aapi at pagmamalupit. Bukod dito, sa isang bayang ang bigkis ng pamilya ay may sapat na higpit upang mag-init, ang konsepto ng pakikilaban sa sariling tribo ay banyaga sa lahat maliban sa mga pinakaantipatikong pag-iisip.

Ang hulang ito ay waring labis na di-inaaakala kaya't ang pangalawang Califa ng Islam sa hinaharap, si Umar ibn al-Khattab, ay nagtanong, "Aling pangkat ang ating tatalunin?" [82] Maging siya ay hindi agad naunawaang ang rebelasyon ay tumutukoy sa mga Muslim na tatalunin ang mga pagano ng kanyang sariling tribo ng Quraysh. At sa bandang huli lamang, nang ang mga Muslim ay tahasang inutusang labanan ang pagmamalupit at pang-aapi, nagkaroon sila ng sapat na bilang na isagawa ito. Ang sumusunod na talata mula sa *surah* "Liwanag" ay sumunod na naipahayag sa Makkah, una sa paglikas ng mga Muslim sa Medina:

> Nangako ang Allah, sa mga naniniwala sa inyo at gumagawa ng kabutihan,
> na katiyakang ipagkakaloob Niya sa kanila sa kalupaan,
> ang pagmamana (ng kapangyarihan),
> kung paanong ipinagkaloob Niya ito sa nangauna sa kanila;
> na makapangyarihang itatatag Niya ang kanilang pananampalataya —
> yaong pinili Niya para sa kanila;
> at papalitan niya (ang kanilang kalagayan),
> pagkatapos ng pagkatakot nila (sa pamumuhay),
> tungo sa kapanatagan at kapayapaan:
> "Sasambahin nila Ako (lamang) at hindi mag-aagapay sa Akin ng anuman."
> Kung pagkatapos nito ay may tatangging sinuman
> sa Pananampalataya, sila'y mapaghimagsik at tigib-kasamaan. (TMQ 24:55).

Gaya ng prediksyon sa *surah* "Buwan", ang "nakararami" sa mga di-nanampalatayang Quraysh ay "nakipaglaban" at "inihantad ang kanilang mga likod (nagsiurong)" sa Labanan sa Badr. Ang hukbong Quraysh ay higit ang dami kaysa mga Muslim nang mahigit sa apat laban sa

---

[81] Isang tradisyonal na himagas (minatamis) na Arabe na binubuo ng suson-susong ginadgad na trigo, dinurog na mga nuwes *(nuts)* , at alinman sa krema o tinunaw na keso, na tinimplahan ng kardamom at pinigtaan ng asukal at arnibal (sirup) na pinaanghang sa sinamon at klabo (tuyong buko ng bulaklak).
[82] Sa'eid Hawwa. 1990. *Ar-Rasool, Salallahu Alayhi Wa Salam*. Second Edition. Cairo: Dar As-Salaam Publishing. pp. 282–3.

isa, subalit ang mga Quraysh ang siyang nagdanas ng pinakamalalaking kawalan. Sa halip na mapuksa ang mga Muslim, gaya ng maaasahan natin dahil sa napakalaking kalamangan sa bilang ng tao at armas, ang mga Quraysh na napatay ay lumamang sa mga napatay na Muslim nang lima laban sa isa. Bawat panig ay nag-ulat ng pagkakita sa mga anghel na nakipaglaban sa hanay ng mga Muslim, at ang mga Quraysh ay nagsitakas nang buong takot. [83, 84]

Pagkatapos, bilang katuparan ng *surah* "Liwanag", ang mga Muslim ay walang dudang nagtagumpay, nang mapayapa nilang binawi ang Makkah noong 8 *AH*.[85] Pagtupad sa prediksyon, ang kanilang pangamba at kawalang-kapanatagan ay nahalinhan ng kapanatagan at kapayapaan, bunga ng kanilang itinatag na kapangyarihan kapwa sa kapangyarihan at sa relihiyon.

Ang kapayapaan at kapanatagang natagpuan sa Makkah mismo ay katuparan ng rebelasyong sumusunod:

> Hindi ba't para sa kanila ay Aming itinatag
> ang (Makkah) isang santwaryong panatag
> na dinadalhan ng lahat ng uri ng prutas,
> isang kaloob na sa Amin buhat . . .

At ito rin:

> Hindi ba nila nakitang ginawa Namin ang santwaryong (Makkah) may kaligtasan, samantalang sinusunggabang palayo ang mga tao sa buo nilang kapaligiran?

---

83 Lings, Martin. 1995. *Muhammad, His Life Based on the Earliest Sources*. The Islamic Texts Society. p. 148.
84 Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. 1995. *Ar-Raheeq Al-Makhtum (The Sealed Nectar)*. Riyadh: Maktaba Dar-us-Salam. pp. 210–226.
85 ) *A.H.*—"Taon ng Hijra" — ang puntong sero ng kalendaryong Islamiko, na siyang paglikas ng Propheta mula sa Makkah hanggang Medina nang Hulyo 622 *CE*.
86 Salin nina Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan.

Gaya ng inihula, ang Makkah ay hindi lamang nanatiling isang "panatag na santwaryo" hanggang ngayon, kundi sa kabila ng tuyong lupa at marahas na klima ng desyerto, ang napakaraming pagkain at mga prutas ay nakatindig na patotoo ng pangakong "bungang-kahoy ng lahat ng uri, isang kaloob mula sa Amin . . ."

Ang pagbanggit ng mga prutas at pagkain sa rebelasyon ay maaaring sa simula'y maging kakatwa, sapagkat para sa anong dahilan gagawin ang gayong pagbanggit? Sa kabila ng haka-haka, ang katotohanang ang gayong pagbanggit *ay* ginawa, at sa kabila ng tigang na lupang bulkaniko, marahas na klima ng desyerto, at pagkahiwalay ayon sa heyograpiya, ang banal na lunsod ng Makkah mula noon ay nagtamasa ng pinakasapat at di-inaasahang dami ng pagkain.

Tungkol sa pananakop sa itaas, ang talatang ito ay naipahayag:

> Kapag dumarating ang Saklolo ng Allah, at Tagumpay,
> at namamalas mo ang mga taong pumapasok sa Relihiyon ng Allah nang sabay-sabay . . .
> (TMQ 110:1–3)

Kasunod ng pagsakop at pagbabalik-loob ng Makkah, ang mga kinatawan mula sa buong Tangway ng Arabia ay nanumpa ng katapatan ng buong mga tribo at pamayanan. Ang gayong kasaysayan ng *maramihang* kusang-loob na kombersyon ay lumalabag sa mga kalakaran sa relihiyon. At gayunman ay inihula ito.

Ano pa ang inihula?

Bago maganap ang pagsakop sa Makkah, kinaharap ng mga Muslim ang maraming kahirapan, sapagkat sila ay napagitan sa pagsalungat ng mga di-nanampalataya at kataksilan ng mga Mapagkunwari (Ipokrito) sa loob ng kanilang mga hanay. Samantalang nasa Medina, ang tribong Judio ng Bani Nadir ay sumira ng kanilang kasunduan sa mga Muslim, at inutusan silang lumayo sa lunsod sa loob ng sampung araw. Si Abdullah ibn Ubayy, ang pinuno ng mga

---

[87] *Ibid.*

Mapagkunwari sa Medina, ay nangako ng suporta sa Bani Nadir sa pamamagitan ng isang hukbong 2,000 katao, at nangakong susunod sa mga Judio kapag sila ay lumisan o maitaboy. Ang mga sumunod na araw ay isang panahong maligalig para sa mga Muslim, na nakatagpo ng ginhawa sa rebelasyon,

> Ang mga Mapagkunwari ay inyo bang napagmasdan
> na nagsasabi sa kanilang di-nanampalatayang mga kapatid na kabilang
> sa ( Krisityano at / o Judio) Bayang may Kasulatan)?
> "Kung kayo ay itataboy, kayo'y amin ding sasamahan,
> at hindi kami kailanman makikinig kaninuman tungkol sa inyong kapakanan;
> at kung kayo ay sasalakayin, kayo'y aming tutulungan ."
> Subalit ang Allah ay Saksi na sila ay mga sinungaling na tunay.
> Kung sila ay itataboy, hindi sila sasama sa kanila kailanman,
> at kung sila'y sasalakayin, sila ay hindi nila tutulungan. . . . (TMQ 59:11–12)

Ang anumang pangamba ay napawi nang itaboy ang Bani Nadir sa loob ng sampung araw na taning. Angkop sa hula sa Qur'an, ang mga Mapagkunwari ay hindi sumama ni tumulong sa kanila. Sa panahong ang mga Muslim ay mahihina pa at nadaraig, ang mga prediksyong tulad ng nasa itaas ay maituturing na sukdulang optimistiko (umaasa sa kabutihan), kundi man hayagang hangal, kung ang mga ito ay buhat sa isang tao.

Ang isang prediksyon na maaaring naging gayunding nakakabigla, sa harap ng mga pangyayari, ay ang sumusunod:

> Sabihin mo sa mga Arabe ng desyerto na napag-iiwanan:
> "Kayo ay aatasan (na lumaban) sa isang bayan
> Na sa pakikilabang marahas ay namihasa;
> At kayo ay makikibaka, o kaya ay susuko sila " (TMQ 48:16).

Kung ilalagay natin ang ating sarili sa isang kahawig na kalagayan, hindi natin maiiwasang magtaka sa ating mararamdaman bilang mga bagong pasok sa Islam, kung tayo ay tawagang makipaglaban sa "isang bayang namihasa sa marahas na pakikilaban." Katiyakang ang ganitong rebelasyong nakasisira ng loob ay maituturing na isang kakatwang paraan ng

pagpapalakas-loob sa pagsunod, kung ito ay manggagaling sa isang tao. Gayunman, ang hula *ay* ginawa, at sa mga sumunod na taon kasunod ng pagkamatay ni Muhammad, hindi lamang nilabanan, kundi tinalo pa, ng mga Muslim ang mga kahariang Romano at Persiano, mga dakilang kapangyarihan sa daigdig "na namihasa sa marahas na pakikipaglaban." Mapagbibintangan ba natin si Muhammad ng pagmanipula ng mga pangyayari upang matupad ang rebelasyong kanyang inihatid? Ng pagsalakay sa mga kahariang Persiano at Romano upang *maging* katuparan ang hula?

Ah, *hindi*. Siya ay pumanaw bago natupad ang propesiya. At sa anu't ano man, sino ang makakahulang ang *alinmang* grupo ay makakagapi alinman sa mga imperyong Romano o Persiano, o sa dalawa?

Ang isa sa mga pinakanakawiwiling prediksyon sa Banal na Qur'an ay ang pagsumpa ng *surah* 111 kay Abu Lahab (isa sa mga amain ni Muhammad) at ng kanyang asawa sa impyerno. Ngayon, lubhang malinaw na walang sinumang makasasaksi ng pangwakas na kahihinatnan ng mag-asawang ito. Gayunman, itinuturo ng Islam na lahat ng mga Muslim ay magkakamit ng kaligtasan sa dakong huli. Bakit? Sapagkat itinuturo ng Islam na maaaring parusahan ng Allah ang di-nagsisising mga mananampalataya sa kanilang mga kasalanan, ngunit sa bandang huli ay hahanguin ng Allah ang lahat ng mga Muslim sa mga parusa ng impyerno at ilagay sila sa paraiso bilang gantimpala sa kanilang pananampalataya. Ito ang pinaniniwalaan ng mga Muslim, at ito ang panulukang-bato ng kanilang mga paninindigan.

Paano itong nauugnay sa prediksyon kay Abu Lahab at sa kanyang asawa bilang mga isinumpa para sa impyerno? Simple. Si Abu Lahab ay isa sa mga pinakatanyag na kaaway ni Muhammad. Ang kanyang galit ang nagtulak sa kanya upang salungatin ang halos bawat sabihin ni Muhammad, at kinaugalian niyang sundan si Muhammad sa paligid ng bayan para lamang sa layuning ito. Kaya't bakit, nang ipahayag ang isang *surah* na nagpahiwatig na si Abu Lahab kailanman ay hindi magsisisi, hindi na lamang siya tumindig at magsabing, "Ako ay nagsisisi"? Yaman din lamang, na iyon ang kanyang kalikasan — anumang sabihin ni Muhammad, ay kanyang sinasalungat. Kahit pakunwari, ang tanging magagawa niya at ng kanyang asawa ay bigkasin ang *shahada* (pagpapatotoo sa pananampalataya), at *magkunwaring* maging Muslim.

Kung nagawa lamang sana ng isa sa kanila ito, makalilikha sila ng isang salungatang sapat na makasira o makagiba sa relihiyon. Alinman sa ang hula ng Qur'an tungkol sa pagsumpa sa kanila ay mapatutunayang mali, o ang turo na ang lahat ng mga Muslim sa bandang huli ay mabibiyayaan ng paraiso ay masasalungat ng kanilang kombersyon.Alinman sa dalawa, sa ikasisiya ng mga nagmamasid, ang rebelasyon at\y mawawalan ng bisa.

Kaya't bakit walang sinuman sa kanilang gumawa nito? Bakit hindi isa man sa kanila ay nagkuwaring magbabalik-loob?

Hindi dahil sa kakulangan ng panahong mapag-isipan iyon, iyan ang tiyak.

Ang *Surah* 111, na nagtaglay ng pinag-uusapang prediksyon, ay ipinahayag noong 3 – 4 BH ("bago mag-Hijra"), at si Abu Lahab ay namatay noong 2 AH.[88] Ang kanyang asawa ay namatay halos anim na taon pagkatapos.[89] Kaya't si Abu Lahab at ang kanyang asawa ay may lima at sampung taon, ayon sa pagkakasunud-sunod, upang magpahayag. Walang alinlangang may mga Muslim na nag-udyok sa kanilang gawin iyon, at mga kaibigang anti-Islam na nagsikap na magsulsol sa kanilang magkombersyon. Ngayon, tandaang sa batas ng pag-uugali ng mag-asawang ito ay kabilang ang pagsisinungaling, pagpapahirap at pagpaslang sa mga nanampalataya. Kaya't bakit hindi nila iginuhit ang linya ng pagkukunwari?

Ang mga Muslim ay naninindigang isang bagay lamang ang pumigil sa kanila — wala silang pahintulot. Ang Isang gumagawa ng mga batas sa buhay na ito, ang Isang nagpahiram sa sangkatauhan ng mga isip at katawan (at mag-uutos ng pagsauli ng mga ito), ang Isang makapagbubukas o makapagsasara ng mga isip, bibig, at puso ng Kanyang nilikha, ang Isang ito ang makagagawa ng pinakamatapang sa mga pahayag. Bakit? Sapagkat hindi lamang Niya alam ang hinaharap; *ipinapasya* Niya ang hinaharap. At kapag ipinasya Niya na may mga tanging salitang hindi mamumutawi sa mga labi ng mga tiyak na tao, bueno, sapat na iyon.

Naninindigan ang mga Muslim na walang taong makagagawa ng mga pangakong katulad nito. Ang pangakong iyan ay magagawa lamang ng Isang nakaaalam na hindi Niya

---

[88] Hammad, Ahmad Zaki. 1997. *Father of Flame, Commentary & Vocabulary Reference of Surat al-Masad.* Bridgeview, Illinois: Quranic Literacy Institute. p. 42.
[89] *Ibid.*

pahihintulutan ang Kanyang aklat na masalungat.

Ang propesiya ay dalawang ulit na kahanga-hanga, hindi lamang sa katapangan ng pag-aangkin, kundi dahil sa ang halimbawa ay naulit. Isinusumpa ng *Surah* 74:11–26 ang isa pa sa mga kaaway ni Muhammad — sa pagkakataong ito ay si Al-Walid ibn Al-Mughirah.[90] Si Al-Walid ay nagtatag ng isang kapulungan ng mga kaaway sa pagsisikap na mapagkaisa ang kanilang pagpintas sa Banal sa Qur'an. Ang kuwento ng salungatan sa pagitan ng kanyang pansariling pagkilala at pampublikong pagpapahayag ay buong gandang naghahalimbawa kung paanong ang makatwirang pag-iisip ay nadaraig ng kapalaluan.

Ganito ang kuwento: Narinig ni Al-Walid si Muhammad na dumadalit (bumibigkas) ng Qur'an at tila naantig nito. Sinabi niyang ang pagbigkas ay hindi tula, mahika, o kahibangan, subalit maaaring salita ng Allah lamang. Nang ang balita tungkol dito ay nakarating kay Abu Jahl (isa pang tanyag na kaaway), binintangan niya si Al-Walid ng pagsisikap na makipagmabutihan sa propeta: isang bali-balitang kumakalat sa mga Quraysh. Si Al-Walid ay bumigay nang may pagmamalaki at tumugon, "Alam ng Quraysh na ako ang pinakamayaman sa kanila at di-nangangailangan ng anuman kay Muhammad." Ani Abu Jahl, "Kung gayon, kailangang ipaalam mo ang iyong katayuan. Sabihin mo sa kanila ang iniisip mo tungkol kay Muhammad." Sumagot si Al-Walid, "Ano ang dapat kong sabihin tungkol sa kanya? Saksi ko ang Allah na walang sinuman sa inyo ang higit na nakaaalam ng poesiyang Arabik at ang mga antas nito kaysa akin, maging ang poesiya ng mga *Jinn* [mga espiritu]. Ang sinasabi niya [Muhammad] ay hindi nahahawig sa alinman diyan. Saksi ko ang Allah, ito ay isang magandang pananalita at winawasak nito ang nasa ibaba nito at hinihigitan ang nasa ibabaw nito. " Ani Abu Jahl, "Hindi ito ikatutuwa ng mga tao. Umisip ka ng isang bagay na sasabihin." Sinabi ni Al-Walid, "Hayaan mo akong mag-isip." Nang siya ay magbalik upang makipagpulong sa mga pinuno ng Quraysh tungkol sa dapat nilang sabihin tungkol kay Muhammad, sinabi ng iba na si Muhammad ay isang salamangkero. At ang iba ay nagsabing siya ay baliw. Sinabi ni Al-Walid,

---

[90] Al-Hilali, Muhammad, Ph.D. and Dr. Muhammad Muhsin Khan, M.D. Interpretation of the Meanings of The Noble Qur'an in the English Language; A Summarized Version of At-Tabari, Al-Qurtubi and Ibn Kathir with comments from Sahih Al-Bukhari. Surah 74, Ayah 11.

“Alng lahat ng mga bagay na itong sinasabi ninyo ay alam kong hindi totoo, ngunit ang pinakamalapit sa mga sinasabing ito ay isa siyang salamangkero, sapagkat ang salamangka ay naghihiwalay sa anak mula sa kanyang ama, isang  tao sa kanyang kapatid, isang asawa sa kanyang maybahay, o isang tao sa kanyang tribo.”[91]

Nagkataong ganito rin ang epekto ng rebelasyon, sapagkat si Jesucristo ay nakatalang nagturong,  “Inaakala ba ninyong naparito ako upang magbigay ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi ko sa inyo, hindi nga gayon, manapa’y pagkakahiwalay. Sapagkat mula ngayon, lima sa isang bahay ay magkakahiwalay: tatlo laban sa dalawa, at dalawa laban sa tatlo. Ang ama ay mahihiwalay laban sa kanyang anak na lalaki at ang anak na lalaki laban sa ama, ang ina laban sa anak na babae at ang anak na babae laban sa ina, ang biyenang babae laban sa kanyang manugang na babae at ang manugang na babae laban sa kanyang biyenang babae” (Luke 12:51–53).

Subalit lilihis ako. Ang punto ay sumuko  si Al-Walid sa  kayabangan, at sa maikling panahon ay naipahayag ang sumusunod na mga talata:

> Iwanan mo Akong mag-isa (Allah), (na makitungo) sa Aking nilalang
> Nang (walang kasangkapan at) nag-iisa lamang!
> Na biniyayaan ko ng mga masaganang kayamanan
> At sa kanyang tabi ng mga anak na kalalakihan!
> Na ginawa kong  (ang buhay ay maging) maayos at maginhawa!
> Datapwat siya ay sakim — upang (higit na) dagdagan Ko pa
> Subalit hindi kahit anuman! Sapagkat sa Aming mga Tanda ay naging matigas siya!
> At dadalawin Ko siya nang may mga kapahamakan mga sandali pa!
> Sapagkat nag-isip siya at nagbalak;
> At sa aba niya! Paano siyang nagbalak!
> Oo, sa aba niya: paano siyang nagbalak!
> At sa paligid siya ay tuminging palibot;
> Pagkatapos ay nangunut-noo siya at sumimangot;
> At siya ay naging palalong tumalikod;
> At anya: “Ito’y walang iba kung hindi salamangka,

---

[91] Tafseer ibn Kathir.

Hinango sa panahong luma;
Ito'y walang iba kung hindi salita
Ng isa lamang taong nilikha!"
Malao't madali at siya'y Aking itatapon
Doon sa Impyernong-Apoy!

Ang talatang ito ay ipinahayag sampung taon bago ang paksa ng mga talatang ito, si Al-Walid ibn Al-Mughirah, ay namatay.[92] Kaya't minsan pa, ang katapangan ng prediksyon sa Qur'an ay humihingi ng paliwanag. Paanong nalaman ng awtor ng mga talatang ito na si Al-Walid ay hindi kailanman babalik sa una niyang impresyon at magbalik-loob— o kaya ay dadayain ito upang ihagis sa alanganin ang rebelasyon? At mangyayari bang ang isang huwad na propeta ay isasapanganib ang kanyang pag-angkin ng pagkapropeta sa isang mapanganib at walang saysay na prediksyon?

Sa isa pa sa ganitong mga di-inaasahang prediksyon, kailangang bumalik tayo sa mga Romano at mga Persiano, at itanong kung ang isang huwad na propeta ay itataya ang kanyang reputasyon sa mga mahabang hagis na tulad ng mga ito:

Ang *Surah Ar-Rum* (ang mga Romano), *surah* 30, *ayah* 2–4, ay ipinahayag sa panahon ng isang tagumpay na Persiano laban sa Roma, *bago* nakarating sa Makkah ang balita ng labanan. Ang mga talatang ito ay kumilala sa tagumpay ng Persia at humula ng isang pagbaligtad ng mga kapalaran sa loob ng tatlo hanggang siyam na taon. At iniuulat ng kasaysayan, ipinagdiwang ng Persia ang tagumpay laban sa Roma sa Antioquia noong 613 *CE*, at ang mga Bizantino ay natalo pagkatapos sa Damasco, itinaboy mula sa Armenia, at sinakop sa kanilang mahal na lunsod ng Jerusalem.[93] Sinakop ng mga Persiano ang Calcedon noong 617 *CE* at nilupig ang Ehipto noong 619.[94, 95] Ang mga Persiano ay nasa paggulong at ang katayuan ay nagmukhang madilim para sa Imperyong Romano, patuloy hanggang inilunsad ni Heracleo ang

---

92 Ibn Hisham, As-Seerah An-Nabawiyyah, and Azzirikly, Al-Aa'lam.
93 Ostrogorsky, George. 1969. *History of the Byzantine State.* (Isinalin mula sa Aleman ni Joan Hussey). New Brunswick: Rutgers University Press. p. 95.
94 Sykes, Sir Percy Molesworth. 1951. *A History of Persia*. 3rd edition. Vol 1. London: Macmillan & Co., Ltd. p. 483.
95 Ostrogorsky, George. p. 95.

kanyang makasaysayang kampanya noong 622–627 *CE*. Matagumpay na binayo ng mga Romano ang mga puwersang Persiano sa lupang Armeniano noong 622 *CE*, tatlong taon matapos iwala ang Ehipto, siyam na taon pagkatapos ng pagkatalo sa Antioqia at maipon ang ibang nasa itaas na mga pagkatalo sa loob ng tatlo hanggang siyam na taon.[96,97] Ang *Surah* 30:2–4 ay nagsasaad:

> Natalo ang mga taga-Roma
> Sa pinakamalapit na lupa (Syria, Iraq, Jordan, at Palestina),
> At matapos matalo ay mananagumpay sila.
> Sa loob ng tatlo hanggang siyam na taon. Ang pagpapasya
> Sa bagay na ito, bago at matapos (ang mga bagay na ito) ay tanging nasa Allah.
> At sa Araw na iyan, magsisipagdiwang ang mga (Muslim na) Mananampalataya.

Kahanga-hanga ang kasaysayan, sapagkat sa panahong ito, ang Imperyong Romano ay nasa paghina (inilalagay ng mga mananaysay ang Pagbagsak ng Imperyong Romnano sa 395–476 *CE*). Dinambong ng mga Visigoth (Kanluraning Goth) ang Roma noong 410 *CE*, nilooban ito ng mga Vandal at Alani noong 455 *CE*, sinakop ni Attila ang Hun ang pook pagkaraan ng maikling panahon, at ang kahuli-hulihang emperador ng di-nahating Imperyong Romano ay inalisan ng kapangyarihan sa huling bahagi ng ikalimang dantaon. Kaya't ang isang hula na ang isang nawawatak-watak na Imperyong Romano ay magwawagi laban sa mukhang superyor na hukbong Persiano sa unang bahagi ng ikapitong dantaon ay magiging padalus-dalos, kung ginawa ng isang tao. Kaya't ito ay hinatulan ng mga taong tumanggi sa rebelasyon. Mga taong tulad ni Ubay ibn Khalaf.

Ang kuwento ay isinasalaysay sa maraming ulat sa kasaysayang Arabiano. Nakita ng mga Arabe ang paglalaban sa pagitan ng Persia at Roma bilang isang paligsahan sa pagitan ng paganismo at ng relihiyong ipinahayag. Itinuring ng mga paganong Arabe ang mga Persianong sumasamaba sa apoy bilang mga kapatid sa paganismo, habang itinuring ng mga Muslim ang

---

[96] *Ibid.,* pp. 100–101.
[97] Sykes, Sir Percy Molesworth. Vol 1. pp. 483–484.
[98] Salin nina Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan.

mga Romano, na mga Kristiyano sa panahong iyon, bilang mga tagasunod ng mga propeta at ng kawing ng rebelasyon, mga tagasamba ng iisang Diyos. Maraming Arabe ang naniwalang ang tagumpay sa larangan ay nangahulugan ng kalamangan ng diyos ng nagwagi. Kaya't nang ang mga Persiano ay nagwagi laban sa Roma, ang mga Arabeng pagano ay nagsipagdiwang. Pagsunod dito, ang *ayat* (mga talata) sa itaas ay naipahayag, na nagpalakas sa puso ng mga nanampalataya. Nang malaman ng unang Califa sa hinaharap, si Abu Bakr As-Siddiq, ang rebelasyon, ipinusta niya sa isa sa mga paganong Arabe, si Ubay ibn Khalf, ang sandaang kamelyo na ang tagumpay ng Persia ay mababaligtad sa tatlo hanggang siyam na taon, ayon sa hula. Pagkaraan ng siyam na taon, kumita si Abu Bakr ng isang kawan ng mga kamelyo at ang ensiklopedya ng ebidensyang Islamiko ay kumita ng isa pang karagdagang tala. [99]

Ang pang-ibabaw sa *cake* ng ganitong hula ay ang huling linya, "At sa Araw na iyon, ang mga mananampalataya (mga Muslim) ay magsisipagdiwang." Sa panahon ni Muhammad, ang balita ay inaabot ng mga linggo hanggang buwan upang makarating sa lupang Arabiano. Paano, kung gayon, mahuhulaan ng Qur'an na magsisipagdiwang ang mga Muslim sa mismong araw na matalo ang mga Persiano? Gayunman ay gayon ang ganap na pangyayari, sapagkat ang mga Persiano ay nagapi sa eksaktong araw mismo nang ang mga Muslim ay nagdiriwang ng kanilang sariling tagumpay laban sa mga di-nanampalataya sa labanan sa Badr. Isang di-inaasahang pagkakataon — o plano ng Diyos?

Ngunit tama na muna ang tungkol sa Roma.

Bumaling tayo sa *surah* 15, *ayah* 9, na nangangakong:

> "Walang alinlangan, ang Mensahe ay Aming (Allah) ibinaba;
> At titiyakin Naming pangangalagaan ito (laban sa pagsira)" (TMQ 15:9).

Ang pangakong ito ay di-pangkaraniwan batay sa maraming antas, na ang una ay, hanggang ngayon, ito ay natupad — ang kasalukuyang Qur'an ay hindi nababago simula sa orihinal na pagkapahayag. Ang hangganan ng himalang ito ay mapapansin kung ihahambing

---

[99] Tafseer Ibn Kathir, Musnad Ahmad, Sunan Tirmithee and An-Nasa'ee.

natin ang Qur'an sa mga kasulatan ng ibang mga relihiyon sa mundo, sapagkat, gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'grasya*, walang ibang aklat ng rebelasyon ang nananatili sa kadalisayan ng orihinal, kabilang ang mga Luma at Bagong Tipan. At samantalang ang rebelasyong inihatid sa pamamagitan ni Moises ay tila napreserba nang baha-bahagi, ang ebanghelyo ni Jesus ay nawawala na sa kawalang-hanggan.

Ang isa pang punto ay magiging kapwa kahangalan at di-kailangan ang hula sa itaas (na pangangalagaan ng Allah ang Qur'an laban sa pagsira) kung si Muhammad ay naging isang impostor. Wala siyang mapapakinabang sa gayong masaklaw na propesiya, at mawawalan ng lahat-lahat kung ang isa man lamang na titik ng rebelasyon ay maligaw o makalimutan. At mayroong mahigit na 300,000 titik na nakataya.

Isa pang kapansin-pansing kakatwang propesiya ay matatagpuan sa *surah* 5, *ayah* 82:

> Pinakamalakas sa mga tao bilang kaaway ng mga Mananampalataya,
> Ang mga Judio at mga Pagano ay iyong makikita;
> Ang pinakamalapit sa mga iyon sa pagmamahal sa mga Mananampalataya
> Ay makikita mo ang mga nagsasabing, "Kami ay mga *Nasara*
> (Mga Nazareno, o mga Kristiyano]": sapagkat kabilang sa kanila
> Ay mga lalaking matapat sa pag-aaral at mga lalaking itinakwil na
> Ang makamundong buhay, at hindi mga palalo sila.

Kung tatanggapin sa kabuuan, ang pagiging kakaiba ng hulang ito ay hindi lamang ang katotohanang ang 1,400 taon ng kasaysayan ay nagpatunay na ito ay totoo, kundi bagkus si Muhammad ay nagsagawa ng maraming kasunduan sa pakikipagtulungan sa iba't ibang tribong Judio. Bunga nito, ang *ayah* (talatang) ito ay isa lamang sa maraming nasa panganib na mapabulaanan sa panahon ng buhay ni Muhammad. Ngunit hindi gayon ang pangyayari. Sa kabila ng makatwirang pag-asam sa mga Judio upang kumampi sa paparaming makapangyarihang mga Muslim, ang iba't ibang tribong Judio ay nagsilabag halos sa bawat kasunduang kanilang ginawa — isang kalakarang napanatili hanggang sa kasalukuyan ng mahabang rekord ng Zionistang Israel sa mga paglabag ng kasunduan sa UN (Mga Nagkakaisang Bansa) at sa kapayapaan sa Palestina.

Isang ipagtataka kung gayon, na itiniwalag ni Muhammad ang kanyang mga personal na tanod. Namumuhay sa piling ng pagkamuhi at kataksilan, nalampasan ng Propeta ang patung-patong na mga pagtatangka sa kanyang buhay. Sa magkakahiwalay na okasyon ay binugbog siya nang matindi, sinakal sa sarili niyang balabal, at binato hanggang matigib ng dugo ang kanyang mga sapatos. Isang tribo ang nagtangkang daganan siya ng isang malaking bato; nilason ng isa pa ang kanyang pagkain. Iba't ibang kaaway ang gumamit ng mga espada upang siya ay patayin, at hindi lamang basta sa labanan. Makalawang ulit na binunot ng mga Bedouin ang sariling espada ni Muhammad (minsan nang siya ay natutulog sa desyerto at minsan habang nakaupo sa tabi ng isang balon), sa pagtatangkang patayin siya sa isang walang kalaban-labang kalagayan. Ang dalawang Bedouin ay kapwa nagbaba ng espada, sapagkat natagpuan nila ang kanilang mga sariling walang lakas na hawakan iyon. Sa isang gabi ng kanyang paglikas sa Medina, bawat tribo sa Makkah ay nagpadala ng isang kinatawan para patayin si Muhammad ayon sa isang kasunduang paghati-hatian ang gawain, upang matakasan ang sisihan. Patuloy ang listahan. Kung kaya't, sa hindi kawalang-katwiran, naglagay si Muhammad ng mga tanod habang siya ay natutulog. Datapwat nang ipahayag ang sumusunod na talata, itiniwalag niya ang mga ito:

> O Sugo: Ipahayag mo ang (Mensaheng) ibinaba sa iyo mula sa iyong Panginoon.
> Kundi mo gagawin, hindi mo matutupad at maipapahayag ang Kanyang Misyon.
> At laban sa mga taong may masamang hangad, ikaw ay ipagtatanggol
> Ng Allah sapagkat di-ginagabayan ng Allah yaong sa pananampalataya ay tumututol.

(TMQ 5:67).

Narinig ni Muhammad ang pangako ng makadiyos na proteksyon ng Allah, at daglian niyang ipinahayag sa kanyang mga tagabantay, "Oh bayan, iwan ninyo ako sapagkat ako ay ipinagtatanggol ng Allah ang Kataas-taasan." [100]

At gayon ang nangyari.

Kasunod ng pagtanggal sa kanyang mga tanod, nagpatuloy ang mga pagtatangka sa buhay ng Propeta, ngunit kahit papaano ay laging nabigo. Sa wakas, lumisan ang kaluluwa ni

---

[100] Isinalaysay sa *At-Tirmithi* at *Al-Haakim.*

Muhammad sa loob ng mga dinding ng kanyang sariling tahanan, na ang kanyang ulo ay nakakandong sa mga bisig ng kanyang maybahay, si A'ishah, matapos maghirap sa isang maikli ngunit nakamatay na karamdaman. Ang punto ng kuwento? Sa isang panahon at pook at sa ilalim ng katayuang ang isang tao ay maaaring makatwirang madamang ang buong mundo ay nais siyang tapusin, tinanggal ni Muhammad ang kanyang mga tanod sa bisa ng pangako ng rebelasyon, at natupad ang pangakong iyon.

Ang pagiging kakatwa ng pangyayari ay may isang di-matatanggihang bilog ng katotohanan. Ang mga huwad na propeta ay tunay na naliligalig. Habang tumataas ang bilang ng mga pagtatangka sa kanilang mga buhay, dinaragdagan nila ang kanilang bantay at nagiging mapag-isa. Para paalisin ang kanilang mga tanod sa isang panahon ng digmaan — at may isang kasaysayan ng maramihang tangkang asasinasyon — ay sumasalungat sa makamundong katwiran. Kung ang Qur'an ay dumating sa isipan ng isang nagdudunung-dunungan, maaasahan natin ang ganap na kabaligtaran. Maaasahan natin ang "propeta" na ihatid ang huwad na rebelasyong nag-uudyok sa mga naniniwala sa kanya na ipagtanggol siya sa kanyang mga kaaway. Ngunit hindi gayon ang nangyari kay Muhammad, minsan pang humahamon sa sangkatauhan na isaalang-alang ang makadiyos na pinagmulan ng Qur'an. Bukod dito, sino ang may kapangyarihang tuparin ang gayong mga pangahas na pangako ng habambuhay na proteksyon? Walang isa mang alinlangan, hindi ito isang tao.

Ang huling entrada sa kabanatang ito ay nasasangkot sa isang pamilyar na kuwento sa Lumang Tipan. Ang Faraon ay isang malupit na pinunong nang-api ng isang bansa, pumatay nang ayon sa kapritso, at pumuksa ng mga anak ng mga Judio, sa takot sa pagdami ng kanilang lahi. Habang ang mga kawal ng Faraon ay namumuksa ng mga sanggol sa kanayunan, si Moses ay tangay ng agos sa isang basket na panregalo sa pampang ng ilog sa palasyo ng Faraon. Kaya't habang hinahakot ang malalaking bato mula sa mga pinigang alipin at itinambak ayon sa makaharing utos, si Moses ay lumaki upang gimbalin ang mundo ng kanyang takot sa Diyos at kabanalan.

Pagkatapos ng dalawang mainitang pag-uusap sa hukuman, kaunting makadiyos na tandang ipinagwalang-bahala, at maraming epidemya at peste, dinala ni Moses ang kanyang

bayan sa isang paglakad sa kalikasan ayon sa isang makadiyos na utos. Ang punto ay, paano mang isalaysay ang kuwento, alam ng bawat isa kung paano ito nagwakas: ang nakakaawang langoy-aso ng Faraon ay hindi nakatagal sa nagngangalit na agos ng dalawang pader ng tubig na ipinapalakpak ang walang-patawad na mga kamay sa kanyang bibig na may masamang utos.

Ang kuwentong ito ay gayong katanyag, sa katunayan, hindi maisasaisip na hindi ito alam ni Muhammad. Gayunman, ang karaniwang impresyon ay nalibing ang Faraon sa ilalim ng dalawang milyong tonelada ng tubig-dagat, kung saan natulog siya at ang kanyang mga tauhan sa piling ng mga isda — hanggang sa nagising ang mga isda at kinain sila, ibig sabihin. Hindi karaniwang tinatanggap na ang katawan ng Faraon ay napreserba. At gayunman, ito lamang ang itinatala ng Qur'an: ang pangako ng Allah na panatilihin ang katawan ng Faraon pagkatapos niyang mamatay:

> Sa araw na ito ay ililigtas Namin ang katawan mo
> Upang maging isang tanda sa mga susunod sa iyo!
> Subalit tunay, marami sa sangkatauhan
> Ay di-pansin ang Aming mga palatandaan! (TMQ 10:92)

Noon lamang 1898 *CE* natuklasan sa Thebes sa *King's Valley (Lambak ng Hari)* ang embalsamadong katawan *(mummy)* ni Merneptah, kahalili ni Rameses II — at ang pinakamalamang na kandidato sa titulong "Faraon ng Exodo," ayon sa kasaysayang biblikal at ebidensyang arkiyolohikal. [101]

Ang katawan ay nakatanghal, kasama ng iba pang mga maharlikang embalsamado, sa Museo ng Cairo. Kaya't 1,200 taon pagkatapos ng rebelasyon, ang pangako sa Qur'an sa pagpreserba ng katawan ng Faraon bilang tanda sa mga henerasyon sa hinaharap ay lumilitaw na natupad. Subalit paanong mahuhulaan ni Muhammad ang gayong tuklas, at bakit siya magbibigay ng gayong kanipis na pag-aakala para sa isang wari'y napakaliit na halagang detalye?

Maliban, ibig sabihin, kung ang mga salita ay hindi sa kanya.

---

[101] Bucaille, Maurice. p. 239.

## 8: Ebidensya #6 — Rebelasyon ng mga Di-Alam

### (Yaong Labas sa Karanasan ng Propeta)

*Walang sinumang lumalapit sa pagiging perpekto*
*maliban sa pamamagitan ng sekreto,*
*na hindi nila nalalaman ito.*
—William Hazlitt, *Sketches and Essays*, "On Taste"

Marahil ang isang mas mabuting pamagat ng kabanatang ito ay "Ebidensyang Siyentipiko." Datapwat ang gayong titulo ay maaaring magpakahulugan sa mambabasa ng lubhang kakatwa, sapagkat karamihan sa mga Kanluranin ay nagtuturing sa siyensya (agham) at relihiyon bilang hiwalay sa isa't isa. Ang halimbawa ni Giordano Bruno (hinatulan ng erehiya at sinunog sa tulos nang taong 1600 *CE*) at Galileo (na nakatakas sa parusa noong 1633 sa pamamagitan lamang ng pagbawi ng isang pahayag) ay lubhang tanyag. Ang dalawa ay kapwa inusig dahil sa pagsuporta sa "erehiya (labag sa simbahan)," subalit tumpak na teoriyang Copernico ng *heliocentrismo* (ang teoriya ng araw sa pagiging sentro ng sistemang solar), kasalungat ng opisyal at ipinahintulot, bagamat hindi tumpak, na teoriyang *Ptolemaico* (ang planetang Daigdig bilang sentro). Ang salungatang ito ay nagbigay-daan sa pananaw na Kanluranin na ang siyensya at ang relihiyon ay mga magkasambahay na di-magkasundo.

Sa katunayan, kung isasaalang-alang na maraming turo ng simbahan ang salungat sa mga kilala ngayong malinaw na katotohanan, ang isang mas kakatwang pares kaysa agham at relihiyon ay mahirap na guni-gunihin. Ang mga tinig niyaong mga kumalaban sa gayong mga turo ng simbahan, na pinatahimik ng mga pagsunog na lumamon sa kanilang mortal na mga katawan, ay maaasahang sumang-ayon.

Ang mga pagkatakot na pinalaganap ng isang walang-pakundangan, malupit, at higit sa lahat, *maling* simbahan ay nagtagumpay sa pagsumpa na sapat na unti-uting makapupuwersa sa paghihiwalay ng simbahan, siyensya at pamahalaan (bansa). Madugo ang proseso, na waring karaniwan sa alinmang pangyayaring ang doktrina at mga paniniwala ng simbahan ay bumangga

laban sa isang salungat na katotohanan, at ang resulta ay di-masukat na pagdurusa. Ito ay nag-iwan sa kasalukuyang henerasyon ng isang tradisyong kung saan ang relihiyon at siyensya ay nananatiling kimi upang makialam sa mga kapakanan ng bawat isa. Para sa marami, walang ibang sistema ang maaaring isipin.

Sa kabilang dako, ang paghihiwalay ng simbahan at siyensya ay walang puwang sa Islam. Ang rebelasyong Islamiko ay malawak, at nakakaapekto sa nakararaming bahagi ng buhay ng tao. Ang Islam ay hindi lamang nagbibigay-kahulugan sa mga doktrina ng pananampalataya at mga tadhana ng pagsamba, kundi gayundin sa kalooban ng Maylikha tungkol sa pulitika, personal na asal, balangkas ng pamilya at lipunan, mga tuntuning pangkabuhayan, batas na pampamayanan at kriminal, at marami pang ibang pangangailangan sa buhay ng tao.

Ang agham at kalikasan ay binubuhay ng isang rebelasyong nag-uudyok ng pagsisiyasat habang nagtatakwil sa pagiging sarado ng isip. Maramihang talata sa Banal na Qur'an ang nag-aatas sa mga tao upang mag-isip para sa kanilang mga sarili at sumpain yaong mga lumalabag sa pangangatwirang kaloob ng Diyos. Kabilang sa mga bagay na ipinagbabawal ng Allah ay "mga kasalanan at paglabag laban sa katotohanan at katwiran . . ." (TMQ 7:33)

Nasaksihan ng daigdig ng Muslim ang isang pagsabog ng kaalaman kasunod ng panahon ni Muhammad, sa isang di-maliit na bahagi sapagkat ang mga pangangailangan ng relihiyon ay nagbigay-sigla sa ilang mga hanay ng pagsisiyasat. Ang isang relihiyong nagtatagubilin ng pagdarasal sa loob ng mga itinakdang bilang sa maghapon at pag-aayuno sa isang tiyak na buwan ay mangyari pang likas na makapagpasigla sa pagsulong sa pagtatakda ng oras at pagtuos sa kalendaryo. Kahawig nito, ang isang relihiyong nag-aatas ng pagbabayad ng iba't ibang bahagdan (porsyento) ng kayamanan ayon sa uri (halimbawa, produkto sa pagtatanim laban sa ginto) bilang isang kaloob sa maralita ay maaasahang maghatid sa mga pagsulong sa mga paraan ng pagtantya at pagkalkula (alalaong-baga, mga timbang at sukat, at matematika).

Ang mga pinagmulan ng bilangang Arabiko (kasama ang rebolusyonaryong matematikang numeral na sero), ay nalahok sa matematikang Europeo nang ika-12 dantaon. Hinalinhan ng sistemang Arabik ang masuliranin at walang serong bilangang Romano at ang matrabahong paraan ng pagsulat ng mga numero nang nakatitik. Ito, gayundin ang pag-unlad ng

*algorithm* at *algebra*, ay matutunton lahat sa mga Muslim.

Ang relihiyong Islamiko ay nagbawal ng sining na naglalarawan, kaya't ang mga Muslim na alagad ng sining ay nag-ukol ng kanilang mga kahusayan sa mga sining na arabeskong (anyo't hugis na) batay sa heyometriya, na pagkakantero *(masonry)*, pagkalupkop *(inlay)*, paghabi *(weaving)*, at pagkakarpintero. Maging ito ay dahilan o resulta, ang mga larangan ng heyometriya at trigonometriya ay umani ng mga mahahalagang ambag mula sa mga Muslim. Binuo ang mga tabulasyon ng *sine* at *cosine*, ipinaliwanag ang mga tuusang kubiko, tiniyak ang mga ugat ng tuusang kuwadratiko, pinalawak ang trigonometriyang pangkabilugan, analitikal at pangkapatagan, at isinulong ang heyometriya.

Ang mga Muslim ay inatasang palaganapin ang salita ng rebelasyon, kung kaya't isang bagong uri ng mga manlalakbay at negosyante ang isinilang. Bukod dito, ang kautusang ibaling ang pagdarasal sa direksyon ng *Kaba* (ang tahanang itinayo ni Abraham) sa Makkah ay nagbigay ng pangangailangan sa pagkilala ng tumpak na direksyon; bunga nito, isang pangangailangan sa mga pagpapabuti sa pandaragat at pagmamapa ay lumitaw. Ang magnetikong kompas, tabulasyon ng mga guhit ng *latitude* at *longitude* (pahalang at pababang guhit sa mapa ng daigdig), pagbuo ng mga mapa ng mga bituin at ng a*strolabe* (isang instrumentong pandagat ng gitnang kapanahunan) ay sumipot. Ang mga obsebatoryo ay natayo sa paglaganap ng astronomiya bilang isang siyensya, at nalikha ang mga mapang pangmundo na nanatiling di-mapantayan sa loob ng mga dantaon.

Kalakip ang pagbibigay-diin sa pag-aaral at pagtuturo, ang papel ay naging isang panindang napakahalaga. Ang mga titik na *Kufic*, ang pundasyon ng makabagong alpabetong Arabik, ay naimbento sa mga pampang ng Euphrates. Bagamat ang papel ay unang naimbento ng mga Intsik, na ginamit ang bahay ng uod ng paruparo, ginamit at pinakinis ng mga Muslim ang paglikha sa pamamagitan ng paggamit ng bulak, kahoy, at basahan bilang karagdagan sa seda.

Mga kahawig na pagsulong ang ginawa sa mga larangan ng metalurhiya, ng pisikang mekanikal, optikal at teoretikal, ng kimikang organiko at inorganiko, ng medisina, heyograpiya, agrikultura, at iba pang mga sangay ng karunungan. Sa mga pag-unlad sa teknolohiya ay kabilang

ang mga instrumentong gaya ng timbangan, ehe (*axle*), pingga *(lever)* , kalo *(pulley),* molinong panghangin *(windmill),* gulong pantubig *(waterwheel)*, may-ngiping gulong, at mga prosesong gaya ng kalsinasyon (isang paraan ng paghango ng mga metal mula sa batong mineral), reduksyon, distilasyon, at kristalisasyon. Ang mga teoriya ng grabitasyon at ng elastisidad ng hangin ay isinulong. Itinayo ang mga ospital, at malalaking pagsulong ang ginawa sa larangan ng medisina, kabilang ang pag-unlad ng mga bagong gamot at paraan ng pagtistis. Ang pagtistis na *caesarean* (sa pagsisilang) ay orihinal na binuo ng isang Muslim.

Ayon kay Jared Diamond, "Noong *Edad Media* (Gitnang Panahon) ang agos ng teknolohiya ay karamihang mula sa Islam tungo sa Europa, sa halip ng mula sa Europa tungo sa Islam na kagaya sa kasalukuyan. Noon lamang bandang *A.D.* 1500 nangyaring ang balanse ng direksyon ay nagsimulang mabaligtad.."[102]

Ang lawak at kahalagahan ng gayong mga pagsulong ay pinakakilala sa mga iskolar sa kani-kanyang larangan, subalit ang isang maikli at madaling basahing sulatin na may pamagat na *Islam and Science (Islam at Siyensya)*[103] ay isang mabuting panimula para sa mga nagnanais magsaliksik nang mas malawak.

Bago mabigyan ng maling pang-unawa ng mambabasa, walang pagtatangkang ginagawa sa librong ito upang bigyang-bisa ang Banal na Qur'an batay sa gayong mga bunga ng rebelasyon. Sa halip, ang simpleng pagmamasid ay iniaalay na ang paghihiwalay ng simbahan at siyensya kailanman ay hindi naging sangkap ng relihiyong Islamiko. Sa katunayan, noong panahong una sa *Renaissance (Muling Pagsilang)*, ang mga Muslim ay nasa harapang teknolohikal ng kabihasnan. Gaya ng isinasaad ni Victor Robinson sa kanyang aklat, *The Story of Medicine (Ang Kuwento ng Medisina)*, ang Europa ay pinadilim sa takip-silim, ang Cordova [ang punong-lunsod ng Espanyang Moro] ay nagningning sa mga ilawang pampubliko; ang Europa ay marumi, ang Cordova ay gumawa ng sanlibong paliguang pangmadla; ang Europa ay nabalutan ng peste, ang Cordova ay nagpalit ng mga damit-panloob nito araw-araw; ang Europa ay nahiga

---

[102] Diamond, Jared. 1999. *Guns, Germs, and Steel*. W. W. Norton and Company, Inc. p. 253
[103] Akda nina Shabir Ahmed, Anas Abdul Muntaqim, at Abdul-Sattar Siddiq, at inilathala ng Islamic Cultural Workshop, P.O. Box 1932, Walnut, CA 91789; (909) 399–4708.

sa putikan, ang mga lansangan ng Cordova ay sementado; ang mga palasyo ng Europa ay may tsimneya (pausukan) sa kisame, ang mga arabesko (sining ng mga anyo't guhit) ng Cordova ay napakaganda; ang maharlika ng Europa ay di-makalagda, ang mga anak ng Cordova ay nagsitungo sa paaralan; ang mga monghe (pari) ng Europa ay di-makabasa ng serbisyo ng binyag, ang mga guro ng Cordova ay lumikha ng isang aklatang kasinlawak ng sa Alejandria.[104]

Bagamat si H.G. Wells ay pangunahing inaalaalang higit sa lahat bilang may-akda ng *The Time Machine* at ng ibang mga sulatin sa siyensyang katha-katha, ang kanyang mga obra tungkol sa kasaysayan ay pinakamabili taun-taon. Mula sa kanyang sulating pinakatampok, *The Outline of History (Ang Balangkas ng Kasaysayan),* ganito ang sinasabi ni Wells tungkol sa buhay-katalinuhan ng Islam:

> Mula sa isang bagong anggulong may sariwang lakas, ito [ang kaisipang Arabe] ay bumuo ng isang sistematikong pag-unlad ng kaalamang positibo, na sinimulan at binitiwan ng mga Griyego. Kung ang Griyego ang ama, ang Arabe ang ama-amahan ng paraang siyentipiko ng pakikitungo sa katotohanan, na ang ibig sabihin, sa pamamagitan ng ganap na katapatan, ang pinakamataas na kapayakan ng pahayag at paliwanag, eksaktong tala at malawak na kritisismo. Sa pamamagitan ng mga Arabik at hindi sa landas ng Latin natanggap ng makabagong mundo ang handog na iyon ng liwanag at kapangyarihan . . . . At isang dantaon o higit pang una sa Kanluran, tumubo ang isang serye ng mga dakilang unibersidad sa daigdig na Muslim sa maraming mga sentro, sa Basra, sa Kufa, sa Baghdad at Cairo, at sa Cordova, na mula sa simula ay mga paaralang relihiyosong umaasa sa mga moske. Ang liwanag ng mga pamantasang ito ay nagningning nang lagpas sa daigdig na Muslim at humakot ng mga estudyante mula sa silangan at kanluran. Sa Cordova, sa katunayan, ay may maraming estudyanteng Kristiyano, at ang impluwensya ng pilosopyang Arabe na dumating sa pamamagitan ng Espanya sa mga unibersidad ng Paris, Oxford, at sa Hilagang Itlaya at sa kaisipang Kanlurang Europa sa kabuuan, ay tunay na lubhang kapansin-pansin. [105]

Makabuluhang tingnang muli ang sanaysay noong 1954 ni James A. Michener, *"Islam:*

---

[104] Robinson, Victor, M.D. 1943. *The Story of Medicine*. New York: The New Home Library. p. 164.
[105] Wells, H. G. Volume 2, pp. 708–710.

*Misunderstood Religion* (Islam: Di-Maunawaang Relihiyon)," upang pagnilayan ang banggit na ito:

> Maraming mga Kanluranin, na namihasa sa kanilang mga aklat-kasaysayan na maniwalang ang mga Muslim ay mga barbarong walang pananampalataya, ay nahihirapang unawain kung gaano kalalim naimpluwensyahan ang ating buhay na intelektwal ng mga iskolar na Muslim sa larangan ng siyensya, medisina, matematika, heyograpiya at pilosopiya. Ang mga Krusadero, na nanlupig sa Banal na Lupain upang digmain ang mga Muslim ay nagbalik sa Europa na may mga bagong ideya ng pag-ibig, poesiya, pagkamaginoo, pakikidigma at pamahalaan. Ang ating konsepto ng kung ano maging dapat ang isang pamantasan ay malalim na napagbago ng mga iskolar na Muslim, na ginawang ganap ang pagsulat ng kasaysayan at naghatid sa Europa ng malaking kaalamang Griyego.[106]

At mula sa panulat ng iskolar na Aleman na si Hartwig Hirschfeld, bantog na eksperto sa mga kulturang Arabik at Judio:

> Hindi tayo dapat magtakang matuklasan na ang Qoran ay kinikilalang pinagmulan ng mga siyensya. Bawat paksang nauugnay sa kalangitan o kalupaan, buhay ng tao, komersyo at maraming kalakal ay paminsan-minsang natatalakay, at ito ang nagbigay-daan sa produksyon ng maraming kasulatan (isa-isang paksa) na bumuo ng mga komentaryo sa mga bahagi ng banal na aklat. Sa ganitong paraan, ang Qoran ay may pananagutan sa mga dakilang talakayan, at di-tuwirang galing doon ang kahanga-hangang paglago ng lahat ng mga sangay ng siyensya sa mundong Muslim. [107]

Ang talaan ng mga pag-endorso ay mahaba, subalit isang huling banggit nina Thatcher at Schill ang karapat-dapat na makabilang. Ito ay labis na pinahalagahan ni H. G. Wells kung kaya't binanggit niya ito sa kanyang pinakamabiling *A General History of Europe* (Isang Kasaysayang Pangkalahatan ng Europa):

Ang pinagmulan ng tinatawag na bilangang Arabik ay malabo. Sa ilalim ni Teodorico Magno, gumamit si Boethius ng ilang mga tandang sa ilang bahagi ay katulad na katulad ng

---

[106] Michener, James A. p. 74.
[107] Hirschfeld, Hartwig. p. 9.

siyam na numerong ginagamit natin ngayon. Ang isa sa mga mag-aaral ni Gerbert ay gumamit din ng mga tandang higit pa ring kahawig ng sa atin, ngunit ang sero ay hindi kilala hanggang sa ika-12 dantaon, nang ito ay maimbento ng isang matematikong Arabe, na ang pangalan ay Muhammad-ibn-Musa, na siya ring kauna-unahang gumamit ng palatalaang desimal (sampu-sampu), at siyang nagbigay sa mga numero *(digit)* ng halaga sa kinalalagyan. Sa heyometriya, hindi gaanong nagdagdag ang mga Arabe kay Euclid, subalit ang *algebra* ay halos buo nilang likha; ngunit nagbuo rin sila ng *spherical trigonometry*, inimbento ang *sine, tangent,* at *cotangent.* Sa pisika, inimbento nila ang pendulo ng orasan, at nagbuo ng mga gawaing optiko. Pinaunlad nila ang siyensya ng astronomiya. Nagtayo sila ng maraming obserbatoryo, at gumawa ng maraming instrumentong astronomikal na ginagamit pa hanggang ngayon. Kinalkula nila ang anggulo ng ekliptika at ang pagsasalitan ng mga *equinox* (pagkakasinghaba ng araw at gabi). Ang kanilang kaalaman sa astronomiya ay walang alinlangang napakalaki.

Sa medisina ay gumawa sila ng mga dakilang pagsulong sa gawa ng mga Griyego. Pinag-aralan nila ang pisiyolohiya at kalinisan, at ang kanilang *materia medica* (gamit sa medisina) ay halos katulad ng sa atin ngayon. Maraming ibang mga paraan ng paggamot ang kasalukuyan pang ginagamit natin. Ang kanilang mga siruhano (tagatistis) ay nakaunawa ng paggamit ng anastesia, at nagsagawa ng ilan sa mga pinakamabibigat na pagtistis na nakikilala. Sa panahong ipinagbawal ng simbahan ang paggagamot sa Europa, na umasang ang mga pagpapagaling ay dapat isagawa ng mga ritwal sa relihiyon ng kaparian (kleriko), ang mga Arabe ay mayroong tunay na siyensya ng medisina. Sa kimika, gumawa sila ng isang mabuting simula. Nakatuklas sila ng maraming bagong sangkap, gaya ng alkohol, lihiya *(potash),* nitrat (panlahok na alat) sa pilak, pantunaw ng metal, at asidong nitriko at sulpuriko. . . . Sa pabrikasyon, hinigitan nila ang mundo sa samut-saring ganda ng disenyo at perpektong paggawa sa tulong ng kamay. Nagtrabaho sila sa lahat ng mga metal —ginto, pilak, tumbaga *(copper),* tingga *(bronze),* bakal, at yero *(steel)*. Sa mga telang hinabi, sila ay hindi nahigitan kailanman. Gumawa sila ng kristal at luwad *(pottery)* ng pinakamataas na uri. Alam nila ang mga sekreto ng pagtitina *(dyeing* o pagkukulay*),* at gumawa sila ng papel. Marami silang proseso ng paglilinis ng katad, at ang kanilang gawa ay bantog sa buong Europa. Gumawa sila ng mga tintura, pabango, at sirup. Gumawa sila ng asukal

mula sa tubo, at nagpatubo ng maraming uri ng gagawing alak. [108 (EN)] Nagsakahan sila sa pamamaraang siyentipiko, at nagkaroon ng mga mabubuting sistema ng patubig. Alam nila ang halaga ng mga abono (pataba), at iniangkop ang kanilang mga pananim sa uri ng lupa. Nangibabaw sila sa paghahardin, na nakaaalam ng paghugpong *(grafting)* ng punongkahoy at ng pagpapatubo ng mga bagong uri ng prutas at bulaklak. Ipinakilala nila sa kanluran ang maraming punongkahoy at halaman mula sa silangan, at sumulat ng mga artikulong siyentipiko sa pagsasaka.

Isang bagay sa paksang ito ang dapat bigyang-diin dito dahil sa kahalagahan nito sa buhay-karunungan ng sangkatauhan, ang paggawa ng papel. Sa wari ay natutuhan ito ng mga Arabe sa mga Intsik sa pamamagitan ng Gitnang Asia. Natanggap ito ng mga Europeo mula sa mga Arabe. Hanggang sa panahong iyon, ang mga aklat ay isinulat sa mga katad o *papyrus* (pinagmulan ng papel), at pagkatapos ng pananakop ng mga Arabe sa Ehipto, ang Europa ay naputulan ng sustento ng *papyrus*. Hanggang sa maging laganap ang papel, ang sining ng paglilimbag ay may maliit na gamit, at ang mga peryodiko at pagtuturo sa madla sa pamamagitan ng mga libro ay imposible. Ito marahil ang isang higit na mahalagang dahilan sa maihahambing na pagiging atrasado ng Europa nang panahon ng kadiliman kaysa makakayang aminin ng mga mananaysay . . .[109]

Ang ebidensyang itinuturing ng mga Muslim na sumusuporta sa makadiyos na pinagmulan ng Banal na Qur'an ay kinasasangkutan ng maraming talatang nagkokomentaryo sa kalikasan ng sangkatauhan at ng sanlibutang ating tinitirhan. Marami sa mga talatang ito ay umiral bilang hiwagang di-mapatotohanan sa halos 1,400 taon, upang mapatunayan lamang sa liwanag ng makabagong kaalaman.

---

[108(EN)] Ang mga may-akda (Thatcher at Schwill, gaya ng pagbanggit ni H. G. Wells) ay dapat pagpaumanhinan sa anumang bintang ng di-katumpakan sa bagay na ito. Ang katotohanan sa bagay na ito, mula sa panahaon ng rebelasyon hanggang ngayon, ay laging may mga Muslim na kusang nagpumilit sa mga ipinagbabawal. Karamihan ay kumilos bilang mga indibidwal, subalit ang mga lihis na gawain ay lumaki upang sakmalin ang buong mga lipunan nang higit na madalas kaysa kayang tanggapin ng karamihan sa mga Muslim. Ang karaniwang halimbawa ng mga Muslim na may-ari / nagpapatakbo ng mga negosyong batay sa negosyong alak na gaya ng mga tindahang sari-sari, restawran, at mga di-lisensyado ay naglalarawan na ang gawaing ipokrito ay umiiral hanggang ngayon — lantaran sa mga lupaing di-Muslim, at pailalim sa mga ilang bansa kung saan ang batas na Islamiko ay ipinatutupad.

[109] Wells, H. G. Volume 2, pp. 710–712.

Paano itong naiiba sa mga prediksyon sa bibliya?

Bueno, bilang pasimula, kailangan nating itanong kung bakit inilalarawan ng Bibliya ang Diyos sa pagkakapagkaloob ng liwanag sa Kanyang nilikha tatlong araw bago Niya nilikha ang mga bituin (ihambing ang Genesis 1:3–5 sa Genesis 1:14–19). Ang mga posibilidad na sakop ng kapasyahang Makadiyos ay di-abot ng kaisipang pantao, subalit ang isang batayang patakarang siyentipiko tungkol sa kalikasan ng liwanag ay ang pagkakaroon ng kaunting pananagutan ng isang pinagmumulan ng *photon* (sukat ng silahis ng liwanag) bago magkaroon ng liwanag. Kahawig nito, makatarungang itanong natin kung paanong ang isang gabi at umaga ay naganap (Genesis 1:3–5) dalawang araw bago nilikha ang Daigdig (Genesis 1:9–13) at tatlong araw bago nilikha ang araw (Genesis 1:14–19), sapagkat kung walang guhit-tagpuan *(horizon)* na sisikatan at lulubugan ng araw, at walang araw sa unang banda, paano eksaktong *magkakaroon* ng isang gabi at isang umaga?

Mayroon pa. Inilalarawan ng Bibliya ang mga ibon bilang nilikha sa ikalimang araw (Genesis 1:20–23), isang araw bago nilikha ang mga malalaking hayop ng Daigdig (Genesis 1:24–25), samantalang ang talaan ng mga kalansay ay nagpapahiwatig ng kabaligtaran. Ang mga talaang-lahi sa Bibliya ay ang batayan ng kalendaryong Judio, na nagpapahiwatig na ang mundo ay 5,768 taong gulang (sa taong 2007 *CE*). Sa pagkakaroon ng isang sistemang solar (ng araw) na 4½ bilyong taon at ang pinagmulan ng *hominoids* (mga unang tao) na sinusukat sa milyun-milyong taon, ang pagtayang (kalkulasyong) ito, ay lumilitaw na tila kulang sa ebidensyang siyentipiko.

Ang bahang pandaigdigan, gaya ng nakapetsa sa Bibliya nang halos 300 taong una sa kapanahunan ni Abraham, ay tutugma sa ika-21 hanggang ika-22 dantaon *BC*. Magkagayon, ang bahang ito ay bigong lunurin kapwa ang Ikatlong Dinastiya sa Ur ng Babilonia at ang Unang Gitnang Panahon bago ang Ika-11 Dinastiya sa Ehipto — dalawang kabihasnang pinatototohanan ng kasaysayang hindi nagkaroon ng patlang. Kaya't ang panahong pinatutungkulan ng mga salaysay ng bibliya tungkol sa bahang pandaigdig ay mangangailangn ng rebisyon.

Gayunpaman, kung pawawalang-halaga ang lahat ng iyan at ipapalagay, sa kapakanan ng talakayan, na ang Bibliya ay nagsasaad na gaya ng ulat ng isang aklatang pang-agham at ng

isang Almanak ng Magsasaka, ang paghamong “Ano ngayon?” ay nananatili. Kinikilala ng Islam kapwa ang Judaismo at Kristiyanismo bilang nagmula sa rebelasyon, at nililinaw na ang dalawang relihiyon ay kapwa naghihintay ng isang pangwakas na propeta, ayon sa inihula ng kanilang mga kasulatan. Ang tanong, kung gayon, ay hindi kung alin sa mga relihiyong Abrahamiko ng Judaismo, Kristiyanismo, at Islam ang may pinagmulan sa makadiyos na rebelasyon, sapagkat lahat ng mga ito ay gayon nga. Manapa, ang tanong ay alin ang *huling* relihiyong naipihayag na makadiyos. Sapagkat kung hindi iyan ang relihiyong hangad ng Maylikha para ating sundin, bakit Niya ito ipinahayag? Ang hamon, kung gayon, ay para tanggalin ng mga Kristiyano at Judio ang Islam sa kompetisyon. Gaya ng nakita natin, ang paghamong sumulat ng kahit iisa man lamang na *surah* upang pantayan ang sa Qur’an ay kailangan pang mapagtagumpayan. Ayon sa mga Muslim, walang pagtatangkang makagagawa. At sa harap ng 1,400 taon ng bigong mga patatangka, mahirap pagtalunan ang puntong ito.

Isang salita ng pag-iingat ang kailangan sa bahaging ito, sapagkat ang sigasig sa relihiyon ay naghahatid sa maraming tao upang malagpasan ang mga hangganan ng katwiran sa pagtatanggol ng kanilang paninindigan. Mga partikular na pahayag sa Banal na Qur’an ang nagsasaad ng mga bagay na hindi pa natin nauunawaan. Sa gayon, ang kahalagahan ng mga talatang ito ay mapag-iisipan. Para tangkaing bigyan ng higit na pakahulugan kaysa tunay na umiiral, maging pagtataguyod o pagtatatwa sa Qur’an, ay magigigng di-makatwiran. Ang pinakamabuting masasabi sa gayong mga pahayag ay ang pagsasabi ng mga ito ng mga hiwaga (misteryo), at magkagayon ay maituturing na hindi mga ebidensyang siyentipiko ni mga halimbawa ng pagiging salungat. Marahil sa paglipas ng panahon at sa pagsulong ng kaalamang siyentipiko, ang mga pahayag na iyon ay mauunawaan. Hanggang magkagayon, ang mga pala-palagay marahil ay hindi naaangkop. Ang isang halimbawa, bilang paglalarawan, ay ito: ang ikaapat na *ayah* ng ika-70 *surah* (TMQ 70:4) ay isinasaling, “Ang mga anghel at ang espiritu ay umaakyat sa Kanya sa isang araw na ang sukat ay (gaya ng) 50,000 taon..”

Ilang mga Muslim ang nakapagpalagay na ang talatang ito, mula sa *surah*, “Ang mga Daan ng Pag-akyat,” ay maiuugnay sa *Special Theory on Relativity* ni Eistein (patungkol sa pagkakaugnayan ng mga likhang bagay) at sa katunayan ay maaari nga. Ngunit muli, marahil ay

hindi. Subalit upang masubaybayan ang palagay, ayon sa teoriya ni Einstein, ang pananaw sa panahon, sukat, at kalakhan ng dalawang magkaibang balangkas ng inersiya (patuloy na galaw o di-paggalaw) sa pagtukoy sa pagkilos ayon sa kaugnayan sa isa't isa. Iyan ay nangangahulugang ang dalawang nagmamasid na gumagalaw sa magkakaibang bilis ay makakatanaw ng panahon, sukat at kalakhan nang magkakaiba. Sa bilis na katulad ng nilalakbay ng mga tao sa kasalukuyang panahon, ang gayong mga pagkakaiba ay di-napakahalaga. Gayunman, sakaling ang mga darating na henerasyon ay palitan ang kanilang *Ford 2800 year-model intergalactic positron-harvesting star-skippers* (sasakyang pangkalawakang Ford na modelong taong 2800) ng *one-millionth gear and shimmy up to the speed of light* (gayunding sasakyang kasintulin ng liwanag), ang gayong mga pagkakaiba ay magiging lubhang napakalaki. Ang manlalakbay sa kalawakan at ang nakatigil na nagmamasid ay makakakita noon ng dalawang napakalaking pagkakaibang tanawin sa iisang mundo.

Ayon sa *Special Theory of Relativity* (Natatanging Teoriya sa Pagkakauugnayan), habang ang bilis (tulin) ay papalapit sa bilis ng liwanag ($5.88 \times 10^{12}$ milya bawat taon), ang persepsyon sa panahon ay bumabagal, ang sukat ay lumiliit, at ang masa (kalakhan) ay lumalaki. Sakaling si Max Planck, ang "ama ng *quantim physics* (pisika sa enerhiya o lakas)" ay lumipad sa bilis na malapit sa tulin ng liwanag, maging mabagal nang kaunti, at bumago ng bilis na malapit sa tulin ng liwanag patungo sa Martha's Vineyard (alalaong-baga, magpalipad na kasintulin ng liwanag), babagal na hindi kayang isipin, magmumukhang labis na maliit, at magkakaroon ng napakabigat na kalakhan ang kanyang orasan.

Ang konsepto ay di-madaling unawain, kaya't maipagpapasalamat ng mundo kay Albert Einstein ang kanyang *Lorentz transformations* — mga pagtutuos sa matematika sa pag-uugnay ng magkaibang pagsukat sa espasyo at oras o panahon ng dalawang nagmamasid. Patungkol sa panahon, ang pagpapareho *(equation)* ay gaya ng sumusunod:

$$t' = (1-v^2/c^2)^{-1/2}\,(t-vx/c^2)$$

kung saan $v$ = bilis na nilakbay

$c$ = ang *bilis* ng liwanag ($5.88 \times 10^{12}$ milya bawat taon)

x = kalalagyan (posisyon) sa kalawakan (space) ayon sa equation $x^2 = c^2t^2$

*t'* at *t* ay ang *dalawang* magkaibang pananaw sa panahon

Ilapat sa tuusan *(equation)* ang mga numero sa *ayah* sa itaas, na isinasaalang-alang ang *t* na katumbas ng 50,000 taon at ang *t* bilang nag-iisang araw ($2.7397 \times 10^{-3}$ taon) at ang *v* ay matutuos sa kalkulasyon, sa pinakamagaang terminong siyentipiko, bilang isang bilyong bahaging sinliit ng tulin ng liwanag. Ang pagkakaiba ay maliit. Sa katunayan, gayong kalapit ang katumbas ng *v* sa tulin ng liwanag, na ang relasyon *(ratio)* ng *v* laban sa *c* ay magreresulta ng numerong di-kayang ipakita ng karaniwang kalkuleytor ang kabuuan (walang katapusang serye ng 9).

Paano itong nauugnay sa Banal na Qur'an? Bueno, ayon sa Qur'an at *hadith,* ang tao ay nilikha sa luwad *(clay)*, ang *jinn* (mga espiritu) mula sa apoy, at ang mga anghel mula sa liwanag. Kaya't narito ang isang talata sa Banal na Qur'an na hindi lamang nagpapakita ng mga magkaibang pagtukoy sa panahon na sa huli ay binibigyang-katawagan bilang *time dilation* (pagpapahaba ng panahon) ng *theory of relativity* (teoriya ng pagkakaiba ayon sa pagkakaugnay), kundi ipinakikita rin ng mga numero ang paglalarawan sa mga anghel na naglalakbay sa bilis ng iniuulat na kanilang pinagmulan: ang liwanag.

Ngayon, ang pagsusuring ito ay mainam at malinaw, at maaari pa ring maging tumpak. Ngunit para ipalagay na ito ang talagang kahulugan ng *ayah* sa itaas ay isang pagbibigay ng matatapang na palagay. Higit na mabuti, marahil, na pansinin ang kagila-gilalas na pagkakatulad, ngunit hindi lalabis sa pagtalakay ng teoriya ng "pagpapahaba ng panahon." Ang payak na (simpleng) katotohanang ang mga magkakaibang pananaw sa panahon ay nabanggit nang nakalipas na1,400 taon, nang ang pagsaksi na sa pinakamabilis na paggalaw na maaaring ang paglipad ng isang lawin o pagbinit ng isang palaso, ay sapat na. Para magsuri pa nang higit ay waring isang pagpapalagay ng di-matatanggap na kalabisan.

Subalit iyan mismo ang ginagawa ng mga nagpapabulaan sa Islam — paratingin nang malayo ang kanilang mga maling palagay patungo sa pinakamababang haka-haka na nagiging sanhi upang ang kanilang mga tagilid na paghatol ay mabali mula sa pinakakatawan ng katuwiran

(alalaong-baga, lumayo sa katotohanan dahil sa maling akala). Halimbawa, ilang mga tumtuligsa ang nag-aangking ang talata sa “Mga Daan ng Pag-akyat” ay sumasalungat sa *surah* 32, *ayah* 5, na nagsasaad:

> “Pinamamahalaan Niya ang (lahat ng) mga kapakanan
> mula sa mga kalangitan hanggang sa kalupaan:
> sa wakas  magsisiakyat sa Kanya (ang lahat ng kapakanan),
> sa isang araw, na roon ay nakapagitan
> ang  (gaya ng) sanlibong taon ng inyong pagbilang”
> (TMQ 32:5).

Para ipalagay na ang dalawang talatang ito ay nagsasalungatan ay pag-aanyaya sa isang reseta ng *Lithium* (pagsubok sa asido), sapagkat ang dalawang pahayag ay ganap na magkaibang mga nilikha at pagkakataon. Ang  karaniwang pagkaunawa ng nga Muslim ay nagpapahayag na ang talata  sa “Mga Daan ng Pag-akyat” ay tumutukoy sa pag-akyat ng mga anghel at espiritu, samantalang ang ikalawa ay tumutukoy sa Araw ng Paghuhukom, kung kailan ang lahat ng mga kapakanan ay magsisibalik sa Allah para sa paghatol. [110]

Ang pagsusuri sa mga ebidensyang siyentipiko, kung gayon, ay nangangailangan ng ating pananatiling maging bukas ang isip, at sa layuning iyan, ang mga Muslim ay hindi dapat pumasok sa sakop ng haka-haka, at ang mga di-Muslim na tumutuligsa ay dapat itakwil ang mga  walang-saysay na argumento.  Bukod dito, dapat kilalanin ng mga salungat sa  Islam na ang pagpapakitang ang isang partikular na talata ay kulang ng ebidensyang siyentipiko ay hindi nakawawala ng bisa ng talatang iyon; maraming pahayag sa Banal na Qur’an ang nakatagal ng 1,300 taon nang walang ebidensyang nagpapatibay,  upang magtagumpay lamang ng pagpapatibay sa  pamamagitan ng pag-unlad ng kaalamang siyentipiko nang ika-19 at ika-20 dantaon. Ang kakulangan ng ebidensyang nagpapatibay ay katumbas ng kawalan ng pruweba, hindi ng kawalan ng katotohanan. Para mapabulaanan ang isang pahayag, kailangan nating patunayang isang salungat na katotohanan; ang lahat ng iba ay haka-haka at pagkiling. At ito ang

[110] Isinalaysay ni Ibn Abbas.

kapansin-pansing wala sa Banal na Qur'an: ang isa o higit pang talata, gaya ng mga talata ng Paglikha sa Lumang Tipan na binanggit sa itaas, na mapatutunayang walang pag-asang salungat sa mundong alam natin, o sumasalungat sa sarili. Ang alinman sa dalawang senaryo ay magpapalagay ng isang awtor na mababa sa pagkadiyos, ngunit ang kawalan ng gayong pagiging mga salungat — kagaya ng kaso ng Qur'an — ay magmumungkahi ng eksaktong kabaligtaran. At sa katunayan, ang Qur'an ay nag-aalok ng ganitong hamon:

> "Hindi ba nila isinasaalang-alang (nang maingat) ang Qur'an?
> Kung nagkataong iba kaysa Allah yaong pinanggalingan,
> maraming mga kamalian ang doon ay kanilang matatagpuan"
> (TMQ 4:82).

Tunay, sa harap ng kayamanan sa kaalamang inihahandog ng Qur'an, ang kakulangan ng isang gayong kamalian ay maituturing na mahalaga.

Ang Qur'an ay hindi gumagaya sa Bibliya sa pagtatakda ng mga petsa o kaguluhan sa pagkakasunud-sunod ng Paglikha. Sa pagsasaalang-alang ng bilang at kahalagahan ng gayong mga salaysay sa bibliya, ang pag-angking ang Qur'an ay tunay na kinopya nang baha-bahagi mula sa nangaunang kasulatan ay kalungkut-lungkot na paghihinala. Kung ang mga kasulatang biblikal ay dinalit (binigkas) sa simula ng paglilikom ng mga aklat, ang unang kasulatang maaaring marinig ni Muhammad ay ang mga unang kabanata ng aklat ng Genesis. Ang katotohanang ang mga talatang ito ay hindi nalipat sa Qur'an ay matibay na nagsasabi laban sa gayong teoriya ng pangongopya.

Para hanapan ang Qur'an ng mga pahayag na, tulad ng Bibliya, ay sumasalungat sa ebidensyang arkiyolohikal, makasaysayan, o siyentipiko, ay lumilitaw na nakabibigo. Naninindigan ang mga Muslim na walang umiiral na gayong mga salungatan, sapagkat ipinapahayag nilang ang Qur'an ay tumutugma nang ganap hindi lamang sa mga siyensya, kundi gayundin sa lahat ng larangan ng kaalamang pantao, na marapat asahan sa isang aklat ng Diyos. Ang gayong pag-aangkin ay nagsisimulang lumnitaw na lubhang tama kapag ang ebidensya ng siyensya ay sinusuri. At samantalang ang isang buong pagtalakay sa gayong mga pahayag ay

labas sa saklaw ng aklat na ito, ang isang maliit na muwestra (halimbawa) ay napapanahon. Yaong mga may mas malalim na interes ay maaaring suriin ang mga aklat: : *The Bible, The Qur'an and Science*, ni Dr. Maurice Bucaille; *The Universe Seen Through The Quran (Scientific Findings Confirmed)*, ni Mir Anees-u-din M.Sc, Ph.D.; at isang kalipunan ng iba't ibang maliliit na sulating matatagpuan sa mga tindahan ng mga aklat na Islamiko. Ang isang natatanging mabuting aralin sa paksang ito ay *A Brief Illustrated Guide to Understanding Islam*.[111]

Subalit ngayon, tingnan natin ang isang paghahalimbawa ng ebidensyang siyentipiko.

## HEYOLOHIYA (TUNGKOL SA KALUPAAN AT KALAWAKAN)

**Mga Kabundukan.** Maaari nating ipagpalagay na, sa isang Bedouin sa desyerto, ang isang bundok ay magmumukhang di-hihigit sa isang tatak ng hindi kanais-nais na kagandahan sa mukha ng Daigdig. Sa mga manlalakbay sa *caravan* sa desyerto, mga magsasaka at pastol ng panahon ni Muhammad, ang mga bundok ay maaaring magbigay ng kalamangan ng mga kahirapan kaysa mga kapakinabangan. Para tumigil at pag-isipan ang mga iyon ay magmumukhang kakatwa, at ang makakita ng masasabing kabutihan tungkol sa mga iyon, higit na kakatwa.

Kahit sa kasalukuyan, kakaunting tao ang nag-iisip tungkol sa mga bundok nang higit sa mga pakinabang na panlibangang inihahandog ng mga iyon. Isang mainan na paglalakad, isang nakapagpapasiglang *ski* (pagdausdos sa bundok ng yelo), isang mapayapang piknik — ang gayong mga kasiyahan ay magiging walang saysay sa isang Bedouin sa harap ng kaabalahan ng pangangailangang iligid ang isang *caravan* sa isang bundok, mag-araro ng sakahan nang papataas, o umakyat sa isang matarik, mabatong burol upang hanapin ang isang nawawalang tupa.

Ano ang pakinabang na maaaring matagpuan ng isang Bedouin sa isang bundok?

Kamakailan lamang napagkilala ng makabagong siyensya ng kalupaan (heyolohiya) ang

---

[111] Matatagpuan sa Internet sa http://www.islam-guide.org at sa pamamagitan ng Islamic Foundation of America, P.O. Box 3415, Merrifield, VA 22116, USA, Tel.: (703) 914–4982, e-mail: ifam@erols.com

pinakadakilang kahalagahan ng mga bundok sa mundo ayon sa pagkaalam natin: nagtataglay ang mga bundok ng mga ugat. Pagbanggit kina Tarbuck at Lutgens, "Ang pagkakaroon ng ganitong mga ugat ay napagtibay ng mga impormasyon tugkol sa lindol at grabitasyon (puwersa ng hatak ng kalupaan)." [112] Ang isang bundok na tatlo o apat na milyang taas ay maaaaring magkaroon ng isang balangkas ng ugat ng matigas na ibabaw na lupang may 30 o 40 milyang lalim sa nakapalibot na latag ng Daigdig. [113] Ang ganitong katawang bundok-ugat ay nagsisilbing suporta sa bigat ng nakalatag na bundok, na magkagayon ay nagtatatag ng pagiging timbang (balanse), o sa lenggwahe ng heyologo, isang isostasiya (balansiyadong katatagan). [114]Ang paningin ng tao ay nakakakita ng di-hihigit sa talagang maliit na ulbok ng isang bundok, samantalang ang isang 40 milyang katawan ng lupang Daigdig ay nakabaon nang di-nakikita sa mas malalim, plastikong bahagi ng mundo, tulad ng ulo ng isang pakong nakausli sa ibabaw ng isang bloke ng kahoy, na nakasakay sa ibabaw ng di-natatanaw na katawang asero.

O gaya ng isang talusok.

Kalugod-lugod, kung gayon, na pansinin ang paglalarawan ng mga bundok sa Banal na Qur'an:

"Hindi ba Namin ginawa ang kalupaan
bilang isang malapad na kalawakan,
at ang mga bundok
bilang mga talusok?"
(TMQ 78:6–7)

Ngayon, saan nanggaling ang *ganyang* obserbasyon? Mula sa isip ng isang Bedouin? Hindi marahil.

Nang mga taong kalilipas pa lamang, naipalagay ng mga heologo na ang mga bundok, sa

---

112 Tarbuck, Edward J. and Frederick K. Lutgens. 1982. *Earth Science.* 3rd ed. Columbus: Charles E. Merrill Publishing Company. p. 157.

113 Press, Frank and Raymond Siever. 1982. *Earth.* 3rd ed. San Francisco: W. H. Freeman and Co. p. 435; Cailleux, Andre. 1968. *Anatomy of the Earth.* New York: McGraw-Hill Book Company. Isinalin ni J. Moody Stuart. pp. 218–222; Tarbuck, Edward J. and Frederick K. Lutgens. 1982. p. 158.

114 Cailleux, Andre. p. 222.

dahilang ang mga ito ay umaangat sa hugpungan ng mga malalawak na lupa, ay nagpapatatag ng ibabaw na kalupaan. Magkagayon, ang mga ito ay tumatayong isang panghinang sa mga nagsasalpukang pang-ibabaw na kalupaan. Sa kawalan ng gayong panghinang, ang mabatong bahagi ng mundo ay magkakapatung-patong, na magreresulta ng isang lindol sa tuwinang magaganap ang isang pagpapalitan ng lugar upang mapalaya ang natitipong bigat. Sa dahilang ang lahat ng mga bundok ay tumatayong panghinang na gayon, ang ganap na kawalan ng mga bundok ay mag-aalis ng katatagan ng ibabaw ng kalupaan.

Ang gayong kaalaman ay umunlad na kasunod ng pag-aaral ng mga pagbuo ng lupa sa huling bahagi ng ika-20 dantaon, na may kaugnay na konklusyon na kung walang nagpapatatag ng impluwensya ng mga bundok, ang ibabaw na bahagi ng Daigdig ay magiging isang madalas, kundi man patuloy, na paglindol. Ang kaalamang ito ay itinuturing na malaking pagbabago sa larangan ng heyolohiya, subalit nag-aanyaya ng isang 1,400 taong paghihikab sa isang rebelasyong nagtatalang,

> "At itinatag Niya sa pisngi ng kalupaan
> ang mga bundok na nakatirik nang matibay,
> upang hindi ito mayanig na kayo ay kabilang . . ."
> (TMQ 16:15)

## PAGLIKHA SA SANLIBUTAN (UNIBERSO)

**Mga Pinagmulan ng Sanlibutan.** Isa sa mga pinakaligtas sa pagtatalong prinsipyo ng kosmolohiya (siyensya tungkol sa sanlibutan) ay ang pagkabuo ng sanlibutan mula sa isang mainit, mausok na paghahalo ng mga gas at materya.[115] Ang pagbuo ng mga bituin ay maaari pa ring mamasdan sa mga loob ng mga nebula (mga gas at ulap sa kalawakan, ipinalalagay na mga tira-tirahan o tumutulad sa mga orihinal na alabok-ulap) sa kasalukuyan. Ang nauugnay na banggit sa Qur'an ay gaya ng sumusunod:

---

[115] Weinberg, Steven. 1988. *The First Three Minutes, A Modern View of the Origin of the Universe.* Basic Books; Harper-Collins Publishers. pp. 101–121.

Bukod dito, sinaklaw Niya [Allah] sa Kanyang disenyo ang kalangitan,
at iyon ay (pagiging) usok ang pinanggalingan.
Sinabi Niya rito at sa lupa:
"Magsanib kayo, nang kusa o hindi kusa. . . ."
(TMQ 41:11)

Ang mga kalangitan, sa pagiging dating "gaya ng usok" ay isang tumpak na paglalarawan ng orihinal na alikabok-ulap — "usok" sa pagiging mas angkop na paglalarawan kaysa bilang "ulap," sapagkat ang mga ulap ay nagbabadya ng larawan ng isang malamig, di-natitinag na malamig na usok, samantalang ang usok ay naglalarawan ng umiikot, mainit na masa ng gas na nasasakal ng nangakabiting mga munting butil. Nakatutuklas ang mga astronomo ng mga *galaxy* (grupo ng libu-libong tala o bituin) na nabubuo sa kalawakan hanggang ngayon, at ito ang eksaktong katulad nilang anyo.

Ang pangalawang linya ng banggit sa itaas ay nagsasaad ng "pagsasanib," isang kapansin-pansing komentaryo sa kinakailangang pagsasanib ng mga elementong butil upang maging isang sentrong ubod ng pinalamig na materya. Ang pagsambulat ng labis sa lamig na sentrong masang ito ang pinagmulan ng teoriyang "*Big Bang* (Dakilang Pagsambulat)", na sinundan ng paglawak ng uniberso (sanlibutan). Muli, tinutukoy ng Qur'an ang proseso:

Hindi ba namamalas ng mga di-naniniwala
na pinagsanib Namin ang langit at ang lupa
(bilang isang bahagi ng Paglalang),
bago Namin sila pinaghiwalay? (TMQ 21:30)

Ang isang pag-unawa ng pinagmulan ng sanlibutan, at lalo na ng konsepto ng iisang pinanggalingan ng mga kalangitan at kalupaan, ay kahahango pa lamang noong ika-20 dantaon. Unang naipanukala noong 1920 nina Alexander Friedmann at Abbé Georges Lemaître (at sumunod na pinatanyag ni George Gamow at mga kasamahan), hinalinhan ng *Big Bang* ang teoriya ng pagkakalikha. At narito ang punto — kung ang teoriya ng pagkakalikha ay lahat-lahat ng nasa isip ng tao hanggang 1920, anong labis na kahanga-hangang tagumpay iyon para sa isang

Bedouing taga- desyerto upang maisaisip ang *Big Bang* 13 dantaon nang mas maaga.

Ngunit, mangyari pa, hindi niya ginawa

Hindi niya maaaring gawin.

Ang kasalimuutan ng kaalaman at teknolohiyang kinakailangan upang mabuo ang teoriyang *Big Bang* (o ang *Hot Big Bang,* Mainit na Big Bang, gaya ng pagkakilala rito, yayamang ang temperatura sa 0.0001 segundo ay nakalkulang isang kaiga-igayang $10^{12}$ antas *(degrees)* ng Kelvin), ay nakagugulo sa isip.

Sa pinakabasihan, nangailangan ang *Big Bang theory* ng dalawang malaking pagpapalagay, ang una, na ang pangkalahatang *theory of relativity* (teoriya ng pagkakaiba-iba ayon sa pag-uugnayan) ni Einstein ay tumpak na naipakahulugan ang pagkakatulungan sa hatak *(gravity)* ng materya, at ang pangalawa, sa pagiging ang prinsipyo sa kosmolohiya *(cosmological principle),* na may gayong kasalimuutang sapat na maging labas ng saklaw ng librong ito. Sapat nang sabihing ang teoriya ay nabigyang-bisa sa pamamagitan ng pagsukat sa mga hangganan ng *hydrogen, helium* at *lithium*, gayundin sa init na bigay ng *remnant microwave* (nalalabing elektro-magnetikong alon), na natuklasan mismo noon lamang 1965. *Wala isa man* dito ang mayroon na noong bago sumapit ang huling bahagi ng ika-20 dantaon. Sa unang bahagi ng ikapitong dantaon, ang tanging mayroon si Muhammad, bukod sa rebelasyon, ay isang malinaw na tanawin ng panggabing langit.

**Pag-anod ng Kontinente (Lupalop).** Bandang taong 1800, napuna ni Alexander von Humboldt ang halos perpektong pag-agpang (akma) ng umbok ng Timog America sa ukit ng kanlurang baybayin ng Africa. Batay sa obserbasyong ito, ipinalagay niyang ang mga masa ng lupang gumigilid sa magkabilang bahagi ng Atlantico ay dating magkakabit .

Pagkalipas ng 50 taon, napuna ni Antonio Snider-Pellegrini ang pagkakatulad ng pahiwatig ni von Humboldt at ng mga tala (record) ng mga nahukay na labi, na nagbunyag ng pagkakapareho ng mga nahukay na labi ng mga halaman at mga mina ng uling sa Hilagang America at Europa.

Makalipas ang isa pang kalahating siglo (dantaon), noong 1912, ang meteorologong

Aleman, si Alfred Wegener, ay nagpahiwatig ng konsepto ng pag-anod na kontinental. Ipinalagay niyang ang lahat ng mga kalupaan ay dating kabit-kabit bilang isang lupalop (kontinente), na tinawag niyang Pangaea. Batay sa ebidensya ng heyolohiya (agham sa kalupaan) at paleontolohiya (agham sa mga nahukay na labi), ipinalagay niyang nagkahati-hati ang Pangaea noong panahong *Triassic* (208 hanggang 245 milyong taong nakalipas, mayroon man o walang mahabang katapusan ng sanlinggo). Sumunod ang paghihiwa-hiwalay at pag-anod, sa kasalukuyang posisyon ng mga masa ng lupa ng mundo (bagamat ayon sa mga makabagong pagsukat, ang mga lupaing ito ay patuloy pang naaanod).

Noong 1937, pinakinis ni Alexander L. Du Toit ang teoriya ni Wegener para idagdag ang dalawang orihinal na lupalop, Laurasia sa hilaga at Gondwanaland sa timog.

Ang pagkakaakma ng mga lupa, ebidensya ng pagkatunaw ng yelong lupa, pagkakapareho ng mga bato at kaayusan ng lupa, ang tala ng mga labing nahukay, [116] ang teoriya ng pagkalat ng lapag ng dagat, at ng magnetismo ng mga labi [117(EN)] ay pawang sumusuporta sa tinatangap ngayong teoriya ng pag-anod na kontinental. Kaya . . . mukhang natuklasan na ang pag-anod ng kontinente. Noong ika-12 siglo. 1,400 taon matapos itala ng Banal na Qur'an ang talata: "At Siya Yaong nagpakalat ng lupa . . ." (TMQ 13:3)

## MGA MAKALANGIT NA LIKHA

**Ang Araw at ang Buwan.** Inilalarawan ng *Surah* 10, *ayah* 5 ang araw at ang buwan sa pamamagitan ng dalawang magkaibang salita, na kapwa nangangahulugan ng "liwanag" sa wikang Arabik. Gayunman, ang salitang *Dhi-yaa-an* ay naglalarawan sa araw bilang isang pinagmumulan ng liwanag samantalang ang salitang *noo-ran* ay naglalarawan sa buwan na

---

[116 (EN)] Bilang dagdag sa ebidensya sa itaas, ang rekcord ng mga labi ay nagpapakitang ang pinakamaagang deposito sa dagat sa baybaying Atlantico ng Africa at Timog America hanggang ngayon mula noong panahong *Jurassic* ng 208–144 milyong taong nakalipas, ay nagpapahiwatig ng kawalan ng karagatang naghihiwalay sa mga kontinenteng ito bago ang panahong iyon.

[117 (EN)] *Remnant magnetism* (magnetismo ng mga labi): ang mga materyales na magnetikong bakal ay nadudurog sa pagbabagu-bago ng higop ng magneto (balani) ng Daigdig. Ang kasunod na pagkalat ng mga durog, muling pagbabago ng higop ng magneto, at muling pagkakapuwesto ng mga tining na deposito ay nagbibigay-tala ng pagbabago ng posisyon ng bawat kontinenete sa paglipas ng panahon.

nagbibigay-liwanag na galing sa isang pinagmulang bukod sa sarili nito. Ang *Arabic-English Lexicon* ni Lane ay nagkokomentaryo,"Sinasabing ang *dui-yaa-an* ay pangunahing kailangan, ngunit ang *noo-ran* ay di-sinasadya [liwanag] . . ." [118] Bagamat ang mga paglalarawan sa Qur'an at bibliya ay nagkakaiba (Genesis 1:16—"Pagkaraan ay gumawa ang Diyos ng dalawang dakilang liwanag: ang mas malaking liwanag para mamahala sa maghapon, at ang mas maliit na liwanag para mamahala sa gabi"), pinagkakaiba ng Qur'an ang pinagmumulan ng liwanag ng dalawang makalangit na likhang ito.

**Makalangit na Paggalaw.** Inilalarawan ng Qur'an ang mga paikot na ligiran *(orbits)* ng mga makalangit na likha, gayundin ng mga paikot na ligiran ng araw at gabi:

> "Siya Yaong lumikha ng Gabi at ng Araw,
> at ng araw at ng buwan:
> lahat (ng mga makalangit na likha) ay naglalanguyan,
> bawat isa sa kani-kanyang paikot na paggalaw"
> (TMQ 21:33).

Bukod dito, ang talata ng Qur'an 39:5 ay naglalarawan ng pagsasalitan ng araw at gabi sa pamamagitan ng pandiwang *kaw-wa-ra*, na nangangahulugang bilutin o paligiran, tulad ng pagbilot ng turban sa paligid ng ulo (o kaya, gaya ng halimbawa sa *Arabic-English Lexicon*, "Ibinilot niya ang bagay sa pabilog na anyo"). Mula rito ay nauunawaan natin ang Qur'an sa paglalarawan hindi lamang ng pabilog na mga ligiran ng mga planeta at ng buwan, kundi maging ng pabilog na hugis ng Daigdig mismo. Bukod dito,

> "At ang Araw ay nilalakbay ang daanan niya
> sa loob ng isang panahong sa kanya ay ipinasya. . ."
> (TMQ 36:38)

---

[118] Lane, Edward William. 1980. *An Arabic-English Lexicon Derived From the Best and the Most Copious Eastern Sources.* Beirut, Lebanon: Librairie Du Liban. Book I, Part 8, p. 2865, column 3.

ay nagpapahiwatig ng katotohanang ang buong sistemang solar ay gumagalaw: gaya ng katotohanang ginagawa nito ang gayon. Ang araw ay maaaring siyang sentro ng sistemang solar natin, gayunpaman, lumiligid ito sa kalawakan sa paligid ng ikutan ng galaksing Milky Way (kalipunan ng libu-libong bituin at planeta).

Sa panahong ang mga eksplorador na Kanluranin ay takot maghanap sa guhit-tagpuan (ng langit at lupa - *horizon*) na baka sila mahulog, ang mga paglalarawan ng Qur'an tulad ng nasa itaas ay dantaon, kundi man higit sa libong taon, nang una pa sa kanilang panahon.

**Mga Ligiran ng Araw at ng Buwan.** Ang *Surah* 36, *ayah* 40 ay nagsasaad:

"Hindi pinahihintulutan ang Araw na abutan ang Buwan,
ni lagpasan ng Gabi ang Araw:
ang bawat isa ay lumalangoy (lamang)
sa kanyang (sariling) ligiran (ayon sa Kautusan)."

Ang paglalarawang ito ng mga hiwalay, pabilog na ligiran ay sadyang pambihira. Gayunman, ang tunay na nakasisira ng mga inaasahan ay ang pahayag na ang araw at ang buwan ay hindi pinahihintulutang mag-abot sa isa't isa, sapagkat naging karaniwang pananaw ng sinaunang tao, kapag pinagmamasdan ang isang eklipse ng araw, na ang araw at buwan ay sadyang nagkagayon — inabutan ang isa't isa. Datapwat kahit naganap ang isang eklipse nang kapanahunan ni Muhammad, ang talatang ito ay nagtuwid ng gayong katutubong kaisipan.

## PISIYOLOHIYA (AGHAM SA KATAWAN)

**Teoriya ng Selula.** Ang mga selula ang mga blokeng tagabuo ng lahat ng nabubuhay na bagay, at ang pangunahing bumubuo ng mga selula ay tubig, sa himig ng 80 hanggang 85 bahagdan (porsyento). Ang buhay ay hindi iiral kung walang tubig, sapagkat ang isang tuyong selula ay patay na selula. At samantalang ang mga katotohanang ito ay hindi lumitaw hanggang sa teoriya ng selula nang unang bahagi ng ika-19 na dantaon, sinasabi ng Banal na Qur'an,

"Nilikha Namin [Allah] mula sa tubig ang bawat buhay na bagay" (TMQ 21:30).

**Pagpanibago ng Balat.** Lahat ng mga pananampalatayang Abrahamiko ay nagbibigay-diin sa mga pagpapahirap sa impyernong-apoy. Subalit ang Qur'an ay humahakbang nang isa pa, sapagkat sinasabi nito,

> "Sa sandaling ang mga balat nila ay masunog nang ganap,
> hahalinhan Namin ang mga ito ng mga sariwang balat,
> upang matikman nila ang kaparusahan:
> sapagkat ang Allah ay Pinakamakapangyarihan, ang Maalam" (TMQ 4:56).

Ngayon, sa pamamagitan lamang ng pagsubok na elektro-pisiyolohikal, pagtatalang intraselular, at mga masalimuot na tekniko sa mikroskopyo, natuklasan ng sangkatauhan na ang mga tagatanggap ng hapdi at init ay limitado lamang sa panlabas na salansan ng balat. Ito ay bagong kaalaman lamang datapwat, 1,400 taon na ang nakalilipas, sa isang panahon at lugar na ang pananaliksik sa pisiyolohiyang pantao ay ni hindi umabante sa yugto ng pagsuri ng bahagi ng katawan, inilarawan ng rebelasyon na ang susi sa pagpapanatili ng pahirap sa impyernong-apoy ay papanibaguhin ang balat. Yaong mga tumutuligsa kung Sino ang may kapangyarihang magdikta ng gayong parusa, at ng karunungang malaman ang ganitong detalye, ay binibigyang-kaalaman, na ang "Allah ay Pinakamakapangyarihan, ang Maalam."

**Ang mga Umbok sa Harapan.** Ang bahagi ng utak na nakalugar sa pinakaharapang (pinakaabanteng) bahagi ng utak ay tinatawag na *frontal lobes* (mga umbok sa harapan) sa isang dahilan: Ang mga ito ay nasa harapan. Kapag tinapik natin ang ating mga noo, ang bahagi ng utak na pinakamalapit sa ating mga daliri ay ang unang harapang bahagi ng *frontal lobes*, ang parte ng utak na may kinalaman sa personalidad at pag-uugali. Sinasabi sa atin ng siyensya, ang pag-uudyok at talino sa pagbabalak at papapasimula ng mga gagawin ay nagaganap sa harapang

bahagi ng mga *frontal lobes*, ang bahaging nasa harap." [119] Nakapagtatakang nakakakita tayo ng padaplis na pagtukoy sa ganitong katotohanan sa Banal na Qur'an:

> "Siya'y papag-ingatin! Kung hindi siya titigil,
> siya'y kakaladkarin Namin
> sa *naa-se-yah* (noo) niya*,*
> isang sinungaling, makasalanang *naa-se-yah*!"
> (TMQ 96:15–16)

Ang salitang *naa-se-yah* (o *naa-se-ya-tin,* ang kaukulang panlayon ng *naa-se-yah*), bagamat kadalasang isinasaling "harapang buhok," sa katunayan ay karapat-dapat sa mas mahaba at mas tumpak na paglalarawang "unahang [harapang] bahagi ng ulo." [120]

Ngayon, may isang kuwento ng lalaking nais malaman kung aling bahagi ng katawan ang may pananagutan sa pag-iisip. Naisip niyang kung sasanayin niya ang kanyang isip, ang unang bahagi ng kanyang katawang masasaktan dahil sa pagod ay ang nag-iisip na bahagi ng kanyang katawan.

Kaya't naupo siya at nag-isip at nag-isip at nag-isip. Pagkalipas ng ilang sandali, ang matigas na upuang kahoy na inupuan niya ay nagsimulang bumigay, na nagbunsod sa lalaking ituon ang kanyang konklusyon sa bahagi niyang nasaktan.

Ito'y isang kuwentong nakakatawa, ngunit hindi ito para sa mga bata lamang.

Ang punto ay 1,400 taon na ang nakalipas, ang isang Bedouin ay hindi kayang malaman ang natuklasan lamang ng makabagong medisina sa kasalukuyang dantaon. Ang isang hindi nag-aral na Arabe mula sa nakalipas ay maaaring mag-isip at magsalita ng tungkol sa "mga matang sinungaling," "mga labing sinungaling" at "mga pusong sinungaling." Sinumang maniwalang ang isang Bedouin noong 12 dantaong nakaraan ay maiisip na ang harapang bahagi ng mga umbok sa harap ng panlabas na utak na maging kaugnay ng pag-iisip ng mga kasalanan at

---

[119] Seeley, Rod R., Trent D. Stephens and Philip Tate. 1996. *Essentials of Anatomy and Physiology.* 2nd edition. St. Louis Mosby-Year Book, Inc. p. 211
[120] Wehr, Hans.

kasinungalingan ay marapat pagbintangang may iniisip na personal na hangarin. Noon ay hindi ito karaniwang nalalaman, at maging ngayon ay hindi ito karaniwang alam, maliban sa mga pangkat ng siyensya.

**Panloob na Gawain ng Katawan.** Anim na raang taon bago inilarawan ni Ibn Nafis ang pagligid (sirkulasyon) ng dugo, at 1,000 taon bago kinuha ni William Harvey ang karangalan sa kanyang aklat, *Exercitatio Anatomica de Motu Cordis et Sanguinis in Animalibus* (Mga Ehersisyo ng Katawan Kaugnay ng Galaw ng Puso at Dugo sa mga Hayop) noong 1628, ang Banal na Qur'an ay nagpahiwatig sa mga proseso ng pagtunaw, pagsipsip, sirkulasyon ng dugo, at pagdumi gaya ng sumusunod:

> At katotohanang sa bakahan (man) ay inyong matatagpuan
> ang isang nagtuturong palatandaan.
> Mula sa taglay nila sa kanilang mga katawan,
> sa mga dumi at dugo ay nakapagitan,
> nililikha Namin para inyong pag-inom,
> gatas na dalisay, kasiya-siya sa sinumang iinom niyon.

Ang mga siyensya ng sirkulasyon ng dugo, pagtunaw, pagsipsip at pagkatas ng glandula (gaya ng atay at bato) ay namalaging mga hiwaga (misteryo) hanggang sa nakaraang ilang dantaon. Para makatagpo ng isang talatang mag-uugnay-ugnay sa lahat ng mga prosesong ito ay pagtagpo sa isang masalimuot na siyentipikong pagkakamali sa panahon.

## MGA KATUBIGAN

Ang Banal na Qur'an ay nagluluwalhati sa Lumikha sa pagbanggit ng ilan sa mga pambihira at di-inaasahang katangian ng Kanyang nilikha. Kunin, halimbawa, ang dalawang talatang ito:

Siya Yaong nagpalaya sa dalawang uri ng umaagos na tubig:
isang malinamnam at matamis, at isang maalat at mapait,
ngunit gumawa Siya ng hadlang sa kanilang pagitan,
isang pagitang bawal na pagdaanan.
(TMQ 25:53)

Pinalaya niya ang dalawang uri ng umaagos na katubigan,
nagtatagpo sila: sa pagitan nila ay may hadlang
na hindi nila nilalaktawan:
kaya't alin sa mga kabutihan ng iyong Panginoon ang iyong tatanggihan? (TMQ 55:19–21)

Ang dalawang banggit ay kapwa tumutukoy sa isang hadlang sa pagitan ng matamis at maalat na mga tubig na natatagpuan sa isang wawa (bunganga) ng ilog. Ang bahaging ito ng maalat-alat na tubig ay lubhang kilala. Sa kasalukuyang panahon, ang ibig sabihin. Kung ito ay alam o hindi ni Muhammad ay mahirap hulaan, subalit makapagbibigay tayo ng ilang maimumungkahing obserbasyon. Bilang pasimula, ang mga ilog ay bihira sa Gitnang Silangan. Bukod dito, karamihan ng tubig-balon sa Gitnang Silangan ay maalat, kaya't ang maalat-alat na tubig sa mga pamantayan  ng makabagong maunlad na mga bansa ay malamang na itinuring na maaaring inumin sa panahon ni Muhammad.

Sa anu't ano pa man, kung iisipin nating isang malaking ilog ang papalabas sa isang dagat, kahit sa kasalukuyan, ang ating mga isip ay may pagkakataong magtakang isang araw ang isa sa mga katubigang iyon ay hindi mananaig sa isa pa. Kung magsisiyasat sa isang wawa ng ilog ang isang lalaking nasa ikapitong dantaon, maaaring asahan niyang ang lakas at dami ng tubig ng isang malaking ilog na gaya ng Nile o ng Tigris-Euphrates ay mananaig sa rehiyon ng maalat-alat na tubig at unti-unting patabangin ang buong dagat. Para itaas ang puntong ito ay magiging kakaiba sa isang bayang taga-desyerto na hindi sanay sa mga pakikipagsapalarang pandagat, datapwat nagbabadya ito ng katotohanang ipinahayag ni Muhammad. Sapagkat kung siya ay naging masalita, bakit niya babanggitin ang gayong kakatwang bagay, sa isang banda?

Kahit na nalaman pa niya ang katotohanan (na lubhang hindi mangyayari iyon), anong pakinabang ang maaaring makamtan kung babanggitin iyon?

Ang pangalawa sa mga banggit sa itaas ay maaaring maiugnay sa katotohanang ang mga karagatan at dagat ay nagkakaiba-iba sa alat, init, at lapot, at ang mga iyon ay nagtatagpo sa mga hangganang malinaw na natutukoy. [121] Halimbawa, ang Dagat Mediteraneo ay nakakatagpo ang Karagatang Atlantico sa isang matatag at tiyakang hangganan. Ang Mediteraneo ay nagtataglay ng katubigang ilandaang kilometro ang haba, mas mainit, mas maalat at mas malabnaw kaysa sa Tangos ng Gibraltar sa lalim na 1000 metro.[122] Ang hangganang may mas malamig, mas matabang at mas malapot na Karagatang Atalantico ay may katatagan at talim, sa kabila ng mga malalakas na agos, patuloy na mga alon at palagiang taas-baba na maaasahan sa pagsasanib ng dalawang uri ng katubigang ito, o sa pinakamababa ay paghaluin ang mga ito sa kanilang pagtatagpo. Ito ba ang halimbawa ng "hadlang na hindi nila nilalaktawan," na binanggit sa talata? Kung gayon nga, higit itong kapansin-pansin sa harap ng katotohanang ang halimbawang ito ay nauulit sa mga hangganan ng ibang mga dagat at karagatan.

Isa pang punto ng karagatan ay ang pagbanggit sa malalim, panloob na mga alon. Ang gayong banggit ay maaaring sa una'y maging kakatwa, at talagang gayon, sapagkat ito ay isang tuklas nang kamakailan lamang, at hindi pa karaniwang alam sa kasalukuyan.

Ang makabagong kaalaman sa karagatan ay nagtuturong ang mga malalalim, panloob na alon "ay matatagpuan sa isang suson sa pagitan ng mga salansan ng tubig na may iba'ibang lapot — halimbawa, ang *pycnocline* (pabagu-bagong lapot sa bawat distansya ng katubigan)." [123] Ang mga panloob na alon ay gumagalaw na katulad ng mga pang-ibabaw na alon, at maaari pang mabasag. Gayunman, di-tulad ng mga pang-ibabaw na alon, ang mga ito ay hindi makikita o mapag-aaralan nang walang kasangkapang komplikado, at katiyakang ito ay hindi naging gawain ng isang bansang taga-desyerto na ang karaniwang paglangoy ay isang pambihirang kakayahan.

May isang paglalarawan sa aklat ni M. Grant Gross, *Oceanography, a View of the Earth,*

---

[121] Davis, Richard A., Jr. 1972. *Principles of Oceanography*. Reading, Massachusetts: Addison-Wesley Publishing Co. pp. 92–93.
[122] Kuenen, Philip H. 1960. *Marine Geology*. New York: John Wiley & Sons, Inc. p. 43.
[123] Gross, M. Grant. 1993. *Oceanography, a View of Earth*. 4th ed. Englewood Cliffs: Prentice-Hall, Inc. p. 223.

na nagpapakita ng dalawang antas ng mga alon: isa sa ibabaw at  isa pa sa loob, sa isang tagpuang nasa pagitan ng pagkalapot-lapot na malalim na tubig at ng mas malabnaw na pang-ibabaw na suson. [124] Ang kataka-taka rito ay umaangkop ang paglalarawang ito nang eksakto sa pahayag sa Qur'an,

> O kaya (ang di-nananampalataya ay nasa kalagayang)
> katulad ng kadiliman sa isang malawak at malalim na karagatan,
> na napaliligiran ng mga along napaiibabawan
> ng ibang mga alon, na may mga ulap ng kadiliman,
> (suson-suson) ang dilim sa ibabaw ng kadiliman:
> kung ilaladlad ng tao ang kanyang kamay,
> hindi niya gaanong mamamasdan!
> At para sa kanyang ang Allah ay walang liwanag na ibinigay,
> para sa kanya ay walang pananglaw.
> (TMQ 24:40)[125]

Hindi lamang inilalarawan ng talatang ito ang mga suson ng kapwa pang-ibabaw at malalalim na alon, ngunit tumutukoy rin ito sa "kadiliman sa isang malawak at malalim na dagat," kadilimang labis ang kaganapan na ang isang tao ay halos hindi makakita. Ngayon, ang kawalan ng liwanag sa isang kalaliman ng karagatang may lalim na 1,000 metro ay isang kaalaman kamakailan lamang, at maaari lamang matutuhan sa paggamit ng espesyal na kasangkapan, sapagkat ang dibdib ng tao ay may nakayayamot na ugaling sumabog sa gayong mga kalaliman.[126] Ang pagkilala sa anumang mahalagang kadiliman ay nangangailangan ng isang pagsisid  nang higit sa 50 metro, ngunit ang isang walang kasangkapang pagsisid mula sa ibabaw nang higit sa 15 metro ay lagpas kahit sa pinakapambihirang kakayahan ng tao. Sa mga natutong lumangoy sa una pa man, ang ibig sabihin.

---

[124] *Ibid.,* p. 224.
[125] Salin nina Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan.
[126] Elder, Danny; and John Pernetta. 1991. *Oceans*. London: Mitchell Beazley Publishers. p. 27.

**Karamdaman sa Mataas na Lugar.** Ang karamdaman sa bundok, o pangangapos ng paghinga sa mataas na lugar, ay naipaliwanag noong 1937, at malamang na hindi kilala bago mag-1800. [127] Maraming dahilan para rito, subalit ang pinakamahalaga ay dahil nangangailangan ang karamdaman sa bundok ng mabilis na pag-akyat, karaniwang taas na 8,000 talampakan o higit pa. Bago mag-ika-20 dantaon, ang gayong mga pag-akyat ay paminsan-minsang ginawa, ngunit halos hindi kailanmang mabilisan.

Sa katunayan, may napakaliit, kung mayroon man, na pagbunsod sa mga tagamababang lupa na umakyat ng mga bundok, at lalo na isang taas na 8,000 talampakan o higit pa. Ang mga pag-akyat na libangan ay halos di-nababalitaan, lalo na sa Gitnang Silangan, kung saan ang mga tao ay nagsikap nang higit sa lahat na magsiksikan sa isang payak na pamumuhay sa isang lupaing walang pakikiramay. At bago pa nagkaroon ng mga makabagong paraan ng mabilis na paglalakbay, ang mga tagabundok ay nasanay na sa pambihirang papawiring kanilang tinitirhan. Yaong mga naghanap ng mas mataas na lugar sa pagpapastol ng kanilang mga hayupan ay nakaranas ng gayong mabagal na pagtaas na kinasanayan ng kanilang mga katawan.

Samakatwid, hanggang sa nakalipas na 200 taon, ang karamdaman sa bundok ay ganap na hindi kilala, maging sa mga bansang mauunlad. Sa Gitnang Silangan, ang mga taas na 8–10,000 talampakan ay kakaunti at malalayo ang agwat, kaya't ang pagkakataong makaranas ang isang Arabe ng karamdaman sa bundok bago naimbento ang makinang sinisindihan ay lubhang napakaliit. Gayunpaman, ang Qur'an ay nagpapahiwatig ng pangangapos ng paghingang nararanasan ng mga nakikipagsapalarang umakyat sa matataas na lugar:

> Ipinipinid Niya at hinihigpitan ang kanilang mga dibdib,
> na gaya ng sila'y aakyat sa mga langit . . .
> (TMQ 6:125)

---

[127] *Encyclopaedia Britannica*. CD-ROM. "Altitude Sickness" entry.

**Meteorolohiya (Siyensya ng Papawirin at Panahon**). Kamakailan lamang nailarawan ng mga meteorologo ang pagbuo ng mga nagdudulot-ulang malabundok *(cumulus)* na ulap. Sa maikling salita, ang mga malabundok na ulap ay sama-samang naglalakbay at ang papataas na lamig ay sapilitang pinabababa ang kulumpon ng mainit na hangin, na tulad ng pumpon ng uhay. [128, 129] Kapag ang isang ulap ay tumaas nang sapat, ang pang-itaas na mga bahagi ay lumalamig, nagtutubig at nahuhulog bilang ulan.

Samantalang ang mga meteorologo ay nangangailangang gumamit ng larawan ng pangkalawakang sasakyan *(satellite)*, mga eroplano, lobong pampanahon, mga kompyuter at iba pang kasangkapang makabago para maipaliwanag ang proseso, ang Qur'an ay naglarawan nito nang nauna:

> Hindi mo ba nakikitang pinagagalaw ng Allah nang marahan
> ang mga ulap, at pinagsasama-sama ang mga ito pagkaraan,
> at ginagawang isang bunton? At makikita mo ang ulan
> na mula sa mga ito ay lumilitaw.
> At pinabababa Niya mula sa kalangitan
> ang mga gabundok (na ulap) na niyebe ang taglay . . ."
> (TMQ 24:43)

"Mga gabundok (na ulap) na may taglay na niyebe *(hail)* "? Ngayon, *iyan* ang kataka-taka. Ang Qur'an ay naglalarawan sa mga ulap na nagbibigay-ulan bilang mga bunton, subalit sa mga ulap na nagdadala ng niyebe bilang mga bundok. At sa katunayan, kapag nabunton lamang ang mga ulap na *cumulonimbus* na tila isang bundok at pumalaot sa kanilang dating taas na 3–4,000 talampakan hanggang sa pinakarurok na 25–30,000-talampakan ay nangyayaring bumuo ang mga ito ng niyebe sa pamamagitan ng pagtutubig at pagyeyelo.[130]

Minsan pa, ito ay kaalamang nababago. Para sa bawat isa maliban sa mga Muslim.

**Ang Ikot ng Pag-ulan.** Tila ito di-ginagamitan ng utak para sa nakararaming tao, ngunit

---

[128] Anthes, Richard A., John J. Cahir, Alistair B. Fraser, and Hans A. Panofsky. 1981. *The Atmosphere*. 3rd ed. Columbus: Charles E. Merrill Publishing Co. pp. 268–269.
[129] Miller, Albert at Jack C. Thompson. 1975. *Elements of Meteorology*. 2nd ed.
[130] *Ibid.,* p. 141.

minsan pa ay kailangan tayong lumayo sa katahimikan ng ika-21 dantaon upang marinig ang sinasabi ng mga tao tungkol sa ikot ng pag-ulan sa nakalipas na 1000 taon. O 200 taon lamang, sa bagay na iyan.

Ang pilosopo ng ika-17 dantaon, si René Descartes , ay nagpahiwatig na ang tubig-dagat ay sinipsip ng mga kanal sa ilalim ng lupa patungo sa mga imbakan sa ilalim ng tuktok ng mga bundok, isang kagaya ng likas na tore ng tubig. Sinulat ni Athanasius Kircher sa kanyang *Mundus Subterraneus* (Daigdig sa Ilalim ng Lupa) noong 1664 na ang tubig-dagat ay itinulak ng puwersa ng mga baha patungo sa mga bitak sa ilalim ng lupa, malaon ay sa mga labasan at mga sibol. Sa kanyang *An Essay Toward a Natural History of the Earth and Terrestrial Bodies* noong 1695, ang heologong Inggles na si John Woodward ay nagtulak ng ideyang isang malaking dagat sa ilalim ng lupa ang nakaugnay sa mga karagatan at nagdulot ng tubig sa pamamagitan ng mga bukal at mga ilog.

Si Bernard Palissy ang kauna-unahang nagpahiwatig na ang tanging pinagmumulan ng mga bukal at mga ilog ay ang buhos ng ulan (*Discours Admirables,* 1580). Ang kauna-unahang eksperimentong nagtaguyod sa teoriyang ito ay isinagawa sa kalaliman ng ilog Seine sa bandang katapusan ng ika-17 dantaon.[131]

Kamangha-mangha, wala kaninuman sa mga mamamayan ng Bundok Waialeale, Hawaii, (sa kabila ng pagkakaroon ng pandaigdigang batay sa kabuuan o *average* na pinakamataas na taunang pag-ulan, sa 1,168 sentimetro bawat taon) o kaya ay ng mga Bedouin sa desyerto (sa kabila ng pagkakaroon ng pinakamatinding *pangangailangan* sa ulan) ang kailanman ay nag-abalang tuusin ang ikot ng pag-ulan sa kanilang sarili. Isang bahagi ng Qur'an, gayunman, ang naglahad ng katotohanan ng bagay na ito mahigit 1,000 taon bago napag-isipan o napag-eksperimentuhan ang ikot ng pag-ulan:

> Hindi mo ba nakikitang nagpapababa ang Allah ng ulan
> mula sa kalangitan, at ipinadadala ito sa mga bukal sa kalupaan?
> At sa tulong nito'y pinatutubo Niya pagkaraan

[131] *Encyclopaedia Britannica*. CD-ROM.

ang mga inaaning may mararaming kulay . . . (TMQ 39:21)

## ANATOMIYA AT EMBRIYOLOHIYA
## (SIYENSYA NG KATAWAN AT BILIG)

Ang pagkakaugnay ng mga pahayag sa Qur'an at ng embriyolohiya ay lubhang tumpak kung kaya't ang mga ito ay nakapagbunsod sa mga aklat na nakatuon sa paksang ito. Ang ganap na kabuuan sa balangkas ng kabanatang ito, samakatwid, ay natatalaga sa pagiging di-sapat. Gayunpaman, ang ilan sa mga mahahalagang katangian ay maaaring banggitin nang maikli, na may ilang pagsangguni sa mga aklat na may higit na malawak na saklaw, sakaling ang mambabasa ay magnais suriin ang paksa nang lalong malalim.

**Paglilihi.** Ang konsepto ng pagmamana sa magkabilang magulang ay unang ipinanukala ni Pierre-Louis Moreau de Maupertuis sa kanyang *Système de la Nature* (Sistema ng Kalikasan) noong 1751. Una rito, ang mga umiiral na paniniwala ay umasa sa pahiwatig ni Aristoteles noong ikaapat na dantaon *BC* na ang nga bilig *(embryo)* ay nabuo mula sa pamumuo, o pagkulta, ng dugo ng pagreregla, na may "mga singaw" ng semilya bilang isang pangkapit. Ang mga pananaw ni Aristoteles ay maaaring nakarating sa mga kaisipan ng di-bababa sa isang awtor ng Bibliya, sapagkat itinatala ng Job 10:10, "Hindi Mo ba ako ibinuhos na gaya ng gatas, at pinamuo akong gaya ng keso . . ." Kahit nang matuklasan sa mikroskopyo ni Antonie van Leeuwenhoek, ang semilya ay "pinatunayan" ng mga eksperimento ni Lazzaro Spallanzani bilang mga parasito sa semilya.

Ang teoriyang biglaang henerasyon (pagkabuhay) ay napangibabawan ng teoriya ng pangunang pagkabuo — na nagpanukalang ang isang naunang nabuong sanggol sa sinapupunan ay nabuhay bilang isang munting tao sa ulo ng isang esperma (Jan Swammerdam, 1637–1680) o sa ukit sa obaryo (De Graaf, 1641–1693). Ito ay sumunod na nagbigay-daan sa teoriya ng pagmamana sa magkabilang magulang noong ika-18 dantaon, na malaon ay natalo sa digmaan, kasunod ng mga eksperimento ni Driesch sa simula ng ika-20 dantaon. Datapwat sa loob ng naunang 12 dantaon, itinuro ng Banal na Qur'an, "O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa

isang (pares na) lalaki at babae . . .” (TMQ 49:13) at “Tunay, nilikha Namin ang tao mula sa *Nutfah* (mga patak) ng pinaghalong semilya (mula sa pagtatalik ng lalaki at babae) . . .” (TMQ 76:2)

Noong ika-14 na dantaon, itinala ni Ibn Hajar Al Asqalani ang salungatan sa pagitan ng mga maling opinyon ng mga anatomista ng kanyang panahon at ng rebelasyon ng Banal na Qur’an:

> Maraming mga anatomista ang nagpalagay na ang semilya ng lalaki ay walang gampanin sa paglikha ng sanggol. Ang papel nito, anila, ay limitado sa pagpapamuo ng dugo ng regla na pinagmumulan ng pagsilang ng tao. Ang mga pahayag ng Propeta ay nagpapabulaan sa kanilang sinasabi. Ang semilya ng lalaki ang sa katunayan ay gumaganap nang kapantay ng sa babae sa pagbuo ng bilig.[132]

Bilang isang halimbawa ng gayong turo, si Muhammad ay tinanong minsan, “O Muhammad! Saan nilikha ang tao?” Ang Propeta ay nakatalang tumugon, “Siya ay nilikha sa dalawa: mula sa *Nutfah* (esperma) ng lalaki at sa *Nutfah* (itlog) ng babae.” [133]

Kapansin-pansing hindi roon nagwawakas ang kuwento, sapagkat ang Qur’an ay nagtuturong isang maliit na sangkap lamang ng semilya ang gumaganap sa paglilihi: “Nilikha ng Diyos ang mga anak ng tao mula sa isang dalisay na likidong iwinaksi” (TMQ 32:8). Sa isang hiwalay na *hadith,* nakatalang sinabi ni Muhammad, “Hindi sa buong likido (buga), nililikha ang tao, bagkus mula sa isang munting bahagi niyon.” [134] Ito, sa katunayan, ay hindi nalaman ng mundo ng siyensya hanggang sa inilarawan ni Hertwig noong 1875 ang pagkahinog ng isang itlog sa pamamagitan ng isang esperma.

**Pagkabuo.** Ang bilig at sanggol ay umuunlad sa loob ng matalbog na inunan, na nakabitin sa malamang sinapupunan, na mismo ay nakasilid sa nakalobong gilid ng sikmura. Ang tatlong salansang ito ang wari’y tinutukoy ng pahayag,

---

132 *Encyclopaedia Britannica*. CD-ROM.
133 *Musnad Ahmad*.
134 Isinalaysay sa *Muslim*.

"Sa mga sinapupunan ng inyong mga ina kayo ay Kanyang nilalang,
nang yugtu-yugto, sunud-sunod, sa tatlong tabing ng kadiliman."
(TMQ 39:6).

Kapansin-pansin, ang konsepto ng bilig (binhi) ng tao, na nabubuo nang yugtu-yugto ay hindi naitala sa panitikang siyentipiko bago ang ika-15 dantaon. Ayon sa mga teoriya ng panimulang pagkabuo at dagliang henerasyon, ang tao ay nilikhang kompleto, at kusang lumaki ang sukat. Kundi pa hanggang ika-15 dantaon , saka pa lamang natalakay ang pagtatanghal ng pag-unlad ng bilig, at kundi pa hanggang ika-17 dantaon, saka pa lamang naitanghal ng mga siyentipiko ang pagkabuo ng mga bilig na sisiw, salamat sa imbensyon ni Van Leeuwenhoek ng mikroskopyo. Ang pagtatanghal ng bilig ng tao ay unang nailarawan noong ika-20 dantaon ni Streeter, ngunit nang panahong yaon, ang konsepto ng *epigenesis* ng Qur'an (yugtu-yugtong pag-unlad ng bilig) ay 13 dantaong gulang na at balbasing sapat na magpahiya kay Rumpelstiltskin. Gaano kakompleto ang mga paglalarawan ng Qur'an sa tanghalang embriyolohikal? Pagpasyahan sa inyong sarili:

At inilagay Namin siya bilang (isang patak ng) *nutfah*
(mga halong patak, sa pagtatalik naibuga)
sa isang pahingahan, na matatag, at ang *nutfah*
ay ginawa Namin bilang dugong pinakulta;
at ang namuong dugo'y ginawa Naming kinimpal
(na bilig); at pagkatapos, mga buto'y inilagay
at ang mga buto'y binihisan Namin ng laman;
at binuo Namin dito ang isang bagong nilalang.
Kaya't mapagpala ang Allah, sa paglikha'y Pinakamahusay!
(TMQ 23:13–14)

Sa pananaw na siyentipiko, bawat bagay sa banggit na ito na naglalarawan sa mga unang yugto ng embriyohenesis (pagtubo ng bilig) ay kaalamang ika-20 dantaon: ang mala-patak na anyo ng *nutfah* (*zygote*, ang unang-unang yugto ng pinaghalong esperma at itlog), at ang

pinatatag na pagdikit ng "kinultang dugo" (*blastocyst*, binuo ng paghahati-hati ng *zygote*, na kahawig ng isang munting kimpal ng namuong dugo sa ilalim ng mikroskopyo) sa "pahingahan" (ang sinapupunan, *uterus*). Ang kimpal, *blastocyst,* ay bumubuo ng *chorionic villi* (panlabas na na lumulusob sa gilid (dinding) ng sinapupunan , na nagreresulta sa pagdikit at nutrisyon, sapagkat ang *chorionic villi* ay napaliligiran ng pagkaliliit na *lacunae* ("mga lawa") ng dugo. Sa yugtong ito, ang dugo ay di-natitinag at walang pagsasalin ng dugo sa mga arterya (malalaki) at maliliit na ugat, sapagkat ang kimpal ay sapat ang liit upang makasipsip ng pagkain. Kaya ang kimpal ay nakikita sa mikroskopyo bilang munting namuong dugo. Ang saliang Arabik na *alaqah* (isinaling "kimpal" sa itaas) sa katunayan ay naglalarawan ng tatlong katangian: isang nakultang dugo, animo'y linta ang anyo, at nakakawil. [135] At sa katunayan, lahat ng tatlong katangiang ito ay angkop. Ang anyo ng bilig sa yugtong ito ng pagkabuo ay katulad ng isang linta, kapwa sa anyo at katawan. Minsan pa, ito ay kaalamang ika-20 dantaon, pinangunahan ng 14 na dantaon ng paglalarawan ng Qur'an.

Kaugnay ng mga talatang ito sa Quar'an tungkol sa pagkabuo ng tao, isinusulat ni Dr. Keith L. Moore sa kanyang labis sa katanyagang aklat sa embriyolohiya, *The Developing Human,* na siya ay "namamangha sa katumpakan ng mga pahayag na naitala noong ika-7 dantaon *AD*, bago natatag ang siyensya ng embriyolohiya."[136] Nililinaw ni Dr. Moore na ang salitang *mudghah,* na inilalarawan sa *surah* 23:14, ay nangangahulugang talaga ng "isang nginuyang kimpal." Iniuugnay niya ang paglalarawang ito sa mga nagiging buto ng gulugod *(somites)*, ang mga paliko at baha-bahaging kimpal ng laman at buto *(mesoderm)* ng nagiging gitnang katawan ng sanggol na kahugis ng mga kagat ng ngipin. [137 (EN)]

---

[135] *Musnad Ahmad*.

[136] Moore, Keith L. 1983. *The Developing Human, Clinically Oriented Embryology, With Islamic Additions*. 3rd ed. Jeddah: Dar Al-Qiblah may pahintulot ng Pambungad ng W.B. Saunders Co.

[137 (EN)] Si Dr. Keith L. Moore ay isang taong hindi kinikilala ng marami para sa kanyang gawa sa larangan ng pagkabuo ng tao. Gayunpaman, ang sumusunod na talaan ng kanyang mga katunayan at gantimpala ay nagpapakitang ang di-pagkilala sa isa sa mga pinakapangunahing anatomista at embriyologo sa mundo ay hindi gaanong madali: *Professor Emeritus* (Retiradong Palagiang Propesor) ng Anatomia at Biyolohiya ng Selula sa University of Toronto; dating Katulong na Dekano sa *Basic Sciences* (mga Batayang Agham) sa Pagtuturo ng Medisina at Pangulo ng Kagawaran ng Anatomia nang walong taon; tumanggap ng *1984 J.C.B. Grant Award* ng *Canadian Association of Anatomists* (ang pinakamataas na kaloob sa larangan ng anatomiya sa Canada); at dating direktor ng mga pandaigdigang kapisanang kilala bilang *Canadian and American Association of Anatomists and the Council of the Union of Biological Sciences*. Ang *The*

Bukod dito, ang banggit sa itaas, "At pagkaraan ay ginawa namin ang mga buto mula sa kimpal na yaon at binihisan ang mga ito ng laman" (TMQ 23:14) ay akmang-akmang iniuugnay ang kasunod na pagkabuo ng mga *somites* sa pagiging kalansay ng mga butong malalambot, na sinusundan ng pagkabuo ng mga kalamnan *(muscles).*

"At pagkatapos ay binuo namin mula roon ang isang bagong nilalang" (TMQ 23:14) ay maaaring tumukoy sa pagbabagong-anyo sa ikawalong lingo mula sa isang di-makilalang binhi sa pagiging isang bilig na may makikilalang mga katangian ng tao. Binabanggit ng *Surah* 22:5, "At mula sa isang kimpal na animo'y linta, at mula sa tila isang subong laman, na may buo at di-buong bahagi . . ." — na maaaring tumukoy sa katotohanang ang ilang himaymay ay makikilala sa yugtong ito, samantalang ang iba ay hindi.

Ang pagsususuri ni Moore ay napakahaba para sa isang sapat na pagtalakay sa isang aklat na hindi nakatalaga sa paksa.[138(EN)] Subalit sa ganang siyensya, wala alinman sa itaas ang nalaman nang una sa imbensyon ni Leeuwenhoek ng mikroskopyo noong ika-17 dantaon, sapagkat wala ritong maaaring makita ng mata lamang.

## SAMU'T SARING OBRA

**Pulot-pukyutan.** Ayon sa Qur'an, ang pulot-pukyutan ay isang sustansyang "may pagpapagaling para sa mga tao" (TMQ 16:69). Sa kasalukuyan, ang mga pakinabang sa pagpapagaling ng pulot-pukyutan ay labis na tanyag at napakarami upang banggitin dito. Mataas sa anti-oksidasyon (laban sa pagkabulok o pagkasira) , mga bitamina at mineral, ang pulot-pukyutan ay may mga katangiang kontra sa mikrobyo, halamang-singaw at impeksyon na makapagpapadali ng paggaling ng mga pagkapaso (sunog), sugat, at sakit ng lalamunan.

Ngayon, ang punto ng interes ay ang pagkakatala ng sinabi ni Muhammad na nagturong, "Walang karamdamang ibinaba ang Allah maliban sa ibinaba rin Niya ang pagpapagaling niyon."

---

*Developing Human* ay naisalin sa walong wika, ang pangatlong edisyon (1983), kompleto sa mga karagdagang Islamiko.

[138 (EN)] Ang isa pang napakahusay na sanggunian ay ang *Human Development, As Revealed in the Holy Quran and Hadith* ni Dr. Mohammed Ali Albar, makikita sa maraming tindahan ng mga Islamikong aklat.

[139] Sa totoo o hindi, ito ang kanyang pinaniwalaan, kaya't makatwiran nating asahan ang Qur'an na magtaglay ng isang aklat sa pagluluto ng mga gamot-pantahanan — iyon ay kung si Muhammad ang awtor. Ang ganito, gayunman, ay hindi siyang totoo. Sa katunayan, ang Qur'an ay kitang-kitang walang taglay na anumang mga gamot na nakagagaling.

Hindi gayon sa mga turo ni Muhammad.

Ang *Sahih Al-Bukhari*, isa sa mga pinakapinagpipitaganan at mahigpit na mapatutunayang koleksyon ng mga *hadith,* ay nagtataglay ng 58 entrada sa kabanata tungkol sa medisina pa lamang, Gayong kakapal ang talaan ng mga karaniwan at natural na panggamot ni Muhammad kung kaya't nalathala ang mga aklat tungkol sa paksang ito. Ang medisina ay waring labis na nasa isip ni Muhammad. Gayunman, kagaya ng kaso ng kanyang mga asawa at mga anak na babae, ang Qur'an ay hindi nagpapakita ng malasakit ni Muhammad. Sa kabilang dako, ang tanging pagtukoy ng Qur'an sa isang panggamot ay sa pulot-pukyutan, at sa bagay na ito ay walang tumututol.

**Pagtatatak ng bakas ng daliri.** Ang babasahing siyentipikong Inggles , *Nature*, ay naglarawan sa pagiging kakaiba ng mga tatak ng daliri noong 1880. Sumunod, iminungkahi ni Sir Francis Galton ang isang sistema ng pag-uuri na binuo, inilathala at ginamit ng *Scotland Yard* (pulisya) noong unang bahagi ng 1900. Ang sistemang *Galton-Henry* sa pag-uuri ng bakas ng daliri mula noon ang siyang ginamit sa buong mundo.

Bakit ito nakaaakit? Sapagkat samantalang ang pagiging kakaiba ng mga bakas ng daliri ay nakilala ng siyensya noong ika-19 na dantaon, ang Banal na Qur'an ay nagpahiwatig nito mahigit na 12 dantaon nang mas maaga. Ang *Surah* 75:3–4 ay tumutukoy sa Araw ng Paghuhukom at nagbibigay-diin sa perpektong kakayahan ng Allah na buhaying muli ang sangkatauhan *hanggang sa dulo ng kanilang mga daliri*:

> "Iniisip ba ng tao na ang kanyang mga buto ay hindi Namin kayang tipunin?
> Tunay, sa ganap na ayos ang kadulu-duluhan ng kanyang mga daliri'y

---

[139] *Al-Bukhari*, Muhammed ibn Ismaiel; isinalin ni Dr. Muhammad Muhsin Khan. 1997. *Sahih Al-Bukhari*. Riyadh: Darussalam. Volume 7, *hadith* #5678, p. 326.

kaya Naming pagsama-samahin."

At ngayon, para sa isang ganap na hindi kapani-paniwala.

Sa buong Qur'an, tinutukoy ng Allah ang Kanyang Sarili bilang "Panginoon ng Silangan at ng Kanluran." Ang karaniwang mambabasa ay maaaring makapansing wala saanmang tinukoy ng Allah ang Sarili bilang "Panginoon ng Hilaga at Timog."

Marahil, dapat nating isaalang-alang na paulit-ulit na binibigyang-diin ng mga kasulatang ipinahayag ang walang-hanggang kaganapan at mga kapangyarihan ng ating Lumikha. Wala saanman naglagay ang kasulatang ipinahayag, maging ang Lumang Tipan, Bagong Tipan o ang Banal na Qur'an, ng limitasyon sa Diyos. Gayundin ang paglalarawang nasa itaas.

Pag-isipan ito. Kung sabihan tayong maglakbay patungong hilaga, at magpatuloy sa paglalakbay sa hilaga hanggang hindi na tayo makapaglakbay patungong hilaga pa, makararating tayo sa *North Pole* (Polong Hilaga) at titigil, sapagkat ang pagpapatuloy ay pagharap sa timog. Gayundin ang paglalakbay patungong timog —pagdating sa *South Pole* (Polong Timog), isang hakbang pa ay patungong hilaga. Ang Hilaga ay may hangganang paitaas, ang timog ay hangganang paibaba.

Ngayon, paano naman ang silangan at kanluran? Kung sabihan tayong maglakbay patungong silangan (o kanluran), at magpatuloy sa gayong direksyon hanggang hindi na tayo makapaglakbay pa, makaiikot tayo sa paligid ng mundo hanggang tayo ay mamatay. O sa kawalang-hanggan. At iyan ang punto. Para ilarawan ang Allah bilang "Panginoon ng Hilaga at Timog" ay pagbibigay ng limitasyon sa Kanya, samantalang ang "Panginoon ng Silangan at Kanluran" ay nagtataglay ng pakahulugan ng kawalang-hanggan.

Kaakit-akit, kung gayon, na ang Qur'an ay nagpapakilala sa Allah bilang Panginoon ng Silangan at Kanluran, at hindi ng Hilaga at Timog. Maisasaisip ba nating ang pagpiling ito ay isang pagkakataon? Marahil ay hindi, at sa isang napakasimpleng dahilan.

Sa *surah* 2:144, ipinabago ng Allah ang direksyon ng pagdarasal ng Muslim mula sa Jerusalem paharap sa banal na moske sa Makkah. Sa naunang dalawang *ayat*, sinabihan ng Allah ang mga mananampalataya kung paanong sasagutin ang pagtutol sa pagbabagong ito: "Sabihin:

Sa Allah nabibilang kapwa ang Silangan at ang Kanluran . . .” (TMQ 2:142)

Ngayon, narito ang kaibahan. Ang mga talatang ito ay ipinahayag noong ang mga Muslim ay nakatira sa Madinah, sa kilala ngayong Saudi Arabia. Sa Madinah, ang pagpapalit ng direksyon mula sa Jerusalem at pagkatapos ay sa Makkah ay nangahulugan ng pagbaligtad ng Hilaga-Hilagang Kanluran paharap sa Timog. At gayunman, paanong tinuruan ang mga Muslim sa pagsagot sa mga pagtutol? Sa pagsasabing , “Sa Allah nabibilang kapwa ang Silangan at Kanluran.” Kung sakaling may isang lugar na nagsabing, “Sa Allah nabibilang kapwa ang Hilaga at Timog, ” ito na nga iyon. Ano ang maaaring masabi ng isang karaniwang tao? “Baguhin ang direksyon mula Hilaga paharap sa Timog, sapagkat ang Allah ay “Panginoon ng Hilaga at Timog.” Ano ang sinasabi ng Qur’an? “Sa Allah nabibilang kapwa ang Silangan at Kanluran.” Malinaw na may isang mas malalim na mensahe, at kung hindi ang kawalang-hanggan ng sakop, kapangyarihan at buod ng Allah, magtataka tayo kung ano pang iba ang mensahe.

Isa pang pangwakas na punto. Nang kapanahunan ni Muhammad, ang mga Polong Hilaga at Timog (*North and South poles*) at ang aksis (iniikutan) ng Daigdig ay hindi kilala. Sa dahilang ito, ang pagiging bilog ng Daigdig ay hindi napatunayan ng siyensya sa mga dantaon, kundi man sa isang milenyo (sanlibong taon). Ang mga Arabe ay namuhay sa isang pook na ganggaselyong laki sa mundo kung saan ang mga direksyon ng kumpas ay di-nagkaroon ng alinmang pagtukoy sa tinalakay sa itaas. Kaya’t kahit hinangad man ng mga Arabeng ipahayag ang kawalang-hanggan ng Allah sa ganitong paraan, hindi nila ito magagawa. Sa halip, makabubuting isaisip nating kahit ang pinakamatalino, pinakaedukado at pinakamalawak ang nalakbay na Bedouin ng nakalipas na 14 na dantaon, na magnais na ipahayag ang pagiging kataas-taasan ng Allah, ay ilalarawan ang Allah bilang Panginoon ng Hilaga, Timog, Silangan at Kanluran at lahat ng mga pook na nasa pagitan. Ang katotohanang ang Hilaga at Timog ay kapansin-pansing hindi nababanggit ay maaaring hindi magpatotoo ng pinagmulang makadiyos ng rebelasyon, subalit na ito ay sumasalungat sa aasahan nating isang awtor na tao.

# 9:  Buod ng Ebidensya

*Ang mga katotohanan ay mga bagay na sutil;*
*at anuman ang ating maging mga hangarin,*
*mga hilig, o mga atas ng silakbo ng ating mga damdamin,*
*hindi na nila mababago  pa*
*ang kalagayan ng mga katotohana't  ebidensya..*
—John Adams

Ang Qur'an ay nag-aangking salita ng Allah, at sa gayon ay walang kamalian:

"Walang kabulaanang  makalalapit dito
mula sa harapan o sa likuran nito:
ito'y ibinaba Niyang ang Karunungan ay ganap,
sa lahat ng papuri ay Karapat-dapat." (TMQ 41:42).

Sinasabi ng mga di-Muslim na ang Qur'an ay inakda ni Muhammad. Datapwat,  gaya ng ibinabadya ni Dr. Maurice Bucaille, "Madaling isulong ang haka-haka kay Muhammad sa pagiging isang matalinong palaisip, na maipapalagay na nag-isip sa kanyang sarili ng matutuklasan ng makabagong siyensya pagkatapos ng mga dantaon. Sa paggawa nito, gayunman, sadyang labis nakakalimot ang mga taong banggitin ang isa pang aspeto ng nalikha ng mga henyong ito ng pangangatwirang pilosopikal, kumbaga, ang mga dambuhalang kamaliang nagpaparumi sa kanilang mga nagawa.."[140]

Ang Qur'an ay hindi lamang *hindi*  narurumihan  ng  "mga dambuhalang kamalian," bagkus ito ay wala ring pinakamaliliit na mga kamalian. Ito ay lalo pang kapansin-pansin kung isasaalang-alang ang kasaganaan ng impormasyong inilalahad dito.  Katiyakang ang mga pahayag na matatagpuan sa Qur'an ay magiging kakaiba noong kapanahunan ni Muhammad, kundi man di-mauunawaan, at maaaring di-kailangan sa rebelasyon. Sakaling si Muhammad ay mapag-

---

[140] *Al-Bukhari*, Muhammed ibn Ismaiel; isinalin ni Dr. Muhammad Muhsin Khan. 1997. *Sahih Al-Bukhari*. Riyadh: Darussalam. Volume 7, *hadith* #5678, p. 326.

isipang isang impostor, dapat tayong magtaka kung bakit niya hinulaan ang mga pangyayari sa hinaharap at mga katotohanang siyentipikong mananatiling di-mapatutunayan sa mga dantaon, kundi man sa isang milenyo. At paano niyang nagawang tama ang lahat ng mga iyon? Nang wala kahit iisang kamalian?

Sa mga salita ni Dr. Bucaille, "Papaanong ang isang taong namuhay nang 14 na dantaong nakalipas ay makagagawa ng mga pagtutuwid sa umiiral na paglalarawan hanggang sa naialis niya ang materyal na mali ayon sa siyensya at, sa kanyang sariling kusa, ay gumawa ng mga pahayag na napatotohanan ng siyensya sa kasalukuyang panahon lamang? Ang ganitong palagay ay buung-buong di-maipagtatanggol."[141]

Bilang pagtatanggol sa sarili, ilang mga Muslim ang naghaharap ng mga argumentong "ang aklat namin laban sa nasa inyo," sa pagbabadyang kung ang Qur'an ay salungat sa mga Luma o Bagong Tipan, ito ay hindi rebelasyon. Datapwat ang argumentong ito ay may bisa lamang kung ang mga aklat na inihahambing ay nagtataglay ng gayunding kapangyarihan, at ang pagpiling ito — ang pagpili ng kung aling aklat ang pinakamapagtitiwalaan — ay nasa pasya ng mambabasa.

Ang mga di-Muslim ay nakikipagtalo rin kung minsan batay sa mga kaugalian at tradisyon, subalit ang mga isyung ito ay walang kaugnayan sa pagsusuri sa relihiyon. Ang ibang mga isyu, gaya ng poligamya, talukbong ng kababaihan, mga gampaning pampamilya, at mga pagbabawal sa pagkain, *ay* batay sa relihiyon, subalit banyaga sa mga pamumuhay na Kanluranin. Magkagayon, ang mga ito ay hindi mga batayan sa pagpapatotoo, bagkus sa pagkiling, na isang mapanganib na batayan para sa isang pagsusuri, sapagkat

> "Maaaring tinatanggihan ninyo ang isang bagay na makabubuti para sa inyo,
> at iniibig ninyo ang isang bagay na makasasama sa inyo.
> Subalit ang Allah ang nakaaalam,
> at kayo ay hindi nakaaalam" (TMQ 2:216).

---

[141] *Al-Bukhari*, Muhammed ibn Ismaiel; isinalin ni Dr. Muhammad Muhsin Khan. 1997. *Sahih Al-Bukhari*. Riyadh: Darussalam. Volume 7, *hadith* #5678, p. 326.

Ang personal na pagpili, sa ibang salita, ay maaaring makapagligaw.

Sa kabila ng lahat ng pilosopikong pagtatalo, ang mga hamon ay nananatili upang hanapin ang kaisa-isang kabulaanan o bumuo ng isang sampung-salita, tatlong-linyang *surah* na mas mainam kaysa nasa Qur'an. Kung aalagataing ang mga hamong ito ay hindi kailanman natugunan at napagtagumpayan, ang Qur'an ay karapat-dapat sa ating paggalang.

Ang isang estadistiko *(statistician)* o ang isang taong nakikipagpustahan ay mapagkikilalang marami sa mga prediksyon sa Qur'an ang lumilitaw na masasamang pusta sa kanilang kapanahunan. Ang mga hulang katulad ng mga ukol sa mga labanang Roma at Persia, at ang pagsumpa kay Abu Lahab, sa kanyang asawa at kay Al-Walid ibn Al-Mughirah ay tiyak na lalagpak sa ganitong kategorya. Ang mga pagkakataong matupad ang gayong mga prediksyon ay di-matutuos, subalit kahit ang bawat isa ay mabigyan ng posibilidad na 50 bahagdan (porsyento), ang maliit na bilang ng gayong mga prediksyon ay matutuos sa isang napakaliit na pagkakataong maging tumpak sa bawat pagkakataon.

Halimbawa, ang kaganapan ng dalawang prediksyon, na bawat isa ay may probabilidad na 50 bahagdan, sa pagiging kapwa tama, ay isa sa apat. Sa pinakabuod, may tatlong kombinasyon ng kamalian (ang unang prediksyon ay tama at ang ikalawa ay mali, o ang una ay mali at ang ikalawa ay tama, o ang dalawa ay kapwa mali). Isang pagkakataon sa apat, ibig sabihin. Ang pagkakataon ng tatlong gayong prediksyon para maging tamang lahat ay isa sa walo, at sa bawat isang karagdagang prediksyon, ang probabilidad ay muling magdadalawang hati. Ang probabilidad ng *bawat isang* prediksyon na maging tama ay maliit. May mahigit sa 60 gayong bagay ng ebidensya ang binanggit sa mga naunang kabanata, at ang mga ito ay kumakatawan lamang sa bahagi ng kabuuang isinaad ng mga iskolar ng Islam. Datapwat kung ang bawat isa sa mahigit sa 60 bahaging ito ng ebidensya ay naitakda sa konserbatibong probabilidad na 50 bahagdan, ang probabilidad ng lahat ng mahigit sa 60 bagay upang maging tama sa napakaliit na batayan ay $(1/2)^{60}$, na maisasalin sa higit sa isang probabilidad sa 1,000,000,000,000,000,000. Iyan ay isa sa *isang quintillion.* Ang katotohanang isang popular na relihiyon ang nakapaligid sa isang rebelasyong may gayong walang-hanggang liit ng probabilidad na maging tama ayon sa pagkakataon ay di-gaanong kataka-taka. Katunayan, ang katotohanang

lubhang marami ang tumututol sa gayong mga pagkakataon ay siyang tunay na kataka-taka.

Sa kabila ng ebidensya, maraming taga-Kanluran ang nagrereklamo na ang Qur'an ay hindi nagbibigay-inspirasyon sa kanila na gaya ng ginagawa ng Bibliya. Dapat nating alalahanin, gayunman, na walang salin ang nagbibigay-katarungan sa Arabik. Sa dahilang ito, dapat nating igalang ang mga opinyon niyaong nagpakadalubhasa sa wikang Arabik. Ang ilan sa gayong mga awtor ay nagkokomentaryo,

> Lahat ng mga bihasa sa Quran sa Arabik ay nagkakaisa sa pagpupuri sa kagandahan ng aklat na ito ng relihiyon; ang kadakilaan ng anyo nito ay lubhang napakataas na walang pagsasalin sa alinmang wikang Europeo ang makapagpapahintulot sa ating hangaan ito.[142]

> Ang katotohanan ay, hindi ako nakakakita ng isang awtor na nakauunawa na tumutuligsa sa kagandahan ng Alcoran, sa pagkilala rito ng karamihan bilang pamantayan ng wikang Arabik at ng kahusayan sa wika . . .[143]

> Ang Quran, sa orihinal nitong kasuutang Arabik, ay may kaakit-akit na ganda at sariling panghalina. Nakaluklok sa angkop at mataas na estilo, ang maiikli nitong mga pangungusap na punung-puno, na karaniwang nakatugma, ay nagtataglay ng isang madamdaming lakas at sumasabog na sigla na napakahirap ihatid sa isinaling literal na bawat salita.[144]

Maraming Kanluranin ang maaaring magdusa nang gayon sa hindi nila kakayahang hangaan ang Qur'an sa kagandahan ng inihayag na Arabik. Ang suliraning ito ay maaaring palalain ng napakaraming mahinang pagsasalin na madaling makamtan sa pamamagitan ng mga tindahan ng aklat na Kanluranin. Ang salin ng kahulugan (*The Holy Qur'an*) ni Abdullah Yusuf Ali, ang sa Saheeh International (*The Qur'an*), ang pinagsamang pagsisikap nina Muhammad Al-Hilali at Muhammad Khan (*The Noble Qur'an*), at ni Marmaduke Pickthall (*The Glorious*

---

[142] *Al-Bukhari*, Muhammed ibn Ismaiel; isinalin ni Dr. Muhammad Muhsin Khan. 1997. *Sahih Al-Bukhari*. Riyadh: Darussalam. Volume 7, *hadith* #5678, p. 326.

[143] Stubbe, Dr. Henry, M.A. 1975. *An Account of the Rise and Progress of Mohomedanism, with the Life of Mahomet*. Lahore: Oxford and Cambridge Press. p. 158.

[144] Naish, John, M.A. 1937. *The Wisdom of the Qur'an.* Oxford. Preface, p. viii.

*Qur'an*) ay kabilang sa pinakamahuhusay. May ibang mga kapita-pitagang pagsasalin, subalit yaong kina Alexander Ross, George Sale, Rev. J. M. Rodwell, Edward Henry Palmer, at Richard Bell ay katiyakang dapat iwasan.

Ang nalalabi, kung gayon, para sa mga tao ay basahin ang Qur'an, na inuunawang ang mga katangiang puno ng damdamin ay nawawala sa pagsasalin. Sa pagsasabi nito, ang mensahe at ang mensahero ay di-mapaghihiwalay, at marami ang nakatutuklas na hinahangaan nila nang napakabuti ang kasulatan kapag pinag-aaralan nila ang buhay ng lalaking naghatid nito.

## IKALAWANG BAHAGI: MGA SUGO

*Lahat ng mga pusa ay abuhin kapag nasa dilim.*

— K

awikaang Vietnames

Gayundin ang mga sugo. Kaya't bigyan natin sila ng kaunting liwanag.

Hindi lahat ng mga propeta ay pare-pareho. Ang ilan ay tumanggap ng rebelasyon, ang ilan ay nag-angking tumanggap ng inspirasyon (pagkasi), at ang dalawang grupong ito ay hindi sapat mangahulugang magkasama sa isa't isa. Halimbawa, si Jesucristo ay nag-angking nabibilang sa unang uri, at si Pablo sa ikalawa. Ang pag-angkin ni Jesus ay buo; ang kay Pablo ay mahiwaga.

Sino, kung mayroon man, ang dapat nating pagtiwalaan?

Sa kasaysayan ng relihiyon, ang isang katotohanang madaling maging kapansin-pansin ay ang pagkakatatag ng Judaismo, Kristiyanismo, at Islam sa isang kahanga-hangang di-nabagong pangunahing mensahe. Sa panahon ng kanilang pagsisimula, lahat ng tatlong relihiyong ito ay nagturo ng pagiging iisa ng Diyos, ng pagiging tao ng Kanyang mga propeta, at ng isang kalipunan ng mga batas na nagpakita ng kaunti lamang na pagbabago mula sa unang rebelasyon hanggang sa sumunod.[145(EN)]

Gayon ding kapansin-pansin ang katotohanang unti-unting nilusob ng mistisismo (kahiwagaan) ang bawat isa sa tatlong relihiyong ito at sinira ang mga paniniwala mula sa mga pinanghawakan noong panahon ng mga pagsisimula, na lumikha ng sarisaring sektang nagsilihis

[145 (EN)] Tandaan nating hindi si Jesus, kundi si Pablo ang nagbuwag ng batas ng Lumang Tipan. Si Jesus ay nagturong "Huwag ninyong isiping dumating ako upang sirain ang Batas o ang mga Propeta. Hindi ako naparito upang mangwasak kundi upang tumupad" (Mateo 5:17). Para sa buong pagtalakay, tingnan ang *NaDiyos'grasya*.

sa orihinal. Sa kalagitnaan ng bawat isa sa mga ligaw na sektang ito ay laging may isang "kinasihang propeta."

Kung kaya, ang Ortodoksong Judaismo ay natabunan sa kalakhan ng higit na maluwag na Reformadong Judaismo; ang mahigpit na monoteismo at pagtalima sa batas ng Lumang Tipan na nagbigay-uri sa sinaunang Kristiyanismo ay sinira ng pormulang Trinitaryo at ng kawalang-batas ng konsepto ni Pablo sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig (pananampalataya); at ang ortodoksong Islam ay naagnas ng maraming kilusang "pangreporma," "makabago" at "mahiwaga" na nagtangkang muling sulatin ang mga batas ng Islam. Sa ulo ng bawat isang sektang lihis ay isang lalaki, babae o pangkat na nakahikayat ng pagsunod sa pamamagitan ng pag-aalok ng mas malalaking kaluwagang panrelihiyon, karaniwang kakabit ng halos walang kahirap-hirap na pangakong kaligtasan. May ilang taong pinipiling sumunod sa kasulatan at sa mga propetang naghatid niyon; ang iba ay nagtitiwala sa mga turo ng mga pinunong nagkaroon ng mahiwagang "inspirasyon."

Ang katotohanang ang mga turo ng mga "kinasihang" pinunong ito ay karaniwang sumasalungat sa mga turo ng mga tunay na propeta ay hindi nakaiwas ng pagpansin. Ni hindi ng katotohanang ang mga tunay na propeta ay tumangging hugisin ang rebelasyon upang sumang-ayon sa mga hangad ng kanilang mga tagasunod. Kung ang pagpapakabanal ay isang pagtitipon, ang bawat isa ay makadadalo. Subalit hindi gayon. Samantalang ang mga masalita (at ang kanilang mga tagasunod) ay madalas mamuhay sa luho at kaluwagan, ang mga tunay na propeta (at ang *kanilang* mga tagasunod) ay lalong kilala sa pagdaranas ng karalitaan at pag-uusig, subalit may ebidensya ng makadiyos na proteksyon. Ang ginhawa ay malapit, ngunit laging dumating kasunod ng isang panahon ng pagsubok.

Halimbawa, ginantihan ng Diyos ang di-natinag na pananampalataya ni Jose, sa kabila ng pagkaalipin at kasunod na pagkabilanggo, ng paglaya at isang puwesto ng kapangyarihan. Ginantimpalaan niya ang matiyagang pagtitiis ni Job ng pagsasauli ng kanyang kalusugan, kayamanan, at katayuan, ang katapatan ni Noe ng kaligtasan mula kapwa sa mga taong di-naniwala at sa pagbaha, at ang pagtitiyaga ni Moises ng kalagayan ng pagiging pinuno ng mga Judio. Patuloy ang listahan at ang kaanyuan ay di-nababago. Ang mga huwad na propeta ay

nagtatamasa ng mataas na uri sa makamundong pamumuhay na ito na may walang-ingat na pagwawalang-bahala sa kaparusahang naghihintay sa kanila sa kabilang-buhay. Ang mga tunay na propeta, sa kabilang dako, ay nagpapatotoo ng kanilang katapatan sa pamamagitan ng pagtitiyaga sa pagsubok, at sa huli ay ginagantimpalaan sa kanilang pananalig at pagpapakasakit.

"Paano naman si Jesucristo?" maaaring itanong ng ilan. "Paano ang kanyang krusipiksyon at paghihirap? Paano ang kanyang *pasyon* (pagpapakasakit)?" Oo, bueno, kung si Jesucristo ay hindi naipako sa krus, kung gayon ay iniligtas siya ng Diyos at *walang pagpapakasakit*. Kung gayon ang nangyari (na ang ebidensya nito ay tinalakay sa unang aklat ng seryeng ito, *NaDiyos'grasya*, iniligtas ng Diyos si Jesus sa pamamagitan ng pagtaas sa kanya mula sa makamundong buhay na ito, at sa malapit sa Araw ng Paghuhukom ay ibabalik siya sa Daigdig sa isang puwesto ng kapangyarihan.

Ang isa pang pagkakatulad ay ipinadala ang lahat ng mga tunay na propeta upang ituwid ang mga paglabag sa nangaunang kasulatan. Sa buong kasaysayan ng rebelasyon, ang ilan ay yumakap sa katuruan, ang iba ay binago ang mensahe, at ang iba pa ay tinanggihan iyon nang lubusan. Ang pagkakaiba-iba ng mga sektang panrelihiyon ay isang tuwirang resulta ng ganitong kasalimuutan ng kalikasang pantao. Ang mga pangunahing tema ng kaisahang makadiyos at ng mga batas ng Diyos ay naglalagos sa pundasyon ng lahat ng inihayag na relihiyon, samantalang ang mga punong kahalagahan ng mistisimo (kahiwagaan) at teolohiyang makasarili ay naglalagos sa mga sektang ligaw. Ang mga kalakarang panrelihiyon, kung wawariin, ay lumilitaw na hindi gaanong nagbabago.

Karamihan sa mga tao ay itinuturing ang kanilang sariling may kakayahang papagkaibahin ang mga tunay na propeta sa mga huwad, at ang dalisay na rebelasyon sa dinumihan, subalit isang mahapding katotohanang sa bawat propeta ay may mga nagturing sa kanyang nalinlang, at sa bawat isang nalinlang na masalita, may mga nagturing sa kanya bilang propeta. Sa kabutihang-palad, may mga palatandaang umiiral para linawin ang pag-angkin ng isang kandidato sa pagkapropeta, at ang mga palatandaang ito ang nangangailangan ng pagsusuri.

## 1:  Adan hanggang kay Moises

*Ang isang taong may katapangan ay isang karamihan.*

— A

ndrew Jackson

Ang Judaismo, Kristianismo at Islam ay pawang naglalarawan ng kadena ng pagkapropeta mula kay  Adan hanggang kay Moises, at kinikilala ang bawat propeta sa pagtayong halos nag-iisa sa larangan ng pagkamatuwid sa kanyang kapanahunan. Ang mga Bibliya ng mga Judio at mga Kristiyano, gayundin ang Banal na Qur'an, ay pawang bumabanggit sa mga sumusunod  (na may mga pangalang  Arabik, kung saan may pagkakaiba, sa mga panaklong): Adan, Noe (Nuh), Lot (Lut), Abraham (Ibrahim), Ismael (Isma'il), Isaac (Ishaq), Jacob (Yaqoub), Jose (Yusuf), Aaron (Harun), Moises (Musa), David (Dawood), Solomon (Sulaiman), Job (Ayyub), Ezekiel (Zulkifl), Jonas (Yunus), Elias (Ilyas), at Eliseo (Al-Yasa').

Samantalang ang Lumang Tipan, Bagong Tipan at Banal na Qur'an  ay kumikilala sa mga propetang ito, nagkakaiba-iba sila ng mga detalye ng kanilang mga buhay. Halimbawa, ang tatlong kasulatan ay nagpapatotoong ang bayan ni Lot ay napawi  bilang parusa sa kanilang mga "saliwang" pamumuhay, si propeta Jonas ay nadupilas sa magkabilang direksyon sa ibabaw ng madulas na katubigan ng lalamunan ng isang balyena, at si David ay gumawa ng isang kagulat-gulat na una (at huling) impresyon kay Goliath.

Gayunman, may mga mahahalagang pagkakaiba.

Itinatala ng Islam na pinatawad ng  Allah sina Adan at Eba sa kanilang kasalanan ng pagkain ng bawal na prutas, na nagpipinid ng pinto sa konsepto ng Kasalanang Orihinal. Ang Banal na Qur'an ay hindi nag-uugnay ng pagtatalik ng magkapamilya, paglalasing, pakikipagkasunduan sa prostitusyon at pagpaslang sa ilang propeta,  sa malaking pagkakaiba sa Lumang Tipan at mga paglalarawan kina  Lot, Noe, Juda, at David, ayon sa pagkakasunud-sunod. Bagkus, itinuturo ng Islam na ang mga propeta ay isinabuhay, sa halip ng sinalungat, ang

matuwid na pag-uugaling inatasan silang ihatid.

Bukod dito, binabanggit ng Banal na Qur'an sina Hud, na ipinadala sa bayan ng 'Ad (TMQ 7:65); Salih, na ipinadala sa bayan ng Thamud (TMQ 7:73); at iba pang mga propeta, bagamat hindi kinakailangang sa pangalan.

Ngayon, samantalang mapaninindigan natin ang kadena ng mga pangunahing propeta, ang hugis ng pagkapropeta ay namamalaging tila mailap sa mga kasulatang Judio at Kristiyano. Katiyakan, ang tala-angkanan ng tao ay waring napagkasunduan: si Adan ay nagkaasawa, sila ay nagkaanak, at mula sa kanila ay lumitaw ang lahi ng tao. Ang dalawang anak na lalaki ni Adan ay nagsimula ng kaugaliang away-magkapatid sa di-maliit na antas, habang sabay na kinakatawan ang magkasalungat na polo ng pagkamatuwid at kawalang-kabanalan. At ang mga tao mula noon ay nagsimulang magtalu-talo.

Isang serye ng mga kilalang propeta ang sumunod nang may maayos na pagkakatuluy-tuloy, na may ibang di-kilalang propetang mga sanga-sanga mula sa punong linya. Subalit bakit? Ano ang pangkabuuang hangarin?

Katiyakan, ilang propeta ang sumunod sa mga yapak ng iba, kagaya ng tila walang katapusang pagkakasunud-sunod ng mga propetang ipinadala sa mga Judiong suwail. Datapwat, paano naman ang mga kulturang yaon, na sumibol, umunlad at pumanaw nang hindi man lamang nagkaroon ng isang Moises o Cristo para dalhin ang populasyon sa kaligtasan? Ano ang nangyari sa mga taong *yaon*? Sa loob ng mga sakop ng mga katuruang Judeo-Kristiyano, ang tanging mga sagot sa tanong na ito ay batay sa haka-haka.

Ang Islam, sa kabilang dako, ay nagtuturong walang bayang kailanman ay naiwang walang patnubay. Gaya ng isinasaad ng Banal na Qur'an ,

> "Tunay, ipinadala ka Namin [Muhammad] nang may katotohanan,
> bilang isang tagahatid ng balita ng kasiyahan,
> at bilang isang babala: at kailanman ay walang isang bayan
> (sa nakaraan) na di-nagkaroon ng tagababalang sa kanila'y namuhay "
> (TMQ 35:24).

Minsan sa nakaraang panahon, ipinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan ang biyaya ng wikang nakasulat, at ang sumunod na rebelasyon ay naitala sa nahahawakang sipi. Ang *Suhuf* (Mga Pahina) ay inihayag kay Abraham, ang *Zaboor* (mga Salmo) kay David, ang *Tawraat* (Torah) kay Moises, ang *Injeel* (Ebanghelyo) kay Jesus at ang Qur'an kay Muhammad.

Sa pagdating ng mga nakatitik na talaan, bawat rebelasyon ay nagtamasa ng mas mahabang panahon at paglaganap, na may maliit na pangangailangan sa mga paalalang pantao. Datapwat ang mga naunang kasulatan ay napakialaman at binago (gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'grasya*), at nangailangan ng panibagong rebelasyon upang ituwid ang nakatala. Kung tutuusin, ano ang pangangailangan sa isa pang propeta kung ang naunang kasulatan ay nasa labas ng pagkasira?

Sapagkat ang mga kasulatan ng Lumang Tipan ay sinira, si Jesucristo ay kinailangan upang ibalik ang kadalisayan ng rebelasyon. Ang kadalisayang ito, gayunpaman, ay hindi nagtagal, at ang Bagong Tipan ay sumasaksi sa pagsirang ito. Kaya, ang pangangailangan sa isang pangwakas na propeta — gaya ng prediksyon kapwa sa Luma at Bagong Tipan — at para sa isang makadiyos na pangwakas na rebelasyong may proteksyon.

Sino ang huling propetang ito? At ano ang pangwakas na rebelasyon? Ayon sa Islam, si Muhammad at ang Banal na Qur'an. Gayunpaman, upang mapagkilala ang pag-angking iyan, dapat muna nating suriin ang mga buhay at mga mensahe nina Moises at Jesus.

## 2: Moises

*Ang nagsasabi ng totoo ay dapat nakatapak ang isang paa sa estribo.*

— K

awikaang Hindu

Sino ang Moises ng Lumang Tipan? Isang Kabayong Trojano sa bahay ng Faraon, isang nagtapon sa sarili sa ibang bayan matapos aksidenteng mapatay ang isang abusadong mapang-alipin, isang taong may dangal at paninindigang nagbalik sa palasyo ng Faraon, walang takot sa mga mangyayari, upang tuparin ang utos ng kanyang Lumikha, at isang propetang nakibaka laban sa kasawian, kapwa sa labas at sa loob ng mapaghimagsik na pangkat ng mga takas na nailigtas sa pagkaalipin ayon sa kalooban ng Diyos — ito ang taong si Moises. Siya ay isang propetang tinanggihan ng karamihan sa kanyang bayan, paulit-ulit na kinalaban niyaong mga pinagdalhan sa kanya upang iligtas, na nakipaglaban hanggang sa dulo ng kanyang mga araw upang magpunla ng kaunting kabanalan sa isang bayang paulit-ulit na hayagang lumabag sa mga utos ng Diyos.

At gayunman ay nagpakatatag siya.

Siya ay nahulog mula sa isang mataas na tungkuling maharlika hanggang sa pinakamababang katayuang di-kilala, upang mapagkalooban lamang ng gantimpala ng rebelasyon, mabigyan ng patotoo ng isang serye ng mga himalang nagtaguyod. At dito ay waring nagtagumpay siya, sapagkat nilisan niya ang mundo matapos niyang maisakatuparan ang ipinag-utos sa kanya. Ang ilan sa kanyang mga tagasunod ay nanatiling masunurin sa mga dikta ng batas ng Lumang Tipan, at ang malaking bahagi ay hindi. Ang pinakapambihira, gayunman, ay ang pagbibigay-babala sa mga Judio ng rebelasyong hatid ni Moises dahil sa kanilang mga paglabag, datapwat paulit-ulit na ang tanging mensaheng tila nanatili sa kanila ay ang konsepto ng kanilang pagiging "pinili." Ang kahalagahan ng katapatan sa mga utos ng Diyos ay naging pangalawa, sa marami sa kanilang isip, sa payak na konsepto ng kataasang-uri ng lahi, at ito ay sa kabila ng mga talata ng Lumang Tipan na pumupuna o bumabatikos sa mga Judio.

Halimbawa, si Moises ay nagdaan sa napakakapal na hiyeroglipiko (nagpaalala ng

lumang kasaysayan) alang-alang sa pagdadala ng mensahe ng rebelasyon. Gayunman ay hindi man lamang siya makapagniig (makapag-usap) nang 40 araw sa kanyang Lumikha nang hindi nagbalik sa paganismo ang kanyang mga tagasunod. Kahit na nasaksihan nila ang mga himala — paglakad sa pagitan ng mga pader ng tubig-dagat, paglilim ng isang haliging ulap sa araw at pagbigay-init ng isang haliging-apoy sa gabi, pagkain ng manna (makalangit na tinapay) at pugo at pag-inom ng tubig mula sa batong may 12 bukal, lahat ayon sa biyaya ng Diyos — sa sandaling nawala si Moises para sa kaunting pakikipagniig sa Isang nagligtas at nagprotekta sa kanilang lahat, nagsimula silang gumawa ng isang walang-silbing rebulto ng isang nagpapatak-duming may apat na paa! (Neh 9:9–18)

Ang reaksyon ng Diyos? Magbigay-payo kay Moises:

> Bumangon ka, dagliang manaog mula rito, sapagkat ang mga taong dinala mo mula sa Ehipto ay kumilos nang masama; agad silang tumalikod sa landas na Aking ipinag-utos sa kanila; iginawa nila ang kanilang sarili ng hinugis na anyo . . . Nakita Ko ang bayang ito, at tunay silang isang bayang matigas ang leeg. Hayaan mo Akong mag-isa, upang wasakin sila at pawiin ang kanilang pangalan mula sa ilalim ng kalangitan . . . (Deuteronomio 9:12–14)

Nagpapatuloy ang Lumang Tipan sa pagpapaalaala sa paghihimagsik ng mga Judio laban sa mga utos ng Diyos (Deuteronomio 9:22–24), sa kanilang katigasan at kaimbihan (Deuteronomy 9:27), sa kanilang pagsira sa kanilang tipan at sa kasunod na galit ng Diyos (Deuteronomy 31:16–21), na mabisang sinusuma ni Moises:

> Kunin ninyo ang Aklat na ito ng Batas, at ilagay sa tabi ng kaban ng tipan ng PANGINOON ninyong Diyos, upang ito ay maging isang saksi laban sa inyo; sapagkat batid ko ang inyong paghihimagsik at ang inyong matigas na leeg. Kung ngayon, samantalang ako ay nabubuhay pang kasama ninyo, kayo ay naging suwail sa PANGINOON, kaya't gaano na kaya matapos akong mamatay? Tipunin ninyo ang lahat ng mga nakatatanda sa inyong mga tribo, at ang inyong mga pinuno, upang maipahayag ko ang mga salitang ito na kanilang maririnig at matawagan ang kalangitan at kalupaan upang sumaksi laban sa kanila. Sapagkat nababatid kong pagkatapos ng aking

kamatayan, kayo ay magiging labis na masasama, at tatalikod sa landas na aking ipinag-utos sa inyo. At ang kasamaan ay sasapit sa inyo sa mga huling araw, sapagkat gagawa kayo ng kaimbihan sa harap ng PANGINOON, upang Siya ay pagalitin sa pamamagitan ng gawa ng inyong mga kamay (Deuteronomio 31:26–29).

Sa Deuteronomio 32:21, nakatalang sinabi ng Diyos,

Pinapanibugho nila Ako dahil sa isang hindi Diyos;
Sa kanilang mga hangal na rebulto, Ako ay kanilang pinagpuyos.
Ngunit papaninibughuin Ko sila sa mga hindi isang bansa;
Pagagalitin Ko sila dahil sa isang hangal na bansa.

Ang huling linyang ito tungkol sa "mga hindi isang bansa . . . isang hangal na bansa" ay maaaring makatawag ng pansin, sapagkat sino sa lupain ng mga Israelita ang higit na nahahati kaysa mga Ismaelita,o sa ibang salita, mga Arabe? Isang di-nag-aral at mangmang ("hangal," kung inyong nais), kakaiba at nahahating grupo ng mga taga-desyerto sa una sa Panahong Islamiko ng Kamangmangan, sila ay gayong "hindi isang bansa" kung kaya't si Alejandro Magno, ang Imperyong Persiano, ang Imperyong Romano, at ang mga Ehipsiyo ay pawang nilagpasan sila. Bakit? Sapagkat walang isang bansang Arabyanong dapat sakupin. Gayon silang nahahati at kalat-kalat, gayong kahiwa-hiwalay at mga tribo, kaya't walang pambansang pagkakakilanlan at walang mga maharlikang kayamanang sukat pagnasaan.

Datapwat, kasunod ng rebelasyon ng banal na Qur'an, nagkaisa ang mga taong ito sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan, bumangon upang paunlarin ang mga pinakadakilang paaralan sa kanilang panahon, palawakin ang mga nasasakupang hangganan mula sa Espanya hanggang sa gilid ng China upang itatag, sa loob ng maikling panahong 25 taon, ang isang imperyong sumakop sa higit pang maraming kaharian at bansa kaysa ginawa ng Imperyong Romano sa 800 taon. Bukod pa rito ay nilupig nila ang mga Judio, upang mabisa nilang "pagalitin sila ng isang hangal na bansa.

At nagbigay pa ang Diyos ng predisksyon ng lalo pang mga malalaking parusa:

Bubuntunan Ko sila ng mga kapahamakan;
Sa Aking mga palaso, sila'y gugugulan.
Sila'y maaaksaya sa kagutuman,
Lalamunin ng salot at mapait na kapinsalaan;
Padadalhan Ko rin sila ng mga ngipin ng mababangis na hayop,
May lason ng mga ulupong sa alikabok.
Sa labas, sa tabak sila'y wawasakin;
Sa loob, sila ay tatakutin,
Para sa kabataang lalaki at sa birhen,
Sa sanggol na pasusuhin at lalaking ubanin. . . .
Akin ang paghihiganti, at ang paniningil,
Ang kanilang paa ay dudulas sa tamang kapanahunan;
Sapagkat darating ang araw ng kapahamakan,
At magmamadali ng pagdating sa kanila ang mga bagay-bagay.

(Deu

At gayunpaman, sa kabila ng paulit-ulit na mga parusa ng Diyos, mga pagkastigo, mga pagsumpa at paglait, gaanao kadalas nating matagpuan ang mga Judio na pinagninilayan ang kahalagahan ng gayong mga mararahas na pahayag ng paninisi, na salungat sa buong kapalaluang ginagaya ang parirala ng "bayang pinili"? Ang kamalian ay nakalulungkot, sapagkat nakapagligaw ito sa marami upang ipagwalang-bahala ang mga prediksyon ng Lumang Tipan ng tatlong propeta upang sundin. Naunawaan ng mga Judio ng panahon ni Jesus ang prediksyong ito, at iyan ang dahilan kung bakit ang mga Pariseo ay nagtanong tungkol sa pagkatao ni Juan Bautista.

Ngayon, ito ang patotoo ni Juan, nang ipinadala ng mga Judio ang mga pari at mga Levita mula sa Jerusalem upang tanungin siya, "Sino ka ba?" Nagtapat siya, at hindi nagkaila, ngunit nagtapat, "Hindi ako ang Cristo." At tinanong nila siya, "Ano kung gayon? Ikaw ba si Elias?" Sinabi niya, "Hindi ako." "Ikaw ba ang Propeta?" At tumugon siya, "Hindi" (Juan 1:19–21).

Pagkatapos ng paiwas na tugon ni Juan Bautista, nagpumilit ang mga Pariseo sa pagtatanong, "Kung gayon, bakit ka nagbibinyag kung hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias, ni ang Propeta?" (Juan 1:25)

Cristo, Elias, at “ang Propeta,” malinaw na nabanggit hindi miminsan lamang, kundi makalawa. Ayon sa kasulatan, si Juan Bautista ay hindi ang Cristo, bagamat maaari siyang si Elias — sa kabila ng diumano’y pagtanggi ni Juan, kinilala siya ni Jesucristo bilang Elias sa Mateo 17:11–13. Sa pagsasantabi ng mga salungatan, ang maselang isyu ay ang pagkakakilanlan sa pangatlong sugo. Sino “ang Propeta”?

Yayamang ang mga iskolar na Judio sa kapanahunan ni Juan Bautista ay nagsiasam ng tatlong sugong darating, makatwiran nating asahang makakita ng ebidensya sa Lumang Tipan, sapagkat mula sa aling pinagmulan malalaman ng mga Pariseo ang umasam ng tatlong makadiyos na hinirang na panauhin?

At, sa katunayan, ang Lumang Tipan ay punung-puno ng mga prediksyon at tagalarawan ng mga darating na sugo. Ang mga pahayag na yaong nakaugnay kina Juan Bautista at Jesucristo ay lubhang tanyag, subalit, maraming pahayag ang hindi umaangkop sa paglalarawan ng dalawang propetang ito — na gaya ng maaasahan natin, kung isasaalang-alang na ang mga Judio ay umasam ng isang pangatlo. Kabilang sa mga nanghulang ito ang Isaias 42, kung saan ang propetang itinatanong ay makalawang tinukoy na isang sugo para sa mga Hentil (Isaias 42:1 at 42:6), hindi gaya ni Jesucristo, na nag-angking hindi ipinadala “maliban sa nawawalang mga tupa sa bahay ni Israel” (Mateo 15:24).

Bukod dito, kasang-ayon ng mga humula sa Lumang Tipan ng isang propetang Ismaelita (Genesis 17:20, 21:13 at 21:18), inilalarawan ng Isaias 42:11 ang inihulang propeta bilang isang Ismaelita sa hanay ni Kedar — kumbaga, ang linya ng mga ninuno ni Muhammad.

Kaugnay ng paksang ito, ang mga pangalang Isaac at Ismael ay maaaring napagpalit sa kasulatang biblikal batay sa pagkiling sa relihiyon. Ang pahiwatig na ito ay hindi walang katwiran, sapagkat ang ibang mga elemento ng kuwento sa Lumang Tipan ay naaakmang gaya ng kuwadradong tulos sa isang bilog na butas (magkasalungat).[146 (EN)]

Bakit mahalaga ito? Sapagkat ang Isaias 42 ay hindi ang tanging kabanata sa Lumang

---

146 (EN) Ang *The Isaac/Ishmael question* (Suliraning Isaac/Ismael), katulad ng ibang kaugnay na mga kamalian sa Lumang Tipan ay tinatalakay nang may higit na detalye sa *NaDiyos’grasya*, Ika-4 na Bahagi, Kabanata 1.

Tipan na humula sa isang propeta maliban kay Juan Bautista o Jesucristo. Bukod dito, gaya ng makikita natin pagkatapos, walang dahilang maghinalang ang pangwakas na propetang ito ay nagbuhat sa linya ng mga Judio, kundi sa linya ng mga Ismaelita.

At paano natin malalaman ang huling propetang ito? Ang Jeremias 28:9 ay nagsasaad, "Sa ganang propetang nagbibigay ng mga propesiya ng kapayapaan, kapag ang salita ng propeta ay dumating, malalamang ang propeta *ay siyang* tunay na ipinadala ng PANGINOON." Kung tatanggapin natin ang talatang ito bilang pamantayan sa paghatol sa isang propeta, ang mga Muslim ay mabilis na nagpapahayag na si Muhammad ay humula ng kapayapaan. Bukod dito, gaya ng tinalakay natin sa una, bawat prediksyon sa loob ng Banal na Qur'an ay alin sa natupad na, o sa pinakamababa, ay nananatiling hindi mapapabulaanan. Ang "salita ng propeta," sa wari "ay dumating na."

Ang isa pang karagdagang punto: ang salitang Hebreo para sa "kapayapaan" sa Jeremias 28:9 ay *shalom,* na katumbas sa Arabik na *salam*, o "Islam." Kaya, kung ang talata sa itaas ay isasalin sa Arabik, ito ay mababasang, "Sa ganang propetang nagbibigay ng mga propesiya ng *salam* . . .o "Sa ganang propetang nagbibigay ng mga propesiya ng Islam . . ."

Ang pinakamahalaga, gayunpaman, ay hindi lumilitaw na si Jesucristo ang propetang tinutukoy sa Jeremias 28:9. Totoo, ang mga Kristiyano ay nagpapahayag na si Jesucristo ang "Prinsipe ng Kapayapaan," ngunit ano ang sinabi ni Jesus? Isang bagay na labis na kakaiba: "Huwag ninyong isiping naparito ako upang maghatid ng kapayapaan sa mundo. Hindi ako dumating para maghatid ng kapayapaan kundi ng isang tabak/espada" (Mateo 10:34) at "Ipinapalagay ba *ninyo* na ako ay dumating upang magbigay ng kapayapaan sa mundo? Sinasabi ko sa inyo, hindi nga gayon, kundi pagkakahati" (Lucas 12:51). Kaya't sino ang inihulang propetang magpopropesiya ng kapayapaan (*salam*, o Islam), kung hindi si Jesus?

Tanungin natin si Jacob. Sa Genesis 49:10, nakatalang si Jacob ay nagsabi,

> Ang setro ay hindi lilisan sa Judah,
> Ni isang mambabatas mula sa pagitan ng kanyang mga paa,
> Hanggang sa ang Shiloh ay dumatal;
> At sa Kanya *ibibigay* ang pagtalima ng kanyang bayan.

Oookey. Sino, o ano, ang "Shiloh?" Isang tao, isang pook, isang kaisipan? Hindi ito gaanong mahalaga. Maaari bang ang "Shiloh" ay tumukoy kay Jesucristo? Pinakamalamang na hindi, sapagkat siya ay isinilang mula sa lahi ni Juda, na ang setro ay tinutukoy na sa kanya lilisan. Maaari bang ang "Shiloh" ay tumukoy sa Islam, yayamang ang *Shiloh* at Islam ay kapwa nangangahulugan ng kapayapaan? Bueno, maaari. Ngunit maaaring hindi. Muli, hindi gaanong mahalaga. Ang tunay na mahalaga ay inihuhula ang pagkawala ng kapangyarihan ng pagsasabatas at pagkapropeta sa lahi ni Isaac. Ito ay isang bagay na tapos na. Kung ang Lumang Tipan ay igagalang, nangyari na ito o mangyayari pa lamang. Kung tutuusin, tungkol saan ba ang buong aklat ng Malakias, kundi sa paglipat ng rebelasyon mula sa mga ligaw na Israelita sa linya ng mga Hentil?

Kaya't ano ang sinasabi namin? Na ang Lumang Tipan ay humula ng isang huling propetang susunod kay Jesus — at hindi lamang basta isang huling propeta, bagkus isang nasa linya ng mga Ismaelita?

Ah, oo, iyan ang eksaktong sinasabi namin.Ngunit kung gayon nga, hindi ba natin maaasahang nagsalita sina Moises at Jesus tungkol sa bagay na ito?

Ang totoo, lumilitaw na ginawa nga nila. Ayon sa Deuteronomio 18:18, inihahatid ni Moises ang rebelasyon ng Diyos sa mga salitang ito: "Itataas Ko para sa kanila ang isang Propetang katulad mo mula sa kanilang mga kapatid, at ilalagay ang Aking mga salita sa kanyang bibig."

Kaya't sino ang maaaring maging propetang "katulad ni Moises"? Hindi ito lumilitaw na naging si Jesucristo, sapagkat ang kanyang linya ay sa linya ni Isaac, at ang propeta sa usapan ay inihulang itataas mula sa mga kapatid ng mga Israelita, na hindi tayo masisising maunawaang tumutukoy sa mga Ismaelita. Subalit maging malinaw tayo sa puntong ito. Ang "mga kapatid" ba ay nangngahulugang "mga kapatid," na tila ayon sa pag-iisip, o nangangahulugan ba ito ng mga supling at kamag-anak, na ipinahihiwatig ng ibang mga awtor?

Tanungin natin ang Bibliya.

Itinuturo ng Genesis 16:12 na si Ismael "ay mananahan sa piling ng lahat ng kanyang

mga kapatid." Ngayon, sa panahong ipinahayag ang bersong ito, si Ismael ay walang anak (sa bagay na iyan, ni hindi pa siya isinisilang). Kaya't bigyan natin siya ng 14 na taon upang gumulang, isang taon para sa kanyang unang anak, isa pang 15 taon para sa panganay na anak para gumulang at maghalo ng linya ng dugo sa isang tagalabas, isa pang 15 taon para sa paggulang — halos 50 taon ang lilipas bago lumabnaw sa 25 bahagdan (%) ang linya ng dugo ni Ismael. Kaya't sino ang magiging mga kapatid, na makakapiling sa paninirahan ni Ismael, kung ang ibang mga Ismaelita, sa darating na 50 taon o higit pa, ay ang kanyang sariling mga anak at apo? Kung ang talata ay tumutukoy sa kanyang mga anak, maaasahan nating iyan ay ginawang malinaw. Yayaman din lamang, na para tawaging "mga kapatid" ang sariling mga anak ng isanng tao ay baliin at idugtong ang ilang sanga mula sa isang matandang punongkahoy. Ang tanging natitirang kandidato para sa mga kapatid ni Ismael, kung gayon, ay ang kanyang mga kapatid, ang mga Israelita.

Kaya't kung nauunawaan nating ang inihulang propeta ay magmumula sa linya ni Ismael, sino kaya siya? Sino ang propetang "katulad ni Moises"?

Ilista natin ang nalalaman natin tungkol kay Moises, at tingnan natin kung paano ito maihahambing kay Jesucristo.

1. Si Moises ay isinilang sa kapawa ama at ina, samantalang si Jesus ay isinilang ng Birheng pagsilang, na ibig sabihin, walang ama.

2. Si Moises ay nag-asawa at nagkaanak, samantalang si Jesus ay hindi nag-asawa at nagpamilya.

3. Si Moises, bagama't sa simula ay tinanggihan ng kanyang bayan, ay tinanggap sa huli, samantalang si Jesus hanggang ngayon ay tinatanggihan ng mga taong pinagdalhan sa kanya (alalaong-baga, ang mga Israelita).

4. Si Moises ay isang hari sa kanyang bayan, na nagtangan ng kapangyarihang maghatol ng punong parusa o kamatayan (Mga Bilang 15:35–36), samantalang si Jesus ay nanindigang "Ang Kaharian Ko ay hindi sa mundong ito . . ." (Juan 18:36). Bukod dito, si Jesus ay tumangging ihatol ang kamatayan, gaya ng nakatala sa kuwento tungkol sa babaeng mapakiapid (Juan 8:3–7).

5. Si Moises ay naghatid ng isang bagong batas samantalang ipinangaral ni Jesus ang luma.

6. Pinangunahan ni Moises ang kanyang bayan tungo sa kalayaan sa isang maramihang paglikas (*exodo*) mula sa lupa ng kanilang pag-uusig. Walang gayong kapantay sa talaang kasaysayan ni Jesus.

7. Si Moises ay matagumpay sa kanyang mga kaaway, samantalang isinasaad ng talang biblikal na si Jesus ay ang kabaligtaran — isang biktima ng kanyang mga kaaway.

8. Si Moises ay kinilala ng kanyang bayan sa pagiging isang propeta, ngunit isang taong mortal. Si Jesus ay kinikilala ng mga Kristiyano bilang isang Diyos, isang anak ng Diyos, at / o katambal (kapartner) ng Diyos.

9. Si Moises ay namatay nang natural at inilibing. Inaangkin ng mga Kristiyanong si Jesus ay ipinako sa krus at ang kanyang katawan ay itinaas sa kalangitan.

10. Minsang namatay, si Moises ay nanatiling patay, samantalang inaangkin ng mga Kristiyanong si Jesus ay nabuhay na mag-uli.

Ngayon, ano ang tungkol kay Muhammad? Siya ay isinilang "mula sa mga kapatid" ng mga Israelita, sa hanay ng pangalawang anak ni Ismael, si Kedar. At yayamang si Jesus ay bigong pantayan ni Moises sa mga pamantayan sa itaas, tingnan natin hung paanong susukatin si Muhammad:

1. Sina Moises at Muhammad ay kapwa may mga ama.

2. Sila ay kapwa nagsipag-asawa at nagkaanak.

3. Sila ay kapwa tinanggihan sa simula ng kanilang bayan, ngunit sa huli ay tinanggap at iniangat sa pagkakaroon ng kapangyarihan ng mga hari.

4. Sa pagkakaroon ng kapangyarihan ng mga hari, sila ay kapwa nagtaglay ng kapangyarihang magtakda ng parusang kamatayan at atasan ang mga tao sa pakikidigma.

5. Kapwa sila naghatid ng mga pagbabago sa naunang batas, samantalang pinanatili ang mga sangkap ng monoteistikong pananampalataya (sa iisang Diyos).

6. Dinala ni Moises ang kanyang bayan sa kalayaan sa isang maramihang paglikas mula sa lupa ng pag-uusig sa kanila, gayon din ang ginawa ni Muhammad sa paghahatid sa kanyang bayan mula sa Makkah patungong Medina sa *hijra* (pangingibang-bayan).

7. Sina Moises at Muhammad ay kapwa matagumpay sa kanilang mga kaaway.

8. Kapwa sila kinilala ng kanilang bayan bilang mga propeta, ngunit mga taong mortal.

9. Kapwa sila nagkaroon ng mga likas (natural) na kamatayan at inilibing.

10. Wala sa kanilang dumanas ng pagsamba bilang Diyos, at wala sa kanilang nabuhay na mag-uli.

Samantalang may ilang mahahalagang pagkakatulad sa pagitan nina Jesus at Moises, maging sa kanilang mga makamundong buhay o mga misyon bilang propeta, isang hamon ang makakita ng kahit iisang sangkap ng kahalagahan sa buhay ng alinman kina Muhammad o Moises na walang malapit na pagkakatulad sa buhay ng isa't isa.

Si Muhammad, di-gaya ni Jesus, ay lubhang "katulad ni Moises."

Bukod dito, natutugunan ni Muhammad ang buong paglalarawan ng Deuteronomio 18:18–22, gaya ng sumusunod (na may paghahambing ng awtor sa mga panaklong):

> Itataas ko para sa kanila ang isang Propetang katulad mo [ Moises] mula sa kanilang mga kapatid [ang mga Ismaelita, na pinagkunan ni Muhammad ng kanyang linya], at ilalagay Ko ang Aking mga salita sa Kanyang bibig, at Siya ay mangungusap sa kanila ng lahat ng Aking iuutos sa Kanya [si Muhammad ay nag-angkin ng binigkas na rebelasyong hatid ng anghel ng rebelasyon]. At mangyayaring *kapag* may sinumang hindi marinig ang Aking mga salita, na Kanyang bibigkasin sa Aking pangalan, ipag-uutos Ko *iyon* sa kanya. Subalit ang propetang mag-akalang nagsasalita sa Aking ngalan [walang alinlangan kung kaninong ngalan si Muhammad ay nag-angking nagsalita, sapagkat lahat maliban sa isa sa 114 na mga *surah* ng Banal na Qur'an ay nagsisimula nang may pag-aalay, "Sa ngalan ng Allah, Puspos ng Awa, Lubhang Maawain"], na hindi ko inatasang mangusap , o nangungusap sa ngalan ng ibang mga diyos, ang propetang iyon ay mamamatay [inihatid ni Muhammad ang rebelasyon ng Qur'an nang higit sa 23 taon, nang hindi nagdusa ng kamatayang ipinangako para sa mga propeta.]
>
> At kapag sinabi ninyo sa inyong puso, "Paano naming malalaman ang salitang hindi binigkas ng PANGINOON?" — kapag ang isang propeta ay nangusap sa ngalan ng PANGINOON, kung hindi mangyari o maganap ang bagay na iyon, iyan *ay* ang bagay na hindi binigkas ng PANGINOON; kung binigkas iyon ng propeta bilang haka-haka, hindi kayo matatakot sa kanya. [Walang rebelasyon sa Qur'an ang kailanman ay nabigong magkatotoo, at walang anumang napatunayang huwad, salungat sa ipinangakong kahihinatnan ng mga huwad na propesiya.]

Kaya't sino ang naniniwalang ang propetang inihula sa Deuteronomio 18:18–22 ay siya ring "ang propetang" inihula sa Juan 1:21? Bueno, ang mga Kristiyano, bilang halimbawa. Hanapin ang Juan 1:21 sa alinmang Bibliyang nagtataglay ng hambing-sanggunian (halimbawa, ang *New International Version Study Bible)*, at makikita ninyo ang Deuteronomio 18:18 na may hambing-sanggunian. Ang mga iskolar ng Kristiyanismo ay naniniwalang ang dalawang pahayag na ito ay kapwa inihuhula ang iisang huling propeta.

Ang mga Muslim ay nag-aangking tinutupad ni Muhammad ang lahat ng mga hula sa Lumang Tipan tungkol sa inihulang propeta, at nagtatakang bakit ang utos, "Siya ay inyong diringgin" ay ipinagwawalang-bahala ng mga nag-aangking tumutupad sa utos ng Diyos. Ang mga Kristiyano, gayunman, ay naninindigang ang prediksyon sa bibliya ng isang huling propeta ay nananatiling di-natutupad. Sa ganito, inihahambing ng mga Muslim ang pagtanggi ng Kristiyano kay Muhammad sa pagtanggi ng Judio kay Jesus. Sa kanilang mga isipan, ang mga kaso kapwa ng mga Kristiyano at mga Judio ay tumatanggi  sa ebidensyang malinaw, at ang dalawang katayuan ay naglalantad ng higit na debosyon sa doktrina kaysa sa pagkamakadiyos.

Para sa mga Kristiyano, ang pagpapatibay o pagtutol sa nakahihiyang bintang na ito ay matatagpuan sa kung ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa paksa.

## 3: Jesucristo

*Idiniin sa paglilingkod ay nangangahulugang diniinang nawala sa ayos.*

— R

obert Frost, "The Self-Seeker"

Sino si Jesucristo? Ang tanong na iyan ay bumabagabag sa daigdig ng Kristiyanismo sa loob ng dalawang milenyo (2,000 taon). Ang Jesus ng kasaysayan ay gayong nababalot ng misteryong nakapag-anyaya ng libu-libong aklat sa nasabing paksa, na walang alinmang nagkaroon ng pagkakasundo ng opinyon. Maraming awtor ang nanahi ng mga maginhawang unan ng haka-haka na hinimlayan ng nabuong opinyong pangmadla, samantalang ang iba ay pumunit ng tagiliran nang pabukas at bumunot ng nakapalaman sa pagsisikap na makilala ang salungat na ebidensya. Ang teologong Aleman na si Heinz Zahrnt ay bumubuo ng gayong kapani-paniwalang argumento, na nagpapasya,

> Minsang ang kasaysayang biblikal ay tinanggalan ng dogma, ang Cristong ipinahayag ng Simbahan ay waring naging di-maiiwasang salungat kay Cristo mismo. May lantad na salungatan sa pagitan ng makasaysayang pagsisiyasat na natuklasan tungkol kay Jesus ng Nazareth at sa sinasabi ng Simbahan tungkol sa kanya sa pangangaral nito, sa pagitan ng orihinal na ipinahayag ni Jesus tungkol sa kanyang sarili at sa ginawa sa kanya ng Simbahan pagkatapos.[147]

Tungkol sa mga kakulangan ng makasaysayang tala, isinasaad nang masakit ni Zahrnt ang problema:

> Ito ang dahilan kung bakit yaong nagsipag-aral sa buhay ni Jesus ay hindi kailanman makatatakas sa kanilang kagipitan. Paanong pupunan ang mga puwang? Sa pinakamasamang pagkakataon ay ginawa ito nang bukambibig, sa pinakamabuti sa pamamagitan nang pangangarap sa kasaysayan . . . .

---

[147] Zahrnt, Heinz. 1817. *The Historical Jesus*. (Translated from the German by J. S. Bowden). New York: Harper and Row. p. 43.

> Ang larawan ng makasaysayang Jesus na binubuo ngayon ay katotohanang hindi talaga inilarawan mula sa mga makasaysayang pinagmulan. Iyon ay nakalalamang na nasakop ng mga haka-hakang tinanggap ng mga nagsisulat mismo.[148]

Isa pang Alemang teologo, si Martin Kähler, ang nagbibigay ng ganitong konklusyon:

> Ang Jesus ng "*Lives of Jesus* (Mga Buhay ni Jesus)" ay wala kundi isang makabagong kaibahan ng mga produkto ng inimbentong sining na pantao, hindi hihigit sa pinawalang-karangalang dogmatikong Cristo ng Kristolohiyang Bizantino; ang mga ito ay kapwa lubhang napakalayo sa tunay na Cristo.[149]

Ang kabiglaanan sa pagbabalik-tanaw sa gayong kasulatan ay hindi sa pagtuklas ng gaano kaliit ang alam tungkol sa *pribadong* buhay ng dakilang sugong ito ng Diyos, kundi sa pagkaalam kung gaano kaliit ang alam tungkol sa kanyang buhay na *hayag* at kung gaano kalaya ang mga tao sa paghahaka sa hindi nalalaman. Kakaunting kaalaman ang umiiral tungkol sa taong nagturo sa mga sinagoga, nagsermon sa bundok, at nagtatag ng patnubay at pagpapakain sa madla. Para sa isang lalaking nilibot ang kanayunan, napabalitang ginawang alak ang tubig, nagpatahimik ng mga unos, lumakad sa ibabaw ng tubig, nagpalayas ng mga demonyo, nagpagaling ng mga ketongin, ginamot ang mga bulag, binuhay ang patay — maaaring nakaakit siya ng napakalaking pansin at nakagawa ng labis na impresyon. Bakit, kung gayon, napakaliit ng talang makasaysayan kay Jesus? At bakit ang katiting *na naibaba* sa talang makasaysayan ay nalibing sa ilalim ng mga salungat na dogma, hanggang sa puntong, "ang di-pagkakarugtong ng makasaysayang Jesus at ng Cristo ng Simbahan ay naging gayong kalaki kaya't halos imposibleng makilala ang anumang pagkakaisa sa pagitan ng dalawang katauhan"? [150]

Ang nagiging mabigat na tanong, kung gayon, ay kung si Jesus ay ang Cristo ng kasulatan o ang Cristo ng Paulinong (Trinitaryong) teolohiya. Ang Cristo ng kasulatan ay nagpahayag ng isang propetang darating. Ang Cristo ng Paulinong teolohiya ay hindi nagpahayag

---

148 *Ibid.,* pp. 47–48.

149 Kähler, Martin. 1953. *Der sogemnante historische Jesus und der geschichtliche, biblische Christus*. Munich: New edition by Ernst Wolf. p. 16, as quoted by H. Zahrnt.

150 Zahrnt, Heinz. p. 61.

ng gayong bagay, na nagtatanggal ng pangangailangan sa paghanap ng huling propeta sa pamamagitan ng pangangako ng kaligtasan batay sa pananampalataya lamang — ang kahawig na Kristiyano ng konseptong Judio ng pagiging "bayang pinili." Ipinapalagay sa sarili ng mga Judiong sila ay pinili; ipinapalagay sa sarili ng mga Kristiyanong Paulino na sila ay napatawad. Wala sa alinmang pananaw ang itinaguyod ng mga propeta ng kasulatan, at kapwa nagpapatotoong mapanira sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa isang huwad na kamalayan ng kaligtasang pangkaluluwa, pagmamataas sa relihiyon, at pagiging sarado ng isip. Sino ang maghahanap sa huling propeta kung naipalagay na nila ang mga sariling nailigtas?

Kahawig nito, ang Cristo ng kasulatan ay nagpahayag tungkol sa kanyang sarili bilang isang "anak ng tao," gayunman, ang teolohiyang Paulino ay inilarawan siya bilang "anak ng Diyos." Ang Cristo ng kasulatan ay nagpahayag ng Iisang Diyos; ang mga nagpabago sa relihiyon ay hinati ang Iisang Diyos sa tatlong metapisikal *(supernatural)* na hati . Si Jesus ay tumuon sa Diyos; ang mga Kristiyanong Paulino ay tumuon kay Jesus, o lalong kakatwa, sa kanyang ina. Si Jesus ay nagpahayag ng di-pagbago sa batas; ipinagwalang-bahala ito ni Pablo. Si Jesus ay nagpahayag tugkol sa huling propeta at sa anghel ng rebelasyon; pinilipit ng mga teologong Paulino ang kanyang mga salilta upang ipakahulugan ang isang di-maunawaang "banal na espiritu.." Sa halip na hanapin ang huling propetang inihula ni Jesus, ang mga Kristiyanong Paulino ay itinuon ang kanilang mga unang pagpapahalaga sa pagsasakatawan ng "espiritu santo," na ipinamalita ng kanilang mga tagapangaral na tinataglay nila bilang mga esklusibong karapatan sa pamamahagi.

Sa sandaling ang matibay na pagkakasalungatan sa pagitan ng Cristo ng kasulatan at ng Cristo ng teolohiyang Paulino ay mapagkilala (tingnan ang *NaDiyos'grasya* para sa mas malalim na pagtalakay ng paksang ito), dapat ipasya nang makatwiran ng mga Kristiyano na maaari nilang taglayin ang isa, ngunit hindi ang dalawa.

Ang isang tao ay maaaring makatarungang asamin ang ilang tiyak na katangian mula sa isang propeta, kabilang ang kababaang-loob, katapatan, pagkamapagbigay, pagkamalumanay, kabutihan, at kagandahang-asal. Inaasahan natin ang isang propetang maging abala sa pagsamba, sa halip ng mga makamundong paghahangad,. At sa higit na malaking bahagi, ang hugis-larawan

sa bibliya ni Jesucristo ay tumutugon sa mga pag-asam na ito. Subalit hindi lagi.

Ang pagsumpa sa isang puno ng igos dahil sa hindi pamumunga (Mateo 21:19, Marcos 11:20–21), paghahalintulad sa mga Hentil (at huwag kayong magulat, subalit iyan ang pinakamarami sa buong sangkatauhan, pinakamarami sa mga mambabasa ng aklat na ito, at karamihan sa mga Kristiyano) sa mga aso (Mateo 15:26, Marcos 7:27) o baboy (Mateo 7:6), at pagtanggi sa hiling ng sarili niyang ina, na tila hindi siya isa sa mga "tumatalima sa kalooban ng aking Ama sa langit" o "nakikinig sa salita ng Diyos at nagsasagawa nito" (Mateo 12:48–50, Marcos 3:31–35, Lucas 8:20–21) — ang mga pahayag na ito ay humahatak sa isang gulong sa malambot na gilid ng lansangan ng matatayog na pag-asam. Ang ulap na alikabok na nagiging resulta ay bahagyang natataboy, lalo na kapag natatabunan ng buhaghag na graba ng pag-angking si Jesucristo ay nawalan ng pananalig sa kanyang Lumikha, pinag-aalinlanganan ang makadiyos na kapasyahan sa pamamagitan ng mga lapastangang salitang, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mateo 27:46). Ang kasaysayan ay nag-iinit sa dami ng mga halimbawa ng mga matutuwid na kalalakihan at kababaihang nagsiranas ng katumbas o higit pang pagdurusa, pag-uusig, at kamatayan sa daan ng pinaniniwalaan nilang pagsunod sa Makapangyarihang Diyos. Ang mga salaysay ng gayong mga martir na nangamatay na may marubdob at matatag na pananampalataya ay labis-labis. Datapwat pinaniniwala tayong si Jesucristo ay namatay na nag-aalinlangan sa kautusan ng kanyang Lumikha? Si Socrates ay namatay nang walang isa mang salita ng kawalang-pagtitiis o pag-asa. [151] Sina Michael Servetus at Juana de Arco ay sinunog hanggang sa mamatay nang may higit na dangal, paninindigan at di-nabawasang pananalig. Minsan pa, alin sa dalawa, ang mga salitang iniugnay kay Jesus ay mali, o ang mga awtor ay binanggit ang maling tao.

Kaya, ano ang ating makukuha sa mga banggit sa itaas? Kung paniniwalaan ang mga ito, ang isang higit na makatao (at kulang sa pagiging Diyos) na Jesus ang lilitaw. At marahil iyan ang punto. Sa kabilang dako, kung ang mga banggit sa itaas ay hindi dapat paniwalaan, babalik tayo sa tanong na aling bahagi ng Bibliya ang *maaaring* pagtiwalaan.

---

[151] Gibbon, Edward. Vol. 5, Chapter XLVII, p. 206.

Sa pagsasabi nito, ang layunin ng aklat na ito ay humango ng mga konlusyong batay sa isang tanikala ng katanggap-tanggap na ebidensya, at hindi upang itapon ang isa pang kuru-kuro sa mabundok na bunton ng haka-haka.  Kung ang karayom ng katotohanan tungkol sa makasaysayang Jesus ay hindi pa naihaharap sa pagsusuri ng kasulatan ng kasalukuyang panahon, malamang na mananatili itong nakabaon hanggang sa siya ay magbalik.

Gayunman, tinatanggap ng karamihan sa mga Kristiyano ang sinabi ni Jesus ayon sa Bibliya. At sa ganitong pananaw sinusuri at pinagtatakhan niyaong naghihintay sa inihulang huling propeta, gaya ng ginawa ng mga Judio kay Moises, kung ano ang masasabi ni Jesus sa paksa.

Tungkol sa paninindigang ang huling propeta ay manggagaling sa linya ni Ismael, si Jesus ay binabanggit na nagturo ng talinghaga tungkol sa ubasan, na ang aral ay hahalinhan ng Diyos yaong mga sumusuway sa Kanya ng mga "maghahandog sa Kanya (Diyos) ng mga bungangkahoy sa mga panahon ng kanilang pamumunga" (Matthew 21:41). Pagkatapos ng talinghagang ito, iniuulat na sinabi ni Jesus:

> Hindi ba ninyo kailanman nabasa sa mga Kasulatan:
> "Naging punong bato ang batong tinanggihan
> Ng mga manggagawa; ito'y kagagawan
> Ng Panginoon, at sa aming mga mata ito'y kababalaghan"?
> Kaya't sinasabi ko sa inyo, ang makadiyos na kaharian
> Ay aalisin sa inyo at doon ibibigay
> Sa isang bayang siyang nagtataglay
> Ng mga bunga niyon. At ang sinumang sa batong ito ay lumagpak,
> Siya ay mapapahamak;
> At sa kaninumang ito ay malaglag,
> Dudurugin siya nito at pupulbusing ganap.

Ang reaksyon ng mga punong pari at mga Pariseo? "Inisip nilang sila ay tinutukoy niya" (Mateo 21:45). Pansining hindi *nagbabala* si Jesus na ang kaharian ng Diyos (kumbaga, ang pagkapropeta at rebelasyon) ay aalisin.  Ang isang babala, ayon sa pakahulugan, ay may kondisyon sa hanay ng mga salitang, "Kapag hindi mo ginawa ito, ang gayon at ganito ay

magaganap." Iyan ang isang pagbababala. Subalit ang nasa itaas ay hindi babalang may kondisyon; iyon ay isang pasyang walang kondisyon. Iyon ay naganap na. Naibigay na ang hatol. Iyon ay magaganap. At bukod dito, sinumang sumalungat sa rebelasyon kapag dumating ito ay mapapahamak o mapupulbos.

Aruy.

Kaya't narito ang isang pahayag na nagpropesiyang ang paglipat ng "kaharian ng Diyos" mula sa mga Israelita tungo sa isang "bansang nagtataglay ng mga bunga nito." Hindi lamang isang bansang tapat, bagkus isang "magiging punong bato." Kung kanino eksaktong tumutukoy ang pahayag na ito ay siyang paksa ng walang katapusang pagtatalo. Gayunman, ang di-mapagtatalunan ay ang katotohanang ang mga talata ay prediksyon sa paglipat ng propesiya sa labas ng linya ng mga Israelita. Kaya't sino ang "batong tinanggihan ng mga manggagawa?" Sino ang nakatakdang tumanggap ng rebelasyon? Tanungin ang sandaang Kristiyano. Tanungin ang sanlibong Judio. Tanungin si Pablo ng Tarsus. Ang tugon ay laging iisa: ang "tinanggihan" ay ang mga Ismaelita.

Sa unang aklat ng seryeng ito, ang "parakletong" inihula ni Jesucristong susunod sa kanyang pangangaral ay sinuri, kaya't hindi na kailangan ang pag-ulit dito. Sapat nang sabihin lamang na si Jesucristo ay inilarawang isang "parakleto" sa Unang Sulat (Epistola) ni Juan 2:1, at apat na pahayag sa Ebanghelyo ayon kay Juan (14:16, 14:26, 15:26, at 16:7) ay humuhula ng pagdating ng *isa pang* parakleto. Ang inihulang propetang ito ay inaasahang maging "Espiritu ng katotohanan" at "mananatiling kasama ninyo habambuhay" (Juan 14:16–17), maghatid ng isang malawak na rebelasyon, parangalan si Jesucristo (Juan 14:26 at 15:26), at gayunman ay tatanggihan ng nakararami sa sangkatauhan (Juan 14:17). Isang bantog na iskolar, makaraang itala ang ebidensya, ay nagwakas, "Ang Parakleto, samakatwid, ay isang taong kapantay mismo ni Jesus; at ang konklusyong ito ay pinatitibayan ng katotohanang ang titulo ay angkop sa dalawa. Malinaw sa 14:16 na ang pinagmulan ay nagturong may dalawang pagpapadala ng dalawang Parakleto, si Jesus at ang kanyang kahalili, yaong susunod sa isa."[152]

---

[152] Bultmann, Rudolf. 1971. *The Gospel of John, a Commentary.* Isinalin ni G. R. Beasley-Murray. Oxford:

Ang konsepto ng isang di-natutupad na propesiya ay nag-iiwan sa mga Kristiyano ng isang blangkong tseke ng kasulatan. Ang mga Muslim, sa kabilang dako, ay nag-aangking ang huling propeta *ay dumating* na. Kinikilala ng kanyang mga tagasunod bilang "ang Espiriitu ng katotohanan," ang katapatan ni Muhammad ay hindi hinamon maging ng kanyang mga kaaway, [153(EN)] at tinaglay niya ang reputasyong nagsabi ng totoo kahit nagbibiro. Ang mga detalye ng kanyang buhay ay nakapreserba sa mga malawak na talaang *hadith*, na "mananatiling" kasama ng sangkatauhan hanggang sa kasalukuyan. Bukod dito, pinararangalan ng Banal na Qur'an si Jesucristo at nililiwanag ang kanyang mga turo. Kasabay nito, ang Qur'an ay isang malawak na rebelasyong tinatanggap ng mahigit sa isang bilyong Muslim, subalit tinatanggihan ng mas nakararami sa sangkatauhan.

Bakit? Ano ang gayong nakaaakit sa ilan at di-nakasisiya sa iba tungkol kay Muhammad at sa rebelasyong kanyang inihatid? At yaong mga nagbibigay-hatol ba kay Muhammad ay nakikilala man lamang ang taong ito?

Yaong tumatanggi kay Muhammad ay karaniwang gumagawa nito batay sa personal na di-pagkakagusto sa taong ito, sa kanyang mensahe, o sa dalawa. Ang walang batayang propagandang Kanluranin, na sa karamihan ay negatibo, ay karaniwang namamayani. Ang mga kuru-kuro at mga konklusyon ng mga di-Muslim batay sa makatwirang pag-aaral ay bihira, ngunit taglay ang gayong layunin sa isip, papasukin natin ang susunod na kabanata.

---

Basil Blackwell. p. 567.

153 (EN) Hanggang ngayon, kinikilala ng mga teologong Kristiyano ang kahanga-hangang aspetong ito ng pagkatao ni Muhammad: "Ang pansariling katapatan ng Propeta ay di-maaaring pag-alinlanganan. Ayon sa paninindigan, maaaring sumang-ayon o hindi sa nilalaman ng kanyang mga rebelasyon subalit hindi dapat gawing mumurahin ang hindi pagsang-ayon sa pamamagitan ng paghamak kay Muhammad bilang isang tao."— Küng, Hans. 2007. *Islam, Past, Present and Future*. One World Publications. p. 118.

4: Muhammad

*Tungkol sa pamamaraan, lumangoy na ang agos ay kasabay,*
*Tungkol sa prinsipyo, manindigang tulad ng bato.*
—Thomas Jefferson

Kaya't sino si Muhammad?

Maraming mabubuting talambuhay ang nasulat, na ang pinakamataas ang parangal sa wikang Inggles ay ang *Muhammad, His Life Based on the Earliest Sources*, ni Martin Lings, at *When the Moon Split*, ni Safi-ur-Rahman al-Mubarakpuri. [154 (EN)] Ang isang buong talambuhay ay wala sa sakop ng aklat na ito, subalit maihaharap ang ilang mahahalagang bahagi.

Si Muhammad ibn Abdullah[155 (EN)] ay isinilang sa Makkah sa makapangyarihang tribo ng Quraysh noong o bandang 570 *CE.* Ang panahon, pook, at kultura ng kanyang pagsilang ay pinangibabawan ng pagsamba sa diyus-diyusan (idolo/rebulto) at mga kaugaliang pagano. Pumanaw ang ama ni Muhammad bago siya isinilang, at yumao ang kanyang ina nang siya ay anim na taong gulang. Ang ulilang si Muhammad ay pinalaki ng isang pamilyang Bedouin na nagturo sa kanya ng pangangalakal sa pandarayuhan *(caravan)* at pagpapastol. Sa paglipas ng panahon, nakilala siya sa isang mataas na pamantayan ng kagandahang-asal at katapatan, kababaang-loob, katarungan, kahinahunan at isang malalim na mapagnilay na makadiwa. Umangat siya sa pagyaman at mataas na katayuan sa lipunan nang makasal, sa gulang niyang 25

---

154 (EN) Kakaunting sulatin, kabilang yaong pinakamahuhusay, ang walang kamalian, at ang talambuhay na sinulat ni Martin Lings ay nagpapatotoo ng puntong ito. Ang dalawang kamaliang sapat na mahalaga upang mabanggit ay ang paninindigang pinanatili ni Muhammad ang mga larawan nina Jesus at Maria, gayundin ang isang larawan ni Abraham, nang wasakin niya ang mga rebulto sa Kaaba, at ang pagpapakasal ni Muhammad kay Zainab dahil sa pisikal na pagkaakit. Wala alinman sa mga paninindigang ito ang sinusuportahan ng ebidensyang nakasulat (kumbaga, ang *hadith*), at ang dalawang ito ay kapwa itinatatwa ng mga iskolar ng ortodoksong Sunni. Ang talambuhay maliban dito ay malawak, may mabuting sanggunian, nasulat nang maganda, nagbibigay-inspirasyon, at pinahahalagahang mataas ng kapwa mga Muslim at Orientalista. Dahil dito, ang karaniwang kuru-kuro ng edukadong pamayanang Islamiko ay: sa kabila ng ilang kamaliang natagpuan doon, wala na marahil nakahihigit na talambuhay ni Muhammad sa wikang Inggles sa kasalukuyan kaysa niyong kay Martin Lings.

155 (EN) Ang *Ibn* ay isinasaling "anak ni." Ang buong pangalan ng ama ni Muhammad ay Abdullah ibn 'Abdul-Muttalib ibn Hashim.

sa isa sa pinakamarangal na biyuda ng Quraysh, si Khadijah. Si Khadijah ay 15 taon ang katandaan sa kanya, gayunman ay namalagi siyang tapat sa kanya sa buong panahon ng kanilang pag-aasawang puno ng pag-ibig, hanggang sa kanyang pagpanaw.

Sa gulang na 40, nakamtan niya ang isang matagumpay na buhay, sa pagkakapag-asawa at pagkakaroon ng mga anak, ng kayamanan, at mataas na katayuang panlipunan. Gayunman, sa yugtong ito siya nagsimulang tumanggap ng rebelasyon, sa isang nakasisindak na pagbaligtad sa kanyang kinamihasnang kapayapaan at katahimikan, at isinakripisyo niya ang halos bawat bagay sa mundong ito alang-alang sa paghahatid ng mensaheng inihayag sa kanya. Sa pagtatapos ng layuning ito ay pumanaw siya sa makamundong buhay noong 632 *CE.*

Ang monoteismo ng rebelasyon ay nagbunga ng pagiging kaaway ng kanyang mga kalipi, na ang relihiyon ay nangailangan ng maraming mga diyus-diyusan, at niyaong mga Judio, mga Kristiyano, at mga paganong nagsitanggi sa kanyang mensahe. Napilitan sa simulang lumikas at sa huli ay makipaglaban, ang maliit na pangkat ng sinaunang mga Muslim ay dumami laban sa mga napakalaking kalamangan. Unti-unti, napagbago ng Islam ang pamumuhay sa kabuuan ng Tangway *(peninsula)* ng Arabia, binuwag ang pagsamba sa diyus-diyusan at ibang mga kaugaliang pagano, pinalaya ang kababaihan sa kalupitan ng kaugalian ng tribo, at nagtatag ng isang marangal na pamantayan ng pag-uugali, kagandahang-asal, at katarungang panlipunan. Higit na malalim kaysa alinmang ibang tagumpay, ang rebelasyon ay nagtatag ng isang relihiyong may pagsambang nakatuon sa Iisang Diyos: isang pananampalatayang simula noon ay lumago upang magkaloob ng gabay at inspirasyon sa ikalimang bahagi ng populasyon ng mundo.

Ang ika-17 dantaong manunulat ng Scotlandia, si Alexander Ross, bagamat hindi isang kaibigan ng relihiyong Islamiko, gayunpaman ay malinis na binubuod ang layunin ni Muhammad nang ganito:

> Hindi siya nagkunwaring maghatid ng isang bagong relihiyon sa kanila, bagkus muling buhayin ang isang luma, na unang ibinigay ng Diyos kay Adan; at nang mawala sa pagsira ng lumang daigdig, ibinalik itong muli sa rebelasyon kay Abraham, na nagturo nito sa kanyang anak na si Ismael na kanilang ninuno, at nang siya, nang magsimulang manirahan sa Arabia, ay nagturo sa mga tao niyon din; subalit sa pagbaba ng kanilang

> salinlahi sa pagsamba sa diyus-diyusan, ipinadala siya ng Diyos upang lansagin ito, at ibalik ang relihiyon ni Ismael. Ipinahintulot Niya kapwa ang Luma at Bagong Tipan, at ang pagkapropeta nina Moises at Cristo mula sa Diyos at ang pagpapadala sa kanya upang alisin sila sa mga pagkasirang iyon, at ibalik ang Batas ng Diyos sa gayong kadalisayan nang ito ay unang ipinadala. . . .[156]

Noong kanyang kapanahunan, si Muhammad ay iginalang sa kanyang mga katayuan bilang ama, kaibigan, asawa, kapitbahay, negosyante, guro, tagapangaral, hukom, mambabatas, komandante, estadista (punong-bansa), pinuno at repormador (tagapagbago) ng lipunan at relihiyon. Isa siya sa mga pinakamaimpluwensyang tao sa kasaysayan, datapwat hindi siya nag-aral at namuhay siya sa piniling karalitaan.

Ang pagkatao ni Muhammad ay ganap na dokumentado, mula sa pisikal na anyo hanggang sa mga katangian, hilig, pagtuturo at pagpapahintulot. Mula sa huling bahagi ng 1800, sa panahon at pook na ang gayong mga pagkilala sa Propeta ay sadyang bihira, kundi man tahasang isinumpa ng isang mapang-usig na Simbahang Anglicano, nababasa natin,

> Si Mohammad ay may katamtamang taas, may kapayatan, subalit may malalapad na mga balikat, malapad ang dibdib, matibay ang buto at kalamnan. Malaki ang kanyang ulo, matibay ang pagkabuo. Maitim na buhok, bahagyang kulot, alun-alon sa masinsing kakapalan na halos hanggang sa kanyang mga balikat; kahit sa pagkakaidad, ito ay nakalatan ng halos 20 uban (puting buhok), nilikha ng mga dusa ng kanyang "mga Rebelasyon." Ang kanyang mukha ay hugis-itlog, bahagyang kulay-kayumanggi. Ang mga pino, mahahabang nakaarkong kilay ay napapagitnaan ng isang ugat, na kitang-kita ang pagpintig sa mga sandali ng matinding damdamin. Ang malalaking matang itiman ay kumislap sa ilalim ng mahahaba at makakapal na pilik-mata. Ang kanyang ilong ay matangos, bahagyang hugis-tukang-agila. Ang kanyang mga ngipn, na masusi niyang pinangalagaan, ay pantay nang maayos, maningning na puti. Isang balbas sarado ang nagkuwadro sa kanyang mukhang maginoo. Ang kanyang balat ay malinaw at malambot, ang kanyang kutis ay "pula't puti," ang kanyang mga kamay ay tila "seda at sutla," pantay na gaya ng sa isang babae. Ang kanyang hakbang ay mabilis at paulit-ulit, ngunit matatag na gaya ng sa isang humahakbang "mula sa isang mataas hanggang sa isang mababang lugar." Sa kanyang paglingon, ipinihit din niya ang kanyang buong katawan.

---

[156] Ross, Alexander. 1718. *The Life of Mahomet: Together with The Alcoran at Large*. London. p. 7.

Ang kanyang buong paglakad at pagtindig ay marangal at kahanga-hanga. Ang kanyang mukha ay malumanay at mapag-isip. Ang kanyang pagtawa ay bihirang higit sa isang ngiti..

Sa kanyang mga hilig, siya ay napakasimple, bagamat labis siyang maingat sa kanyang pagkatao. Ang kanyang pagkain at pag-inom, ang kanyang pananamit at kasangkapan ay nanatili, maging nang siya ay nakarating sa ganap na kapangyarihan, sa kanilang pagiging halos likas na katutubo. Ang tanging mga karangyaang tinamasa niya ay, bukod sa mga armas, na labis niyang pinahalagahan, isang pares na botang dilaw, isang regalo mula sa Negus ng Abyssinia. Ang mga pabango, gayunman, ay  marubdob niyang minahal, sa pagiging labis na sensitibo sa mga samyo (amoy). Matapang na inumin, kanyang kinasuklaman.

Siya ay biniyayaan ng mga malakas na kapangyarihan ng isip, pagtaas ng kaisipan, sarap at pagiging pino ng pakiramdam. “Higit siyang mabini kaysa isang dalagang birhen sa likod ng kanyang kurtina,” ang nasabi tungkol sa kanya. Siya ay napakaluwag sa kanyang mga nasasakupan, at hindi kailanman pinahintulutang mapagalitan ang asiwa niyang munting tagapaglingkod anuman ang nagawa nito. “Sampung taon, ” ani Anas na kanyang katulong, “na kasama-sama ko ang Propeta, at ni minsan ay hindi niya ako nasabihan ng ‘oops’ ”. Lubha siyang mapagmahal sa kanyang pamilya. Isa sa kanyang mga anak na lalaki ang pumanaw sa kanyang dibdib sa mausok na bahay ng tagapag-alaga, maybahay ng isang panday. Lubha siyang magiliw sa mga bata; pinatitigil niya sila sa mga lansangan at tinatapik ang kanilang maliliiit na ulo. Wala siyang hinampas na sinuman sa kanyang buhay. Ang pinakamasamaing nasabi niya sa pakikipag-usap ay, “Ano ang dumating sa kanya? Maitiman sana ng putik ang kanyang noo!” Nang hilingan siyang sumpain ang isang tao, ang tugon niya, “Hindi ako ipinadala upang manumpa, kundi maging isang awa sa sangkatauhan.” “Dumalaw siya sa maysakit, sumunod sa bawat libing na kanyang nakita, tumanggap ng paanyaya ng isang alipin para sa hapunan, sinulsihan ang sarili niyang mga damit, ginatasan ang mga kambing, at naghintay na mag-isa,” salaysay na buod ng isang kasabihan. Kailanman ay hindi siya naunang bumitiw sa palad ng ibang lalaki, at hindi tumalikod hanggang hindi naunang tinalikuran.

Siya ang pinakatapat na tagapagtanggol niyaong kanyang binigyan ng proteksyon, ang pinakamasarap at pinakakasundong kausap. Ang mga nakakita sa kanya ay agad napupuno ng paggalang; ang nagsilapit sa kanya ay nagmahal sa kanya; ang mga naglarawan sa kanya ay nagsabing, “Wala akong nakitang katulad niya nang una o pagkatapos.” Siya ay labis na walang-imik, subalit kapag siya ay nagsalita ay may diin at

pangangatwiran, at walang makalilimot sa kanyang sinabi.[157]

Maging ang mga pinakamahihigpit na kaaway ni Muhammad, mula sa kanyang kapanahunan hanggang sa mga kasalukuyang panahon, ay tinanggap ang kanyang mga kabutihang-ugali. Si George Sale ay naglathala ng isang pahayag ng dokumentadong kasuklam-suklam na galit, na pinalumanay ng paghanga sa mga personal na kabutihan ni Muhammad. Sa kanyang pambungad "Sa Mambabasa" sa kanyang salin noong 1734 ng Banal na Qur'an, si Sale ay nagpapahayag,

> Sapagkat gaano man maging kriminal habambuhay si Mohammed sa paggiit ng isang huwad na relihiyon sa sangkatauhan, ang mga papuring angkop sa kanyang tunay na pag-uugali ay hindi dapat ipagkait sa kanya; ni hindi ko magagawa ang kabaligtaran maliban sa ipagbunyi ang katapatan ng banal at maalam na si Spanhemius, na, bagamat inamin niyang ito (Muhammad) ay naging isang imbing impostor, subalit kinilala niyang nagtaglay ng mga likas (natural) na katangian, maganda ang pagkatao, may banayad na talino, makakasundong ugali, nagpapakita ng pagkamapagbigay sa mga dukha, paggalang sa bawat isa, katapangan laban sa kanyang mga kaaway, at higit sa lahat, mataas na pagdakila sa ngalan ng Diyos; mabalasik laban sa mga sinungaling, mapakiapid, mamamatay-tao, mandarambong, mapaglustay, mapagnasa, bulaang saksi, atbp., isang dakilang tagapangaral ng pagtitiis, kawanggawa, awa, pagkabukas-palad, utang na loob, pagpaparangal sa mga magulang at nakatataas, at isang madalas na magdiwang ng mga papuri sa Diyos.[158]

Ang kasaysayang Islamiko ay nagtatala ng isang *hadith* kung saan si Hind ibn Abi Hala, ang anak (sa unang asawa) ng maybahay ni Muhammad na si Khadijah, ay naghahandog ng kanyang sariling mga kapansin-pansing pagmamasid:

> Ang Sugo ng Allah ay may sunud-sunod na pagdurusa, tuluy-tuloy na pag-iisip, hindi nagpahinga, matagal sa pananahimik. Hindi siya umimik nang walang dahilan.

---

[157] Lane-Poole, Stanley. 1882. *The Speeches and Table-Talk of the Prophet Mohammad*. London: MacMillan and Co. Introduction, pp. xxvii-xxix.

[158] Sale, George. 1734. *The Koran*. London: C. Ackers. "To the Reader." Page v.

> Nagsalita siya nang puno ang kanyang bibig (hindi nagmayabang), at nagsalita nang buong linaw. Ang kanyang talumpati ay makatarungan, nang walang kalabisan ni kakulangan. Hindi siya marangya, ni mapanghamak. Ipinagdangal niya ang lahat ng mga biyaya gaano man kaliit at hindi minaliit ang kahit isa man lamang. Hindi niya kailanman pinuri o pinintasan ang kanyang pagkain. Kailanman ay hindi siya napagalit ng mga bagay sa makamundong buhay na ito o anumang kaugnay nito. Gayunman, kung ang katarungan ay nalabag, walang makapapantay sa kanyang galit hanggang maitatag ang katarungan. Hindi siya kailanman nagalit para sa kanyang sarili o naghangad ng pagganti ng utang na loob para sa kanyang sarili. Kung siya ay kumumpas, ginamit niya ang kanyang buong palad. Kung siya ay namangha, pinigil niya ito. Kung siya ay nagsalita, hinampas niya ng kanyang kanang palad ang loob ng kanyang kaliwang hinlalaki. Kung siya ay nagalit, siya ay tumalikod, at kapag siya ay masaya, ibinaba niya ang kanyang tingin. Ang karamihan ng kanyang pagtawa ay (limitado sa) pagngiti.[159]

Kahawig nito, pinansin ni Ali ibn Abi Talib, pinsan ng propeta at isa sa mga unang Califa ng Islam:

> Hindi siya magaslaw, ni hindi nagpahintulot ng kagaslawan, at hindi siya isang sisigaw sa pamilihan. Hindi niya ginantihan ng masama ang kasamaan, bagkus nagpatawad siya at nagpaumanhin. Hindi siya kailanman sa kanyang buong buhay nanghampas ng anuman sa pamamagitan ng kanyang kamay maliban nang siya ay nakipaglaban sa ngalan ng Allah. Hindi siya namalo ng isang utusan o isang babae, at kailanman ay hindi ko siya nakitang naghiganti para sa isang kawalang-katarungang ginawa sa kanya, maliban kung ang mga pagbabawal ng Allah ay nalabag. Sapagkat kung ang mga pagbabawal ng Allah ay nilabag, siya ay isa sa mga pinakamatindi ang galit. Kailanman ay hindi siya pinamili sa dalawang bagay subalit pinili niya ang pinakasimple sa dalawa. Kung siya ay pumasok sa sariling tahanan, siya ay isang lalaking katulad ng iba, naglilinis ng sariling damit, ginagatasan ang sariling kambing, at sinisilbihan ang sarili.
>
> Siya ay palaging nakangiti, mabini sa pag-uugali, likas na malumanay. Siya ay hindi marahas, matigas ang puso, maingay, mapagmalabis, o mapagmaramot. Ipinagwalang-bahala niya ang hindi niya naibigan, at kailanman ay walang sinumang nawalan ng pag-asa sa kanya. Hindi siya kailanman tumugon sa pang-uuyam o masasamang salita. Ipinagbawal niya sa sarili ang tatlong bagay: pakikipagtalo,

---

[159] Isinalaysay ni At-Tabarani sa *Al-Mu'jam Al-Kabeer*.

> pagmamataas, at anumang hindi nagsasangkot sa kanya. At iniligtas niya ang mga tao sa tatlong bagay: Hindi niya hinamak ang sinuman sa kanila o pinagmalabisan sila, hindi niya siniyasat ang kanilang karangalan o pansariling kapakanan, at hindi siya nakipag-usap maliban sa mga bagay na inasahan niyang magantimpalaan. Kapag siya ay nangusap, ang kanyang mga tagapakinig ay yumukong tila dinapuan ng mga ibon. Sa sandaling siya ay natapos, sila ay nagsalita. Hindi sila nagpaligsahan sa isa't isa upang magsalita sa kanyang harap, subalit kapag nagsalita ang sinuman sa kanyang harap, ang iba ay nakinig hanggang siya ay makatapos. Ang pagsasalita sa kanyang harap ay yaong sa una sa kanila. Nakitawa siya sa kanila, at nakimangha sa kanila. May tiyaga siya sa mga dayuhan kapag namaos sila sa pakikipag-usap at paghiling, hanggang sa puntong dalhin sila sa kanya ng kanyang mga kasamahan. Sinasabi niya sa kanila: "Kung may makita kayong sinumang nangangailangan, dalhin ninyo siya sa akin." Hindi siya tumanggap ng papuri maliban doon sa may pagiging timbang at hindi mapagmalabis, Hindi niya ginambala ang pagsasalita ninuman maliban kung sila ay lumabag, na kung magkagayon ay pinagalitan niya sila o kaya ay umalis.[160]

Isa sa pinakamaganda at pinakaangkop na komentaryong naitala sa panitikang *hadith* ay nagsasaad: "Siya ang pinakamapagbigay ang puso, makatotohanan ang dila, pinakamalambot ang pagpapasya, at marangal ang pakikipag-ugnayan." [161]

Ang mga banggit na ito ay nagkakaloob ng isang pagsilip sa isang maliit na durungawan ng buhay at pag-uugali ni Muhammad. Sa isang kapansin-pansing kaibahan sa malabong anyo ng makasaysayang Abraham, Noe, Moises at Jesus, ang pagkatao ni Muhammad ay nadadala sa isang matibay na pagtuon ng maraming bulto ng mga makatotohanang *hadith* na nagsasaaklat ng pinakamalalapit na tagalarawan ng anyo at pagkilos, pagkatao at pag-uugali. Bilang bunga, yaong nagnanais gumawa nito ay maaaring tunghayan ang buhay ni Muhammad sa malinaw na pagtuon (pokus). Sa bagay na ito, ang arkiyologo at iskolar na Inggles na si D.G. Hogarth ay sumulat:

> Seryoso o pangkaraniwan, ang kanyang pang-araw-araw na pagkilos ay nagtatag ng isang batas na milyun-milyon ang nagsasakatuparan hanggang ngayon nang may

---

[160] *Mukhtasar Ash-Sha ma'el Al Muhammadiya* ni Imam At-Tirmithi, p. 18, *hadith* Blg. 6. Pangalawang parapo insinalaysay din sa *At-Tabaranid* sa *Al-Mu'jam Al-Kabeer*.

[161] Isinalaysay sa *Al-Bukhari* at *Muslim*.

kamalayan sa paggagad (panggagaya). Walang sinumang kinilala ng alinmang bahagi ng lahi ng tao bilang Ganap na (Perpektong) Tao ang natularan nang gayong kahigpit. Ang pag-uugali ng Tagapagtatag ng Kristiyanismo ay hindi gayong nakasakop sa karaniwang pamumuhay ng kanyang mga tagasunod. Bukod dito, walang tagapagtatag ng isang relihiyon ang naiwan sa gayong pagsasarili sa katanyagan kaysa sa Apostol na Muslim. [162]

Kabalintunaan (kakatwa), na ang mga Kristiyano ay pambihirang tinutularan ang maliit na nalalaman natin kay Jesucristo. Sa katotohanan, gaya ng natalakay sa *NaDiyos'grasya*, namamangha tayong matuklasan ang halimbawa ni Jesus na higit na napapanatili sa mga kaugalian ng mga Muslim kaysa mga Kristiyano. Pumili ng isang isyu. Si "Rabbi" Jesus ay kumapit sa "buhay para sa isang buhay" ng batas ng Lumang Tipan. Nagpatubo siya ng balbas, maluluwag na pananamit (roba) (at, sa bagay na iyan, ang kanyang ina ay nagsuot ng talukbong sa ulo), iniwasan ang karne ng baboy at ang patubo sa pautang, at di-nagsagawa hindi lamang ng labag na pakikipagtalik kundi maging ng pinakamagaang pakikipag-ugnayang pisikal (pangkatawan) sa kababaihan sa labas ng pag-aasawa. Siya ay nagdasal nang patirapa, nagsalita nang may kababaang-loob, at nagturo ng kaisahan ng Diyos at ng kanyang sarili sa pagiging isang tao sa pagkapropeta. Pambihirang pinamamalagi ng mga Kristiyano ang mga kahalagahang ito. Sa katunayan, ang mga nagsisigawa nito ay kadalasang kinukutya ng kanilang mga karelihiyon, na hindi pambihirang tinatatakan sila bilang mga "Jesus na kakatwa," na para bang may bagay na mali sa pagtulad sa isang propeta.

Bilang isang huwaran (modelo) para pamarisan, ang pagkatao ni Muhammad ay may sapat na katibayang nakasulat (dokumentado):

> Siya ay matiisin at mapili sa kanyang pagkain, at isang masugid na tagasunod sa mga pag-aayuno. Hindi siya nagbihis nang marangya, nagmalabis sa payak na pag-iisip; hindi rin naapektuhan ang kanyang simpleng pananamit; kundi bunga ng isang tunay na pagwawalang-bahala sa kasikatan dahil sa isang walang halagang dahilan. . . .
>
> Ang kanyang mga tagumpay sa pakikipaglaban ay hindi gumising sa

[162] Hogarth, D.G. 1922. *Arabia*. Oxford: Clarendon Press. p. 52.

pagmamayabang, walang kapalaluan, na maaaring nangyari kung naisagawa ang mga ito para sa mga mapag-imbot na layunin. Sa panahon ng kanyang pinakadakilang kapangyarihan, nagpanatili siya ng gayunding kapayakan (kasimplihan) sa pag-uugali at kaanyuan katulad sa mga araw ng kanyang kabiguan. Kaya't malayo sa pagiging apektado ng karangyaan, siya ay nasuklam kung, sa pagpasok sa isang silid, pinakitaan siya ng di-karaniwang patotoo ng paggalang. Kung naghangad siya ng pandaigdig na pananakop, iyon ay pananakop ng pananampalataya: sa ganang pamumunong makamundo na kanyang hinawakan, sa dahilang ginamit niya iyon nang walang pagmamalabis, kaya't wala siyang ginawang hakbang upang pamalagiin iyon sa kanyang pamilya.

Ang mga kayamanang bumuhos sa kanya mula sa mga buwis at nakamkam sa digmaan, ay ginugol sa pagpapalaganap ng mga tagumpay ng pananampalataya, at sa pagtulong sa mga maralita sa mga tapat doon; sa gayon ang kanyang kabang-yaman ay laging naubusan ng pinakahuli nitong kusing. Si Omar ibn Al Hareth ay nagpapahayag na si Mahomet, sa kanyang pagkamatay, ay di-nakaiwan ng isang gintong dinar ni isang pilak na dirham, isang aliping lalaki o babae, ni anumang bagay maliban sa kanyang abuhing kabayong si Duldul, kanyang mga sandata (armas), at ang lupang ipinamana niya sa kanyang mga asawa, mga anak, at mga dukha. "Ang Allah," anang isang manunulat na Arabiano, "ay nagkaloob sa kanya ng mga susi ng lahat ng kayamanan ng daigdig, subalit tinanggihan niyang tanggapin ang mga iyon. [163]

Ang kaugnay na tanong, gayunman, ay hindi kung naiibigan, hinahangaan o iginagalang natin si Muhammad, kundi kung siya ang propetang gaya ng kanyang pag-angkin. Upang masuri ang ganitong pag-angkin, maraming hamon ang lumilitaw. Walang alinlangan, dapat nating ipagwalang-bahala ang mga kasinungalingan at iwasan ang pagkiling, maging positibo o negatibo. Dapat nating simulan ang pagtuklas sa pagtatatag ng katotohanan ng kaso ni Muhammad nang may blangkong batayan ng isip at damdamin, sapagkat kadalasang ang mga damdamin ay nagdadala sa sangkatauhan sa pagkaligaw. Ang mga katotohanan, at pawang mga katotohanan lamang, ang dapat nating maging gabay.

Magsimula tayo, kung gayon, sa pagsuri ng mga karaniwang tanggap na pamantayan ng pagkapropeta. Ang mga propetang biblikal ay pawang nagsipasa sa pagsusuring ito, at dapat

---

[163] Irving, Washington. 1973. *Mahomet and His Successors*. Vol 1. New York: G. P.

gayundin ang huling propeta.

# IKA-3 BAHAGI: KATUNAYAN NG PAGKAPROPETA

*Ang pinakamabuting paraan para isipin kung ano ang darating,*
*kung ano ang nakalipas ay siyang alalahanin..*

— G

eorge Savile, Marquis of Halifax

Maraming propetang biblikal ang inihula sa sinaunang kasulatan. Iniuugnay ng mga iskolar na Kristiyano si Juan Bautista sa aklat ni Malakias, at si Jesucristo sa maramihang prediksyong nakakalat sa kabuuan ng Lumang Tipan. Ang mga nagsihula sa Luma at Bagong Tipan, gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'grasya*, [164] at sa nangaunang kabanata tungkol kina Moises at Jesus sa aklat na ito, ay madaling maiuugnay kay Muhammad nang may pantay o higit pang kaangkupan. Hindi kataka-taka, kung gayon, na ang *New Catholic Encyclopedia* ay nagpapahayag, , "May sapat na dahilan upang paniwalaang maraming Judio, na umaasam ng malinaw na pagdating ng isang mesiyas sa Arabia, ay nagpamalas ng natatanging interes sa kanya [kay Muhammad]." [165]

---

[164] Tingnan ang Unang Bahagi, Kabanata 4 at Ika-3 Bahagi, Kabanata 11
[165] *New Catholic Encyclopedia*. Vol 7, p. 677.

## 1: Mga Mahimalang Tanda

*Ang isang himala ay hindi ang pagsira ng mga batas ng daigdig na nabuwal.*
*Iyon ay ang panibagong pagtatatag ng mga batas ng kaharian.*

— André Borisovich Bloom, *Living Prayer*

May dalawang uri ng himala — yaong nakapaligid sa isang tao at yaong ipinadadala sa *pamamagitan* ng isang tao. Ang unang uri, na tatawagin kong "mga mahimalang tanda," ay siyang paksa ng kabanatang ito at ang pangalawa, na tatawagin kong "miga himalang isinagawa," ang siyang paksa ng susunod.

Ang mga halimbawa ng mga mahimalang tanda ay kinabibilangan ng pagliligtas ng Diyos kay Danaiel sa mga leon, kay Jonas sa balyena, kay Abraham sa apoy, at kay Moises sa Faraon at kanyang hukbo. Katiyakan, ang Pagsilang ng Birhen kay Jesus at ang himala ng Tala sa Silangan ay nakahanay nang gayunding kataas. Di-gaanong batid ng mga Kanluranin ay ang himala ng bituing (talang) naghudyat ng pagsilang ng isa pang propeta. Si Hassan ibn Thabit, ang maalamat na makatang Muslim at isang kasapi ng *Sahaba* (mga kasamahan ni Muhammad), ay isa lamang saksi. Sa araw ng pagsilang ni Muhammad sa Makkah, siya ay nasa Medina, mahigit 200 milyang layo, kung saan narinig niya ang isang Judiong sumisigaw sa pinakamataas niyang tinig, "O aking pamayanang Judio, ngayong gabi, ang bituin ni Ahmad (ang inihulang propetang si Muhammad) na kanyang sinilangan, ay lumitaw na."[166] Sa isang hiwalay na *hadith*, isinalaysay ni Zaid ibn Amr ibn Nufa'il na sa araw ng pagsilang ni Muhammad, siya ay nasa Syria, at isang iginagalang na iskolar na Judio ay nagsabi sa kanya, "Isang propeta ang sumipot sa iyong bayan, o kaya ay sisipot siya, sapagkat ang kanyang bituin ay lumitaw na. Magbalik ka (sa iyong bayan)! Maniwala ka sa kanya, at sundan mo siya."[167]

May mga iba pang palatandaan: isang popular na tradisyon sa mga Muslim ang

[166] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.
[167] Abu Nu'aem. *Dala'el An-Noobowah*.

nagsasalaysay na nang isilang si Muhammad, ang "walang-hanggang" apoy ng mga Zoroastrong sumasamba sa apoy sa Persia ay mahimalang namatay. Maraming iba pang pangyayari ang nagpapahiwatig na si Muhammad ay nagtamasa ng proteksyong makadiyos. Gaya ng naunang binanggit, si Muhammad ay nakaligtas sa maramihang pagtatangka sa kanyang buhay sa makadiyos na pamamagitan. Sa isang pangyayari, ang isang walang pananampalataya ay lumapit kay Muhammad nang nagbibihis ang Propeta para sa kanyang pahinga sa hapon. Kinuha ang isang sable (espada) na isinabit ni Muhammad sa isang puno at binalaan siya, na nagtatanong, "Sino ang magliligtas sa iyo ngayon?" Nang tumugon si Muhammad, "Ang Allah," ang kamay ng di-nanampalataya ay biglang naparalisa (nanigas) at nabitiwan niya ang espada. [168]

Lumapit si Abu Jahl kay Muhammad habang ito ay nagdarasal, sa pagtatangkang wasakin ang kanyang ulo ng isang malaking bato habang nakapatirapa. Datapwat, isang pangitain ng isang mabisyong (naglilikot na) kamelyo, na hindi nakikita ng kanyang mga kasama, ang pumigil sa kanya.[169]

Ang asawa ni Abu Lahab (na ang pagsumpa para sa impyerno ay binanggit sa Unang Bahagi, Ika-7 Kabanata ng aklat na ito) ay minsang hinanap si Muhammad sa layuning batuhin siya. Nang makita niya ang kasamahan nito, si Abu Bakr, itinanong niya ang kinaroroonan ni Muhammad, bagamat siya (Muhammad) ay nakaupong katabi lamang ni Abu Bakr. Ang kanyang mga mata ay malinaw na binulag sa kabila ng kanyang pagiging naroon. [170]

Sa ibang mga okasyon, si Muhammad ay nagpahayag ng pagtanggap ng kaalaman, alinman sa pamamagitan ng himala o ng anghel ng rebelasyon, tungkol sa mga pagtatangkang siya ay patayin. Sa gayon, naiwasan niyang malason, [171] maihulog sa gilid ng bundok, [172] at madurog ng isang malaking batong inihulog mula sa isang tuktok.[173]

Ang nakapagpapaniwala sa kasaysayang ito ay hindi lamang dahil sa ang bawat pangyayaring ipinahayag ni Muhammad na kanyang unang nalaman ay talagang

---

168 *Al-Bukhari* at *Muslim*.
169 Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.
170 *Ibid.*
171 *Musnad Ahmad* at *As-Seerah An-Nabawiyyah*, ni Ibn Hisham.
172 *Musnad Ahmad*.
173 Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

nagkatotoo, kundi dahil sa hindi nagkaroon ng mga maling babala. Ni minsan, sa buong buhay ni Muhammad, ay nag-angkin siya ng isang pangyayaring *hindi* nagkatotoo. Hindi niya nakasanayang tumanggi sa pagkain dahil sa hinala ng lason, magbago ng daraanan sa paglalakbay para iwasang maitulak sa isang bangin, o magpalit ng mga upuan dahil sa hinalang siya ay pinaghandaang bagsakan ng malaking bato. May sapat siyang dahilang maging matatakutin, at gayunpaman, buong tapang siyang sumulong para sa kanyang layunin, nang hindi isinaalang-alang ang mga makatwirang pag-iingat na iisipin ng nakararaming tao. Paminsan-minsan lamang na ang kanyang maaaring maging mapanganib na lakad ay nagambala ng isang kutob o ng isang tuwirang rebelasyon ng isang pagtatangka sa kanyang buhay. At sa gayong mga kaunting pagkakataon, siya ay hindi kailanman nagkamali.

Tinanggal ni Muhammad, gaya ng naunang nabanggit, ang kanyang mga tanod pagkatanggap ng rebelasyong "Ipagtatanggol ka ng Allah sa mga tao (na may hangad na masama)" (TMQ 5:67). Hindi siya nagkaroon ng tagatikim ng pagkain, bagamat ang panlalason ay isang madalas na banta sa mga pinuno noong kanyang kapanahunan, at gayunman ay hindi siya nabahala ng mga hinala o guni-guning takot *(paranoia)*. Bagkus, mapayapa niyang hinarap ang bawat araw at pagkakataon nang may tiwalang "ang Diyos ay kasama niya." Ang kanyang pagkilos, sa katunayan, ay nagpamalas ng tiwalang nagbabadya ng lalim ng tiwala sa makadiyos na pangangalaga. Sa harap ng mga pinakamapanganib na pangyayari, kumilos siyang may kahinahunang higit sa kakayahan ng tao.

Halimbawa, sa gabi ng kanyang binalak na paglikas mula sa Makkah patungong Medina, isang pangkat ng asasinasyon ang pumaligid sa bahay ni Muhammad. Ang tugon ni Muhammad? Sa halip na magtagong palihim, magsikap na gumapang nang patago o magmadaling tumakas sa paglaya, mahinahon siyang nagtiwala sa pagtatanggol ng

kanyang Lumikha, nagsumamo sa Allah at dinalit ang Banal na Qur'an. Pagkaraan ay lumakad siyang palabas ng kanyang tirahan at sa gitna ng kanyang mga kalabang natuklasan niyang mahimalang nawalan ng pakiramdam, at palabas ng Makkah.

Sa huli, habang iniiwasan ang mga nagsisihabol patungong Medina, siya at ang kanyang kasamang si Abu Bakr ay nagtago sa isang maliit na yungib sa Bundok Thawr. Nang ang nagsisihabol ay sumapit sa bunganga ng yungib, pinayapa ni Muhammad ang mga pangamba ni Abu Bakr sa masuyong paalaalang ang Allah ang kanilang tagapagtanggol. Bagamat nakaupo sila nang di-hihigit sa ilang hakbang sa loob ng kuweba, nagsilisan ang mga humahabol nang hindi nagsipasok. Nang magsiyasat sina Muhammad at Abu Bakr, natuklasan nilang ang pasukan ng kuweba ay naharangan ng isang puno ng akasya, isang malaking bahay-gagamba, at isang kalapati sa ibabaw ng isang bagong-gawang pugad. Nagsialis ang mga humahabol, sa paniwalang walang makapapasok sa yungib nang hindi magagambala ang mga kababalaghang iyon. Datapwat ang puno, ang sapot, at ang pugad ay hindi dating naroon nang pasukin nina Muhammad at Abu Bakr ang yungib.

Kahawig nito, nang abutan ni Suraqah ibn Malik ang dalawa sa hayag na lupa, nakita ni Abu Bakr ang dakilang mandirigma. Subalit ang tiwala ni Muhammad ay nanatiling di-nayanig sa pagpapayapa niya sa pangamba ni Abu Bakr, sa pagsasabing "Huwag kang malungkot, tunay, ang Allah ay nasa atin." [174] Gaya ng makikita natin sa mga susunod na pahina, ang mga pagtatangka ni Suraqah na dakpin ang dalawa ay nabigo ng kahawig na mga di-pangkaraniwang *(supernatural* na*)* pangyayari, at sina Muhammad at Abu Bakr ay nakapagpatuloy sa kanilang balak na patutunguhan.

Sa napakahalagang Labanan sa Badr, ang hukbong Muslim ng 300 ay humarap sa 1300 Quraysh. Ang mga Muslim ay may dalawang kabalyero (mangangabayo), ang

---

[174] *Sahih Al-Bukhari.*

Quraysh, 100. Ang mga Muslim ay may kaunting mga sandata; 600 sa mga Quraysh ay may suot na baluting pananggol *(armor)*. Ano ang ginawa ni Muhammad? Nag-utos na umurong? Nagtatag ng labanang gerilya? Hindi. Sa isang simbolikong galaw ng kamay, naghagis siya ng sandakot na buhangin at graba sa kalabang nasa malayo at nanalangin "Sakmalin ang kanilang mga mukha ng kalituhan!" Biglang-bigla, isang matinding bagyong-buhangin ang sumagupa sa mga mukha ng kalaban, at inihayag ng Allah, "Nang isaboy mo (ang sandakot na alikabok), iyon ay hindi mo kagagawan, kundi ng Allah . . ." (TMQ 8:17). Ang wakas ng paglalaban ay nakakita ng 70 patay sa mga Quraysh, gayong bilang ng nabihag, at kakaunting 14 na mga Muslim na nasawi, sa kabila ng katotohanang ang mga Muslim ay kulang sa gamit at nahigitan nang 4 laban sa isa. Kasunod ng labanan, ang magkabilang bahagi ay nagpatotoong nakakita ng mga anghel na nakipaglaban sa hanay ng mga Muslim.[175, 176]

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga pangyayaring ang mga lakas ng kalikasan ay nakalap upang paglingkuran si Muhammad. Sa isa pang okasyon, ang mga paganong taga-Makkah ay nagkasundong boykoteohin ang mga Muslim hanggang itakwil ni Muhammad ang kanyang pag-angkin sa pagkapropeta o kaya ay itakwil ng kanyang angkan. Pagkaraan ng tatlong taon ng nakamamatay na kagutuman, ang ilang pagano ay nagsikap na wakasan ang pagdurusa ng kanilang mga kamag-anak na Muslim. Habang nagtatalu-talo ang mga paganong Quraysh, si Muhammad ay tumanggap ng isang rebelasyon na kinain ng mga langgam ang mga kasulatang kinatitikan ng masamang kasunduan, maliban sa mga salitang nagluluwalhati sa Allah. Inihatid ng amain ni Muhammad, si Abu Talib, ang rebelasyon sa mga pagano, at nangakong isusuko sa kanila si Muhammad kung ang rebelasyon ay mapatunayang di-totoo. Nang mabawi ng mga pagano ang kasunduan, natuklasan nilang nakain ng mga langgam ang lahat maliban sa

175 Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. pp. 210–226.
176 Lings, Martin. p. 148.

mga salita, “Sa ngalan ng Allah.” Inamin nilang ang proklamasyon ay pinawalang-bisa ng Allah, na ginamit ang mga langgam bilang Kanyang mga ahente, at kinansela nila ang boykoteo.[177]

Bukod dito, iniulat ni Maisara, kasamahan ni Muhammad sa *caravan*, na ang Propeta ay sinundan ng mga ulap sa desyerto, na nagdulot ng lilim. Napansin ni Bahira, ang Nestoryong monghe ng Syria, ang gayunding kababalaghan nang si Muhammad ay isang batang 12 taong gulang, sa pagdaraan sa pamilihan ng Basra kasama ang *caravan* ng kanyang amaing si Abu Talib. Pagkatapos tanungin si Mhammad, si Bahira ay lalong nakatiyak na siya ang inihulang huling propeta at sinuri ang kanyang katawan. Natuklasan niya ang kanyang hinahanap: isang balat (marka sa pagsilang) na inangkin niyang tatak ng pagkapropetang inilarawan sa mga lumang kasulatan bilang isang tanda ng pangwakas na propeta.[178]

Ang pinakamadulang halimbawa ng ganitong uri ng himala ay ang mahiwagang paglalakbay sa gabi, na inilalarawan ng mga Muslim na *Al-Isra’ w’al-Mir’raj* (ang paglalakbay at pag-akyat). Iniuulat ng tradisyon na inilipad ng anghel Gabriel si Muhammad sa himpapawid mula sa Makkah hanggang Jerusalem, kung saan sila ay umakyat pagkatapos sa mga kalangitan. Nang isalaysay ni Muhammad ang himalang ito sa mga mamamayan ng Makkah pagkaumaga ng kanyang pagbabalik, ang kanyang pahayag ay sinalubong ng mauunawaang pagkabigla. Paanong makapaglalakbay si Muhammad sa Jerusalem — isang biyaheng isang-direksyon ng may di-kukulangin sa 20 araw, makaakyat sa pitong kalangitan, at makabalik sa Makkah — lahat sa loob ng isang gabi? At gayunman, nang hinamon, inilarawan ni Muhammad ang Jerusalem sa napakaganap na detalye sa mga nakaaalam nang mabuti sa lunsod, bagamat hindi pa siya

---

177 Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. pp. 117–119.
178 Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

nanggaling doon.[179]

Bukod dito, isinalaysay ng mananaysay na Islamiko ng ikalawang dantaon *AH* [180] (EN) Ibn Hisham, na sa makalangit na lakbaying ito, iniulat ni Muhammad na nakita niya ang isang Bedouin sa isang *caravan* na naghahanap ng isang nawawalang kamelyo, at itinuro niya rito mula sa kanyang maayos na kinalalagyan sa itaas ang kamelyong kitang-kita sa mataas na pananaw. Inilarawan ni Muhammad ang papalapit na *caravan* sa pagiging dalawang araw ang layo, at idinagdag sa kanyang paglalarawan ang mga natatanging tanda ng nangungunang kamelyo. Inilarawan niya kung paanong nabalian ng paa ang isang kamelyo, gayundin ang mga anyo ng mga nangakasakay at ang kanilang mga kamelyo.

Lubhang mga mabibigat na pahayag, maiisip ng isang tao.

At gayunman, hindi lamang talagang dumating ang *caravan* nang dalawang araw, kompleto sa pagkakalarawan ng natatanging pangunahing kamelyo at lahat ng ibang nangakasakay, ngunit ang isa sa mga Bedouin ay nagpatotoong siya ay nagabayan sa kanyang nawalang kamelyo ng isang tinig mula sa panggabing langit. [181]

---

[179] *Musnad Ahmad*.

[180] (EN) Ang ikalawang dantaon sa kalendaryong Muslim (*After Hijra*, o *AH)* ay katumbas ng 719–816 *CE (Christian Era)* isa kalendaryong *Gregorian* (Kristiyano).

[181] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

## 2: Mga Himalang Isinagawa

*Ang isang himala ay isang pangyayaring sa pananampalataya ay lumilikha.*
*Iyan ang layunin at kalikasan ng mga himala.*
—George Bernard Shaw, Saint Joan

Kapag isinasaalang-alang natin ang mga katangiang nagpapakahulugan sa isang propeta, ang isa sa mga bagay na naiisip natin ay ang mga himala (milagro). Ang mga milagrosong pangyayari ang nagbibigay-kaibahan ng mga propeta sa mga ibang tao, samantalang ang mga himalang isinagawa ng mga propeta mismo ay nagbabadya hindi lamang ng makadiyos na kagandahang-loob, kundi ng kapangyarihan (awtoridad). Yaong mga himalang nakaugnay kina Moises at Jesus ay lubhang kilala, at yaong mga nauugnay kay Muhammad ay labis ang daming nangangailangan ng panibagong buong aklat.

Ang puntong ito ay hindi isang pagpapalabis. Maraming aklat na ang naisulat, sa Inggles at maging sa Arabik, tungkol sa paksang ito lamang.[182] Ang mga himalang iniuugnay kay Muhammad ay sumasaklaw sa bawat bagay mula sa mga prediksyon hanggang sa mga pisikal na pananagumpay, datapwat ang pinakadakilang milagro ay ang Qur'an mismo. Ang di-mapapantayang kagalingan, kawalang-kaibahan sa naunang (di-alam na) rebelasyon, pagpapatotoo sa naunang (di-alam na) kasaysayan, mga higit sa inaasahang pagpapahayag ng katotohanang siyentipiko, mga prediksyon, mga di-natugunang hamon at higit na marami pa, ay pawang natalakay sa itaas. Kapag kinuha sa kabuuan, ang naiiwan sa atin ay isang rebelasyong may di-mapantayang kaganapan. At kung iyan ay hindi isang himala, ano ito kung gayon?

Sa anu't ano man, may dahilan tayo upang itanong kung ano ang mga himalang nakatalang naisagawa ni Muhammad.

Ang sagot ay, marami.

---

[182] Tingnan ang al-Waada'ee, Muqbil ibn Haadee, *Saheeh al-Musnad min Dalaa'il an-Nubuwwah*, Kuwait: Dar al-Arqam, 1987 para sa isa sa pinakamahuhusay na sanggunian sa kategoryang ito.

Ang isang buong listahan ay hindi praktikal sa saklaw ng kabanatang ito, subalit yaong mga nagnanais ng mas malawak na detalye ay maaaring basahin ang mga naunang binanggit na mga talambuhay, gayundin ang *Ash-Shifa*, ni Al-Qadi ‘Ayad (makakamtan ngayon sa salin sa Inggles), at ang maraming koleksyon ng *hadith*. Sa pagitan ng mga pabalat ng mga librong ito, natatagpuan natin ang kayamanan sa mga himalang di-madaling igawa ng talaan. Nakatatagpo rin tayo ng isang kaparaanan ng pagpapatotoo at pag-iingat ng talaang makasaysayan na nagbibigay-kahihiyan sa mga  Kanluraning artsibo (sinupan ng mga kasulatang pambayan) ng *alinmang* panahon.

Nakatatagpo tayo ng mga kuwento kay Muhammad, sa pamamagitan ng paghiling ng mga biyaya mula sa Allah, tungkol sa pagpapagatas sa mga tuyong gatasan ng mga tupang walang produksyon, pagpapasigla sa mga kamelyong sadyang labis ang pagod na sumabay sa pinakamabibilis sa pangkat, pagpapakain at pagpapainom sa mga tao mula sa napakakaunti, at pagpapalit-anyo ng isang patpat na naging isang espada para sa isang kawal, si Ukashah ibn Mihsan Al-Asdi, na ang sandata ay nabali sa Labanan sa  Badr.

Dala-dalawampung mga dukha ang napainom sa isang tasa ng gatas na sa tingin ay sapat para sa iisa lamang. Isang hukbong higit sa sanlibo ang napakain ng isang sukat ng arina at palayok ng karne, napakaliit na iisiping sapat lamang para sa sampung katao sa “Labanan sa Kanal,” na pagkatapos ay mukhang hindi nabawasan ang pagkain. Isa pang hukbo ng 1,400, patungo sa Labanan sa Tabuk, ang  napakain mula sa ilang dakot na halu-halong kakanin, na dinasalan ni Muhammad ng paghingi ng pagpapala, at ang naragdag ay sapat na mapunan hindi lamang ang mga sikmura ng hukbo, kundi  maging ng mga sako sa mga saklay ng kanilang mga kabayo.

Isang ekspedisyon ng 80 tao sa isang okasyon, at isang hukbo ng 1,400  (patungo sa paglutas sa Kasunduan sa Hudaibiya) sa isa pa, ang napagkalooban ng sapat na tubig para inumin at sa ablusyon mula sa tubig sa ilang sapo ng kamay lamang na ni hindi sapat para sa isang tao.

Napalayas ang   masasamang espiritu  (*jinn*), ang nabaling paa ni Abdullah ibn ‘Ateeq at ang nasugatang binti ni Salama ibn Aqua’a sa digmaan ay gumaling noon din, ang namagang mata ni Ali ibn Abi Talib ay napagaling, ang nagdurugong sugat ni Al-Harith ibn Aws ay

napatuyo at napagaling, ang nakalalasong kagat sa paa ni Abu Bakr ay napayapa, at ang paningin ng isang lalaking bulag ay naibalik. Sa isang okasyon, si Qutadah ibn An-Nu'man ay nasugatan sa Labanan sa Badr nang napakalubha na ang kanyang mata ay lumaylay sa kanyang pisngi. Hinangad ng kanyang mga kasamahang patirin ang mga pinagkakabitan subalit dinalanginan ni Muhammad ang mata, ibinalik iyon, at mula sa araw na iyon ay hindi na masabi ni Qutadah kung aling mata ang nasugatan at alin ang hindi.

Hanggang sa Labanan sa Uhud, ibig sabihin.

Sa Labanan sa Uhud ay isang palaso ang tumama sa ukit ng mata ni Qutadah habang ipinagtatanggol si Muhammad, at nang tangkain nilang tanggalin ang palaso, ang mata ay sumama rito. Subalit nanalangin si Muhammad, "O Allah, iligtas mo ang kanyang mata gaya ng pagliligtas niya sa aking mukha, at gawin mong ang kanyang mata ang pinakamabuting matang taglay niya, at ang pinakamalakas na matang ikakikita niya." Ibinalik ni Muhammad ang minsang-naulilang mata sa ukit nito at mula noon ay iyon ang pinakamalakas na mata ni Qutadah. [183]

Si Muhammad ay minsang humiling ng pag-ulan mula sa isang walang ulap na langit sa isang panahon ng tagtuyot, na pagkaraan ay napuno ang langit ng mga ulap at ang mundo ay nakulapulan ng ulan hanggang, makaraan ang isang lingo, pinakiusapan siyang hilingin sa Allah ang pagtigil ng delubyo. Bilang tugon, nanalangin si Muhammad para sa ulan upang "pumaligid sa amin, ngunit hindi bumuhos sa amin," na pagkaraan ang lunsod ay napaligiran ng ulan ngunit naligtas sa nakapipinsalang mga bunga ng patuloy na pagbuhos.

Maraming ulit na tumanggap si Muhammad ng rebelasyon na, bagamat hindi nakabilang sa Banal na Qur'an, ay napatunayang propetiko. Lahat ng gayong kaalaman ay napatunayang naihatid nang iba sa pangkatawang pamamaraan. Sa isang okasyon, ipinaalam ni Muhammad sa mga sugo mula sa Persia, pagdating nila sa Madina, na ang kanilang emperador ay pinaslang sa kanilang pag-alis. Nang makabalik sa Yemen ang mga sugo, natanggap nila ang liham na katatanggap mula sa bagong pinuno ng Persia, na nagpatotoo sa balita. Yayamang walang

---

[183] Sa'eid Hawwa. p. 322.

paraang malaman ni Muhammad ang asasinasyon, maliban sa pamamagitan ng rebelasyon, ang gobernador na Persiano ng Yemen at ang kanyang mga nasasakupan ay nagsiyakap sa Islam sa ebidensyang ito lamang. [184]

Kahawig nito, inihula ni Muhammad , "Ang Yamama ay nakatakdang mag-angat sa isang bulaang mag-aangkin ng pagkapropeta sa kanyang sarili subalit siya ay mapapatay pagkatapos." [185] Nagkatotoo ang predisksyong ito nang ang isang lalaking nagngangalang Musailimah ay pabulaang nag-angkin ng pagkapropeta sa Yamama. Bagamat pinayuhan siya ni Muhammad, "Ikaw ay isinumpa. Kahit ka magsisi at tumigil sa iyong ginagawa, itinakda ng Allah na ikaw ay papaslangin," [186] nagpumilit si Musailimah at, tulad ng ipinangako, napatay noong panahon ng pagka-Califa ni Abu Bakr. [187]

Ang isa pang huwad na propeta, si Al-Aswad al-'Ansi, ay napatay sa Yemen isang araw bago pumanaw si Muhammad . Gayunman ay ipinaalam ni Muhammad sa mga kinatawan ni Al-Aswad na ang balita ng pagkamatay nito ay nakarating sa kanya sa pamamagitan ng makadiyos na rebelasyon. Kasunod ng pagpanaw ni Muhammad, ang katotohanan ng kanyang pahayag ay napatunayan ng mga pinagmulan sa Yemen.[188]

Ang pagkamartir ni Amir sa labanan sa Khaibar ay inihula, tulad ng pagsumpa sa isa sa mga sundalong Muslim, na sa huli ay nagsagawa ng walang-kapatawarang kasalanan ng pagpapakamatay. [189] Sa isa sa pinakamapangahas na prediksyon kailanman, inihayag ni Muhammad, "Kapag si Khusraw [si Chosroes — ang emperador ng Persia] ay nawasak, wala nang magiging Khusraw pa pagkatapos niya; at kapag si Cesar ay nawasak, wala nang magiging Cesar pa pagkatapos niya. Sa Ngalan Niyang Nagtatangan ng aking buhay, gugugulin ninyo ang kanilang mga kayamanan para sa kapakanan ng Allah." [190]

Katunayan, nabihag ng mga Muslim ang mga lupain ni Chosroes, gayundin niyaong kay

---

[184] *Fath Al-Bari.*
[185] *Zad Al-Ma'ad.*
[186] *Sahih Al-Bukhari.*
[187] Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. p. 454.
[188] *Ibid.,* p. 454.
[189] *Sahih Muslim* at *Sahih Al-Bukhari*.
[190] *Sahih Al-Bukhari*, isinalaysay ni Jabir ibn Samurah.

Heracleo, ang Kanluraning Romanong emperador. Ang mga henerasyon ng dalawang emperador ay nagwakas at ang kayamanan ng kanilang mga tesorerya ay ginugol para sa kapakanang Muslim.

Nang hinanapan ng paganong Quraysh na magpakita ng isang milagro, idinako ni Muhammad ang kanilang paningin sa panggabing langit at ipinakita ang buwan, na nahati sa dalawa. Nahati sa dalawa? Lubhang mahirap mangyari, sa mga isip ng marami. Subalit maraming kumikilalang ang lahat ng nilikha ay sakop ng Maylikha. Kung nahati ng Diyos ang dagat para kay Moises, gayon ding mahahati Niya ang buwan para kay Muhammad.

Nang tawagin para makipagbuno kay Rukanah, isang di-natalong kampeon, nagwagi si Muhammad nang mahimala. Hinipo lamang si Rukanah sa balikat, ang kampeon ay bumagsak, na talunan. Sa isang muling paglalaban, ang himala ay naulit. Ang pangatlong hamon ay nagbigay ng gayunding resulta.

Nang pakiusapang humiling ng ulan, ginawa niya, at bumuhos ang ulan. Nang pakiusapang pakainin ang mga tao, ang kanyang mga dalangin ay nagdala ng pagkain; kung saan galing, hindi alam ng mga tao. Nang mamagitan bilang tagapagpagaling, ang mga sugat at kapinsalaan ay naglahong gayon na lamang.

Sa maikling salita, ang mga panalangin ni Muhammad ay nagdulot ng ginhawa at mga biyaya sa mga naniwala. At gayunpaman, maging nang hinamak ng kanyang tribo at nang binato sa Ta'if, ginutom sa Makkah o sinaktan sa loob ng Kaba, hinarap ni Muhammad ang mga personal na pagsubok, na napakarami, nang may pagtitiis, pagtitiyaga, at pagpipigil.

May natututuhan tayong kahanga-hanga rito kay Muhammad tungkol dito. Samantalang agad niyang hiniling sa Allah na pagbawahin ang mga paghihirap ng mga naniwala, bihira niyang hiniling ang makadiyos na pagpapamagitan para sa kanyang sarili. Kung isasaalang-alang ang magulong panahon nang kanyang panahon, ang katangiang ito ng walang pag-iimbot na pagtitiis at katatagan ang humahamon sa ating matuto nang higit tungkol sa pagkatao ng dakilang lalaking ito.

# 3: Pagkatao

*Ang ilang tao ay napalalakas ang lipunan*

*sa pagiging uri ng taong kanilang kinabibilangan.*

—John W. Gardner

Ipikit mo ang iyong mga mata at isipin mo sina Abraham, Ismael o Isaac, at ano ang iyong nakikita? Hindi marami, sa hula ko. Ngayon, isara mo ang iyong mga mata at isipin sina Noe, Moises, Jesus, at ano ang iyong nakikita? Mga tagpo sa pelikula, marahil ay isang larawang nakita mo sa isang pinintahang salaming bintana, isang larawan sa pader o ipininta, isang karikatura sa magasin o maging isang inilarawang aklat pambata. Marami ka pang nakikita, subalit tama ba ang alinman dito?

Batay sa pahiwatig, alam nating ang lahat ng mga propeta ay nagpamalas ng pagkataong marapat pamarisan. Gayunpaman, nahihirapan tayong ipagkasundo ito sa mga kuwentong biblikal kay Noe na walang damit at walang malay-tao dahil sa pagkalasing, kay Lot na nagkaroon ng pagtatalik sa kapamilya (bagamat hindi nalalaman) samantalang lasing, at kay David na gumawa ng pagpaslang. Ang ating pagkabigla ay nararagdagan kapag nababasa nating si Juda ay nagsagawa ng pagtatalik sa labas ng pag-aasawa at si Jesus ay isinusumpa ang isang puno ng igos, hinahamak ang mga Hentil at sinusumbatan ang kanyang ina.

Ang mga kuwentong ito ay hindi tumutugma sa ating mga inaasahan.

Bukod dito, ang ating mga hangad para sa mga detalye ay nananatiling bigo. Ang kakulangan ng impormasyon tungkol sa mga propetang biblikal, nakakalatan ng di-mawaring mga salungatang gaya ng nabanggit sa itaas, ay nagsama-sama upang bumuo ng isang paghahalu-halo ng mga malalabong larawang tulad ng likha ni Picasso. Ang kurba ng isang konsepto ay lumiligid sa anino ng isang lalong di-mawaring disenyo. Ang mga detalyeng kailangan upang malinawan ang salungatang ito ay karamihang nagkukulang. Ano ba ang katulad ni Abraham? Bueno, alam mong siya ay isang propeta. Oo nga, ngunit kailangan ko ng mga detalye. Oh, dinaramdam ko, hindi kita matutulungan diyan.

Samantalang ang kalagayan ng mga propetang biblikal ay waring di-malulutas, ang magandang balita ay walang gayong suliranin sa kaso ni propeta Muhammad. Ang larawang nakakamtan natin mula sa mga aklat ng kasaysayan at *hadith* ay kapansin-pansing malinaw, di-nagbabago, at kapani-paniwala.

Isang halimbawa, si Muhammad ay waring hindi anuman kung hindi isang halimbawa ng kabanalan. Sa pagsulyap sa mga kuru-kuro ng lumipas, nakakakita tayo ng mga komentaryong gaya ng,

> Ang pangunahing katapatan ng kanyang (Muhammad) kalikasan ay hindi mapag-aalinlanganan at ang isang makasaysayang pagsusuring walang pinipikitang katotohanan, walang inihahadlang sa mapaniniwalaan, tumitimbang sa bawat patotoo, walang kinikilingang kapakanan, at naghahanap lamang ng katotohanan, ay marapat kumilala sa kanyang pag-aangkin bilang nasa hanay na iyon ng mga propeta, na anuman ang naging kalikasan ng kanilang karanasang pisikal, sa mga panahon at pamamaraan ng kahirapan, ay nagbigay-babala, nagturo, sumambit ng payak at matayog na mga kaisipan, naglatag ng mga prinsipyo ng pag-uugaling higit na marangal kaysa roon sa kanilang natagpuan, at nagtalaga ng kanilang sarili nang walang takot sa kanilang matayog na tungkulin, na di-mapigilang matulak sa kanilang pangangaral ng isang panloob na kapangyarihan. [191]

At:

> Ang kanyang kahandaang sumailalim sa pag-uusig para sa kanyang mga paniniwala, ang mataas na mabuting pagkatao ng mga taong naniwala sa kanya at kumilala sa kanya bilang isang pinuno, at ang kadakilaan ng kanyang pangwakas na tagumpay — ay pawang naninindigan sa kanyang pangunahing karangalan. Para ipalagay na si Muhammad ay isang impostor (mapagpanggap) ay nagtataas ng higit na suliranin kaysa nalulutas niyon. Bukod dito, walang sinuman sa mga dakilang tao sa kasaysayan ang gayong kababa ang pagkilala sa kanluran kaysa kay Muhammad. Ang mga manunulat na Kanluranin ay karamihang may pagkakataong maniwala sa pinakamasama tungkol kay Muhammad, at, sa tuwing ang isang pakahulugang mapagtatalunan tungkol sa isang gawain ay nagmukhang tila mapaniniwalaan, sila ay natungo sa pagtanggap niyon bilang isang katotohanan. Kung kaya, hindi lamang dapat nating kilalanin si Muhammad sa pagtataglay ng pangunahing katapatan at kadakilaan ng

---

[191] *The New International Encyclopaedia.* 1917. 2nd Ed. Vol XVI. New York: Dodd, Mead and Company. p. 72.

> layunin, kung talagang siya ay ating uunawain ; kung ituttuwid natin ang mga kamaliang namana natin sa nakalipas, kailangan natin sa bawat partikular na kaso ang manangan nang mahigpit sa paniniwala sa kanyang katapatan hanggang ang kabaligtaran ay ganap na mapatunayan . . . [192]

Si Muhammad ay namuhay, kinikilala kapwa ng mga Muslim at di-Muslim, na matapat sa mensaheng inangkin niyang siyang rebelasyon. Ang mga makamundong kaginhawan ay may maliit o walang halaga sa kanya. Sa kabilang dako, nakatala ang kanyang buhay  sa gayong pagpipigil na, para sa mga karaniwang tao, makakabigat iyon sa mga kaluwagan at makakapinsala sa pagtitiis.

Iniuulat ng kasaysayan na si Muhammad ay nanirahan sa pang-isahang silid ng mga aksesoryang yari sa ladrilyong luwad, na kasinlaki ng isang maliit na tulugang may makabagong mga sukat. Nanamit siya nang pangkaraniwan, natulog sa isang banig ng magaspang na katad na napalamnan ng hilatsa ng palmerang *tamar (dates* o datiles),, kumain ng anumang mayroon sa panahon ng kahirapan, at sa panahon ng kasaganaan ay kumain ng mga hindi repinado, sa katamtamang dami.

May pagkakataong si Muhammad ay tumagal nang ilang buwan nang walang pagkain maliban sa *tamar* at tubig, na paminsan-minsan ay may gatas ng kambing. Umiwas siya sa mga luho (karangyaan)  mula sa unang araw  ng rebelasyon hanggang sa araw ng kanyang pagpanaw, hanggang sa punto ng pag-iwas sa tinapay na gawa sa pinong giniling na arina.  Kinaugalian niyang magdasal sa ikalawang-katlo ng gabi, nag-ayuno sa lahat ng uri ng panahon, at namigay sa mga nangangailangan ng anumang mga regalo o pakinabang na tinanggap niya. Siya ay inilarawang higit na mahiyain kaysa isang babaeng birhen sa kanyang pribadong silid, datapwat pinakamatapang sa mga mandirigma sa pakikilaban. Si Ali, mismong bantog sa katapangan sa pakikihamok, ay nagsalaysay, “Sa tuwing naging lalong marahas ang paglalaban at lalong namula ang mga mata ng mga mandirigma, nakagawian naming humingi ng saklolo sa Propeta.  Siya ang

---

[192] Watt, W. Montgomery. p. 52.

laging pinakamalapit sa kaaway.”[193]

Ang pagkamapagbigay ni Muhammad ay maalamat, huwaran ang kanyang mga pag-uugali, nakapagpapasigla ang kanyang asal. Yumao siya kung paano siyang namuhay, isang dukha, na naipamigay ang kanyang mga sandata sa mga Muslim at kahuli-hulihang taglay niyang pitong dinar sa kawanggawa. Naiwan niya, sa rurok (ituktok) ng kanyang tagumpay, ang isang sasakyang bisiro, ang kanyang kalasag (na naisanla sa isang mayamang Judio), at isang pirasong lupang itinakda para sa kawanggawa. Sa mga maybahay niyang nabuhay nang matagal kaysa kanya, nag-iwan siya ng pangako ng Allah para sa Kanyang mga alipin: isang pangakong ibinunyag ng kasaysayan na natupad nang napakaganda. Sa tanging nalabing anak niyang babae, si Fatimah, nag-iwan siya ng magandang balitang siya ang kauna-unahan sa pamilyang sasama sa kanya sa kabilang-buhay: balitang ikinagalak nito. Pagkaraan ng anim na buwan, at sa kabila ng kabataan ni Fatimah kung ihahambing sa mga nabubuhay pang maybahay ni Muhammad, ang kanyang salita ay napatunayan, maging matapos ang kamatayan.

Anumang bagay maliban sa isang makasariling halimbawa ng isang laki sa layaw na maharlika, nakaugaliang gatasan ni Muhammad ang kanyang sariling kambing, sulsihan ang kanyang sariling mga damit, kumpunihin ang kanyang sariling mga sapatos, paglingkuran ang kanyang pamilya sa kanilang tahanan, at lingapin ang mga maralita at may karamdaman. Nang kinailangan ang gawaing pangkamay, humakot siya ng dalawang bato nang ang lahat ng iba pa ay nagdala ng tig-isa. Sa pagtatayo ng moske ng Quba sa Medina, siya ang unang naglatag ng mga ladrilyo at bato. Sa “Labanan sa Kanal,” naghukay siyang katabi ng kanyang mga tagasunod, na sa isang pagkakataon ay nadurog niya ang isang malaking batong hindi magalaw ng kanyang mga kasamang nagtulung-tulong. Hindi nag-atas kaninumang gawin ang hindi niya mismo gagawin, tinanggihan ni Muhammad ang mga alok ng kanyang mga kasamahan sa Labanan sa Uhud na kalabanin ang isang naghamon (si Ubai ibn Khalaf) sa halip niya, at sa pagharap sa mangangabayo nang siya ay nakatindig, inundayan niya ito ng isang nakamamatay na sugat.

---

[193] *Ash-Shifa.*

Binigyang-kahulugan ni Aristoteles ang doktrina ng gintong kalagitnaan bilang pagkakaroon ng kabutihang-ugali sa gitna ng mga magkaibayong kasukdulan ng pagmamalabis sa sarili at pagtatakwil sa sarili. Kahawig nito, ang relihiyong Islamiko ay nagbibigay-diin sa kabutihang-ugali ng pagtahak sa "gitnang landas" tungkol sa mga bagay na ipinapahintulot. May oras para sa paggawa at may oras para sa laro, subalit muli ay may oras para sa pagdarasal at pagninilay — mga gawaing nangangailangan ng pisikal at sikolohikal (pangkatawan at pangkaisipan) na paninindigan, ngunit naghhatid ng gantimpala ng kapayapaang panloob. Ang Islam ay nagtuturo, sa karamihan ng mga pagkakataon, na kumain nang katamtaman. Gayunman, sa pagwawakas ng ayuno, ang mga Muslim ay maaaring magdiwang. Ang salapi ay hindi ititinggal (itatago) sa paraan ng isang sakim ni lulustayin sa paraan ng isang bulagsak. At bagamat ang mga kabutihang-asal ng pagkakawanggawa ay binibigyang-diin, ang tanging tungkulin ng Muslim ay magbayad ng *zakat*, o takdang pangmaralita. [194 (EN)] Ang mga kaluguran ng mundo ay maaaring tamasahin, ngunit hindi sa hangganan ng paglabag. Sa magkabilang ibayo ng timbangan, ang pagkakait sa sarili ay hindi isinusumpa maliban kung isinasagawa sa sukdulan. Ang huwarang Muslim, sa ibang salita, ay hindi maluho ni hindi asetiko (sukdulang walang layaw). Gayunman, walang masama, at katunayan ay labis na kahanga-hanga, ang pagiging *zahid*.

Ang salitang Arabik na *zahid* ay walang katumbas na salin, ngunit marahil ay pinakamabuting ipakahulugang "matiisin." Tulad ng mga Estoico, na nanindigang ang kaligayahan ay nababatay sa panloob na kapayapaan sa halip ng panlabas na pangyayari, ang mga *zahid* ay itinuturing ang mga kaginhawang makamundo bilang mainam ngunit hindi kinakailangan, at nakikita ang kanilang kaluguran mula sa kalooban. Sa sandaling ang gayong nangingibabaw na kapayapaan ay natuklasan, ang ginhawa ay natutunaw sa kawalang-saysay.

Di-tulad ng mga walang kaayusan, walang kasiyahang mayayaman, tinatanggap ng mga

---

[194 (EN)] Ang taunang *zakat*, o takdang pangmaralita, ay isa sa limang haligi ng Islam, kasama ng pagpapahayag ng pananampalatayang Islamiko, pagdarasal, ang ayuno sa buwan ng Ramadan, at banal na paglalakbay sa Makkah — bawat isa ayon sa mga kautusan ng relihiyon. Ang mga Muslim ay naniniwalang kung paanong ang pagsasagawa ng iba pang mga haligi ng Islam ay nagpapadalisay sa tao at mga buhay, ang pagbabayad ng *zakat* (sa karampatang 2.5% ng ari-arian ng isang tao sa loob ng isang taon nang higit sa kanyang mga pangangailangan) ay gayon ding nagpapadalisay sa kayamanan ng isang tao.

*zahid* ang kanilang Maylikha, at hindi ang mga makamundong elemento ng Kanyang paglikha, bilang kanilang pinagtutuunang-pansin. Kung pumapasok sa kanilang mga buhay ang salapi, mga kaginhawahan, at mga kaluguran ng pagnanasa, iyan ay mainam. Ngunit kung hindi, iyan ay mainam din, sapagkat ang pagtitiis at kabanalan ang mga tunay na susi tungo sa kapayapaan at kasiyahan.

Sa ikaiikli ng isang mahabang kuwento, si Muhammad ay isang *zahid*. Bagamat nagdusa ng kawalan, mga pananakit at pang-aabuso o napaliligiran ng kayamanan ng isang lumalaking kaharian, nanatili siyang di-nagbabago sa kanyang mga paninindigan, hindi nakatali sa mga materyal na bagay, at matiyaga sa tiisin. Bagamat ang kanyang mga kalagayan sa pamumuhay ay nasa panlabas na anyo ng isang asetiko, gayunman ay hindi siya talagang isang asetiko, sapagkat hindi siya nagsagawa ng sukdulang pagkakait (sa layaw) sa sarili. Sa halip, siya ay walang malasakit sa kayamanan, at malayang nagpamigay sa iba ng anumang mayroon siya. Minabuti niyang alisin sa sarili ang anumang nakasagabal sa pagsasagawa ng kanyang relihiyon, kaya't nakatatagpo tayo ng mga kuwento kay Muhammad na nagpapamigay ng isang makulay na damit sa isang okasyon, at ng kanyang kahuli-hulihang salapi sa isa pa.

Ang isang lider ng relihiyon na umiwas sa pagdakila, isang emperador na nagtakwil ng karangyaan at karangalan, isang pinunong nagtrabahong katabi ng kanyang mga tagasunod, isang heneral na nakipaglaban sa harap ng kanyang hukbo — si Muhammad ay lahat-lahat ng mga ito. Siya ay isang lalaking pinapagbago ang isang bayan, nagtatag ng isang estado, at inihatid ang isang rebelasyong natakdang gumabay sa ikalimang bahagi ng sangkatauhan sa kasalukuyang panahon. At gayunpaman, ang kanyang mahinahong ugali at kahanga-hangang kababaang-loob ay nagbigay ng balabal ng pagiging karaniwan sa taong itong ganap na di-karaniwan, sapat na makapagbigay-sigla sa pag-ibig ng kanyang mga tagasunod.

> "Nakita ko," sinabi ng embahador na ipinadala ng matagumpay na Kuraish sa hinamak na destiyero sa Medina; "Nakita ko ang Persianong Chosroes at ang Griyegong Heracleo na nangakaluklok sa kanilang mga trono, datapwat kailanman ay hindi ko nakita ang isang lalaking namumuno sa kanyang mga kapantay na gaya ni Muhammad."
>
> Pinuno ng Estado gayundin ng Simbahan, siya ay Caesar at Papa sa iisa; subalit

siya ay Papa na walang mga pagkukunwari ng Papa. At Caesar na walang hukbo ng Caesar. Walang hukbong nakatayo, walang personal na tanod, walang palasyo, walang tiyak na kita, kung sakaling sinumang tao ay nagkaroon ng karapatang sabihing siya ay namuno sa bisa ng isang karapatang Makadiyos, iyon ay si Mohammad; sapagkat siya ay nagtaglay ng lahat ng kapangyarihan nang walang mga kasangkapan at walang mga suporta niyon. [195]

Nakita natin kung paanong hindi pinag-alinlanganan ang katapatan ni Muhammad, hanggang sa puntong maging ang mga di-nanampalataya ay nagtiwala sa kanyang salita. Nang makaharap niya si Suraqah ibn Malik sa kanyang paglikas sa Medina mula sa Makkah , nakilala ng kasamahan niyang si Abu Bakr ang dakilang mandirigma. Gayunman, ang tiwala ni Muhammad ay namalaging matatag habang pinapayapa niya ang pangamba ni Abu Bakr, nagsasabing, “Huwag kang masiraan ng loob, katotohanang ang Allah ay nasa atin.” [196] Naakit ng pabuyang sandaang kamelyo, na inialok ng paganong Quraysh para sa pagbabalik ni Muhammad, si Suraqah ang tanging mandirigmang Quraysh na humalang sa dalawa, nag-iisa at walang armas. Gayunman, nakasagupa siya ng kaunting hirap.

Sa kanyang paglapit, nadapa ang kabayo ni Suraqah at siya ay natilapon. Ito ay sapat na pambihira sa mangangabayong ito kung kaya’t tumigil siya para magpanibagong-isip. Gaya ng kaugalian ng paganong Arabe sa gayong pagkakataon, gumawa siya ng sapalaran (palabunutan) upang magpasya kung magpapatuloy o hindi, at natuklasan ang sapalarang hindi naaayon. Gayunman, pinayagan niyang ang kanyang pag-aalala ay mayurakan (madaig) ng kanyang pagnanasa para sa sandaang mabalahibong sumpunging gantimpala (kamelyo), kaya’t bumalik siya sa paghahabol. Ang kanyang kabayo ay muling nadapa at siya ay nahulog. Si Suraqah ay sumakay na muli. Nadapa at nahulog. Muling sumakay. Ang kombinasyon ng hindi mabuting sapalaran at ang paulit-ulit na insulto sa kanyang katawan at pagpapahalaga sa sarili ay nagsilbing panggising sa kanya sa malinaw na pagiging kakatwa ng mga pangyayari. Taglay ang higit na hinahon, lumapit siya nang sapat para kay Muhammad na matawag siya at mangakong kung

---

[195] Smith, R. Bosworth. pp. 288–289.
[196] *Sahih Al-Bukhari.*

iwawaksi ni Suraqah ang kanyang hangarin, balang araw ay isusuot ni Suraqah ang mga pulseras at korona ni Chosroes, ang emperador ng Persia.

Bagamat hindi siya isang Muslim, pagkarinig sa gayong pangako mula sa isang taong kilala niya bilang "As-Saadiq Al-Ameen" (ang makatotohanan; ang mapagkakatiwalaan), itinigil ni Suraqah ang paghahabol at bumalik sa Makkah, nagtitiwalang ang pangako ay matutupad balang araw.

Ngayon, si Suraqah nang lumaon ay yumakap sa Islam. Nabuhay nang matagal kaysa kay Muhammad nang mahigit sa isang dekada, naligtasan ang maramihang kampanyang militar laban sa napakalaking (kundi man di-mapaniniwalaang) kalamangan, lumahok sa pagtatagumpay laban sa Imperyong Persiano at nabuhay upang isuot ang korona at mga pulseras ni Chosroes.

Waw. Kamangha-manghang propesiya.

Oo, subalit hindi iyan ang pinakamahalagang puntong dapat gawin.

Sa panahong ginawa ni Muhammad ang kanyang propesiya kay Suraqah, siya ang pinunong ispiritwal ng isang munting grupo, may bilang na ilang daan, at nagsisitakas mula sa paganong Quraysh. At gayunman ay tinanggap ng di-Muslim na si Suraqah ang pagtiyak ni Muhammad na balang araw ang maliit na pangkat na ito ng mga takas, na nangabigong itatag ang kapangyarihan ni Muhammad sa maliit na bayan sa desyerto ng Makkah, ay lalago upang ibagsak ang malaking kapangyarihang pangmundo ng Persia. At bilang karagdagan, siya, si Suraqah, ay magsusuot ng korona at mga pulseras ng monarka.

Hindi mahirap isipin ang mga guni-guning maaaring sumaisip ng isang karaniwang Bedouin pagkarinig sa gayong tila labis na nakagigimbal na hula:

*"Ilayo ang hayop na iyan dito! Aasahan ninyong maniwala ako . . ."*

*"Halika, isukat mo ang mga ito."*

*"Ano? Oh, hey, ang koronang ito ay nakasasakit nang kaunti, ngunit ang mga pulseras ay medyo kasya . . ."*

Para tanggapin ang gayong pangako ay nangailangan ng paniniwala, kundi man sa makadiyos na gampanin ng isang sugo, kung gayon ay sa katapatan ni Muhammad. At naroon

ang kagulat-gulat na di-pagkakatulad: Marami sa mga kapanahon ni Muhammad ay tumanggi sa mensahe ng Islam, subalit gayunpaman ay nagtiwala sa kanya sa bawat letra ng kanyang salita. Ang mga madulang halimbawa ay nagpapatotoo sa sarili, simula sa nagkakaisang damdamin ng buong populasyon ng katutubong lunsod ng Makkah ni Muhammad.

Unang ipinahayag ni Muhammad ang kanyang pagkakatalaga sa pagkapropeta sa pamamagitan ng pagtipon sa mga mamamayan ng Makkah at pagsasabi ng katotohanan. Subalit, bago gawin ang pagbabalita, sinubok niya ang kanilang tiwala sa pagtatanong kung paniniwalaan nila siya kung sasabihin niyang isang hukbo ang papalapit mula sa kabilang bahagi ng bundok. Isa sa pamayanan ang tumugon, na kailanman ay hindi pa nila nahuli siyang nagsinungaling, at wala isa mang tumutol.At nakilala nila siya sa loob ng 40 taon.

Nang sundan ni Muhammad ang pagbotong ito ng tiwala sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanyang pagiging propeta, tinanggihan ng mga tao ang kanyang mensahe ngunit hindi ang kanyang pagkamakatotohanan.[197]

Paano nating bibigyan ng pangangatwiran ito? Tanungin natin si Abu Jahl.

Si Abu Jahl ay isa sa mga pinakamahigpit na kaaway ni Muhammad at ng mensahe ng Islam. Gaya ng matatandaan ninyo, minsan niyang isinumpang dudurugin niya ang ulo ni Muhammad sa pamamagitan ng isang malaking bato, upang mabigo lamang sa pagtatangka. Upang hindi maging talunan, ginugol niya ang buo niyang nalalabing buhay sa pag-uusig sa mga tagasunod ni Muhammad. Sa isang kaso ng kahindik-hindik na kalupitan, pinatay niya ang isang walang-labang babaeng Muslim, si Sumaya bint Khibat, sa pagsaksak ng isang sibat sa kanyang pribadong ari. Nang malaon, siya ay napatay habang pinamumunuan ang hukbo ng Quraysh laban sa mga Muslim sa Labanan sa Badr.

Hindi siya isang kritikong malumanay na magsalita.

Magkagayunman, nakasulat na tinutulan ni Abu Jahl ang katumpakan ni Muhammad ngunit hindi ang kanyang pagkamakatotohanan, sa mga salitang, “Hindi ka namin

---

[197] Isinalaysay sa *Muslim* at *Al-Bukhari.*

pinagbibintangang sinungaling, ngunit tinatanggihan namin ang iyong dala-dala."[198]

Kasunod ng palitang ito, ang talata ay ipinahayag,

"Batid Namin, (O Muhammad), na ikaw ay nalulumbay
sa sinasabi nila. At sa katunayan,
hindi ka nila tinatawag na di-makatotohanan,
subalit ang mga talata ng Allah ang tinatanggihan
niyong mga mapaggawa ng kasamaan." (TMQ 6:33) [199]

Sapat na nakawiwili, na bagamat ito ang maaaring maging isa sa mga talatang pinakamadaling pag-alinlanganan ng mga walang pananampalataya, walang sinuman sa kanilang gumawa nito.

Kaya't gaano kalalim ang narating ng nakalilitong paninindigang ito? Higit na malalim kaysa sugat ni Ubai ibn Khalaf, iyan ang katiyakan.

Narito ang kuwento. Minsan ay nagbanta si Ubai na papatayin si Muhammad, na nagsabing hindi, *siya* iyong pumatay kay Ubai. Ang dalawa ay naglaban sa Labanan sa Uhud, at si Muhammad ay nagdulot ng isang sugat kay Ubai na sa malas ay hindi hihigit sa isang maliit na kalmot sa leeg. Gayunman, ang tiwala ni Ubai sa salita ng isang taong hindi niya kinakitaan ng isang pagsisinungaling o isang di-natupad na pangako ay gayon na lamang, kung kaya't sinabi niya sa kanyang mga kasamahan, "Sinabi na niya [Muhammad] sa akin nang kami ay nasa Makkah: 'Papatayin kita.' Sa ngalan ng Allah, kung ako ay dinuraan niya, ako ay kanyang mapapatay."

Marahil ay mas malalim ang sugat ni Ubai kaysa sa naibalita, at siya ay namatay sa panloob na sugat. Marahil ay namatay siya sa isang atake ng alta presyon o sa puso na nagmula sa malaking takot. Alinman dito, napatay siya ni Muhammad gaya ng ipinangako. Higit na mahalaga, ang mga kasamahang mandirigma ni Ubai ay nag-ugnay ng tindi ng kanyang dusa hindi sa kanyang sugat kundi sa lalim ng kanyang tiwala sa pangako ni Muhammad, sapagkat

---

198 *At-Tirmithi.*
199 Saheeh International version. 1997. Abul-Qasim Publishing House. Jeddah, Saudi Arabia.

pinayuhan nila si Ubai , "Sa ngalan ng Allah, ikaw ay natatakot hanggang kamatayan."[200] At siya nga ay namatay.

Isang hiwalay na pangyayari?

Hindi, hindi naman talaga.

Sa isang pagkakataon, isang di-nanampalatayang nagngangalang 'Utaibah ibn Abi Lahab ang nakagawa ng maling pasyang abusuhin ang propeta, na pagdaka'y nagsumamo si Muhammad, "O Allah! Dalhin Mo ang isa sa Iyong mga aso sa kanya."

Kaunting panahon pagkatapos, nang naglalakbay sa Syria, namataan nina 'Utaibah at ng kanyang mga kasamahan ang isang leon sa malapit.[201] Sa pagkakaalaala sa mga salita ni Muhammad, sinabi ni 'Utaibah , "Kawawang kapatid ko! Tiyak akong lalamunin ng leong ito gaya ng ipinanalangin ni Muhammad . Napatay na niya akong talaga sa Syria samantalang siya ay nasa Makkah." Bagamat si 'Utaibah ay nabigyan ng babala, ang hayop ay dumaluhong sa grupo at winasak ang kanyang ulo.[202]

Marahil ang pinakakahanga-hangang kuwento ay matatagpuan sa *Sahih al-Bukhari,* isa sa dalawang pinakapinagpipitaganan at mahigpit na napatotohanang koleksyon ng mga *hadith.*[203 (EN)] Ang kuwentong ito ay nagsasalaysay ng pagtatanong ni Heracleo kay Abu Sufyan. Ngayon, pansinin nating si Abu Sufyan ay anumang bagay maliban sa pagiging isang kaibigan ni Muhammad. Nauna sa pagsakop ng Muslim sa Makkah, si Abu Sufyan ay isang kasapi ng tanyag sa lipunang alyansa ng mga makapangyarihang Quraysh na masigasig sa pagpapahamak kay Muhammad at pagwasak sa mensaheng Islamiko. Ito ang mga taong yumuko sa mga pinakamababang taktika at mga pinakaimbing gawain upang pahinain ang paglago ng Islam. Gayunman, bagamat hindi sila tumigil ng pagsisinungaling tungkol kay Muhammad nang hindi nila maiwasan iyon, naging tahimik sila sa pagkalat ng mga kasinungalingang maisusumpa ng

---

[200] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah.*

[201] Ang mga leon ay hindi na natatagpuan, subalit ang mga leon at tigre ay kapwa dating nabubuhay sa Tangway ng Arabia.

[202] *Tafheem-ul-Qur'an.*

[203 (EN)] Ang isa pa ay ang *Muslim*, nangangahulugang ang kabuuan ng *hadith* na tinipon ng bantog na pantas (iskolar) ng Islam, si Muslim ibn Al-Hajjaj.

kanilang bayan. Sapagkat batid ng mga Arabeng taga-Makka ang pagkatao ni Muhammad at tatanggihan ang mga paninirang-puri sa kanyang pagkatao.

Di-gaya niyaong naninira kay Muhammad ngayon (samantalang sa lahat ng pagkakataon ay may maliit o walang nalalaman tungkol sa kanya), yaong namuhay na kasama niya, lumakad at nagsalitang kasama niya, namahala ng mga kapakanang kasama niya, sa maikling salita, nakilala siya sa mga malapit, mahabang pagsasamahan, ay tumangging tawagin siyang isang sinungaling.

Isinasalaysay ng tradisyon:

> Ang Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) ay lumiham sa Caesar (Emperador Heracleo ng Roma) at inanyayahan siya sa Islam. Ipinadala ng Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) si Dihyah al-Kalbi na taglay ang kanyang liham at inatasan siyang iabot ito sa Gobernador ng Busrah na siyang magpapahatid nito sa Caesar, na bilang tanda ng pasasalamat sa Allah, ay lumakad mula sa Hims hanggang Ilya ( Jerusalem) nang pagkalooban siya ng Allah ng tagumpay laban sa hukbong Persiano.
>
> Kaya't nang makarating ang liham ng Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) sa Caesar , sinabi niya pagkabasa niyon, "Ihanap mo ako ng sinuman sa kanyang bayan, kung narito ngayon, upang matanong ko tungkol kay Muhammad." Nang panahong iyon si Abu Sufyan ibn Harb ay nasa Sha'm na kasama ng ilang kalalakihan mula sa Quraysh na nagsirating (sa Sham) bilang mga negosyante sa panahon ng kasunduan sa pagitan ng Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan) at mga pagano ng Quraysh.
>
> Isinalaysay ni Abu Sufyan, "Natagpuan kami ng sugo ng Caesar sa isang pook sa Sha'm kaya't dinala niya ako at ang aking mga kasama sa Ilya (Jerusalem). Pinapasok kami sa palasyo ng Caesar, at nakita siyang nakaluklok sa kanyang maharlikang palasyo na suot ang korona at napaligiran ng mga nakatatandang pinuno ng mga Bizantino.
>
> "Sinabi niya sa kanyang interprete (tagapagsalin), 'Itanong mo sa kanila kung sino sa kanila ang malapit na kamag-anak ng taong nag-aangking isang propeta.'" Sinabi ni Abu Sufyan, "Sumagot ako, 'Ako ang pinkamalapit niyang kamag-anak.' Itinanong niya, 'Ano ang iyong relasyon sa kanya?' Sumagot ako, 'Siya ay aking pinsan.' At wala

nang iba sa Banu Abdul Manaf [204(EN)] sa *caravan* kundi ako lamang. Sinabi ng Caesar, 'Palapitin ninyo siya.' Inatasan niya pagkatapos ang aking mga kasama na tumayo sa likuran ko na malapit sa aking balikat at sinabihan ang interprete, 'Sabihin mo sa kanyang mga kasama na tatanungin ko ang taong ito tungkol sa lalaking nag-aangking isang propeta. Kung siya ay magsisinungaling, bigyan nila ako ng isang senyas.'"

Idinagdag ni Abu Sufyan, "Sa ngalan ng Allah! Kung hindi rin lamang nakakahiyang tawagin akong isang sinungaling ng aking mga kasama, hindi ko sana sinabi ang katotohanan tungkol kay Muhammad nang tinanong ako ng Caesar . Subalit itinuring kong kahiya-hiya ang masabing isang sinungaling ng aking mga kasama. Kaya't sinabi ko ang totoo.

"Pagkatapos ay sinabi ng Caesar sa kanyang interprete, 'Itanong mo sa kanya kung sa anong uri ng pamilya nabibilang si Muhammad .' Tumugon ako, 'Nabibilang siya sa isang marangal na pamilya sa amin..' Sinabi niya, 'Mayroon bang sinuman sa inyo ang nag-angkin ng gayon nang una sa kanya?' Tumugon ako, 'Wala.' Sinabi niya, 'Nalaman ba ninyong siya ay nagsinungaling bago niya inangkin ang kanyang pag-aangkin?' Tumugon ako, 'Hindi.' Sinabi niya, 'Mayroon bang sinuman sa kanyang mga ninuno ang naging hari?' Tumugon ako, 'Wala.' Sinabi niya, 'Sinusundan ba siya ng mga marangal o ng mga dukha?' Tumugon ako, 'Ang mga dukha ang sumusunod sa kanya.' Sinabi niya, 'Sila ba ay paparami o papakaunti?' Tumugon ako, 'Sila ay paparami.' Sinabi niya, 'Mayroon bang sinuman sa mga yumakap sa kanyang relihiyon ang di-nasiyahan at pagkatapos ay itinakwil niya ang kanyang relihiyon?' Tumugon ako, 'Wala.' Sinabi niya, 'Sinisira ba niya ang kanyang mga pangako?' Tumugon ako, 'Hindi, ngunit may kasunduan kami ngayon sa kanya, at nangangamba kaming maaari niya kaming pagtaksilan.'" Idinagdag ni Abu Sufyan, "'Maliban sa huling pangungusap, hindi ako makapagbibigay ng isa mang salita laban sa kanya.' Ang Caesar ay nagtanong pagkatapos, 'Nakipagdigmaan na ba kayo sa kanya?' Tumugon ako, 'Oo.' Sinabi niya, 'Ano ang resulta ng inyong mga pakikilaban sa kanya?' Tumugon ako, 'Iba-iba ang resulta; kung minsan ay matagumpay siya at kung minsan ay kami.' Sinabi niya, 'Ano ang iniuutos niyang gawin ninyo?' Sinabi ko, 'Sinasabi niyang sumamba kami sa Allah lamang, huwag sumamba sa iba kaagapay Niya, at itakwil ang lahat ng dating sinamba ng aming mga ninuno. Inaatasan niya kaming magkawanggawa, maging malinis, tuparin ang aming mga pangako at isauli ang anumang ipinagkatiwala sa amin.'

"Nang masabi ko iyan, sinabi ng Caesar sa kanyang interprete, 'Sabihin mo sa kanya: Tinanong kita tungkol sa kanyang lahi at ang tugon mo ay kabilang siya sa isang marangal na pamilya. Katunayang lahat ng mga sugo ng Diyos ay nagmula sa

---

[204(EN)] Banu Abdul-Manaf (o nga anak ni Abdul-Manaf) ang tribo ni Muhammad.

pinakamarangal na lahi ng kanilang mga bayan. Pagkatapos ay tinanong kita kung may sinuman sa inyo ang nag-angkin ng gayong bagay, at ang tugon mo ay wala. Kung ang tugon ay naging sang-ayon, maiisip kong ang taong ito ay sinusundan ang pag-aangking ginawa ng nangauna sa kanya. Nang tinanong kita kung siya ay nabalitaang nagsinungaling, ang sagot mo ay hindi, kaya't ipinalagay kong ang isang taong hindi nagsinungaling tungkol sa mga tao ay hindi maaaring magsinungaling tungkol sa Diyos. Pagkaraan ay tinanong kita kung sinuman sa kanyang mga ninuno ay isang hari. Ang tugon mo ay hindi at kung ito ay naging positibo, maiisip kong ang taong ito ay naghangad na ibalik ang kaharian ng kanyang mga ninuno.

"'Nang tinanong kita kung mga mayaman o maralitang tao ang sumunod sa kanya, tumugon kang ang mga maralita ang sumunod sa kanya. Sa katunayan, gayon ang mga sumusunod sa mga sugo ng Diyos. Pagkaraan ay tinanong kita kung ang kanyang mga tagasunod ay paparami o papakaunti. Tumugon kang sila ay paparami.
Sa katotohanan, ito ang resulta ng tunay na pananampalataya hanggang ito ay maging ganap (sa lahat ng mga kapakanan). Tinanong kita kung mayroong sinumang di-nasiyahan pagkatapos yumakap sa kanyang relihiyon, at itinakwil ang kanyang relihiyon, at ang iyong tugon ay wala. Sa katunayan, ito ang tanda ng tunay na pananampalataya, sapagkat kapag ang pagpapala nito ay pumasok at humalo sa mga puso nang ganap, walang sinumang hindi masisiyahan dito.

"'Tinanong kita kung nakasira na ba siya ng pangako. Tumugon ka nang hindi. At gayon ang mga sugo ng Diyos; hindi nila kailanman sinisira ang kanilang mga pangako. Nang tinanong kita kung nakipaglaban ka sa kanya at nakipaglaban siya sa inyo, tumugon kang ginawa nga niya, at kung minsan ay matagumpay siya at kung minsan ay kayo. Katotohanan, gayon ang mga sugo ng Diyos; sila ay dinadaan sa mga pagsubok at ang pangwakas na tagumpay ay sa kanila.

"'Pagkatapos ay tinanong kita kung ano ang iniatas niya sa inyo. Tumugon kang inatasan niya kayong sumamba sa Allah lamang at huwag sumamba sa ibang kaagapay Niya, itakwil ang mga dating sinamba ng inyong mga ninuno, mag-alay ng mga panalangin, magpahayag ng katotohanan, maging malinis, tumupad ng mga pangako, at isauli ang ipinagkatiwala sa inyo. Ang mga ito ang mga nalalaman kong katangian (mula sa mga naunang Kasulatan) ng isang propetang darating, subalit hindi ko alam na siya ay magmumula sa inyo. Kung ang sinasabi mo ay totoo, sandali pa at bibihagin niya ang lupa sa aking paanan, at kung nalaman kong tiyak akong makararating sa kanya, agad akong tutungo upang salubungin siya; at kung makakasama ko siya, kung gayon ay tiyak na huhugasan ko ang kanyang mga paa.'" Tinipon ng Caesar pagkatapos ang kanyang mga pinuno at mga militar at tinanong sila kung ano ang kanilang magiging tugon kung tatanggapin niya ang pakiusap ni Muhammad. Ang buong palasyo ay nasadlak sa

> matinding pagkakagulo at ingay, ang mga opisyal ay malabis na naligalig na nagsitaas ng kanilang mga tinig sa pagtutol at ang kanilang mga mata ay naging mabalasik. Nang makita niya ito ay dagli niyang isiningit at ipinahayag na naitanong lamang niya ang gayon upang masubok ang kanilang kapasyahan at matibay na paninindigan. Kaya't binawi niya ang una niyang pasya at tinanggihan ang mensahe ni Muhammad.[205]

Ang nasa itaas ay isang mahabang tradisyon, na may maraming dakilang aral. Kaugnay ng kasalukuyang paksa, dalawang punto ang nangingibabaw, ang una ay, minsan pa, ang mga kaaway ni Muhammad ay sumaksi sa kanyang pagkamakatotohanan. Hindi lamang pinatunayan ni Abu Sufyan ang katapatan ni Muhammad, subalit walang sinuman sa kanyang mga kasamahan ang sumalungat sa kanyang pahayag.

Ngayon, gaano katiyak *iyan*? Si Muhammad ay nag-aanyaya sa Islam kay Heracleo, ang pinuno ng isa sa mga pinakadakilang kapangyarihan sa mundo. Kung si Heracleo ay nag-Muslim, maaari niyang pagulungin ang Imperyong Romano sa Quraysh tulad ng isang trak na Mack sa isang langgam. Si Abu Sufyan at ang kanyang mga kasamahan ay maaaring mawalan ng pag-asang siraan si Muhammad at ang kanyang mensahe ng Islam. Ngunit hindi nila ginawa. At magtataka tayo kung bakit, kung hindi dahil sa kanilang katapatan.

Ang pangalawang punto ay ang paulit-ulit na kabalintunaan *(paradox)* ng pagkilala sa pagkamakatotohanan ni Muhammad subalit pagtanggi sa kanyang mensahe. Sa isang banda ay sinabi ni Heracleo, "Ipinagpalagay kong ang isang taong hindi nagsinungaling tungkol sa mga tao ay hindi kailanman makapagsisinungaling tungkol sa Diyos" at, "gayon ang mga sugo ng Diyos; hindi nila kailanman sinisira ang kanilang mga pangako." Sa kabilang banda, nang makita niya ang mga binhi ng paghihimagsik sa kanyang palasyo, "binawi niya ang kanyang unang pasya . . ."

Narito ang isang taong hindi lamang kumilala sa pag-angkin ni Muhammad ng pagkapropeta, ngunit nagpaliwanag pa ng kanyang dahilan. Datapwat, nang mapilitang pamiliin sa kanyang mga paninindigang panrelihiyon at mga makamundong kapakanan, siya ay gumuho.

Ang ganitong di-pagkakatugma ay nasasaksihan sa maramihang pagkakataon, ang isang

---

[205] *Sahih Al-Bukhari.*

kapansin-pansing bagay ay yaong iniulat ni Safiyah, isang babaeng Judio na sa huli ay napangasawa ni Muhammad. Ang kanyang ama, si Huyayi, at ang kanyang amain, si Abu Yasir, ay dalawang mga lider na Judiong dumalaw kay Muhammad nang dumating siya sa Quba. Inilarawan ni Safiyah na ang kanyang ama at amain ay

> . . . hindi nagsibalik hanggang sa paglubog ng araw nang dumating silang patamad at lubos na bigo. Ako, tulad ng dati, ay nagmadaling sumalubong nang nakangiti sa kanila, ngunit hindi sila lumingon sa akin dahil sa kalungkutang sumakmal sa kanila. Narinig ko ang aking amaing Abu Yasir na nagsabi kay Ubai at Huyayi, "Talaga bang siya (ang inihulang propeta)?" Sumagot ang una, "Siya na nga, sumpa ko sa Allah!" "Nakilala mo ba siyang talaga?" tanong nila. Sumagot siya, "Oo, at ang aking puso ay nagliliyab sa galit sa kanya.." [206]

Talaga, iyan ay nagbibigay-katinuan. Siya ang inihulang propeta, kamuhian natin siya.

Bueno, hindi ito ang unang pakakataong ang katotohanan ay nalaglag na sakripisyo para sa kaluwagan. Ang punto rito ay, gayunman, na kahit yaong mga namumuhi kay Muhammad ay kinilala ang kanyang katapatan.

Ang Qur'an mismo ay bumabanggit sa kabalintunaang ito, sapagkat ang mga di-naniniwala ay nasaksihan ang habampanahong katapatan ni Muhammad, gayunman ay tinanggihan ang kanyang mensahe ng rebelasyon:

> "Isang habampanahong nauna rito
> ay naghintay akong kasama ninyo:
> hindi ba ninyo kung gayon mauunawaan ito?" (TMQ 10:16)

Bukod dito, si Muhammad ay inaliw ng rebelasyon:

> "Batid Namin, sa katunayan, ang idinudulot na lumbay
> ng mga salita nilang ibinibigay:
> Hindi ikaw ang kanilang tinatanggihan:
> ang mga Tanda ng Allah ang kinamumuhian
> niyong mga taong tigib ng kasamaan" (TMQ 6:33).

---

[206] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

Minsan pa, pansinin nating walang nakakilala kay Muhammad na tinanggihan ang talatang ito. Pagbanggit sa *New Catholic Encyclopedia*, "Ang kanyang mga kaaway, kabilang ang maraming Judio at Kristiyano, ay sabik na nag-abang sa mga palatandaan ng panlilinlang; at si Mohammed ay matagumpay na nagtaglay ng isang kahanga-hangang katiyakan sa sariling pananaw laban sa anumang uri ng mga pagbibintang na katulad niyan.." [207]

---

[207] *New Catholic Encyclopedia*. Vol 7, p. 677.

## 4: Pagtitiyaga at Katatagan

*Ang Diyos na Makapangyarihan*
*ay nasusuklam sa isang umaayaw.*
—Samuel Fessenden, 1896

Kinutya man sa pagbuo ng isang arka sa isang walang tubig na desyerto, tinugis ng isang mapaghiganting faraon o hinagupit at hinatulan ng krusipiksyon , ang mga propeta ay nagdusa nang higit kaysa anumang makatwirang asahang tiisin ng sinumang impostor. At ang di-pangkaraniwang tiyagang ito ang nagbabalabal ng pagiging kapani-paniwala ng mga pag-aangkin ng mga propeta sa makadiyos na paghirang.

Ipinahihiwatig ng kasaysayan na si Muhammad ay kabilang sa marangal na kalipunang ito. Sa mahigit na 23 taon, dinala niya ang isang rebelasyong nagpagalit sa kanyang mga kaaway upang libakin, lusubin, pagmalupitan at patayin pa mandin ang mga naniniwala rito. Si Muhammad mismo ay pinagbantaan, dinusta, sinaktan, binato, at itinaboy nang palabas mula sa kanyang tahanan at lunsod. Ang kanyang minamahal na maybahay, si Khadijah, ay pumanaw sa pagpapatapong ipinataw ng paganong Quraysh. Ang mga pagtatangka sa kanyang buhay ay marami. Gayunman, sa loob ng lahat ng panahon ng ligalig at kahirapan, si Muhammad ay tumindig sa pananalangin sa gabi hanggang sa tumutol ang kanyang katawan.

Sa isang pagkakataon, isinaad ng rebelasyon na napatawad ng Allah si Muhammad sa kanyang mga kasalanan ng lumipas, kasalukuyan at hinaharap (TMQ 48:2).

Ang tugon ni Muhammad ?

Sumandal at huminahon?

Kahit ano maliban. Sa kabila ng katiyakan ng paraiso, si Muhammad ay tumindig nang dalawang-ikatlo ng gabi sa pananalangin, hanggang sa mamaga at magkabitak ang kanyang mga paa. Nang tinanong na, “Hindi ka ba napatawad ng Diyos sa nasa harapan mo at sa nasa likuran

mo?" — Sumagot si Muhammad, "Hindi ba ako dapat maging mapagpasalamat na alipin?" [208]

Ngayon, ang mga nagdudunung-dunungan ay binibigyang-layaw ang kanilang sarili, at pagkatapos ay nag-aangkin ng makadiyos na pagpapaubaya bilang pahintulot upang takasan ang mga hirap sa pagsamba. Alinman dito ay hindi ginawa ni Muhammad. Bagkus, katulad ng mga propetang nauna sa kanya, siya ay nagtiis upang maihatid ang mensahe ng rebelasyon. At pagkaraan ay pinarangalan niya ang mensaheng iyan nang higit kaninuman sa kanyang mga tagasunod, hanggang sa araw na siya ay pumanaw.

Gayundin, walang tunay na propeta ang nagmalabis sa kanyang posisyon para sa mga kapakanang pansarili. Isang halimbawa, walang tunay na propetang kailanman ay nag-angkin ng pagiging higit sa isang tao. Gaya ng tinalakay sa *NaDiyos'grasya*, ang pagkadiyos ni Jesus ay hindi *kanyang* ideya, kundi ng kanyang mga tagasunod na naligaw. Taglay sa isip ang panganib na ito, si Muhammad ay gumawa ng lahat ng pag-iingat upang hadlangan ang gayong pagkalihis na mabuo sa mga isip ng mga Muslim. Siniraan niya ng loob ang pakikitungong may higit na pagpapahalaga, at tumugon sa mga pakita ng paggalang nang may kahanga-hangang kababaang-loob. Isinalaysay ng kanyang katulong na si Anas,

> Walang sinumang higit na minamahal namin kaysa Sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan), [gayunman], kapag nakita namin siya ay hindi kami tumindig sapakat batid namin kung gaano niya hindi ginusto [na gawin namin iyon]. At sa isang pagkakataon ay may tumawag sa kanyang nagsasabing : "O pinakamabuti sa sangkatauhan . . ." Tumugon siya: "Iyan ay si Abraham, sumakanya ang kapayapaan." [209]

Sa isa pang okasyon, isang lalaki ang nagsabi, "Ang Diyos at Ikaw (O Muhammad) ay niloob ito," patungkol sa isang tiyak na bagay, at sinumbatan siya ni Muhammad sa pagtatanong, "Ginawa mo ba akong kapantay ng Diyos?[210]"

Binigyang-diin ni Muhammad ang pagkakaiba ng Diyos at ng Kanyang mga propeta sa

---

[208] Isinalaysay sa *Al Bukhari.*
[209] Isinalaysay sa *Muslim.*
[210] Isinalaysay sa *Al-Bukhari* at *Muslim.*

pagtuturong, “Huwag ninyo akong pakapurihing labis kung paanong pinuri nang labis ng mga Kristiyano [si Jesus] ang anak ni Maria. Sapagkat ako ay Kanyang alipin lamang [ng Diyos], kaya’t sabihing : ‘alipin at sugo ng Allah.’” [211]

Di-nagbago hanggang sa kahuli-hulihan, maging nang nagdurusa sa isang nakamamatay na karamdaman, binalaan ni Muhammad ang kanyang mga kasamahan upang huwag gawing tuunan ng pagsamba ang kanyang libingan.[212]

Marami pang ibang pangyayari ang naglalarawan ng kababaang-loob ni Muhammad. Sa isang madulang halimbawa, ang araw ay naglaho (eklipse) nang araw na pumanaw ang anak na lalaki ni Muhammad, si Ibraheem. Dala ng pagmamahal sa kanilang propeta, ang mga Muslim ay nagsimulang sabihin, “Ang araw ay naglaho para sa pagkamatay ni Ibraheem.”

Tugon ni Muhammad?

Tigil.

Pag-isipan ninyo ito. Ano ang maaaring sabihin ng isang nagmamarunong? Ang mga sinungaling at mga aktor ng tiwala ay sumusunggab ng gayong mga pagkakataon at binabaluktot ang mga ito para sa sariling pakinabang.

Sa kabilang dako, pinayuhan ni Muhammad ang kanyang mga tagasunod, “Katotohanan, ang araw at ang buwan ay dalawang tanda ng mga tanda ng Allah; hindi nag-eeklipse ang mga ito dahil sa pagkamatay ng sinuman o sa kanyang pagsilang, kaya kung makita ninyo iyan (isang eklipse), sa gayon ay manalangin sa Diyos, igalang ang Kanyang pangalan at magbigay ng kawanggawa..” [213]

Okey, subalit teka muna. Nasaan ang “Tama iyan, ang araw ay naglaho para sa kamatayan ng aking anak, kaya’t manalangin at mag-abuloy?” Kung sakaling nagkaroon ng pagkakataon si Muhammad para sa ikapupuri ng sarili, ito na iyon. Datapwat sinunggaban niya ang pagkakataon hindi para sa kanyang nais, kundi para luwalhatiin ang Diyos.

Paulit-ulit na pinababa ni Muhammad ang kanyang kahalagahan sa mga mata ng kanyang

---

[211] Isinalaysay sa *Al-Bukhari* at *Muslim.*
[212] *Sahih Al-Bukhari* at *Muata’h Imam Malik.*
[213] Isinalaysay sa *Al-Bukhari* at *Muslim.*

mga tagasunod, na tinuturuan niyang,

> "Sabihin ninyo: 'Sinasabi ko sa inyong ang mga Kayamanan ng Allah ay wala sa akin,
> ni hindi ko alam kung ano ang nakalihim,
> ni hindi ko sinasabi sa inyong ako ay isang anghel.
> Subalit sinusunod ko ang inihayag sa akin'" (TMQ 6:50),
> at
>
> "si Muhammad ay hindi hihigit sa pagiging isang sugo . . ." (TMQ 3:144)

Nakatatagpo tayo ng maramaing pagkakataong magagawang manipulahin ni Muhammad para sa sariling pakinabang, kung kanyang ginusto.' Noong isang dekada matapos ang paglikas, na nabawi ng hukbong Muslim ang Makkah sa isang mapayapa at tunay na di-madugong pagsakop, ang pamayanan ay humingi ng kapatawaran.

Muli, ilagay mo ang iyong sarili sa larawan.

Sa nakaraang 20 taon, sinaktan, pinahirapan, at pinatay ng mga taga-Makkah ang iyong mga tagasunod. Sa nakaraang 10 taon, hayagan silang nakipagdigmaan sa iyo. Ginutom nila ang maraming Muslim na nangahulugan ng kamatayan, isa sa kanila ang sarili mong asawa. Pinatay nila ang iyong amain sa labanan — bueno, ang mga kawalan ay maaasahan sa digmaan — ngunit dinurog ang kanyang bangkay at nginuya ang kanyang atay. Nang makipagkasunduan ka sa kanila, nilabag nila ito at pinaslang ang iyong mga tagasunod.

Ano ang ginawa nila sa iyo mismo? Binugbog ka nila, ginutom, binato ka hanggang magdugo, tinambakan ng dumi ng kamelyo habang ikaw ay nagdarasal, pinagtangkaan kang patayin sa maramihang pagkakataon at sa huli ay itinaboy ka mula sa iyong tahanan, tribo at bayan. Huwag nang banggitin ang mga insulto, paninirang-puri at paghamak na, sa isang Bedouin, ay mas malala kaysa anumang sugat.

At ginagawa nila ito sa loob ng *20 taon.*.

Kaya't ngayong nakalalamang ka, ano ang gagawin mo?

Okey, maaaring hindi *ikaw.* Maaaring napakabait mo. O kaya ay sobrang di-makatotohanan. Marahil ay nakaupo ka sa isang upuang may kutson at may isang pinalaaig na

Frappuchino sa iyong kamay, malambot na musika sa likuran,  at gaano man kahirap mong pilitin,  *hindi mo kayang* ilagay ang sarili mo sa larawan.

Subalit magagawa ng mga tao ng panahong iyon. Iyon ang panahon ng panggagahasa at pandarambong, panununog-hanggang-lupa at pananakop na tambak-ulo-sa-plasa. Iyan ang kalakaran ng mga panahon, kahit noong *walang* mga damdaming mapaghiganting nasasangkot. Isang pananaw na "Pinatay ninyo ang aking asawa, amain at mga tagasunod, ninakaw ang aming mga tahanan, ari-arian at gamit, at nangahas na 'tapusin' ako? Bueno, ang sapatos ay nasa ibang paa na ngayon" ang di-makalalabag sa anumang paraan ng mga makatwirang maasahan. Ang paghihiganti ay hindi lamang kauna-unawa, kundi sukat maasahan. Bigyan ng lakas-loob pa mandin.

Gayunman, si Muhammad ay hinidi isang taong nataboy sa karahasan o paghihiganti. Siya ay umayon sa uri ng taong nagabayan sa isang pamantayang mas mataas kaysa mga bugso ng damdamin. Sa kabila ng talaan ng mga kalupitang humihingi ng makatarungang paniningil, nagpamalas siya ng pagtitiis at kagandahang-loob na nagpahiwatig ng katapatan ng kanyang misyong propetiko. Sa pagsukat sa kanyang pagkamapagbigay bilang paghahambing sa mga ibang manlulupig ng kanilang panahon, ang buong pamayanan ng Makkah ay yumakap sa Islam, nang walang pinakamaliit na pamimilit.

Ang katapatan ng ganitong maramihang pagbabalik-loob ay pinatutunayan ng pangyayaring ang mga taga-Makkah ay hindi tumalikod sa kanilang bagong pananampalataya nang pumanaw si Muhammad isang maikling panahon pagkatapos.

Dalawang pangunahing komentaryo ang nagbubuod ng kaganapang ito gaya ng sumusunod:

> Ang araw ng pinakadakilang tagumpay ni Mohammad sa kanyang mga kaaway ay siya ring pinakadakilang tagumpay niya sa kanyang sarili. Malaya niyang pinatawad ang Koreysh sa lahat ng mga taon ng kalungkutan at malupit na galit na ipinalasap nila sa kanya, at nagbigay ng kapatawaran sa buong populasyon  ng  Mekka. Apat na kriminal na isinumpa ng katarungan ang bumuo ng talaan ng pagbabawal ni Mohammad nang pasukin niya bilang mananakop ang lunsod ng kanyang pinakamahihigpit na mga kaaway. Ang hukbo ay sumunod sa kanyang halimbawa, at pumasok nang tahimik at

mapayapa; walang tahanang ninakawan, walang kababaihang hinamak.  Iisang bagay lamang ang dumanas ng pagwasak. Pagtungo sa Kaaba, si Mohammad ay tumindig sa harap ng bawat isa sa 360 rebulto, at itinuro ito ng kanyang tungkod, nagsasabing, "Dumating ang katotohanan,  at ang kasinungalingan ay lilisan!" at sa mga salitang ito, pinagsisibak ang mga ito ng kanyang mga katulong,  at ang lahat ng mga rebulto at pantahanang diyus-diyusan sa Mekka at paligid ay nawasak.

Sa gayon muling pinasok ni Mohammad ang kanyang katutubong  siyudad. Sa buong kasaysayan ng pananakop, walang matagumpay na pagpasok  na maihahambing dito.

Ang pagkuha sa Mekka ay sinundan agad ng pagsasanib ng buong Arabia.[214]

At ang bahaging ito na hinango mula sa klasika ng 1890 ni Arthur Gilman, *The Saracens:*

Iyon ay higit na sa kanyang [kay Muhammad na] kapurihan, sa okasyong ito, nang ang kanyang pagtutol sa maling paggiit sa nakaraan ay likas na makapag-udyok sa kanya upang maghiganti, ay pinigil niya ang kanyang hukbo sa lahat ng pagdaranak ng dugo, at nagpakita ng bawat tanda ng kababaang-loob at pasasalamat sa Allah para sa lahat ng Kanyang kabutihan . . . .

Ang unang paggawa ng propeta ay ang pagwasak ng mga idolong rebulto sa Kaaba, at pagkatapos na magawa iyan ay iniatas niya sa kanyang orihinal na *muezzin* na ihudyat ang pag-aanyaya sa pagdarasal mula sa tuktok ng Kaaba, at nagpadala ng isang tagatawag sa mga lansangan upang ipag-utos ang pagwasak sa bawat rebultong maaaring nasa kanilang pag-aari.

Sampu o 12 kalalakihang sa naunang pagkakataon ay may masamang pag-uugali ang pinagbawalan, at apat sa kanila ang ipinapatay, subalit ito ay dapat ituring na lubhang makatao, kung ihahambing sa mga kagagawan ng ibang mga manlulupig, katulad halimbawa, ng kalupitan ng mga *Cruzadores ( Crusaders)*,  na noong 1099 ay pumatay ng 70,000 mga Muslim na lalaki, babae, at walang-labang mga bata, nang ang Jerusalem ay lumagpak sa kanilang mga kamay, o ng hukbong Inggles, na nakipaglaban  sa ilalim ng krus, na sa taon ng biyaya, 1874, ay nanunog ng isang punong lunsod na Africano, sa pakikidigma nito sa Gold Coast. Ang tagumpay ni Mohammed sa katotohanan ay isang para sa relihiyon at hindi sa pulitika; tinanggihan niya ang bawat tanda ng personal na pagpupugay, at tinanggihan ang lahat ng maharlikang kapangyarihan; at nang ang mga palalong pinuno ng Koreish ay humarap sa kanya ay kanyang itinanong:

"Ano ang maaari ninyong asahan sa aking mga kamay?"

"Awa,  O butihing kapatid."

---

[214] Lane-Poole, Stanley. Introduction, pp. xlvi-xlvii.

"Mangyari ang gayon; kayo ay malaya!" bulalas niya.[215]

Marahil ang pinakadakilang halimbawa ng katatagan ni Muhammad ay, bagamat nahulog mula sa kayamanan, kapangyarihan, at mataas na katayuan sa lipunan, at sa kabila ng sukdulang karahasan at masamang palagay na kanyang kinaharap, tumanggi siyang pabayaan ang mensahe ng rebelasyon. Sa isang mataas na antas ng pag-uusig kay Muhammad, nakiusap ang amain ni Muhammad sa kanyang itigil na ang kanyang pangangaral, na tinugon ng Propeta, "O aking amain! Sa ngalan ng Allah, kung ilagay nila ang araw sa aking kanang kamay at ang buwan sa aking kaliwa sa ilalim ng kondisyong bibitiwan ko ang gawaing ito, hanggang sa papagtagumpayin ako ng Allah o kaya ay  mamatay ako roon, hindi ko ito bibitiwan."[216]

Ang pagsubok sa paninindigan ni Muhammad ay dumating sandaling panahon pagkatapos nito, nang ang mga pinuno ng paganong Quraysh ay nag-alok sa kanya ng gayong panubos:

> Kung ikaw (O Muhammad) ay gumagawa ng lahat ng ito sa hangaring yumaman, sasamahan ka namin upang bigyan ng higit na kayamanang nakamtan na ng isang Quraysh. Kung ang ambisyon ay magpagalaw sa iyo, gagawin ka naming pinuno.  Kung ang pagiging hari ang hangad mo, handa kaming ihandog iyan sa iyo. Kung nasa ilalim ka ng kapangyarihan ng isang masamang espiritung tila tumatakot at nangingibabaw sa iyo kung kaya't hindi mo ito maitaboy, tatawag kami kung gayon ng mga dalubhasang manggagamot  upang pagalingin ka. [217]

Ang pagtanggi ni Muhammad ay nagpatotoo ng kanyang katapatan at di-makasariling paninindigan. Subalit kung gayon, bakit niya pinagtiisan ang mga pahirap at mga pagkagalit na naging kalakip ng kanyang pag-angkin sa pagkapropeta, kundi rin lamang sa kayamanan o kapangyarihan? Ang sagot, para sa mga Muslim, ay sapagkat nagsumikap siya hindi para sa kaginhawahan ng panandaliang mundong ito, bagkus sa mga gantimpala ng susunod.

---

[215] Gilman, Arthur, M.A. 1908. *The Saracens.* New York: G. P. Putnam's Sons. pp. 184–5.
[216] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.
[217] *As-Seerah An-Nabawiyyah* ni Ibn Hisham, at *Musnad Abu Ya'ala*.

Isang dekada pagkaraan, muling sinakop ng mga Muslim ang Makkah at nilupig ang mismong populasyong nag-alok kay Muhammad ng kanilang kayamanan at pagkahari.

Um, kaya't ano ang punto? Na hindi tatanggapin ni Muhammad ang kanilang kayamanan at trono nang maaga sa isang dekada, at malaya sa makamundong kabayaran, subalit nadamang kailangang gugulin niya ang nalalabing buhay niya sa pagsasarili at pakikilaban upang ito ay makamtan?

Malamang na hindi.

Ang punto ay hindi nakilaban si Muhammad upang itatag ang *kanyang sarili* sa kapangyarihan, bagkus upang itatag ang relihiyon. Kung hinangad niya ang kayamanan o pagkahari, maaari niyang tanggapin ang alok ng mga lider ng Quraysh para siya bilhin ng mga bagay na ito sa simula pa lamang. Subalit mangangahulugan iyan ng pagtatakwil sa rebelasyon. Sa halip, nakipaglaban siya para itatag ang salita ng Allah, at sa huli ay nagkamit ng tagumpay kapwa para sa Islam at para sa kanyang sarili.

Wakas ng istorya?

Hindi. Ang tunay na nakaaakit ay ano ang sumunod na pangyayari.

Sa sandaling nasa kapangyarihan, karamihan ng mga nagdunung-dunungan ay dumurukot ng listahan ng kahilingan ng mga "inihayag" na paniningil, at nagsisimulang magpasok ng kahilingan. Walang ginawang gayon si Muhammad. Sa katunayan, ginawa niya ang kabaligtaran, naghahatid ng rebelasyon:

> Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko
> ang inyong relihiyon para sa inyo,
> nilubos sa inyo ang kagandahang-loob Ko,
> at pinili ang Islam na relihiyon ninyo.
> (TMQ 5:3)

Ang rebelasyong ito ay nagbadya ng kaganapan. Pagiging ganap, kasama ng ibang mga bagay, ng "Aking kagandahang-loob para sa inyo." Sa panahong ang sinumang nagmamarunong sa mundo ay ituturing ang sariling ganap na nakahandang magsimulang "magpahayag" ng mga

talatang nakahilig sa sariling kaluguran, si Muhammad ay naghatid ng rebelasyong nagpahayag ng katapusan ng kagandahang-loob ng Allah sa kanya. Hindi lamang iyan, ngunit inihatid niya ang rebelasyong nag-utos sa kanyang

> "Ang mga pagpupuri sa iyong Panginoon ay ipagdiwang,
> at manalangin para sa Kanyang kapatawaran . . ." (TMQ 110:3)

Ang huling talata ay naipahayag siyam na gabi bago pumanaw si Muhammad.[218] Mangyari pa, hindi niya mapangungunahan ang kanyang kamatayan sa makamundong pamamaraan. Sa ibang salita, kung hindi siya isang propeta, hindi niya mapangungunahan ang kanyang kamatayan, ngunit kung siya ay isang tunay na propeta at nalaman ang kanyang darating na kamatayan sa pamamagitan ng rebelasyon, siya kung gayon ay . . . ahh . . . tabihan ninyo ako rito: isang tunay na propeta.

Ngunit ang punto ay ito: Ang mga huling talatang inihatid ni Muhammad bilang rebelasyon ay nagbigay-diin sa kanyang katapatan. Sa halip na "ipahayag" ang pamana para sa pamilya at mga mahal sa buhay, nagsasaksak ng ilang pangwakas na salita ng karunungang pansarili o nagpaparangal sa sarili nang may pangako ng kaligtasan, ang mga panghuling talata ng Banal na Qur'an ay nagbigay-wakas hindi lamang sa kanyang buhay, kundi maging sa rebelasyon.

At ano ang pinal na talata? Ang ipinahayag na huling talata ay nagpayo kay Muhammad:

> At katakutan ang Araw na kayo ay ibabalik sa Allah.
> Noon babayaran ang inani ng bawat kaluluwa,
> at walang sinumang pakikitunguhan
> nang hindi mayroong pagkamakatarungan (TMQ 2:281).

Kung saan ang ibang mga mananakop ay nakabilad sa pagpaparangal sa sarili at namamatay sa mga lason ng kanilang pamamalabis, si Muhammad ay naghatid ng isang serye ng mga talatang nag-atas sa kanyang magluwalhati sa Lumikha at hanapin ang Kanyang

---

[218] Qadhi, Abu Ammaar Yasir. 1999. *An Introduction to the Sciences of the Qur'an*.

pagpapatawad. Pumanaw siya kung paano siyang nabuhay, maralita sa mga makamundong pangangailangan subalit matagumpay sa kanyang relihiyon. Ang kanyang kamatayan ay hindi nabahiran ng paghahangad sa sariling kapurihan, at ng katuparan ng malaong kinimkim na mga pagnanasa o ng pagkapawi ng uhaw para sa paghihiganti. Sa halip, yumao si Muhammad na mayaman lamang sa katapatan at kabanalan, gaya ng pagiging gayon sa loob ng naunang 23 ng kanyang pagkapropeta.

Ipinipinid natin ang kabanatang ito sa mga parangal ng tatlong bantog na manunulat. Una, ang sosyalistang Inggles na si H.M. Hyndman:

> Kahit ngayon, taglay ang lahat ng detalye ng unang bahagi ng kanyang buhay at ng sumunod na tungkuling bukas na inilahad ng mga tao ng ating sariling lahi, na nagsipag-aral ng buong pambihirang kuwento ng marangal na Arabiano, hindi madaling bagay na maunawaan ang pagkatao, o iulat ang kahanga-hangang tagumpay ni Mohammed sa unang bahagi ng ikapitong dantaon. Hindi nag-angkin ng mga makadiyos na kapangyarihan sa alinmang panahon ng kanyang misyon . . . ang lubhang makataong propetang ito ng Diyos ay gumawa ng mga unang pagbabalik-loob sa kanyang sariling pamilya, nagtagumpay, matapos ang halos walang pag-asang kabiguan, na magkaroon ng kontrol sa kanyang sariling aristokratikong *gens* [angkan], at nagkaroon ng gayong kahanga-hangang personal na impluwensya sa lahat ng kanyang mga nakaugnayan na, hindi nangyaring noong isang nagdaralita o tinutugis na takas o nasa tuktok ng kanyang kasaganaan, ay kinailangan niyang dumaing dahil sa kataksilan niyaong minsang nagsiyakap sa kanyang pananampalataya. Ang kanyang tiwala sa sarili at sa kanyang inspirasyon mula sa kaitaasan ay higit pang dakila kaysa nang siya ay nagdurusa sa ilalim ng pagdaramdam at pagkabigo kaysa nang kaya niyang itakda ang kanyang sariling mga kapasyahan sa kanyang mga nalupig na kaaway. Pumanaw si Mohammed kung paano siyang nabuhay, napaliligiran ng kanyang mga unang tagasunod, mga kaibigan at mga tapat na alagad: ang kanyang kamatayang walang hiwagang tulad ng kanyang buhay na walang pagkukunwari. [219]

Si Washington Irving, mananaysay, biyograpo at awtor, ay may ganitong sinabi sa kanyang *Mahomet and His Successors:*

---

[219] Hyndman, H. M. 1919. *The Awakening of Asia*. New York: Boni and Liveright. p. 9.

Maging sa kanyang sariling oras ng pagdedeliryo, kung kailan wala nang makamundong dahilan upang manlinlang, inihinga pa rin niya ang gayunding katapatan sa relihiyon, at gayunding paniniwala sa kanyang misyong apostoliko.[220]

At pangwakas, isang muling pagdalaw sa mga palagay ni Thomas Carlyle:

Ang kanyang mga huling salita ay isang panalangin; putul-putol na mga bulalas ng isang pusong nakikipagtunggali, sa nanginginig na pag-asa, tungo sa kanyang Maylikha . . . Lumabas siya sa huling pagkakataon patungo sa moske, dalawang araw bago sumapit ang kanyang kamatayan; nagtanong, Kung may tao ba siyang nasaktan? Hayaang magdusa ng mga hampas ang kanyang sariling likod. Kung may tao ba siyang pinagkakautangan? Isang tinig ang sumagot, "Oo, ako, tatlong drakma," inutang sa isang gayong okasyon. Ipinag-utos ni Mahomet na bayaran ang mga iyon: "Mabuti pang mapahiya ngayon," anya "kaysa sa Araw ng Paghuhukom" . . . Ang mga ganyang pag-uugali ay nagpapamalas sa atin ng tunay na tao, kapatid nating lahat, na ipinadalang nakikita sa loob ng 12 dantaon . . . [221]

---

[220] Irving, Washington. Vol 1, p. 345.
[221] Carlyle, Thomas. pp. 115–116.

## 5: Kakulangan ng mga Hadlang

*Sinisiyasat natin ang mina ng karbon para sa diyamanteng mahal,*
*ngunit sinisiyasat natin ang mga diyamante para sa mga kapintasan.*

— L

. Brown

Ang mga tunay na propeta ay mas madalang kaysa mga diyamante, at tulad ng mga diyamante, ay hindi inaasahang maging perpekto. Katiyakang inaasahan nating maging makatao ang mga propeta, kompleto sa paminsan-minsang kasalanan o kamalian sa pagpapasya. Hindi natin sila inaasahang maging mga anghel, basta . . . nakahihigit sa lahat sa atin.

Datapwat ang hindi natin dapat tanggapin, ay ang mga nagmamarunong na nag-aangking makadiyos, nagpapabago (manipula) ng rebelasyon para sa sariling pakinabang, o nagpapakita ng mga tanda ng pagiging di-mapaniniwalaan, gaya ng pagsisinungaling o di-katatagan ng isip. Batay sa kutob, napapatungo tayo sa paghadlang sa lahat ng gayong mga nag-aangkin.

Gaya ng nakita natin, si Muhammad ay hindi nagpamalas ng alinman sa mga hadlang sa itaas. Hindi siya kailanman nag-angkin ng pagkadiyos o nagmanipula ng rebelasyon, at hindi siya kailanman nabalitang nagsinungaling. Kaya't paano natin hahamunin ang pag-aangkin ni Muhammad sa pagkapropeta?

*Iyan* ay isang mahirap na tanong. Ang ebidensya ay nagpipilit sa ating pawalang-halaga ang mga pag-aangkin ng epilepsya, pagsisinungaling, o kahibangan. Kaya't ano ang nalalabing mga posibilidad?

Bukod sa tunay na pagkapropeta, maliit o wala. O walang kahalagahan, ibig sabihin. Yayamang ang mga mas maalingawngaw na bintang ay madaling ipagwalang-bahala, yaong mga kumakalaban sa pagkatao ni Muhammad ay napipilitang tumuon sa mga isyung ganap na emosyonal, na sa katotohanan ay may maliit o walang kinalaman sa pagpapatotoo sa kanyang pag-angkin ng pagkapropeta. Ang ilan sa mga isyung ito, gaya ng pagkakaroon ni Muhammad ng mga kasalanan (bagamat kakaunti, at may maliit na kahalagahan), ay totoo, samantalang ang iba,

gaya ng paninirang-puri na si Muhammad ay mapagnasa, itinutulak ng gutom sa kasiyahang pangkatawan, ay hindi, gaya ng makikita natin pagkatapos. Sa dalawang kaso, ang pagtatalong emosyonal ay nauuwi sa pagsasabi ng mga kritiko ni Muhammad na hindi siya maaaring maging propeta sapagkat siya ay nagkasala, nagkipagdigmaan, nagtaguyod ng poligamya, nagpatakip ng buhok ng kababaihan, nagbawal ng alak, o anupaman.

Hah, anong sorpresa: hindi gusto ng mga tao ang kanyang mga ginawa, o ang rebelasyong kanyang inihatid. Ngunit hintay, hindi ba't iyan ang maaasahan natin sa karamihan ng mga taong iganti sa isang tunay na propeta? Hindi ba't lahat ng mga tunay na propeta ay hinarap nang higit na may pagtutol kaysa pagtanggap? Ang totoo, talagang lahat ng mga tunay na propeta ay tinanggihan sa simula ng nakararami sa kanilang pamayanan. Walang sorpresa riyan — hindi iyon ang tatak ng isang propeta, kundi ng nagmamarunong, na makapagtipon ng mga tagasunod sa pagsasabi sa kanila ng kung ano ang gusto nilang marinig. At tanungin natin ang ating mga sarili, bakit nagpadala pa ang Diyos ng mga propeta, kung gayon? Para tapikin sa likod ang bawat isa at sabihan silang ang lahat ng ginagawa nila ay tama, o para gabayan ang sangkatauhan nang palayo sa ating mga lihis na hangarin at pabalik sa landas ng Kanyang kalooban, maging kagustuhan natin o hindi?

Marahil ay wala nang hihigit na emosyonal na isyu sa rebelasyon kaysa sa pag-uutos na makipaglaban, at sadyang kawili-wili, ito nga ang tinutukoy ng Banal na Qur'an:

> "Itinatagubilin sa inyo ang pakikipaglaban, at hindi ninyo ito nagugustuhan.
> Subalit maaaring ayaw ninyo ng isang bagay na sa inyo ay may kabutihan,
> at iniibig ninyo ang isang bagay na sa inyo ay may kasamaan.
> Subalit ang Allah ang nakaaalam, at hindi ninyo nalalaman."
> (TMQ 2:216)

Ngayon, pag-isipan natin ito: May higit pa bang pagsubok sa pag-ibig kaysa ipaglaban ito? Lumalalim ang pag-ibig kapag may naninindigan para sa atin, maging ito ay ating magulang, anak, kaibigan, asawa, o kasamahan. Ang pakikipaglaban ang pangunahing pagsubok sa pag-ibig, at samantalang ang isang digmaan sa salita ay maaaring makasapat sa karamihan ng pagkakataon,

walang nagpapamalas ng tunay na paninindigan kaysa pagtataya ng buhay.

Gayundin, alang-alang sa pag-ibig sa Diyos, ang mga propeta ng LumangTipan ay namuno sa kanilang bayan upang makipagdigmaan nang paulit-ulit upang itatag ang pananaig ng batas ng Diyos sa mundo. Ang mga nagkrusada at mga kolonyalista ay nagbigay sa Kristiyanismo ng bahagi nito sa pakikipaglaban, lantarang sa ilalim din ng bandila ng Diyos. Maaaring si Jesucristo kailanman ay hindi nakipagdigmaan, subalit muli, siya ay wala sa katayuang gawin ito. Gayunpaman, sadyang ipinahayag niya ang kanyang layunin: "Huwag ninyong isiping naparito ako upang magdala ng kapayapaan sa mundo kundi ng isang espada." (Mateo 10:34), at "Ipinapalagay ba *ninyo* na naparito ako upang magbigay ng kapayapaan sa mundo? Sinasabi ko sa inyo, hindi nga, kundi pagkakahati-hati" (Lucas 12:51). Wala bang dahilang diumano'y sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, "Kung sino ang walang espada, hayaang ipagbili niya ang kanyang kasuutan upang makabili nito" (Lucas 22:37)?

Ang digmaan ay nagabayan at nailigaw, nagamit sa mabuti at sa masama, sa pagiging matuwid at kawalang-kabanalan, subalit ang pakikilaban ay isang pagsubok sa mga sinaunang mananampalataya at nananatiling isang pagsubok sa mga matutuwid ngayon.At gayunman, may mga tumatanggi sa pag-angkin ni Muhammad ng pagkapropeta sa bagay na itong isa sa mga pinakamadamdaming isyu. Saan, kung gayon, iniiwan niyan ang mahabang listahan ng mga propetang biblikal na nagsipamuno ng kanilang bayan sa digmaan sa ngalan ng Diyos?

Isang karaniwang madamdaming kontrobersya ay ang pagpapapugot ni Muhammad ng daan-daan [222 (EN)] niyang mga kaaway pagkatapos ng "Labanan sa Kanal." Ngunit teka. Ginawa ba niya? Ituwid natin ang ulat. Bago ang Labanan sa Kanal, lumagda ang mga Muslim ng kasunduan sa pakikipagtulungan sa tatlong magkakalapit na mga tribong Judio. Gayunman, habang may labanan, ang tribong Bani Qurai'tha ay lumabag sa kanilang kasunduan at nag-alok ng puwang sa mga tanggulan ng mga Muslim sa sumalakay na paganong Quraysh, kung saan makakalusob ang Quraysh sa mga Muslim mula sa isang bahaging walang tanggulan. Ang plano,

---

[222 (EN)] Ilang mananaysay ang naniniwalang kasingkaunti ng 600; ang iba ay kasindami ng 900.
[222] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

gayunman, ay nabigo, at ibinilanggo ng mga Muslim ang Bani Qurai'tha sa pagtataksil.

Salungat sa maaaring papaniwalain sa atin ng mga Kristiyanong nakikipagtalo, hindi si Muhammad ang humatol sa mga bilanggo. Sa halip, hiniling ng Bani Qurai'tha na hatulan sila ng isa sa mga tribong kaibigan nila. Sumang-ayon si Muhammad, at inialok sila sa pinuno ng tribong Aws, isang Muslim na nagngangalang Saad ibn Mu'ath. Ang Bani Qurai'tha ay sumang-ayong hatulan ni Saad, sapagkat ang mga tribong Aws at Bani Qurai'tha ay naging mahigpit na magkakampi sa loob ng maraming henerasyon, at umasam sila ng kapatawaran mula sa mga ito. Datapwat, laban sa kanilang inaasahan, hinatulan ni Saad ang mga kalalakihan ng Bani Qurai'tha ng kamatayan, at ang mga kababaihan at mga bata ng pagkaalipin. Bakit? Sapagkat kaibigan o hindi kaibigan, ang patas ay patas, at iyan ang kaparusahan para sa pagtataksil sa gayong panahon at pook. [223]

Ipagkaiba ito sa lalong hindi pa natatagalang batas ng Britanya. Bakit ang mga nagsilagda sa Pagpapahayag ng Kalayaang Amerikano ay itinuturing na pambihirang matatapang? Bakit itinudyo ni Benjamin Franklin na kung hindi sila bibigtihing hiwa-hiwalay ay bibigtihin silang isa-isa? Sapagkat ang parusa ng Britanya sa pagtataksil sa bayan ay bigtihin ang mga taksil hanggang halos mamatay, pagkatapos ay pagpira-pirasuhin ang katawan, alisan ng mga laman-tiyan samantalang buhay, sunugin ang mga laman-loob sa harap ng madla, at pagkatapos ay hatakin ang mga kamay at paa at hatiin sa apat na bahagi ang katawan (sa tulong ng apat na kabayong tagahatak) ng mga ito. Sa ganitong pakahulugan, ang pagpugot ay maipapalagay na lalong makatao kaysa pagpapahirap na inilapat ng "mga tagapagtanggol ng pananampalataya" ng Britanya," ang "pananampalataya" sa pakahulugang ang Simbahan ng Ingglatera.

Kaya't saan tayo inihahatid nito? Pabalik sa puntong ang mga emosyonal na isyu ay hindi tanggap na pamantayan upang bigyang-halaga ang pag-angkin ninumang tao sa pagkapropeta. Kahit na si Muhammad *ang naghatol* ng kamatayan sa Bani Qurai'tha, gaganap pa rin siya nang ayon sa pamantayang militar ng kanyang panahon. Higit na mahalaga, kung tatanggihan natin

---

[223] (EN) Ilang mananaysay ang naniniwalang kasingkaunti ng 600; ang iba ay kasindami ng 900.
[223] Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah*.

ang pag-angkin ni Muhammad sa pagkapropeta sa batayang ito, ano ang masasabi natin kay Moises, na nag-utos sa mga Judio ng pagkatay (at ang ibig kong sabihin ay literal na paggilit ng kanilang mga lalamunan) sa mga kasamahan nilang nagsigawa at nagsisamba sa rebulto ng isang baka noong 40 araw ng pakikipagniig ni Moises sa Diyos? At ilan ang mga ereheng ito, na ipinag-utos ni Moises na puksain? Sila ay nabilang na libu-libo.

Ang isang halimbawang di-gaanong madugo ng mga emosyonal na pakana ay matatagpuan sa Banal na Qur'an, na pinatawad ng Allah si Muhammad sa kanyang mga kasalanan (TMQ 48:2). Maraming Kristiyanong mapanirang-puri ang lumulundag sa *ayah* na ito at nagsasabing ang Islam ay nagtuturong si Muhammad ay may mga kasalanan, samantalang si Jesucristo ay walang sala. Gayundin, ang mga Kristiyanong nakikipagtalo ay madalas sabihing sina Abraham, Noe, Moises, at Muhammad ay pawang nangamatay at inilibing, subalit si Jesucristo ay binuhay mula sa mga patay.

Okey, peeeeeero . . . ano ngayon? Ang mga argumentong ito ng ang-propeta-ko-ay-mas-magaling-kaysa-propeta-mo ay hindi magkakabisa, ayon sa maraming dahilan. Una, walang paligsahan kina Jesucristo at Muhammad sa relihiyong Islamiko — kapwa sila kinikilalang mga propeta, na ang una ay nagprediksyon sa huli, at ang mga dalisay na turo ng dalawa ay naging mga turo ng Islam (ang Diyos ay Iisa, ako ay Kanyang propeta, at narito ang Kanyang mga batas. Ngayon, *sundin* ninyo ang mga ito).

Pangalawa, ang aral ng parabulang biblikal ng nawawalang tupa ay,

> Ano sa palagay ninyo? Kung ang isang tao ay may sandaang tupa, at ang isa sa kanila ay nawalay, hindi ba niya iiwanan ang 99 at tutunguhin ang mga bundok upang hanapin ang nawawala? At kung makita niya ito, katiyakan, sinasabi ko sa inyo, magagalak siya sa tupang iyan nang higit kaysa 99 na hindi nawalay (Mateo 18:12–13).

> O sa Lucas 15:7: "Magkakaroon ng higit na kagalakan sa kalangitan para sa isang makasalanang nagsisisi kaysa 99 na matutuwid na taong hindi nangangailangan ng pagsisisi."

> Ang aral ng parabula ng nawawalang barya ay gayundin. "May kagalakan sa kalipunan

ng mga anghel para sa isang makasalanang nagsisisi." (Lucas 15:10). At huwag nating kalimutan ang aral ng parabula ng waldas  na anak — na may higit na kagalakan para sa pagsisisi ng makasalanang anak kaysa sa isang hindi kailanman naligaw, bilang pasimula (Lucas 15:11–32).

Ano ang punto? Na ang mga Kristiyanong mapanirang-puri ay ikinakatwiran ang linyang "Ang aking propeta ay mas magaling sa propeta mo" sa batayan ng hindi pagiging makasalanan ni Jesus. Datapwat, ayon sa mga parabulang biblikal na kababanggit lamang natin, ang pagiging una ay dapat baligtarin, sapagkat  "may higit na kagalakan sa kalangitan para sa isang makasalanang  nagsisisi kaysa 99 na mga taong hindi nangangailangan ng pagsisisi.."

Pangwakas, wala sa Bibliyang isang propetang hindi karapat-dapat dahil sa pagkakasala, o sa pagkamatay at pagkakalibing. Ngayon,  walang alinlangang si Jesucristo ay isang mahirap na gawaing susundan, subalit kung ang pagkakaroon ng mga kasalanan o pagkamatay at pagkalibing ay nag-aalis sa isang tao sa pagkapropeta, kung gayon ay dapat din nating alisin ang lahat ng ibang propetang biblikal. At yayamang hindi natin gagawin iyan, ano ang punto ng pagtatalo?

Ang isang puntong *maaaring* magawa, gayunman, ay namalagi si Muhammad sa kanyang misyon sa kabila ng kanyang mga makataong kakulangan. Kailanman ay hindi niya tinangka ang alinman sa ipaumanhin o ilingid ang kanyang mga kasalanan o pagiging  makatao. Sa halip, inihatid niya ang isang rebelasyong nagpamalaging buhay ng mga katotohanang ito, na pagkatapos niyon ay nanatili siyang nagtitiyaga, sa pamamaraan ng mga propetang nangauna sa kanya.

Kung paanong hindi kinilala ni Muhammad ang sinumang propetang nakahihigit sa iba, hindi niya iniangat ang sarili sa ibabaw ng mga propetang nauna sa kanya.

Hindi gayon sa ibang mga relihiyon.

Ang 13 Pamantayan ni Maimonides ng Pananampalatayang Judio ay nagtuturong si Moises ang pinakadakila sa mga propeta. [224]   At masdan kung saan dinala ng ganyang pananaw ang mga Judio: gayon nilang minahal si Moises kaya't tinatanggihan nila hindi lamang si Muhammad, kundi maging si Juan Bautista at Jesucristo rin naman. Sa kabilang dako, iniaangat

---

[224] Tingnan sa *NaDiyos'grasya*, Unang Bahagi, Kabanata 1.

ng mga Kristiyano si Jesucristo sa pagiging Diyos at itinuturing ang kawing ng pagkapropeta bilang nagwawakas sa kanya, sa kabila ng prediksyon kapwa ng Lumang Tipan at ni Jesucristo mismo ng isang susunod na huling propeta. Hindi ito isang bagay tungkol sa mga taong may bulag na pananampalataya kundi ng isang pananampalatayang bumubulag sa kanila.

Ngayon, gayong kadali ring magagawa ni Muhammad ang gayong pag-angkin, at ang isang grupo ng kanyang mga tagasunod ay mapaniniwala. Naniwala na silang si Muhammad ang inihulang huling propeta, at nasaksihan na nila ang mahabang listahan ng mga himalang naganap kapwa sa pamamagitan niya at sa paligid niya, kaya't malamang na tatanggapin nila ang isang pag-angkin ng pagkadiyos. Yaman din lamang, na dati na nilang sinamba ang 360 mga rebulto sa Kaba sa Makkah bilang mga diyos. Aba, ang mga Arabe nang panahong iyon ay nagsibuo ng mga rebultong gawa sa *tamr (dates)*, tinawag na *isang diyos* ang minatamis, at pagkatapos ay *kinain iyon.* Ano ang posibilidad na *hindi nila* ituturing na isang diyos si Muhammad, kung sakaling inangkin niya iyon?

Subalit hindi niya ginawa.

Sa halip, inihatid niya ang isang rebelasyong nagpahayag na ang lahat ng mga propeta ay mga tao, na walang sinumang dapat ituring na nakalalamang sa sinumang iba pa:

> Naniniwala kami sa Allah at sa rebelasyong sa amin ay ibinigay,
> at kay Abraham, Isma'il, Isaac, Jacob, at sa mga Angkan,
> at sa ibinigay kay Moises at Jesus, at sa (lahat ng) mga Propeta
> mula sa kanilang Panginoon: wala kaming ipinag-iiba sa isa't isa
> at tumatalima kami (bilang mga Muslim) sa Allah (TMQ 2:136).

Marahil ang pinakakaraniwang pag-aangkin laban kay Muhammad ay isa siyang makamundo, na napaliligiran ng kanyang mga pagnanasa. Kawili-wiling ito ay isang makabagong pag-aangkin. Ang mga walang pananampalataya sa kapanahunan ni Muhammad, bagamat sabik bumatikos sa kanyang pagkatao, ay hindi kailanman gumawa ng ganitong pag-angkin. Mapagtatawanan silang papalayo kung kanilang ginawa.

Bagamat hindi pinagkaitan ni Muhammad ang sarili ng mga kasiyahan sa buhay,

namuhay siya nang napakatipid. Nagpamigay siya ng taglay niyang yaman, ipinamigay sa iba ang anumang regalong tinanggap, at ibinahagi pati ang kanyang pagkain. Tinanggihan niya ang karangalan at karangyaan ng tagumpay, at laging inuna ang mga pangangailangan at hangarin ng kanyang mga tagasunod kaysa kanyang sarili. Minahal niya ang mga pabango at pulot-pukyutan, ngunit tinamasa ang mga ito nang walang pag-aaksaya. At sa alinmang pagkakataon, walang naglunsad kailanman ng gawaing panrelihiyon para sa pulot-pukyutan.

Kaya't paano ang alak, babae at awit?

Una sa rebelasyon, ang lipunang Arabe ay nagpahintulot ng prostitusyon, mga pansamantalang kontrata ng kasal, at walang hangganang poligamya. Ang musika at alak ay palasak saanman at kailanman, at ang buong lipunan ay bigay na bigay sa sugal, handaan, pag-aaway, pagsumpa, paglalasing, pagsisinungaling, kamunduhan (pagnanasa), at katamaran. Kung ang mga iyon ang mga bagay na hinangad ni Muhammad, makakamtan niya ang mga iyon nang walang anumang sasabihing salita ng rebelasyon. Sa halip, mahirap makakita ng anumang ninais ng mga Arabe na hindi ipinagbawal o hinigpitan ng rebelasyong Islamiko.

Kunin ang mga isyu sa itaas nang isa-isa. Pagtatalik sa labas ng kasal? Ipinagbawal. Musika? Binawasan. Alak, sugal, pagsisinungaling, kamunduhan? Kalimutan na lamang. Ang handaan (kainan) ay hinalinhan ng ayuno, ang awayan ng kapatawaran, ang pagsumpa ng pagsusumamo (kumbaga, kung ayaw mo sa isang bagay, huwag mong isumpa ito, na walang mapapala, kundi hilingin sa Allah na halinhan ito ng mas mabuti), at ang katamaran, ng mga tungkulin ng pagsamba.

Ano ang nalalabi? Poligamya? Ngayon, ang maraming asawa ni Muhammad ay hindi naging suliranin kailanman bago ang makabagong panahon, at may napakabuting dahilan kung bakit. Hindi, tayka muna. Mali iyan. Hindi lamang may *isang* dahilan, mayroong *napakarami.*

Bilang pasimula, kung naging makamundo si Muhammad tungkol sa kababaihan, maaasahan nating mapansin ang kanyang mga pagnanasa sa kanyang kabataan, kung kailan ang pagnanasa sa laman ng isang lalaki ay nasa pinakamataas. Datapwat sa buong panahon ng kabataan ni Muhammad ay iisa lamang ang kanyang asawa, si Khadijah. Naging mag-asawa sila sa loob ng 25 taon, at sa loob ng panahaong iyan ay naging walang bawas ang kanyang katapatan,

bagamat siya (Khadijah) ay 15 taon ang katandaan sa kanya. Gayunman, ang mga tumutuligsa kay Muhammad ay nagpapahiwatig na, sa edad na 50, taglay ang lakas ng kanyang kabataang nakalipas, nagtatag siya ng isang pulutong ng mga asawa bilang kanyang layunin sa buhay?

Hindi gayon.

At sakali mang ang palagay ay naging totoo, kailanman sa kasaysayan ay hindi nagdusa ang isang lalaki nang gayon para sa isang bagay na makakamtan din naman niya kahit papaano. Sapagkat kung ito ang ginusto ni Muhammad, magagawa niyang magkaroon ng kahit ilang dami ng asawa, kalaguyo, alipin sa pagnanasa at mga babaeng bayaran, maging mula sa kanyang kabataan. Ang mga batas ng lipunang kanyang ginalawan ay . . . bueno . . . na noon ay *walang* mga batas. Maaari siyang nakapagrelasyon sa labas ng kasal nang malaya at bayaan ang kanyang mga pagnanasang makawala sa pastulan ng kalayaan ng laman. Subalit hindi niya ginawa. Sa kabila ng mga kalayaan sa pagnanasang maaaring makatukso sa sinumang lalaking may kabataan at sigla, si Muhammad ay namalaging malinis hanggang sa kanyang unang pagpapakasal, sa gulang na 25. Ang kanyang reputasyon ay kahinahunan, hindi kamunduhan.

Kaya't bakit nagpakasal si Muhammad sa bandang huli sa gayong karaming asawa?

Sa kadalasan, para sa makatwirang mga dahilan. Sa kanyang mga pagpapakasal, naipanatag niya ang mga relasyon ng mga tribo, nabigyang-proteksyon ang mga naulilang biyuda at diborsyada, at naipamalas ang mga hangganan ng pag-aasawang Islamiko. Malayo sa pagiging makapangyarihang pinunong pumili ng pinakakanais-nais na mga dalaga para sa kanyang pansariling kasiyahan, ang mga maybahay ni Muhammad ay hindi nakilala sa kanilang kabataan, kagandahan, kayamanan o mataas na katayuan sa lipunan.

Sa katotohanan, ang ganap na kabaligtaran.

Iisa lamang na maybahay, si A'ishah, ang isang birhen.[225] Ang iba pa ay alinman sa pagiging matanda, diborsyada, biyuda, o isang kombinasyon ng nasa itaas. Pinakasalan ni Muhammad si Mai'moona na 51 taong gulang. Ang isa pa sa kanyang mga asawa ay maaaring maging ina ni Mai'moona (o kung iisipin ang edad ng pag-aasawa ng mga kababaihan noon,

---

[225] Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. p. 483–485.

kanyang lola), sapagkat pinakasalan ni Muhammad si Um Salama nang siya ay 82. Ang kanyang unang asawa, si Khadijah, ay isang biyuda. Ang isa pang asawa, si Zainab bint Jahsh, ay nagtaglay ng kapintasan sa lipunan sa pagiging diniborsyo ng isang aliping pinalaya. Sa ganitong mga dahilan lamang, maaari nating ipagwalang-bahala ang pagnanasa bilang isang dahilan ng karamihan sa mga pagpapakasal ni Muhammad.

Kaya't ang bintang na pumanaw si Muhammad na isang maralita ngunit may isang kuwadra ng mga asawa bilang isa sa kanyang mga layunin sa buhay ay isang insulto hindi lamang sa lalaki, kundi sa katwiran man. Pinunong espiritwal, komandante ng mga mananampalataya, hari ng nasasakupan — walang batas ang lampas sa kanyang pakana, kung siya lamang ay lumabis sa mga hangganang makadiyos. Ang iba ay nagtatag ng mga batas ng asyenda (pribadong lupaing pangmayaman) na kinabilangan ng mula sa prostitusyong legal hanggang sa kasuklam-suklam na *droit du seigneur* (karapatan ng panginoon), kung saan may unang karapatan ang mga maylupang panginoon noong Gitnang Panahon *(medieval age)* na makatalik ang mga nobya ng kanilang mga alipin. At gayunman, kailanman ay hindi nagpamalas si Muhammad ng mga pagnanasa ng isang makamundo.

Kung walang anumang iba, ang halimbawa ni Muhammad ay sumasailalim ng mga hangganang biblikal. Sa pagkakaroon ng mas kaunting asawa kaysa kay Solomon (ahem . . . labis, *labis* na kakaunti), kaunting paglabag kaysa kay David (na, ayon sa Bibliya, ay labis na nagnasa kay Bathsheba kaya't iniutos niya ang kamatayan ng asawa nito), at lalong mapagpigil kaysa kay Juda (na nakatalang nakipagrelasyon kay Tamar, sa paniniwalang siya ay isang babaeng bayaran), ang pag-angkin ni Muhammad ng pagkapropeta ay hindi matututulan sa pagbibintang ng pagkamakamundo maliban kung ang mga propetang biblikal ay bibintangan din nang gayon..

Kaya't anong turo ang inihatid ni Muhammad tungkol sa kababaihan at pag-aasawa? Ang pagpapahintulot sa poligamya, bilang katiyakan. Gayunman, dapat nating alalahaning ang poligamya ay ipinahintulot din sa Lumang Tipan. [226] Bukod dito, bagamat hindi tahasang

---

[226] Tingnan sa Ika-3 Bahagi, Kabanata 6 ng *NaDiyos'grasya.*

ipinahintulot sa Bagong Tipan, hindi rin ipinagbawal ang poligamya.

Sa kabilang dako, ang rebelasyong inihatid ni Muhammad ay nangailangan, sa kauna-unahang pagkakataon, na ang kababaihan ay igalang at pakasalan nang may kaukulang pormalidad. May 13 dantaon bago naipagkaloob ng maunlad na Kanluran ang kababaihan ng kanilang mga karapatan sa pagmamana, ari-arian, pagpili ng mapapangasawa at pantay na karapatan sa pag-aaral at relihiyon, ang Banal na Qur'an ay nag-utos ng mga gayong karapatan. Ang pinakamakabagong konsepto, marahil, ay ang pagkilala sa kababaihan ng pagkakaroon ng mga kaluluwa at pantay na karapatang gaya ng kalalakihan sa kabilang-buhay, dalawang koseptong hayagang pinagtatalunan sa mga lipunang Kristiyano hanggang sa paglipat sa ika-20 dantaon, na pagkatapos ay nalipat ang pagtatalo sa likod ng mga nakapinid na pintuan ng simbahan alang-alang sa kaayusang pulitikal.

Subalit ang punto ay, sa Islam, ang isyung ito . . . kailanman *ay hindi naging* isang isyu.

Marahil, ang mga di-nananampalataya ang sinasabihan ni Thomas Carlyle sa sumusunod:

> Si Mahomet mismo, pagkatapos ng lahat ng maaaring sabihin tungkol sa kanya, ay hindi isang mapagnasang tao. Magkakamali tayo nang malawakan kung ituturing natin ang lalaking ito bilang isang karaniwang makamundo, naghahangad higit sa lahat ng mababang kasiyahan, — gayundin, ng mga kasiyahang anumang uri. Ang kanyang pamamahay ay isang may pinakamatipid; ang kanyang karaniwang pagkaing sebadang tinapay at tubig: kung minsan ay may mga buwang hindi nagkakaapoy ang kanyang kalan. Itinatala nila nang may pagmamalaki na nagkumpuni siya ng sariling mga sapatos, nagtagpi ng kanyang sariling balabal. Isang dukha, masipag, taong kulang sa mga gamit, di-alumana ang pinagsusumakitan ng mga taong mahalay. Hindi isang masamang tao, masasabi ko, isang bagay na mas mabuti tungkol sa kanya kaysa *kagutuman* ng anumang uri — o ang mga magugulong lalaking Arabeng ito, nag-aaway at nagtutulakan at 23 taon sa kanyang kamay, na laging malapit sa kanya, ay hindi magiging magalang sa kanya nang gayon! Sila ay naging maiilap na tao, nasusuong lagi at bigla sa pag-aaway, sa lahat ng uri ng marahas na katapatan, walang tamang pagpapahalaga at pagkalalaki, walang sinumang lalaki ang makapag-uutos sa kanila.[227]

Subalit inutusan niya sila. At ang kalikasan ng iniutos na iyon ni Muhammad ang siyang

[227] Carlyle, Thomas. pp. 114–115.

may pinakamataas na halaga.

## 6: Pagpapanatili ng Mensahe

*Kung nais mong manatili ang iyong lihim,*
*sa katapatan ay iyo itong balutin.*

— A
lexander Smith, *Dreamthorp*

Ayon sa Islam, ang pinakabuod ng mensahe ng rebelasyon ay hindi nagbago kailanman. Ang monoteismo (pagsamba sa iisang Diyos) ng Islam ni Adan ay siya ring monoteismong Islamikong inihatid ng lahat ng mga propeta: kabilang sina Moises, Jesus, at Muhammad. Batay sa katwiran, hindi ito maaaring maging ibang paraan, sapagkat ang pagbago ng inihatid na pananampalataya sa pamamagitan ng rebelasyon ay pagbago sa Maylikha Mismo. Ang pagsasabing nagbigay-daan ang "Iisa ang Diyos" sa "Ang Diyos ay isa sa tatlo at tatlo sa isa" ay pag-angking ang kalikasan ng Diyos ay nabago. At iyan sa kabuuan ang iminumungkahi ng Kristiyanismong Trinitaryo.

Subalit maging malinaw tayo sa puntong ito: na iyan ang iminumungkahi ng Kristiyanismong *Trinitaryo*, ngunit hindi iminungkahi ni *Cristo*. Kung ang unang aklat ng seryeng ito, *NaDiyos'grasya*, ay nagbubunyag ng walang ibang katotohanan, ito ang ibinubunyag nito: itinuro ni Jesucristo ang monoteismo at mga batas ng Lumang Tipan. Ang Kristiyanismong Trinitaryo ay hindi siyang produkto ng mga turo ni Jesucristo na gaya niyong mula sa mga nagsisunod sa kanyang pangalan: mga taong tulad ni Pablo at ang mga sumunod na teologong Paulino.

Muli, hindi ito mabibigyang-diin nang sapat: ang mga tagasunod ni Jesucristo at ang mga nagsisunod sa ngalan ni Jesus ay *hindi* iisang grupo ng mga tao. Ang unang grupo ay nanangan sa kanyang mga turo at, bilang resulta, ay naging mga monoteistang nakakapit sa batas ng Lumang

Tipan: isang may kaliitang bahagi ng mga Kristiyanong Unitaryo. [228] [(EN)] Datapwat kabilang sa mga nagsisunod sa pangalan ni Jesus ay mga Trinitario, na nagmungkahi ng isang kayarian tungkol sa Diyos na kailanman ay hindi itinuro ni Jesus.

Balik sa punto.

Ang punto ay itinuro ni Jesucristo ang kaisahan ng Diyos, ang pagiging mga tao ng mga propeta ng Diyos (kabilang ang kanyang sarili), at ang pangangailangan ayon sa Diyos ng pagtalima sa mga batas na inilahad sa rebelasyon. At iyan ang itinuro ng lahat ng mga propeta, hanggang kay, at kabilang si, Muhammad.

Kaya't iyan ang mensahe, diyan nakasalalay ang pagsubok. Ang isang tunay na propeta ay magpapanatili ng mensaheng iyan, di-naiiba sa mga turo ng mga propetang nangauna sa kanya. Ang mga nagdudunung-dunungan, sa kabilang dako, ay sumisira sa mensaheng iyan para sa personal na pakinabang, sa isang antas o iba pa.

Ngayon, ano ang nakikita natin sa kaso ni Muhammad?

Sa pasimula, gaya ng tinalakay sa naunang kabanata, wala tayong nakikitang ebidensyang gumawa si Muhammad ng *anuman* para sa sariling pakinabang, ni sumira ng mensahe ng rebelasyon. Namuhay siya at pumanaw na isang maralita, kaya't wala tayong nakikitang ebidensya ng personal na pakinabang, tapos.

Sumunod, hindi lamang pinananatili ng Banal na Qur'an ang mensahe ng kaisahang makadiyos ng mga naunang propeta ngunit, maliban sa Sabbath, pinananatili ng Islam ang Sampung Utos. Ang pangunahing paniniwala, sa ibang salita, ay namamalaging di-nababago.

---

[228] [(EN)] Buhat noong gitnang ika-19 na dantaon, ipinalagay ng ilan ang Unitarianismo bilang kasingkahulugan ng Universalismo, sa kabila ng hiwalay at magkaibang mga teolohiya (turo sa relihiyon). Ang pagsanib ng *Universalist Church of America* sa *American Unitarian Association* noong 1961, upang buuin ang *Unitarian Universalist Association*, ay may maliit na nagawa upang pawiin ang maling pagkakaunawang ito. Gayunpaman, samantalang karamihan ng mga Universalista ay maaaring maging Unitario, ang kabaligtaran ay katiyakang hindi siyang kaso (ang Unitario ay maging Universalista), sapagkat ang konseptong Universalista sa kaligtasan ng lahat ng mga kaluluwa ay salungat sa paniniwala ng Kristiyanismong Unitario, na nagtuturo ng kaligtasan bilang nakabatay sa tamang paniniwala at paggawa, ayon sa mga turo ni Jesus. Marahil sa dahilang ito, kaagapay ng pagkakaiba-iba ng mga paniniwalang Universalista, ang simbahang Universalista ay nabigong magpalabas ng isang pahayag ng pananampalatayang katanggap-tanggap sa lahat ng mga kaalyado. Bukod dito, ang teolohiyang Universalista ay higit na nakasalalay nang mabigat sa pilosopya sa halip ng sa kasulatan, na nagpapaliwanag ng di-pagkakaisa. Para sa mga layunin ng sulating ito, ang "Kristiyanismong Unitario" ay tumutukoy sa klasikong teolohiyang Unitariong nakatatag sa kasulatan at kaisa ng pagpapatibay sa kaisahang makadiyos. Ang Universalismo ay walang dahilang ipakahulugan sa pagbanggit sa Unitarianismo dito, at hindi na muling tatalakayin pa sa sulating ito.

Gayundin ang mga batas na itinuro nina Moises at Jesus, na may kaunting kaibahan.

Subalit paano ang “kaunting kaibahang” iyan? Hindi ba iyan mahalaga?

Depende sa iyong pananaw. Madali nating mauunawaan kung bakit ang tunay na pananampalataya sa walang-hanggang Diyos ay di-mababago, subalit paano ang mga batas ng Diyos? Ang mga iyon ba ay palagian din?

Ang sagot ay oo, ayon sa huling rebelasyon, ang mga batas ng Diyos ay naging palagian. Subalit, nauna rito, may mga halimbawang binago ng Diyos ang ilang batas mula sa isang rebelasyon hanggang sa sumunod.

Sa Lumang Tipan, ipinahintulot ng Diyos ang mga anak na lalaki at babae ni Adan na magkapangasawahan. Nang bandang huli lamang niya ipinabawal ito. Sa panahon ni Noe, maaaring kumain ang mga tao ng lahat ng uri ng karne at mga hayop. Sa bandang huli lamang inihayag ng Diyos ang mga paghihigpit sa Batas ni Moises. Sa isang panahon, maaaring pakasalan ng isang lalaki ang dalawang magkapatid na babae, pagkatapos ay ipinagbawal ang gawaing ito. Ang pinakamabilis na pagbabago sa mga utos ng Diyos ay matatagpuan sa kuwento ni Abraham. Una, iniutos ng Diyos kay Abraham na isakripisyo ang kanyang anak na lalaki, subalit binawi Niya ang utos nang isasakatuparan na ito ni Abraham.

Hindi inaangkin ng mga Kristiyano na ang isa o dalawa sa Sampung Utos ay pinawalang–bisa, kundi ang buong batas ay nabago. Hindi lamang nahalinhan ang batas ng Lumang Tipan ng doktrina ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya, subalit ang mga Kristiyanong Trinitario ay nag-aangking ang Diyos Mismo ay nagbago mula sa magagalitin at marahas na Diyos ng Lumang Tipan na naging lubhang mapagpatawad na Diyos ng BagongTipan. At gayunpaman, mabisang iginigiit ng mga Kristiyano, “Sinasabi naming Ang Diyos Mismo ay nagbago at ang lahat ng nangaunang batas ay nabago. Subalit sinasabi ng Islam na ang alkohol ay ipinagbabawal ngayon? Iyan ay katawa-tawa!”

Hmm. Itinuturo ng Islam na ang Allah ay nagpaliban ng ilang mga paghihigpit at utos hanggang ang sangkatauhan ay makayanang tuparin ang mga iyon. Ang mga naunang paghihigpit ay makabibigat sa mga tao nang higit kaysa kanilang makakaya. Ang sangkatauhan, sa ibang salita, ay hindi handa; kailangan nitong gumulang pa. Kung paanong tinuturuan natin ang mga

anak ayon sa kanilang antas ng paggulang, kinailangan ng Allah na awatin ang lahi ng tao nang unti-unti, hanggang sa ito ay maging handa sa pagtanggap ng mga paghihigpit sa rebelasyon.

Kaya't kung ang mga paghihigpit sa Sabbath ay ginunita rito, at ang pagpapahintulot sa alkohol ay binawi roon, hindi ito dapat ipagtaka.

Sa kabuuan, ano ang natatapuan natin sa relihiyong Islamiko? Ang Kaisahan at pangingibabaw ng Makapangyarihang Diyos, gaya ng itinuro ng lahat ng mga naunang propeta,[229] at isang malawak na aklat ng mga batas.

At ano ang *hindi* natin nakikita? Hindi natin nakikitang binago ni Muhammad ang mga kaugaliang pangrelihiyon para sa pansariling pakinabang, o nagpakita ng alinman sa maraming palatandaan ng huwad na pagkapropeta. Sa katiyakan, kailanman ay hindi niya inangking maging isang santo o Kristong nagbalik, kagaya ng ginawa ng napakaraming manlilinlang. Bukod dito, naghatid siya ng isang rebelasyong nagtuwid, sa halip ng nagpatibay, ng mga kilalang maling pang-unawang Judio at Kristiyano. Ito ay maaaring maging tiyak na kakaibang paraan ng pagtipon ng mga tagasunod sa pagsabi sa mga Judio at Kristiyanong ang mga kuru-kurong hawak nila (at hawak pa hanggang ngayon) ay mali, at pagkaraan ay magsimulang ituro sa kanila ang sarili nilang kasulatan. Kataka-taka ang humarap sa isang paakyat na pakikilaban nang walang malinaw na makamundong gantimpala. Kataka-taka sa lahat maliban sa isang tunay na propeta, ibig sabihin.

Kaya't si Muhammad ba ang huling propeta, gaya ng prediksyon kapwa sa mga Luma at Bagong Tipan? Kung gayon nga, isang bagay ang tiyak, at iyon ay binigo ang napakaraming tao ng rebelasyong kanyang inihatid. Nakakagulat? Marahil ay hindi. Walang higit na pagkamuhi kaysa taglay ng isang di-banal para sa isang matuwid na mabuting halimbawa. Bukod dito, ang pagkapropeta kailanman ay hindi isang timpalak-kagandahan, bagkus isang pagsubok sa katapatan at katatagan, paninindigan at katumpakan. At, tamang-tamang nakahanay sa parabula ng pagtitipon sa kasalan, na nagwawakas sa aral, "Sapagkat marami ang tinatawag, datapwat kakaunti ang pinipili" (Mateo 22:14), laging ang minorya (mas mababang bilang) ang

---

[229] Tingnan sa *NaDiyos'grasya*, Ika-3 Bahagi, Kabanata 8.

sumusunod.

Sa pagpinid sa kabanatang ito, tunghayan natin ang mga turo ni Muhammad sa pamamagitan ng mga patotoo ng iba. Si Ja'far (ang anak ni Abu-Talib, amain at tagpagtanggol ng Propeta) ay nagpatotoo kay Najashi (Negus), ang Kristiyanong hari ng Abyssinia nang ganito:

> O Hari ng Abyssinia, dati kaming mga taong mangmang, sumamba sa mga diyus-diyusan, kumain ng mga patay na hayop, nagsagawa ng mga kalaswaan, pumutol ng mga bigkis ng pamilya, gumawa ng kasamaan sa aming mga kapwa, at ang malalakas sa amin ay nang-api ng mahihina. Ito ang aming naging pangkalahatang katangian hanggang sa padalhan kami ng Diyos ng isang sugo. Kilala namin ang kanyang lahi, ang kanyang pagiging makatotohanan, ang kanyang pagiging mapagkakatiwalaan, at ang kanyang kalinisan. Tinawag niya kami sa Allah upang sambahin Siya nang nag-iisa at itakwil ang lahat ng aming dating sinasamba bukod sa Kanya sa mga bato at rebultong ito. Inutusan niya kaming maging makatotohanan sa pananalita, panatilihin ang mga tiwala, patibayin ang mga bigkis ng pamilya, maging mabuti sa aming kapwa, iwasan ang mga pagbabawal at dugo, at iwasan ang lahat ng mga kalaswaan, pagsisinungaling, pagnanakaw ng salapi ng mga ulila, at ang paninirang-puri sa mga kababaihang malinis. Iniutos pa rin niyang sambahin namin ang Allah nang nag-iisa, hindi nag-aagapay ng anuman sa pagsamba sa kanya. Inutusan niya kaming magdasal, magkawanggawa, at mag-ayuno (at itinala niya para sa kanya ang mga pangangailangan sa Islam). Kaya't naniwala kami sa kanya, tinanggap ang kanyang mensahe, at sinunod siya sa kanyang tinanggap mula sa Allah, nang hindi nag-aagapay ng anumang mga katambal sa Kanya, umiiwas sa lahat ng mga pagbabawal, at tinatanggap ang lahat ng ipinahintulot sa amin.[230]

Ang ilan, gaya ng Kristiyanong hari ng Abyssinia, ay napahanga ng pahayag na ito, at sumunod. Ang iba ay tumanaw sa naghatid ng gayong mga turo nang may di-pagkagustong nag-udyok sa kanilang sikaping patayin ang sugo, ang kanyang mensahe, o ang dalawa — katulad na katulad ng mga walang utang na loob na inanyayahan sa kasalang handa ng hari sa parabula ni Jesus (Mateo 22: 1–14). At tingnan ang nangyari sa kanila.

Sa buong kasaysayan, maraming mga iskolar ang nakatagpo ng sapat na dahilang mag-

---

[230] *Musnad Ahmad.*

ugnay ng kadakilaan kay Mohammad. Ang dakilang makata at estadistang Pranses, si Alphonse de Lamartine, ay sumulat nang mahusay tungkol sa impluwensya at kadakilaan ng Propeta:

> Kung ang kadakilaan ng layunin, kaliitan ng pamamaraan, at mga kahanga-hangang resulta ang tatlong pamantayan ng pagiging henyo ng tao, sino ang magkakalakas-loob na ihambing ang sinumang dakilang tao sa makabagong kasaysayan kay Muhammad? Ang mga pinakabantog na tao ay lumikha ng mga armas, batas at kaharian lamang. Sila ay nagtatag, kung mayroon man, ng di-hihigit sa mga kapangyarihang materyal na kadalasang gumuho sa harap ng kanilang mga paningin. Ang lalaking ito ay nagpagalaw hindi lamang ng mga hukbo, mga batas, mga kaharian, mga tao at dinastiya, kundi maging milyun-milyong tao sa ikatlong bahagi ng mundong pinamayanan noon; at mahigit pa riyan, ginalaw niya ang mga altar, mga diyus-diyusan, mga relihiyon, mga kaisipan, mga paniniwala at mga kaluluwa. Sa batayan ng isang Aklat, na ang bawat titik niyon ay naging batas, lumikha siya ng isang espiritwal na pagkamamamayang pinaghalo ang mga mamamayan ng bawat wika at lahi. Iniwan niya sa atin bilang di-mapapawing katangian ng kanyang pagkamamamayang Muslim ang pagkamuhi sa mga huwad na diyos at ang marubdob na pag-ibig sa Iisa at walang-hanggang Diyos. Ang mapaghiganting pagkamakabayang ito laban sa paglapastangan sa Kalangitan ay bumuo ng karangalan ng mga tagasunod ni Muhammad; ang pagpapasakop ng ikatlong bahagi ng mundo sa kanyang dogma ay kanyang himala; o sa halip na himala ng isang tao, iyon ang himala ng katwiran. Ang kaisipan sa Kaisahan ng Diyos, ipinahayag sa gitna ng pagkaubos ng mga di-mapaniniwalaang alamat ng mga diyos, ay siya mismong gayong himala, na sa pagsambit nito ng kanyang mga labi ay nakawasak sa lahat ng mga antigong templo ng mga diyus-diyusan at nagpaapoy sa ikatlong bahagi ng mundo. Ang kanyang buhay, mga pagninilay, mga magigiting na pagsalungat sa mga pamahiin ng kanyang bansa at tapang sa pagtanggi sa mga galit ng idolotriya (pagsamba sa diyus-diyusan), katatagan sa pagbabata sa mga ito sa loob ng 15 taon sa Mecca, pagtanggap ng pagkamuhi ng madla at halos pagiging biktima ng sarili niyang mga kababayan: lahat ng mga ito at, sa wakas, ang kanyang paglikas, walang patid na pangangaral, mga pakikidigma laban sa mga nakalalamang, pagtitiwala sa kanyang tagumpay at higit sa pantaong katatagan sa kasawian, katatagan sa tagumpay, ambisyong buong nakabatay sa isang kaisipan at walang paraang paghahangad sa isang kaharian; walang humpay na pananalangin, mahiwagang pakikipagniig sa Diyos, kamatayan at tagumpay pagkatapos ng kamatayan; lahat ng mga ito ay nagpapatotoo hindi sa isang pagiging impostor bagkus sa isang matibay na paninindigang nagbigay sa kanya ng kapangyarihang ibalik ang isang dogma. Ang dogmang ito ay dalawang bahagi,

ang kaisahan ng Diyos at ang pagkawalang-hanggan ng Diyos; ang una ay nagsasabi kung ano ang Diyos, ang huli ay nagsasabi kung hindi ano ang Diyos; ang isa ay nagpapabagsak sa mga huwad na diyos sa pamamagitan ng espada, ang ikalawa ay nagsisimula ng isang kaisipan sa pamamagitan ng mga salita.

Pilosopo, mambibigkas, apostol, mambabatas, mandirigma, manlulupig ng mga kaisipan, tagabalik ng makatwirang mga dogma, ng isang kultong walang mga rebulto; tagapagtatag ng 20 makamundong kaharian at isang espiritwal na kaharian, iyan si Muhammad. Ayon sa mga pamantayang pagbabatayan ng pagsukat sa kadakilaan ng tao, makabubuting itanong natin, mayroon pa bang sinumang taong higit na dakila kaysa kanya? [231]

---

[231] De Lamartine, A. 1854. *Histoire de la Turquie.* Paris. Vol. II, pp. 276–277.

## IKA-4 NA BAHAGI: ANG MGA DI-NAKIKITA

*Walang dulot na kabutihan*
*ang makipagtalo sa hindi maiiwasan.*
—James Russell Lowell, 1884

Ang nangaunang mga kabanata ay tumalakay sa materyal na katotohanan ng mga propeta at mga aklat ng rebelasyon. Ngayon ay lilipat tayo sa mga di-nakikita: ang di-nahahawakang mga pag-iral at konseptong matagal nang naging bahagi ng pangunahing pinaghambing na relihiyon. Samantalang nagbubunyag ang mga nangaunang kabanata ng ebidensyang nagpapahiwatig ng pagiging tuluy-tuloy ng rebelasyon mula sa Judaismo hanggang sa Kristiyanismo hanggang sa Islam, ang kasalukuyang pangkat na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad ng mga konseptong makalangit. May mga pagkakaibang umiiral, mangyari pa, subalit ang mga pagkakaibang ito, unang-una, ay bunga ng pantaong kapritso (hilig). Ang mga pangunahing pagpapahalaga, nangangahulugang yaong natatagpuan natin sa rebelasyon, ay lubhang maayos.

# 1:Mga Anghel

*Tao, taong mapagmayabang,*
*Nabibihisan ng kaunti at maikling kapangyarihan,*
*Pinakamangmang sa kanyang sukdulang katiyakan,*
*Ang kanyang kalikasang walang kabuhay-buhay,*
*Tulad ng isang unggoy na may galit na taglay,*
*Sa mataas na langit ay nagpapakita ng gayong panlilinlang*
*Na di-mapaniniwalaan,*
*Kaya't ang  mga anghel ay nag-iiyakan.*

—Shakespeare, *Measure for Measure*

Mga anghel: naroroon sila. May mga tanong ba?

Sa anu't ano man, iyan ang pananaw ng lahat ng tatlong pananampalatayang Abrahamiko. Gusto nating maniwala sa mga bagay na nakikita at nahihipo natin, kaya't bigo tayong ang mga anghel ay wala rito para sa pagsusuring personal, pananaliksik na siyentipiko, at mga talakayan sa tanghalan. Sila ay isa sa mga di-nakikitang nilikha ng Diyos, gaya ng mga demonyo, kalangitan, impyerno, at ibang mga makalangit na pag-iral.

Tinatanaw kapwa ng Judaismo at Islam ang mga anghel sa isang praktikal na paraan. Maaaring ituring ng sangkatauhan ang sarili bilang pinakadakilang nilikha, subalit walang taong higit sa isang munting tuldok ng protoplasma, mabuway na nakadapo sa gilid ng isang marupok na kamatayan. Bawat isa sa atin ay nakatira sa hiram na lupa sa isang bolang putik na sinlaki ng

ulo ng aspili, tinatawag na Daigdig, lumilibot sa orbitong 150 milyong kilometro mula sa pinakamalapit na dwendeng dilaw na may kahanga-hangang G2 na pampainit-kamay, labis na walang-alam sa ating mga kapitbahay sa galaksing *Milky Way*. Ang mga kapitbahay na ito ay sumasaklaw sa isang katiting na 80,000 taon-ng-liwanag sa diametro, at nakabaon sa tinatawag na isang Grupong Lokal na may mahigit sa 30 galaksing sumasaklaw ng isang silindro ng kalawakan at may limang milyong taon-ng-liwanag ang diametro. Ang Grupong Lokal na ito *mismo* ay isa lamang walang halagang tumpok na nakakulong sa Lokal na Tumpok na dala-dalawampung mga kumpol na tinatawag na "mga ulap-galaksi," na ang iba ay nagtataglay ng halos 200 galaksi, at nag-aangkin ng isa pang walang halagang maliit na silindro ng kalawakan na 150 milyong taon-ng-liwanag ang diametro. Ang lahat-lahat ng mga ito ay maingat na nakasiksik sa puso ng kilalang uniberso — isang nakatatakot na 40 bilyong taon-ng-liwanag ang diametro (bawat taon-ng-liwanag sa pagiging halos anim na trilyong milya).[232] Sa lahat-lahat, iyon ay isang napakalayong biyahe, at ang Planetang Daigdig ang huling hintuan.

Ang pang-unawang Islamiko ay hindi tayo nag-iisa. Katiyakan, ang sangkatauhan ay hindi ang pinakadakilang nilikha. Ang tanging katangiang pantaong papalapit sa 240 sekstilyong (iyan ay 240 na may 21 sero) milya ang diametro, may 140 bilyong kilalang galaksi at lumalaki nang higit sa 90 porsyento ng tulin ng liwanag ay ang pagkamakasarili ng ilang tao. Gaya ng sinulat ni Rudyard Kipling "*You haf too much Ego in your Cosmos* (Sobra ang iyong Pagkamakasarili sa iyong Mundo)."[233] Nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, subalit nilikha rin Niya ang mga anghel at *jinn* (mga espiritu), at ang bawat isa sa mga sangkap na ito ng paglikha ay may iba't ibang pag-aari at kapangyarihan, na ang marami sa mga iyon ay labis na nakahihigit sa taglay natin. Ang sangkatauhan at *jinn* ay may malayang kalooban. Ang ilan ay masama, ang ilan ay pilyo lamang, ang ilan ay matuwid at tapat. Ang mga anghel, sa kabilang dako, ay walang malayang kalooban. Sila ang mga tagapagpatupad ng Diyos at mga ganap na masunurin. Sinasamba nila ang Diyos, inihahatid ang rebelasyon sa mga propeta, itinatala ang

---

[232] *National Geographic Society*. "The Universe, Nature's Grandest Design." Cartographic division. 1995.
[233] Kipling, Rudyard. *Life's Handicap*. 1891. "Bertran and Bimi."

mga gawa ng bawat tao, tumutulong sa mga matutuwid kapag ipinag-utos nang gayon ng Allah, humahango sa mga kaluluwa ng naghihingalo, pinamamahalaan ang panahon, nagtatanod sa kalangitan at impyerno, at gumaganap ng ibang mga tungkulin. Ang pinakabantog na anghel ay si Gabriel, ang anghel ng rebelasyon (kilala rin sa relihiyong Islamiko bilang "banal na espiritu.")

Ang tanong ay paminsan-minsang itinataas: Bakit hindi ginawa ng Diyos ang lahat ng sangkatauhang tapat at mabuti, at pagkalooban ang bawat tao ng paraiso? Ang isang sagot ay katiyakang magagawa Niya, kung Kanyang ninais. Subalit ang Allah ay mayroon nang mga anghel, na mga ganap na masunurin. Bakit lilikhain ng Allah ang sangkatauhan sa gayunding kayarian? Di-gaya ng mga anghel, binigyan ng Allah ang mga tao ng pagpili. Maaari tayong maging *mas mabuti* kaysa mga anghel, sa pagiging masunurin ayon sa ating malayang kalooban, o maaari tayong maging mas masama kaysa mga demonyo. Ang mga anghel ay walang kalayaan sa bagay na ito. Subalit muli, ang lahi ng tao at hindi ang mga anghel ang haharap sa paghatol sa kabilang-buhay at tatanggap ng alinman sa mga biyaya ng paraiso o parusa ng impyernong-apoy.

Salungat sa pang-unawang Judio at Muslim, naniniwala ang mga Kristiyano sa isang hukbo ng mga guni-guning anghel na ang pag-iral ay hindi napatutunayan ng kasulatan. Bukod dito, ang mga Kristiyano ay gumawa ng tinatanggihang gawin ng mga Judio at Muslim, na paglalarawan ng kahalintulad ng mga anghel. Maaaring ito ay di-nakapipinsala, subalit ang purista (mahigpit sa kadalisayan) sa relihiyon ay madaling maalaala ang utos, "Huwag ninyong igawa ang inyong sarili ng anumang inukit na anyo, o *anumang* kahalintulad ng *anumang* nasa kalangitan sa itaas, o nasa lupa sa ibaba, o nasa tubig sa ilalim ng lupa . . ." (Exodo 20:4). Tanungin ninyo ang mga tao ng inaakala nila kung ano ang anyo ng isang anghel, at 99 na porsyento ng pagkakataon ay aalalahanin nila ang isang kahalintulad na nilikha ng mga nagsilabag sa utos na ito.

Siyempre, ang isyung ito sa simula ay magmumukhang di-mahalaga, maliban kung tatanggapin sa nilalaman ng mga utos ng Diyos. Datapwat ang pagtalima sa mga utos ng Diyos, mangyari pa, ay siyang kahulugan kung ano ang relihiyon.

# 2 Araw ng Paghuhukom

*Hindi ka nagkakaroon ng pangalawang pagkakataon*
*upang makagawa ng isang mabuting unang impresyon.*
Matandang Kawikaan

Ang tamang paniniwala ay umaani ng gantimpala sa kabilang-buhay. Gayundin ang maling paniniwala, nguuuunit . . . ayaw ninyo nito. Gayon ang naging mensahe ng lahat ng mga propeta: bawat isa at bawat sinuman sa kanila.

Paano nating maipagtatanggol ang susunod na buhay? Bueno, saan pa maaaring ituwid ang mga kawalang-katarungan sa buhay na ito, kundi sa isang susunod na buhay? Kung hindi pinantay ng Diyos ang mga kawalang-katarungan ng makamundong buhay ng mga angkop na gantimpala at parusa sa kabilang-buhay, iyon ay magiging isang mahinang larawan ng Kanyang diwa ng pagiging makatarungan. Ang ilan sa pinakamasama-sa-mga-kasama-samaan ay nagtatamasa ng mga buhay na pinakamaluho at pinakawalang-pakialam. Samantala, ang ilan sa pinakamabuti-sa-mga-kabuti-butihan ay nagdurusa nang labis-labis. Halimbawa, aling propeta ang nagkaroon ng mabuting panahon niyon? Aling mga propeta ang namuhay nang may kalayawang may ningning na makakapantay ng sa isang pinuno ng *mafia* (sindikato sa krimen) , panginoon ng droga o malupit na namumuno, maging sa panahon natin o nila? Kung tayo ay magtitiwala sa awa at katarungan ng ating Lumikha, hindi tayo makapaniniwalang hinihigpitan Niya ang mga gantimpala ng kabanalan at mga parusa ng paglabag sa makamundong buhay na ito, sapagkat ang mga di-pagkakapantay ng buhay ay malinaw.

Kaya't magkakaroon ng isang Araw ng Paghuhukom, paroroon tayong lahat, at iyon ay magiging masamang pagkakataon para magsimulang mag-isip ng pagbabago ng ating mga buhay para sa mas mabuti. Sapagkat . . . ngayon ay tabihan ninyo ako rito . . . sapagkat ang ating mga buhay ay, sa isang salita, *tapos* na. Ang talaan ng ating mga gawa ay matatapos na. At wala nang balikan.

Ang sangkatauhan ay uuriin ayon sa mga paniniwala at mga gawa. Ang mga mananampalataya ay mabibigyang-katarungan, ang mga di-nanampalataya ay susumpain, at ang mga lumabag (kung hindi mapatawad) ay parurusahan ayon sa bigat ng kanilang mga kasalanan.

Ang mga Judio ay nagpapahayag na ang paraiso ay isang karapatan sa pagsilang ng "bayang pinili," ang mga Krisityano ay nag-aangking "hindi perpekto, napatawad lamang," at ang mga Muslim ay naniniwalang ang lahat ng mga pumanaw sa pagtalima sa Maylikha ay may karapatan sa katubusan. Yaong mga sumunod sa rebelasyon at propeta ng kanilang panahon ay magtatagumpay, samantalang yaong mga tumanggi sa rebelasyon at propeta ng kanilang panahon ay nagsigawa ng gayon sa ikapapahamak ng kanilang mga kaluluwa.

Alinsunod sa Islam, ang mga nanampalatayang Judio ay nasa katotohanan hanggang nang tinanggihan nila ang mga propetang nagsisunod (alalaong-baga, sina Juan Bautista at Jesucristo) at ang kanilang mga turo, huwag nang banggitin ang rebelasyong inihatid ni Jesus. Sa ganitong paraan, ang mga Judio ay namuhay sa pagsunod sa Diyos hindi ayon sa *Kanyang* takda, kundi ayon sa *kanilang* takda. Nang ipinadala ng Diyos ang mga propeta o rebelasyong hindi nila gusto, pinili nilang sumunod sa relihiyon ng kanilang mga ninuno sa halip ng sa Diyos. Sa ganitong paraan ay nabulid sila sa pagsuway at di-paniniwala.

Kahawig nito, ang mga tagasunod ni Jesus ay sumunod sa katotohanan, tuluy-tuloy hanggang sa tinanggihan nila ang huling propeta, si Muhammad. Minsan pa, ang mga tagasunod ni Jesus ay tumalima sa Diyos, subalit ayon lamang sa kanilang takda. At iyan ay hindi pa. Nang tinawagang kilalanin ang propetang si Muhammad at ang ang huling rebelasyon ng Banal na Qur'an, tinanggihan nila at nahulog sa gayunding di-pagsunod at di-paniniwala ng kanilang mga pinsang Judio.

Ayon sa mga Muslim, ang relihiyon ng katotohanan ay namalaging Islam, yayamang ang pinakabuod ng mensahe ng pagtalima sa kalooban ng Allah ay siyang itinuro ng lahat ng mga propeta. Gayunman, ang pagtalima sa kalooban ng Allah ay nag-uutos ng paninindigan sa huling rebelasyon at sa huling propeta. Kaya, ang tanging grupong tumatalima sa relihiyon ng Diyos sa kasalukyan ay ang mga Muslim. Yaong mga nakaaalam sa Islam at tumatanggi rito ay susumpain. Yaong nakaaalam sa Islam at kusang-loob na umiwas sa pananagutang matutuhan ang relihiyon

ay susumpain din. Datapwat ang mga nagsiyao, na hindi nalalaman ang Islam o hindi kusang-loob na umiwas na siyasatin ito, ay susubukin sa Araw ng Paghuhukom, upang mapatunayan kung ano ang kanilang maaaring  gawin, kung kanilang nalaman. At sa gayong batayan, hahatulan sila ng Allah.

Sa ganitong paraan, mapag-iisipang may mga Judiong nangamatay nang hindi nalaman ang mga propetang nagsisunod, at mga Kristiyanong nangamatay nang hindi nalaman si Muhammad at ang Banal na Qur'an, sila ay hindi susumpain. Sa halip, hahatulan sila ng Allah ayon sa kanilang pagtalima sa rebelasyong ipinahayag sa kanila, at susubukin ang kanilang pananampalataya at pagtalima. Gayon din, sa mga pumanaw na hindi alam ang rebelasyon sa kabuuan; kung namatay silang tapat na naghanap ng relihiyon ng katotohanan, may pag-asa sila sa kaligtasan. Ang ganito, gayunman, ay hindi maaaring sabihin para sa mga kusang-loob na nagwalang-bahala sa katotohanan.

## 3: Tadhanang Makadiyos

*Ang tao ang nagpapanukala,*
*Ang Diyos ang nagpapaubaya.*
(Ibang bersyon: *Nasa tao ang gawa,*
*Nasa Diyos ang awa).*
—Thomas à Kempis

Ang kapalaran, o tadhana, ay di-mapatutunayan. Lahat tayo ay nalalaman iyan. Ang *maaaring* patunayan, gayunpaman, ay ang pagiging pangkalahatan ng konsepto. Sapagkat lingid sa karamihan ng mga Judio at Kristiyano, ang tadhana ay isang bahagi ng pananampalatayang tanggap sa lahat ng tatlong relihiyong Abrahamiko.

Natalakay na natin ang konseptong Judio ng pagiging "bayang pinili" ng Diyos. Subalit bukod sa napakatayog na katiyakan ng kaisipang ito, napakaliit ng nakasulat sa Lumang Tipan tungkol sa tadhana. Ang *Holman's Bible Dictionary* ay nagkokomentaryo,

> Sa pana-panahon, ang mga angkan ni Israel ay natuksong pangunahan ang mabiyayang kagandahang-loob ng Allah, para ipalagay, halimbawa, na dahil sa *inilagay* ng Panginoon ang Kanyang templo sa Jerusalem, sila ay di-saklaw ng paghuhukom. Muli at muli, sinikap ng mga propetang ilayo sila sa maling kaisipang ito ng kaligtasan sa pagtukoy sa tunay na kahulugan ng tipan at ng kanilang misyon sa mga bansa.(Jer. 7:1–14; Amos 3:2; Jonah).[234]

Maging si Jesucristo ay nakatalang nanaghoy,

> O Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay ng mga propeta at bumabato sa mga ipinapadala sa kanya! Gaano kadalas kong ninais na tipunin ang iyong mga anak, kung paanong tinitipon ng isang inahin ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng *kanyang* mga pakpak, *subalit* ikaw ay hindi sumang-ayon! (Matthew 23:37)

---

[234] Butler, Trent C. (General Editor). *Holman Bible Dictionary*. Nashville: Holman Bible Publishers. Under "John, the Gospel of," (subsection: "Election").

Na nagtataas sa katanungan, “Pinili para saan? Patayin ang mga propeta at batuhin ang mga sugo?” Di-sapat maging isang makatwirang paraan para sa kaligtasan, maiisip ng sinuman. Subalit muli, pagkatapos, gaano kadalas makapaglalagos ang makatwirang paninindigan sa kalasag ng mapagmataas na pandaraya?

Katiyakan, ang mga Israelita ang “bayang pinili” hangga’t pinararangalan nila ang kanilang propeta at ang relihiyong kanyang inihatid. Gayunman, sinira nila ang kanilang tipan sa Diyos nang tinanggihan nila ang mga propetang inihula ng kanilang sariling kasulatan. Sa pamamagitan ng kanilang  matatag na pagsuway, ipinagwalang-bahala nila ang pangakong kaligtasan ng Diyos. Ang *Encyclopedia Judaica* ay nagkokomentaryo:

> Ang ugnayan sa tipan na inilarawan sa paraang ito ay nagtataglay rito ng mga pananagutan, sa katulad na paraang ang mga piniling tao ay may pananagutan sa ilang gawain at kinakailangang magkaroon ng partikular na gampanin . . . . ang Israel ay nabigyan ng pananagutan ng pagpiling ito upang “panatilihin ang Kanyang mga kautusan, at tuparin ang Kanyang mga Batas (Ps. 105:45).[235]

Sa ibang salita, kasunduang nabali, kasunduang nawalang-bisa. Magpatuloy tayo.

Ang Bagong Tipan ay nagpapahiwatig ng paunang kaalaman at takdang kapalaran sa Mga Romano 8:29 — “Sapagkat para sa Kanyang unang nalaman, Kanya ring itinakda ang kapalaran  . . .” Ang Mga Eefeso 1:3–14 ay naglalarawan nang tiyakan o di-tuwiran ng takdang kapalaran nang sampung beses, at ang Mga Gawa 4:27–28 ay nagsasaad, “Sapagkat katotohanang laban sa Iyong banal na Aliping si Jesus, na Iyong pinahiran, kapwa sina Herodes at Poncio Pilato, kasama ng mga Hentil at ng bayan ni Israel, ay natipon upang gawin ang anumang ipinasya noong una ng Iyong kamay at ng Iyong layuning maisagawa.” Ang 1 Pedro 1:1–2 ay nagdaragdag, “Sa mga peregrino ng Paghihiwalay sa Pontus, Galacia, Cappadocia, Asia, at Bithynia, pinili ayon sa unang kaalaman ng Diyos Ama . . .” na may karagdagan ng ikaapat na talata, “sa isang pamanang di-masisira at di-mababago at di-mawawala, nakalaan sa kalangitan para sa inyo . . .”

---

[235] *Encyclopaedia Judaica*. Vol 5, p. 499 (sa ilalim ng “Chosen People”).

Si Jesucristo ay waring nagturo ng takdang kapalaran nang sinabi niya, "Halina, kayong pinagpala ng aking Ama, magmana ng kahariang inihanda para sa inyo simula nang itatag ang daigdig" (Mateo 5:34), at, "subalit sa halip ay magalak, sapagkat ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa kalangitan" (Lucas 10:20).[236]

Mula sa batayan ng kasulatan, isang paghahalu-halo ng mga teoriya ang sumibol.

Ang teolohiyang Katoliko ay nagmumungkahi ng walang kamaliang unang kaalaman ng Diyos sa kung sino ang maliligtas, sino ang hindi, at bakit. Ayon sa *The Catholic Encyclopedia,* "ang takdang kapalaran ay naipapaliwanag sa ilang paraan ng unang kaalaman ng Diyos sa pag-uugali ng tao." [237] Dagdag dito, ililigtas ng Diyos ang mga pinagpala sa ganap na paraang Kanyang itinakda.[238]

Ang Repormasyong Protestante ay naglunsad ng mga teoriya nina Martin Luther at John Calvin, na magkatulad na mapanindigan. Sina Luther[239] at Calvin[240] ay kapwa nagpapahayag na itinakda ng Diyos ang bawat isa sa atin para sa alinman sa walang-hanggang kaligtasan o walang-hanggang parusa. Samantalang iminungkahi ni Luther ang paniniwala kay Cristo bilang tatak ng mga pinili, si Calvin ay nagmungkahing, yayamang ang tao ay alinman sa nailigtas o naisumpa mula sa panahon ng paglikha, ang mga "pinili" ay walang pisikal na kakayahang pawiin ang kanilang kaligtasan at ang mga "isinumpa" ay walang kakayahang magkamit ng katubusan.

Sa gusot na ito pumasok ang isang kaakit-akit na nagngangalang Jacobus Arminio. Isinilang noong 1560 *CE*, 14 na taon pagkamatay ni Martin Luther at apat na taon una sa kay Calvin, si Arminio ay lumaking pinag-alinlanganan ang mungkahi ni Calvin ng walang kondisyong pagkakaligtas at di-mababawing biyaya. Hinahamon ang pagkakasalungatan ng kawalang-katarungan ng di-mababawing pagsumpa sa walang-hanggang katarungan ng Lumikha, iminungkahi ni Arminio na ang malawakang kaalaman ng Diyos ay sumasaklaw sa kalooban ng tao. Kaya't kahit na hindi man niloloob ng Diyos para sa mga tao ang mga tiyak na gawain ni

---

[236] *New Catholic Encyclopedia*. Vol 11, p. 713
[237] *Ibid.,* Vol 11, p. 719.
[238] *Ibid.***,** Vol 11, p. 714.
[239] Tingnan ang *De servo arbitrio – The Will Enslaved* ni Luther.
[240] Tingnan ang *Institutes of the Christian Religion* .

hindi itinatakdang una ang isang tiyak na kapalaran, batid Niya ang kanilang layuning espiritwal at kayariang moral mula nang bago sila isilang. Sa pamamagitan ng Kanyang walang-hanggang kaalaman, batid ng Diyos kung ano ang iisipin at gagawin ng bawat isang tao, ano ang mangyayari sa kanya, at anong wakas ang kanyang aanihin sa kabilang-buhay.

Mahalaga ang teoriya ni Arminio, dahil pinapagkasundo niya ang malayang kalooban ng tao sa makadiyos na walang-hanggang kaalaman at tadhana ng tao. Magkagayunpaman, ang Simbahang Repormado ay itinatwa ang kanyang mga teoriya sa Sinodo ng Dort noong 1618–19. Ang iba't ibang denominasyong protestante pagkatapos ay nakilahok sa umiiral na kuru-kuro at nagpabalik-balik sa mga teoriya nina Luther, Calvin at mga pagkakaiba-iba sa mga Katoliko. Sa makabagong panahon, karamihan ng mga sektang Protestante ay pumalaot sa ika-20 dantaong pagkakahinang ng takdang kapalaran at Kristolohiya.

Alinman sa mga teoriyang ito ay walang nagtamo ng nagkakaisang pagtanggap, kaya't ang paksa ay namamalaging buhay na buhay sa mga palibot na Kristiyano.

Ang takdang kapalaran marahil ay pinagtatalunan nang mas kaunti sa loob ng relihiyong Islamiko, sa simpleng dahilang lahat ng mga relihiyon ay may mga hiwaga ng pananampalataya, at ito ay itinuturing ng Islam na isa sa mga iyon. Bukod dito, ang mga katuruang Islamiko ay nagpapahina ng loob sa pagtatalo sa kinikilalang isang paksang masuliranin sa harap ng mga hangganan ng talinong pantao.

Kagaya ng teoriya ni Arminio (o marahil ay dapat nating sabihing kagaya ng mga teoriya ni Arminio, na tulad niyaong sa Islam, yayamang ang mga prinsipyong Islamiko ay nauna sa pagsilang ni Arminio ng halos sanlibong taon), kinikilala ng Islam kapwa ang makadiyos na takdang kapalaran at pantaong malayang kalooban, at pinapagkakasundo ang mga elementong ito sa walang-hanggang kaalaman ng Allah.

Magkagayunman, itinuturo ng Islam na naitalaga ng Allah ang bawat bagay na ating ginagawa.

Sa isang kaugnay na *hadith*, tinanong ng isang Bedouin si Muhammad kung ang bawat ginagawa natin ay naunang itinakda, o kung ginagawa natin ito ayon sa ating malayang kalooban. Tumugon si Muhammad, "Sa halip, ito ay naunang itinakda." Itinanong pagkatapos ng Bedouin,

kung gayon, bakit hindi na lamang natin itigil ang paggawa ng anumang gawain, at umasa sa anumang itinakda para sa atin?" Tumugon si Muhammad, "Hindi, bagkus isagawa mo (alalaong-baga, ang nais mong gawin), sapagkat sa bawat tao ay magiging magaang gawin ang anumang bagay na itinakda para sa kanya.."[241]

Isa pang tradisyong naglilinaw sa pang-unawang Islamiko ay ang *hadith* kung saan itinuro ni Muhammad,

> Walang sinuman sa inyong hindi napaglaanan ng isang luklukan sa Paraiso o Impyerno at hindi natitikan kung siya ay magiging isang taong kahabag-habag o maligaya. Ang isang lalaki ay nagsabi, "O Apostol ng Allah, hindi ba dapat kaming umasa sa aming takda at pabayaan ang aming gawa?" Sa gayon ay sinabi ng Sugo ng Allah, "Sinumang nabibilang sa pangkat ng kaligayahan, magkakaroon siya ng mga mabubuting gawang pinagaan para sa kanya, at sinumang nabibilang sa pangkat ng kahirapan, magkakaroon siya ng mga masasamang gawang pinagaan para sa kanya." Pagkaraan ay dinalit niya,
>
> "Kaya't sinumang nagbibigay (kawanggawa) at may katakutan
> (sa Allah), at (matapat na) nagpapatotoo sa Pinakamahusay,
> tunay, gagawin Naming magaan para sa kanya ang daan
> patungo sa Kaligayahang Walang-Hanggan.
> Subalit yaong sakim na gahamang nag-aakalang
> para sa sarili'y may sapat siyang taglay,
> at nagpapasinungaling sa Pinakamahusay,
> tunay naming pagagaanin para sa kanya ang daan
> patungo sa Kasawian." (TMQ 92:5–10).[242]

Ang pagtatangkang ituwid ang malayang kaloobang pantao sa takdang kapalaran ay nag-aanyaya ng walang-katapusang pagtatalo. Datapwat, di-tulad ng paunang palagay sa mga lihim ng di-nakikita, gaya ng kalikasan ng mga angel, mga espiritu, ng Araw ng Paghuhukom, kalangitan, impyerno, at iba pa, ang argumento sa takdang kapalaran ay maaaring humantong sa kawalang-paniniwala. Marahil, sa dahilang ito, hindi binibigyan ng Islam ang mga Muslim ng lakas ng

---

241 Isinalaysay sa *Al-Bukhari.*
242 Isinalaysay sa *Muslim*.

loob upang pagtalunan ang isyung ito.

Upang ilarawan ang puntong ito, minsan ay inabutan ni Muhammad ang isang pangkat ng kanyang mga kasamahang nagtatalu-talo sa takdang guhit ng kapalaran. May ilang bumanggit ng mga talata mula sa Qur'an upang patunayang niloloob ng Allah ang bawat bagay; ang iba ay bumanggit ng mga talatang nagpapatotoo ng malayang kalooban ng tao. Nang malaman ni Muhammad ang paksa ng talakayan, nagalit siya at nagsabi,

> Ito ba ang iniutos na gawin ninyo? Ito ba ang dahilan kung bakit ako ipinadala sa inyo? Tunay, ang mga taong nauna sa inyo ay winasak nang sila ay nagtalu-talo sa bagay na ito. Binabalaan kong huwag kayong magkaiba-iba tungkol dito.[243]

Yaong nakikinig sa babala ni Muhammad ay nagpapatuloy sa kanilang pagsisikap sa buhay at relihiyon, sa lahat ng sandali ay tinatanggap na "Ang mga panulat ay naiangat na at ang mga pahina ay natuyo na" [244] — isang pilosopyang sadyang naangkop sa lumang kawikaan, "Manalangin sa Diyos, subalit magpatuloy na pumupukpok."

---

[243] Isinalaysay sa *At-Tirmithi.*
[244] *Ibid.*

# IKA-5 BAHAGI: MGA PANGWAKAS

*Ang kaalaman ng susunod na gagawin ay karunungan.*
*Ang pagsasagawa niyon ay kabutihan.*

—

avid Starr Jordan

Ang mga pinakadakilang pagpapalagay sa buhay ay karaniwang mula sa isang pagkakasunud-sunod ng mga mas maliliit na tiyak na hakbang. Ang susunod na tatlong kabanata sa bahaging ito ay kumakatawan sa mga hakbang na inaakala ng may-akdang ito na kinakailangan upang makarating sa pinakatimbang at tumpak na pangwakas tungkol sa paksa ng librong ito.

## 1: Ang “Lihis” na Relihiyon

*Ano ang katotohanan? wika ni Pilatong nang-uuyam;*
*at hindi namalagi para sa isang katugunan.*

— Francis Bacon, *Essays*

Maraming taon na ang nakalilipas nang isang panatikong Kristiyano ang naglarawan sa akin ng Islam bilang “isang lihis na relihiyon.” Ang paghamong iyan ang pampalakas sa mga aklat na ito. Ang pananalumpating may kuru-kuro ay maaaring magkaroon ng matuling pang-akit na madamdamin, subalit ang ebidensya ay naninindigan sa isang katotohanang pampalagian.

Ang partikular na Kristiyanong ito ay nanggaya sa isang pangkaraniwang paninirang Kanluranin. Ngunit para sa mga gumagamit ng kanilang talino, ang propagandang pangrelihiyon ay bigong magpawalang-bisa sa iniisip ng mga tao para sa kanilang sarili. Parami nang parami, napagkikilala ng mga taong minsang angatin natin ang talukbong ng mga paninira sa mukha ng isang labis na inuupasalang institusyon, madalas nating nahaharap ang isang katotohanan ng gayong kalabis na pang-akit na sapat makapawi ng lahat ng mga maling pag-aakala.

Ang dalawang librong ito, *NaDiyos’grasya* at *NaDiyos’kubre?*, ay sinulat upang angatin ang talukbong na iyan ng mga paninira at ilantad ang batayang katotohanan. Suriin natin ngayon ang bintang na pagiging lihis.

Bilang panimula, ang pagsusuri sa pagiging lihis ay nangangailangang tayo ay magtatag ng isang matibay na balangkas ng sanggunian. Hanggang sa maitatag natin ang sangguniang ito, hindi natin kailanman matutugunan ang katanungang, “Paglihis sa ano?” Tungkol sa relihiyon, sadyang walang pagtatalunan. Ang sukat ng katumpakang pangrelihiyon ay walang iba kundi ang pagtalima sa mga atas ng Makapangyarihang Diyos.

Kung inaakala nating makakakita ng katumpakan sa isang batas ng relihiyong likhang-tao, ilalagay natin sa panganib ang pagsangguni sa isang maling batayan. Bawat pangkat ng mga kawal na nakatayong nasa labas ng hanay ay ituturing ang lahat ng iba bilang lihis sa kanilang

wala sa hanay na batayan, kung sila ay bulag sa posibilidad ng pagiging lihis nila mismo. Sa kasamaang-palad, karamihan ng mga sektang pangrelihiyon ay nagtataguyod ng gayong kilalang kawalan ng pakiramdam, nagtatanim ng isang matigas sa kaloobang pananaw na "kami laban sa kanila" ng pagmamataas na espiritwal.

Ang pagpasok sa ganitong hadlang ng pinaninindigang kamangmangan ay karaniwang hindi posible. Gayunman, ito ang pangalawang sangkap na kailangan para sa pagkilala ng paglihis. Dapat nating suriing matapat at yakapin ang katotohanan, maging ito ay nagpapatotoo sa mga opinyong inaakala nating hindi kanais-nais o mga salungat sa mga konseptong ating pinaninindigan.

Maaaring sukatin ng ilan ang paglihis ayon sa mga kalakarang umiiral sa lipunan, ngunit ang pamamaraang ito ay maaari ring magkamali. Kung ang nakararaming opinyon ay ang pamantayan sa pagsukat ng katotohanan, kung gayon, ang mga konsepto ng mga planetang lumiligid sa araw, ng daigdig sa pagiging bilog, at ang teoriya ng mga mikrobyo sa pagkakasakit ay mga mali sa panahong ang mga ito ay naisaisip.

Kahawig nito, ang minorya ang laging tumanggap sa mga propeta nang kanilang panahon. Kung ang namayani ay ang mas nakararami (mayorya), mali ang mga propeta.

At iyan ang punto.

Ang mga kalakarang panlipunan at ganap na katotohanan ay hindi nangangahulugang lumuluksong hawak-kamay sa Daan ng Katotohanan (hindi magkaugnay). Kaya't sukatin natin sa pamamagitan  ng tanging mapagtitiwalaang pamantayan, na sa pagkakataong ito ay ang kalooban ng ating Lumikha.

Ang mga Muslim ay nag-aangking yumuyukod sa kalooban ng Allah sa Islam, gaya ng inihatid sa pamamagitan ni Muhammad at ng Banal na Qur'an. Yaong nag-aangking sumusunod sa kalooban ng Allah sa Judaismo o Kristiyanismo ay nararapat humarap sa ebidensyang inilalahad sa aklat na ito. Ayon sa ebidensya, aling relihiyon ang nasa tamang landas ng panukala ng ating Lumikha, at alin ang lumihis doon? Aling pangkat ang tumatalima sa salita ng Diyos, at alin ang sa paniniwalang batbat ng kamaliang binuo ng mga taong namamali at nagmamanipula ng kasulatan?

Ang impormasyong inilalahad sa dalawang aklat na ito ay dapat magpahintulot sa karamihan ng mga taong sagutin ang mga tanong na ito para sa kanilang mga sarili. Subalit, sa isang pakahulugan, ang sagot ay hindi mahalaga, at sasabihin ko sa inyo kung bakit. Kung ikaw ay Judio, ang Bibliyang Judio (ang Lumang Tipan) ay nag-uutos sa iyong tanggapin ang mga inihulang propeta. At saan ito dinadala? Una kay Jesus at pagkatapos ay kay Muhammad. Sa kabilang dako, kung ikaw ay Katoliko, inatasan ni Jesucristo ang kanyang mga tagasunod na hanapin ang inihulang huling propeta. At iyan din ay dinadala kay Muhammad.

Lahat ng daan, ay waring patungo sa Islam.

Marahil ay mas mabuting sabihing *isang* daan ang patungo sa Islam, o sa pinakamababa, ang isang daang tinatalakay natin sa mga aklat na ito — ang daan sa kaligtasan.

Kumilos man o hindi ang mga tao sa pananaw na ito ay nakasalalay sa kusang-loob ng bawat taong tumalima sa di-mapagtatalunang ebidensya.

## 2:  Pagtalima (Pagsuko)

*Ang pasasalamat na mabilis ang siyang pinakamatamis.*

— *M*

*atandang Kawikaan*

Ang pagtalima (pagsuko) sa Diyos, sa biglang-tingin, ay di-dapat maging mahirap, subalit karamihan ng mga tao ay  "tumatalima" lamang sa ilalim ng mga tadhanang may kondisyon. Ang pambalanang unang kondisyon ay ang pag-iral ng Diyos, gaya ng natatagpuan sa masamang-kaisipang pambungad sa panalanging, "Oh, Diyos, kung Ikaw ay nariyan  . . ." Isa pang popular na kondisyon ay humiling na magabayan sa pagiging isang mas mabuting  . . . anumang pananampalatayang magkataong sinusunod ng isang tao sa oras na iyon: "O Diyos, gawin mo akong isang mas mabuting  _____ (punan ang puwang)."

Ngunit iyan ba ay pagsuko? Paano kung ang napiling pananampalataya ng isang tao ay mali? Paano kung ang *ating* piniling relihiyon ay hindi ang relihiyong pinili ng *Diyos*? Ang kababaang-loob ay pumipilit sa ating kilalanin ang pagiging salawahang makatao at ang pagkamakatwiran ng pagtanggap sa lahat ng mga maaaring mangyari, pati na ang pagiging mali.

Sa ganitong paraan, ang pagtalima o pagsuko sa Diyos ay ganap lamang kapag hindi makasarili.

Sa katotohanan ang pagtalima ay isang madaling salita, isang konseptong di-madali at isang gawaing mapaghamon, sapagkat karamihan sa atin ay nag-uugnay ng pagtalima sa pagsuko sa isang kaaway. Gayunman, samantalang ang pagsuko sa isang kaaway ay isang nakasisirang-loob na pagkatalo, ang pagsuko sa Lumikha ay isang tagumpay ng pananampalataya. Ang isang kaaway ay nagbabanta ng pagsasamantala, paghamak, pagpapabilanggo, pahirap, maging kamatayan.  Ang Lumikha ay nangangako ng awa at kagandahang-loob, kapayapaan at kaligtasan.

Kahawig ng isang pagsukong pangmagkaaway, ang pagsukong pangrelihiyon ay nag-uutos sa ating iwaksi ang ating mga kasangkapan sa pagtatanggol sa sarili, iwanan ang anumang bigkis ng lipunan o pamilyang nagbabantang umalipin sa atin, tanggihan ang di-pagpapatibay ng

mga kaibigan at kapangyarihang nagnanais na humadlang sa atin, at pabayaan yaong nagbabanta sa ating pananalig. Datapwat, *di-tulad* ng pagsukong pangmagkalaban, hindi natin tinatanggalan ng armas ang ating sarili sa isang katayuan ng kahinaan, manapa'y sa isang katayuan ng lakas. Sapagkat anong higit na lakas ang makakamtan natin kaysa pag-ibig at pagtataguyod ng Makapangyarihang Diyos?

Yaong nagsisisuko sa isang kaaway sa panahon ng digmaan ay nagnanais na takasan ang pamumuksa. Yaong nagsisisuko sa Diyos ay lumalayo sa isang mundo ng kasinungalingan at panlilinlang, masalimuot na kalayawan at mga panunuksong nang-aakit, tungo sa Isang Yaon na ang kaawaan ay pinananagutan, ang pag-ibig ay tinitiyak, at ang kapanatagan ay ganap.

Siya Yaong mapagtitiwalaan nating tumanggap sa atin nang may biyayang mapagmahal at di-maihahambing na pagiging bukas-puso.

Siya Yaong lumikha sa sangkatauhan.

Siyang tumutustos sa sangkatauhan.

Siyang naghihintay sa sangkatauhan.

At gayunpaman, Siya Yaong tinatanggihan ng nakararami sa sangkatauhan.

At Siya ay karapat-dapat sa higit mula sa atin.

Ang mga tapat ay magpapakababa sa kanilang sarili sa Maylikha, na humahanap ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagkilala at pagsunod sa Kanya. At upang magawa ito, buong katapatan nilang hahanapin ang Kanyang patnubay.

Nang walang pasubali, walang pag-uuri, walang paghadlang.

Isang ganap, walang pagbabaka-sakali. Anumang kakulangan ay pakikipagtawaran lamang.

Di-tulad ng pagsukong pangmagkaaway, ang pagsukong pangrelihiyon ay nag-uutos ng paggawa. Dapat nating suriin ang mga relihiyong kinalalantaran natin at salain ang propaganda. Yaong nagtataboy sa Judaismo dahil sa masamang palagay laban sa pinagkaisahang kasakiman, o Kristiyanismo dahil sa pagkamuhi sa mga paring mahilig sa kabataan, ay nagsihatol ayon sa mga kahinaang pantao sa halip ng mga turo ng pananampalataya. Kahawig nito, yaong tumatanggi sa Islam batay sa pinalaganap na paninira ay humahatol sa relihiyon hindi ayon sa sinasabi ng Diyos

kundi sa sinasabi ng mga tao.

Hindi rin natin dapat tulutang ang mga kaugalian at mga tradisyon ng isang pamayanan ay makahadlang sa ating pagsusuri. Gaya ng tumpak na isinaad ni Suzanne LaFollette, "Walang higit na likas na makatao kaysa sa kahiligang pagbago para sa naging kaugalian ng makadiyos na kautusan.." [245] Kaya't bagamat ang mga Kristiyano ay pare-parehong nagrerekomenda ng mga punong pamasko *(Christmas trees)* at mga krusipiho, ang mga gawaing ito ay bunga ng mga kaugalian sa halip ng mga turo ng kasulatan. Sa katunayan, maraming makikipagtalong ang mga tradisyong ito ay isinusumpa ng kasulatang biblikal at ng mga banal na halimbawa ng mga paring apostoliko.[246]

Hawig dito, maraming kaugalian ng mga pamayanang Judio at Muslim ang nakagugulo sa relihiyon. Sa pinakasukdulan, ang mga panatikong di-nagabayan ay gumagawa ng mga kalupitang sumasalungat sa mismong mga turo ng kani-kanilang pananampalataya.

Halimbawa, ang pamimilit sa relihiyon, panliligalig (terorismo), at pang-aapi ng mga kababaihan ay hindi mga sangkap ng relihiyong Islamiko. Ito ay mga paninirang laban sa Islam na itinatag sa ibabaw ng lihis na halimbawa ng ilang di-banal, mapaghangad ng katanyagang mga Muslim, subalit ang mga ito ay hindi bahagi ng ideolohiyang Islamiko.

At kung hahatulan natin ang mga relihiyon batay sa mga mas mahinang kinatawan ng kanilang mga pananampalataya, na napakarami ng mga ito, itatapon natin hindi lamang ang Islam, bagkus lahat ng mga relihiyon.

Ang problema ay maaaring makalikha ng isang di-makatarungang maling pananaw ang mga kasalukuyang balita, karanasang personal, at  palibot ng *media*, na mas madalas kaysa hindi ay nagtutulak sa mga taong pag-isipan ang mga di-karaniwang elemento bilang mga normal. Hindi ang mga milyun-milyong Judio ang gumagawa ng balita, kundi ang mga  Baruch Goldstein. Hindi ang bilyun-bilyong mabubuti at mapagkawanggawang Kristiyano ang nalalagay sa pangunahing balita, kundi ang mga Jeffrey Dahmer at ang mga tagabomba ng mga klinika ng

---

[245] LaFollette, Suzanne. 1926. *Concerning Women*. "The Beginnings of Emancipation."

[246] Tingnan ang Jeremias 10:2–4 tungkol sa mga *Christmas trees,* Appendix 1 ng aklat na ito tungkol sa mga rebulto.

aborsyon. At hindi ang isang bilyong mabubuting Muslim, kundi ang mga *extremists* (mapagmalabis) at ang mga panatikong mapanlaban. Hindi lahat ng mga Judio ay namamaril ng mga Muslim samantalang nakayuko ang mga ito sa pagdarasal, hindi lahat ng mga Kristiyano ay mga baliw na kanibal o mga nambobomba ng mga klinika ng aborsyon, at hindi lahat ng mga Muslim ay terorista o di-mapagparaya sa mga pananampalataya ng ibang mga tao. At kung pahihintulutan nating ang ating mga sariling maniwala ng taliwas, sa gayon ay magwawakas tayo sa paghatol sa mga institusyon hindi dahil sa kanilang tunay na kahalagahan kundi sa kakaunting mga lihis na nagbibigay sa atin ng dahilan upang mamuhi. At iyan ay sumisira hindi lamang sa mas malawak na katotohanan, kundi sa ating pagiging tao.

Kaya't umiwas tayo sa paghatol sa anumang relihiyon nang batay sa propaganda o sa mga labag na gawain ng mga naligaw na tagasunod, na hindi naman napakarami.

Sa sandaling lumagpas-tanaw tayo sa mga elementong ito ng pagsira sa relihiyon, madaragdagan natin ang ating paghahanap sa pamamagitan ng pagdarasal para sa patnubay. Ang *Ama Namin* ay maaaring maging panimulang punto ng mga Kristiyano, o ninuman sa bagay na iyan. Ang panalanging ito ay hindi pandenominasyon, at ang isang taong makatwiran ay halos hindi tututol sa isang pakiusap na "mailayo sa tukso." Kung sakaling mayroon mang pagtutol, iyon ay magiging dahil sa ang patnubay ay hindi tiyak na ipinakiusap o kaya'y dahil sa ang dalawang nakatalang anyo ng panalangin ay nagkakaiba (ihambing ang Mateo 6:9–13 sa Lucas 11:2–4).

Kung aling panalangin, kung ang isa o ang dalawa, ay binigkas ni Jesus ay nananatiling di-tiyak — lalo na at isasaalang-alang na ang *The Jesus Seminar*, isang pangkat ng mga tanyag na iskolar ng bibliya, ang nagpahayag na ang tanging salita sa Ama Namin na tuwirang naiuugnay kay Jesus ay "Ama."[247] Ang konklusyong ito ay nakagugulat, sapagkat hindi lamang nito niyayanig ang isa sa mga pinakatanggap na punongkahoy sa kagubatan ng pananampalatayang Kristiyano, kundi pinag-aalinlanganan nito ang pagiging lehitimo ng punong iyan mismo.

---

[247] *Newsweek*. October 31, 1988. p. 80.

Ang ilang makabagong salin ay nagtatangkang itago ang di-pagkakasundo ng dalawang bersyon ng Ama Namin, subalit ang maraming nalimbag na Bibliya nang una sa 1970 ay nagtatala ng 2,000-taong pagkakaiba.

Dahil sa ganitong kagulat-gulat na di-katiyakan, ang mga Muslim ay nag-aalok ng sumusunod na panalangin bilang isang tanggap na pagpipilian:

> Sa ngalan ng Allah, Puspos ng Awa, Mapagbigay.
> Purihin ang Allah, Ang Tumutustos sa mga Sandaigdigan:
> Puspos ng Awa, Mapamigay;
> Sa Araw ng Paghuhukom ay Maytangan.
> Ikaw ang sinasamba namin, at Ikaw ang aming hinihilingan.
> Igabay mo sa amin ang tuwid na daan,
> Ang landas niyaong Iyong biniyayaan,
> hindi niyaong Iyong kinamuhian, at hindi niyaong nangaligaw.
> (TMQ 1:1–7)

Simple, hindi pangsekta at tuwiran, dinadalit ng mga Muslim itong unang *surah* ng Banal na Qur’an sa pinakamababang 17 beses isang araw sa buong mundo. Kapansin-pansing ang panalanging ito ay nagluluwalhati sa Diyos at humihiling ng Kanyang paggabay, subalit walang binabanggit saanman na Islam sa pangalan. Kagaya ng Ama Namin, mahirap tumutol sa isang panalanging gayong kawagas ang damdamin at walang pagkiling.

# 3:Ang mga Bunga ng Katwiran

*Ang mga bunga ng katwiran ay panakot sa mga mangmang*
*at liwanag sa mga taong may karunungan.*
—Thomas Henry Huxley, *Animal Automatism*

Tinutukoy ng mga Judio at mga Kristiyano na ang *Ayah* 2:136 ng Banal na Qur'an ay nagtuturo sa mga Muslim na kilalanin ang "ibinigay kay Musa (Moises), 'Isa (Jesus) at mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Wala kaming pagtatangi sa isa't isa sa mga iyon . . ."

Ang argumentong ipinapahiwatig dito ng mga Judio at mga Kristiyano ay ito: Kung ang Banal na Qur'an ay nagsasabi sa mga Muslim na kilalanin ang mga rebelasyong ibinigay kina Moises at Jesus, at huwag magtangi-tangi sa pagitan ng mga propeta, binibigyang-bisa kung gayon ng Banal na Qur'an ang mga Luma at Bagong Tipan.

Hindi totoo.

"Ang ibinigay kina Musa (Moses), 'Isa (Jesus) at sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon" ay rebelasyon. Datapwat, gaya ng alam ng lahat ng mga iskolar ng relihiyon, ang Torah ni Moises at ang Ebanghelyo ni Jesucristo ay nangawala, at nagkagayon sa libu-libong taon. Ang mayroon tayo ngayon —at sa bagay na iyan, ang nasa atin sa huling 2,000 taon — ay kilalang nasira na mula sa mga orihinal na teksto.[248] Samakatwid, bagamat kinikilala ng Qur'an ang *orihinal* na rebelasyong ibinigay sa mga propeta, walang paraang binibigyang-bisa nito ang mga Luma at Bagong Tipan sa kanilang kasalukuyang hindi dalisay na anyo.

Pangalawa, kahit tanggapin ang mga Bibliyang Judio at Kristiyano kung ano ang mga ito ngayon, ang Lumang Tipan, Bagong Tipan at Banal na Qur'an ay nagtatatag ng tuluy-tuloy na kawing ng pagkapropeta, rebelasyon, at paniniwalang monoteistiko. Ang *hindi* natin natatagpuan sa mga Luma at Bagong Tipan ay ang mga paniniwalang makasarili na pinagkakatiwalaan ng marami para sa kaligtasan — ang mga gayong paniniwala sa mga Judio bilang ang "bayang pinili" pa rin, sa kabila ng pagsira ng kanilang tipan sa Diyos, at ng mga Kristiyano bilang

---

[248] Para sa ebidensya at pagtalakay, tingnan ang *NaDiyos'grasya*, Ika-4 na Bahagi.

"nailigtas ng pananampalataya," bagamat si Jesucristo kailanman ay hindi nagturo ng gayong bagay. Sa bagay na iyan, wala saanman nagturo si Jesus ng mga bumubuo ng teolohiyang Trinitario.[249]

Bilang bunga, ipinapahiwatig ng mga Muslim na matutuklasan ng mga sumusunod sa mga turo ng mga propeta ang relihiyong Islam sa sarili nilang mga aklat. Sa ibang salita, ang lahat ng mga propeta ay nagturo ng iisang paniniwalang monoteistiko, iisang pagkakatuluy-tuloy ng kawing ng pagkapropeta at, lakip ang ilang mga pagsusog, ng iisang batas na makadiyos. Datapwat, kung paaanong nakikita natin ang walang salungatan sa mga turo ng mga propeta, natutuklasan natin ang salungatan sa mga nagsisikap na sirain ang rebelasyon. Inihahatid tayo ng mga propeta sa katotohanan, ang kanilang mga katunggali (gaya ni Pablo) ay nagtatangkang ihatid tayo sa pagkaligaw; ang kasangkapan ng mga propeta ay rebelasyon, at ang sa mga katunggali: kahiwagaan (mistisismo).

Ang pananaw na Islamiko, kung gayon, ay naghanda ang bawat yugto ng rebelasyon sa mga tunay na mananampalataya para sa susunod. Ang paniniwala ay walang pagbabago at ang kawing ng pagkapropeta ay di-naputol. Yaong nagsisunod sa kawing ng pagkapropeta ay daraan sa unang hulog hanggang sa susunod, patungo sa makatwirang konklusyon ng pagtanggap sa huling propeta, si Muhammad, at ang rebelasyon ng Banal na Qur'an.

Bilang bunga, ang pagsamo ay iniaalay,

> Sabihin mo: "O Bayang May Aklat [mga Judio at Kristiyano]! Halina kayo
> sa pagkakasundo namin at ninyo:
> na sa Allah lamang magsisamba tayo;
> na huwag tayong mag-agapay ng kahit na sino
> bilang Kanyang magiging katambal;
> na mula sa ating sarili'y iwasang
> lumikha ng mga Panginoon at patnubay
> maliban sa Allah." Kung sakaling ikaw ay talikdan,

---

[249] Tingnan ang *NaDiyos'grasyaisGod'ed*, Ika-3 Bahagi: Mga Pagkakaiba sa Doktrina.

sabihin mo: “Kayo ay mga saksing tunay
na mga Muslim kami (sumusunod sa kalooban
ng Allah, Iisang Diyos lamang).” (TMQ 3:64)

Ang sangkatauhan ba ay darating sa ganitong pagkakasundo? Lahat ba tayo ay magkakaisa sa pagsamba sa Allah at tanging sa Allah lamang? Hindi nag-aagapay ng katambal o kahati sa Kanyang pagkadiyos? Bueno, hindi pa ito nangyayari.

Subalit hindi sa lahat ng sangkatauhan tayo may pananagutan, kundi sa ating mga sarili lamang:

O kayong mga nananampalataya!
Ingatan ang inyong sariling kaluluwa:
kung susundin ninyo ang (tamang) patnubay,
hindi kayo masasaktan niyong mga nangaligaw.
Ang layunin ninyong lahat ay para sa Allah:
ang katotohanan ng lahat ng gawa ninyo ay Kanyang ipapakita.”
(TMQ 5:105).

Ang Islam kung gayon ay mapatitibayan ang sarili sa pamamagitan ni Abraham bilang pinakamatanda at pinakatotoong relihiyon, itinuro ng lahat ng mga propeta (ang iisang bagay ay ipinahayag sa kanilang lahat) at ipinahayag sa wakas sa isang bago at tiyak na paraan ni Muhammad, ang tagapagpatibay na "selyo *(seal)*" ng mga propeta, pagkaraang matanggap ng Propeta nang tuwiran sa pamamagitan ng isang anghel mula sa isang tunay na Diyos, nang walang mga kamalian at mga pagsira ng mga Judio at mga Kristiyano. Para sa Qur'an, malinaw na ang mga Muslim ay ang tumatayong pinakamalapit kay Abraham; sa pagiging mula kay Abraham, sila ay hindi lamang tanging tagasamba sa Diyos kundi sila ang tanging mga tunay Niyang tagasamba.

—Hans Küng. 2007. *Islam, Past, Present and Future* (Islam, Nakaraan, Kasalukuyan at Hinaharap).
One World Publications. p. 51

## Apendise 1—Idolatriya (Pagsamba sa Diyus-Diyusan)

*Isang kataka-takang kabalintunaang*
*ang nagsisisamba sa mga bato ay naninirahan*
*sa mga ideolohiyang yari sa kristal.*

— F

rancis Bacon, *Essays*

Idolatriya — kinamumuhian ng bawat monoteista ang kaisipan, at gayunman ay marami sa kanila mismo ang gumagawa ng nasabing krimen. Kakaunti ngayon ang nakasasakmal nang ganap sa mga kasalimuutan ng isyung ito, sapagkat ang kahulugan ng *idolatriya* ay nalibing sa ilalim ng halos 1,700 taon ng tradisyong pansimbahan.

Ang pangalawang utos ay nagsasaad, "Hindi ka lilikha para sa iyong sarili ng isang inukit na larawan — anumang kahalintulad *ng anumang bagay* na nasa kalangitan sa itaas, o nasa lupa sa ibaba, o nasa tubig sa ilalim ng lupa; hindi ka yuyukod ni maglilingkod sa mga ito" (Exodo 20:4–5). Ang ibang mga salin ay nagbibigay ng kaunting kaiba, bagamat mahalagang, pagkakasabi, gaya halimbawa ng: "Hindi ka yuyukod sa mga ito o *sasamba* sa mga ito" (NRSV, NIV).

Ang utos na huwag gagawa ng mga inukit na lartawan ay nagpapaliwanag sa sarili, kagaya ng sumusunod na utos na huwag gumawa ng anumang kahalintulad na anupaman.

Ang mga utos na ito ay hindi magiging mas malinaw.

Ang kalikasan ng tao, gayunpaman, ay maghanap ng mga butas sa mga batas, mga buwis at kasulatan. Bunga nito, mayroong mga nagtuturing na ang unang utos na huwag lumikha ng "mga inukit na larawan" o "anumang kahalintulad ng anumang bagay" ay nakasalalay sa sumusunod na utos na huwag maglingkod o sumamba sa mga larawan — at ang argumento ay kung walang sinumang sumasamba sa larawan mismo, kung gayon ay pinahihintulutang gumawa nito. Subalit *hindi* iyon ang sinasabi ng utos.At sa alinmang kaso, idinidikta ng pag-iingat ang pag-iwas sa ipinagbabawal ng Diyos sapagkat yaong lumalabag ay papananagutin.

Subalit umurong tayo ng isang hakbang. Ano ang talagang kahulugan ng *maglingkod* at

*sumamba*?

Ang pandiwang *to serve (maglingkod),* ayon sa Merriam-Webster's Dictionary, ay nangangahulugang "*to give the service and respect due to (a superior)* [ibigay ang paglilingkod at paggalang na angkop (sa isang nakatataas)]."[250]

Kung gayooon, kung ang paglalagay ng mga imahen sa kagalang-galang na posisyon (ang mga rebulto ng mga santo ay literal na inilalagay sa mga pedestal, ang mga larawang relihiyoso ay ikinukuwadro, atbp.), ginagastusan ng panahon, lakas at salapi upang palisan ng alikabok, linisin, pagandahin, at ipreserba ang mga ito ay hindi mga gawaing paglilingkod at paggalang, ano ang mga ito?

Ang karaniwang tugon ng Kristiyano? Na ang mga ganitong gawain ng *paglilingkod* ay hindi mga gawain ng *pagsamba.*

Ngayon, sandali lang. Ang salitang *worship (pagsamba)* ay ni hindi ginamit sa 2,000 taong nakalipas. Sa katunyan, wala pa ito nang nakalipas na 1,000 taon. Wala ito sa wikang Inggles nang panahon ng rebelasyon, kahit na ang Bagong Tipan ay nasulat man sa wikang Inggles, na hindi naman nagkagayon. Kaya't anong mga salita ang naroon sa mga panahong bibliko? Ano ang kahulugan ng pinagmulan ng salitang *worship (pagsamba)*?

Hindi kataka-taka, natutunton natin ang salitang *worship (pagsamba)* na pabalik sa *sense of having worth: a sense of worthiness:* pang-unawa ng pagkakaroon ng halaga: isang pang-unawa ng kahalagahan.

*Worship (pagsamba)* ay nagsimula ng buhay bilang isang pangngalang tambalan *(compound noun)* nangangahulugan sa katunayan ng *"worthiness (kahalagahan)."* Ito ay nabuo mula sa pang-uring *(adjective) worth (mahalaga)* at ng pangngalang hulaping *(noun suffix) -ship "state, condition (kalagayan, katayuan),"* at nang una ay ginamit sa "*distinction, credit, dignity (pagkilala, reputasyon, karangalan)* ." Ito ay nalipat pagkatapos sa *"respect, reverence (paggalang, pagpaparangal),"* ngunit hindi ito ginamit nang tiyak sa mga pakahulugang relihiyoso hanggang ika-13 dantaon. Ang pandiwa *(verb)* ay nagsimula noong ika-12 dantaon.[251]

At ito mula sa *New Catholic Encyclopedia:*

---

[250] *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*. 1997. Tenth edition. Merriam-Webster, Inc.
[251] Ayto, John. 1991. *Bloomsbury Dictionary of Word Origins*. London: Bloomsbury Publishing Limited.

*Worship:* Sa Anglo-Saxon, *"weorð-scipe"* ay nangahulugang *"worth-ship,"* kung saan ang *"worth"* ay dapat maunawaan sa pakahulugang *value or honor (kahalagahan o karangalan)*. Ang *worship (pagsamba)*, samakatwid, ay nangahulugan sa simula ng *state of worth, the quality of being valuable or worthy (kalagayan ng kahalagahan, ang katangian ng pagiging mahalaga* .[252]

Kaya't ano ang talagang sinasabi ng pangalawang utos? Hindi lamang di-dapat yumukod o manalangin ang isang tao sa mga larawang likhang-tao (sa paraan ng maraming Katoliko), subalit ni hindi dapat pahalagahan ang mga larawang ito.

"Ngunit hindi namin pinapahalagahan ang mga iyon," ang karaniwang Kristiyano ay tutugon.

Ow, siyanga? Bueno, kung ganyan, hindi mo mamasamaing ihagis namin ang mga iyon sa basurahan o bombahan *(flush)* ng tubig sa inidoro. Ibig kong sabihin, walang kuwenta ang mga ito, hindi ba? Walang halaga, tama? At ano ang ginagawa natin sa mga walang kuwentang bagay? Itinatapon natin, hindi ba?

Ang punto ay, oo. Pinapahalagahan ng mga Kristiyano ang kanilang mga larawan, at sa ganitong paraan ay nilalabag nila ang pangalawang utos.

Ipinapakita ba ng idolatriya ang sarili sa ibang mga paraan?

Tiyak. Nagtaka ba kayo kung bakit nagawang (at sa ilang pagkakataon, ginagawa pang) batiin ng mga tao ang nakatataas-sa-andanang pari, maharlika, at mga kabilang sa mataas na lipunan ng *"Your worship (Inyong kamahalan)?"* Sa ganitong katawagan, pinararangalan ng mga karaniwang tao ang mga kalalakihan at kababaihang may mataas na kahalagahan, katayuan, at kalagayang panlipunan. Kaya't iyan ba ay pagsamba? Ayon sa depinisyon ng salita, oo. Ang *"Your worship"* ay nangahulugang *"Your worthiness (Inyong kamahalan),"* at nagpapahiwatig ng katangian ng kamahalan (mataas na halaga).

Kaya't nangangahulugan ba itong ang mga karaniwang taong gumamit ng salitang ito ay sumamba *(worshipped)* sa kanilang tinawag sa gayong paraan? Ah, oo. Ganoon na nga iyon.

---

[252] *New Catholic Encyclopedia.* Vol 14, p. 1030.

Hindi lamang nila sinamba sila, *inidolo* pa nila, at nakikita natin ang ganitong gawaing nakalapat nang gayon din sa mga artista sa musika, palakasan, at pelikula sa kasalukuyan gaya ng gawa natin sa mga pari, maharlika, at nasa mataas na lipunan.

"Aba naman," sasabihin ninyo, "Nagpapatawa ka niyan."

Hindi, nagiging totoo lamang ako.

Hindi ko sinasabing ipinagbawal sa atin ng Diyos na igalang ang gayong mga tao; sinasabi ko lamang na, oo, ang pagtawag sa mga taong iyon ng mga gayong katawagang *"Your worship"* ay isang anyo ng pagsamba. Datapwat, kung saan tumatawid ito sa guhit ng pagbabawal ay kapag pinarangalan ng mga tao ang iba *bilang mga diyos*, o bigyan sila ng karangalan at paggalang na nakalaan para sa ating Lumikha. Sakaling pahalagahan nilang higit ang mga paggabay ng mga taong ito kaysa mga batas at gabay ng rebelasyon, kinakamkam nila ang kapangyarihan ng Diyos. Gayundin, sakaling parangalan nila ang gayong tao ng, oh sabihin nating, ituring siyang di-nagkakamali o niyuyukuran siya (kahit man lamang halikan ang kanyang sinsing), pinagkakalooban nila siya ng mga karapatan ng tanging pagpaparangal na nakalaan sa Makapangyarihang Diyos.

Sa ganitong paraan, ang idolatriya ay hindi nangangailangan ng rebulto (estatwa), bagamat ang mga rebulto ay katiyakang nagpapataas ng paglabag. Yaman din lamang, na ang "idolatriya ay tumutukoy sa pagsamba ng mga diyos bukod sa isang tunay na Diyos, at ang paggamit ng mga larawan ay katangian ng buhay ng mga pagano." [253]

Kalugud-lugod na magkaroon ng isang ensiklopedyang Katoliko upang magkaroon ng gayong depinisyon, hindi ba? Aba, ni hindi natin kailangang magbasa sa pagitan ng mga linya upang makilalang ito ay may pagbatikos sa sarili!

Sa kasamaang-palad, maraming makabagong denominasyong Kristiyano ang nagtatanggol sa kanilang mga kaugalian batay sa tradisyon sa halip ng kasulatan. Pambihirang ang kasulatan ay binibigyan ng unang pahalaga (prayoridad) kaysa tradisyon. Ang mga halimbawa ay umiiral, gayunman. Sing-aga ng mga 1500, ang mga Kristiyanong Nestorio ng

---

[253] *Ibid.,* Vol 7, p. 348.

Malabar Coast sa India ay hinandugan ng isang imahen (rebulto) ni Birhen Maria sa kauna-unahang pagkakataon. Karamihang nasilungan ng impuwensyang Europeo, ang mga Kristiyanong ito ng Malabar Coast ay namalaging walang alam sa mga pagbabagong ipinasok ng maraming konseho (sanggunian) at sinodo (kapulungan) ng mga simbahang Europeo. Noon lamang natatag ang mga rutang pandagat noong ika-16 na dantaon nagkaroon ng kaugnayan ang dalawa. Gaya ng puna ni Edward Gibbon,

> Ang pagkakahiwalay nila sa mundong Kanluranin ay nagsanhi ng kanilang di-kaalaman sa mga pag-unlad o mga pagkasira ng sanlibong taon; at ang kanilang pagsunod sa pananampalataya at gawain ng ikalimang dantaon, ay makasasama ng loob sa mga pagkiling ng isang maka-Papa o isang Protestante.[254]

Kaya't  paano silang tumugon nang hinandugan ng isang imahen ni Birhen Maria?

Ang titulong Ina ng Diyos ay masakit sa kanilang taynga at sinukat nila na labis ang kasakiman ng mga pagpaparangal kay Birhen Maria, na dahil sa pamahiin ng mga Latino ay halos itinaas nila sa ranggo ng isang diyosa. Nang ang imahen niya ay unang inialay sa mga disipulo ni Sto. Tomas, buong galit nilang ibinulalas, "Kami ay mga Kristiyano, hindi mga nang-iidolo!" [255]

Mahalagang pansinin na ang mga Kristiyanong ito ng Malabar Coast ay hindi mali ni nag-iisa sa kanilang mga pananaw:

> Ang mga katutubong Kristiyano ay nagtaglay ng isang di-malulupig na pagtanggi sa paggamit at pagmamalabis sa gamit ng mga imahen, at ang ganitong pagkamuhi ay maiuugnay sa kanilang pagiging mula sa mga Judio, at sa kanilang galit sa mga Griyego. Ang batas ni Moises ay matinding nagbawal ng lahat ng paglalarawan sa Diyos; at ang turong iyan ay matibay na natatag sa mga prinsipyo at gawa ng bayang pinili. Ang talino ng mga tagapagtanggol na Kristiyano ay tinukoy laban sa mga hangal na nang-iidolo, na yumukod sa gawa ng kanilang sariling mga kamay, ang mga imaheng yari sa tingga at marmol, na, *kung sakaling* ang mga iyon ay napagkalooban ng pakiramdam at paggalaw, ay marapat magsimula sa halip sa pedestal upang sambahin ang mga mapanlikhang

---

[254] Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter XLVII, p. 263.
[255] *Ibid.*

kapangyarihan ng maylikhang artista.[256]

O, kung ilalagay sa mas simple at mas modernong Inggles,

> Ang mga katutubong Kristiyano ay tumuligsa sa pagsamba ng mga imahen bilang gawain ng demonyo at nagkaroon ng maramihang pagwasak ng bawat uri ng idolo nang sa wakas ay magtagumpay ang Kristiyanismo. Subalit sa mga sumunod na dantaon, nagsibalik ang mga imahen, lumitaw sa ilalim ng mga bagong pangalan ngunit, sa mapanuring mata, na may iisang gampanin. Ang mga Kristiyano ng Silangan ang unang nagsimulang makaramdam na ang karamihan ng paganong relihiyong winasak ng kanilang mga ninuno, nang may gayong halaga ng dugo ng mga martir, ay wala sa katwirang ibinabalik. [257]

Ang sining sa relihiyon gayunman ay napagtibay sa Konseho ng Nicea noong 325 *CE,* at ang pagsamba ng idolo ay sumakop sa mga serbisyong Katoliko mula nang panahong iyon.

Si Gibbon ay nagkokomentaryo:

> Sa simula ang eksperimento ay ginawa nang may pag-iingat at pag-aalinlangan; at ang mga pinararangalang larawan ay palihim na ipinahintulot upang turuan ang mga mangmang, gisingin ang mga nanlalamig, at bigyang-kasiyahan ang mga pagkiling ng mga paganong tagapagpalaganap. Sa isang mabagal bagamat di-maiiwasang pagsulong, ang mga karangalan ng orihinal ay nalipat sa kopya; ang debotong Kristiyano ay nagdasal sa harap ng imahen ng isang santo; at ang paganong ritwal ng tiklop-tuhod, mga liwanag, at insenso, ay sumingit na muli sa simbahang Katoliko.[258]

Sa paglipas ng panahon (nagpapatuloy si Gibbon),

> Ang pagsamba ng mga imahen ay nakasingit sa simbahan nang di-naramdamang antas, at ang bawat munting hakbang ay kalugud-lugod sa mapamahiing isip, bilang nagbubunga ng ginhawa at walang-kaalaman sa kasalanan. Subalit sa simula ng

---

[256] *Ibid.,* Chapter XLIX, p. 359.
[257] Chamberlin, E. R. 1993. *The Bad Popes*. Barnes & Noble, Inc. p. 11.
[258] Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter XLIX, p. 361.

> ikawalong dantaon, sa buong kalakhan ng pag-abuso, ang mga Griyegong higit na matatakutin ay nagising sa pag-aalalang sa ilalim ng maskara ng Kristiyanismo, naibalik nila ang relihiyon ng kanilang mga ninuno; narinig nila, nang may lungkot at kawalang-tiyaga, ang katawagang nag-iidolatriya; ang walang patid na bintang ng mga Judio at mga Mahometano, na humango sa batas at sa Koran ang isang walang kamatayang pagkamuhi sa mga nililok na imahen at lahat ng mga kaugnay na pagsamba. [259]

Lahat ng may Kristiyanismong batay sa kasulatan, halimbawang apostoliko, at ang mga turo ng mga propeta ay sumalungat sa pagsasala ng pagsamba sa idolo. Kaya't nang ang kapangalang kapatid ni Emperador Constantino, si Constantina, ay humiling ng isang representasyon ni Jesucristo noong 326 *CE*, si Eusebio ng Nicomedia ay sumagot nang matigas, "Ano, at anong uri ng larawan ni Cristo ang mayroon? Ang gayong mga larawan ay ipinagbabawal ng pangalawang utos."[260]

Noong mahigit sa dalawang dantaong nakalipas, si Joseph Priestley ay sumulat ng isang buod na hindi lamang nagpaliwanag ng kasaysayan, kundi nagbigay rin ng dahilan ng ganitong pagsira ng orihinal na Kristiyanismo:

> Sa pagtatayo ng mga templo ngayon bilang parangal sa mga partikular na santo, at lalung-lalo na ng mga martir, naging natural na palamutian ang mga ito ng mga ipinintang larawan at mga eskulturang kumakatawan sa mga dakilang pakikipagsapalaran ng gayong mga santo at mga martir; at ito ang isang pangyayaring gumawa sa mga simbahang Kristiyano na maging lalong kagaya ng mga templong pagano, na napalamutian din ng mga estatwa at larawan; at ito ay nagkaroon ng pagkakataong mahatak ang mga mangmang na kalipunan tungo sa bagong pagsamba, na nagpadali sa paglilipat.
>
> Si Paulino, isang lipat-pananampalataya mula sa paganismo, isang taong may ranggong senador, ipinagdiwang para sa kanyang mga pagbahagi at pag-aaral, at namatay pagkatapos na Obispo ng Nola sa Italya, ay natanyag sa ganitong paraan. Muli niyang ipinatayo, sa isang natatanging paraan, ang sarili niyang simbahang episkopalyo, inihandog kay Felix, ang martir, at sa mga pintuan nito, ipininta niya ang mga himala ni

---

[259] *Ibid.,* p. 365.
[260] Hodgkin, Thomas. 1967. *Italy and Her Invaders*. Vol. VI, Book VII. New York: Russell & Russell. p. 431.

Moises at ni Cristo, kasama ng mga ginawa ni Felix at ng ibang mga martir, kung saan ang kanilang mga alaalang gamit (relikya) ay nakatago. Ito, sinasabi niya, ay ginawang may hangaring hatakin ang mga taong magagaslaw, namihasa sa mga di-banal na ritwal ng paganismo, tungo sa isang kaalaman at mabuting pananaw sa doktrinang Kristiyano, sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga gayong larawan kung ano ang hindi nila natutuhan sa mga aklat, sa mga buhay at gawain ng mga santong Kristiyano.

Sa sandaling muling nasimulan ang kaugaliang magkaroon ng mga larawan sa mga simbahan, (na nasa bandang katapusan ng ikaapat o simula ng ikalimang dantaon, at karamihan ng mga lipat-relihiyon mula sa paganismo), ang mga mas nakaririwasa sa mga Kristiyano ay waring nagpaligsahan sa isa't isa, kung sino ang magpapatayo at magpapalamuti sa kanilang mga simbahan sa pinakamagugol na paraan, at wala na marahil nakapag-ambag nang higit doon kaysa halimbawa ng Paulinong ito.

Lumilitaw mula kay Crisostomo, na ang mga larawan at imahen ay makikita sa pangunahing simbahan ng kanyang panahon, subalit ito ay sa Silangan. Sa Italya, ang mga ito ay madalang lamang sa simula ng ikalimang dantaon, at ang obispo ng bansang iyon, na nagpapinta ng kanyang simbahan, ay nag-isip na humingi ng paumanhin para roon, sa pagsasabing ang mga taong masisiyahan sa mga larawan ay magkakaroon ng mas kaunting oras sa pagpipiging sa kanilang mga sarili. Ang pinagmulan ng kaugaliang ito marahil ay sa Cappadocia, kung saan ang obispo ay si Gregorio Niseno, na siya ring nagpapuri kay Gregorio Taumaturgo sa pagpapakanang gawin ang mga kapistahang Kristiyanong makahawig ng sa mga pagano.

Bagamat maraming simbahan sa panahong iyon ang napalamutian ng mga imahen ng mga santo at martir, mukhang hindi marami ang para kay Cristo. Sinasabing ang mga ito ay sinimulan ng mga taga-Cappadocia ; at ang kauna-unahan sa mga ito ay mga simboliko lamang, sa pagiging gawa sa anyo ng isang tupa. Ang isa sa ganitong uri na natagpuan ni Epifanio nang taong 389, at siya ay labis na nagalit dito, kaya't sinira niya ito. Noon lamang dumating ang Konseho ng Constantinopla, na tinawag na *In Trullo*, na ginanap nang gayong kahuli sa taong 707 *CE*, na ang mga larawan ni Cristo ay ipinag-utos na iguhit sa anyo ng mga tao.[261]

Noong 726 *CE,* 19 na taon lamang kasunod ng Konseho ng Constantinopla, ang Emperador ng Constantinoplang si Leo III (kilala rin bilang Leo Isauro, ngunit pinakatanyag

[261] Priestley, Joseph, LL.D. F.R.S. 1782. *An History of the Corruptions of Christianity*. Birmingham: Piercy and Jones. Vol. 1; "The History of Opinions relating to Saints and Angels," Section 1, Part 2— "Of Pictures and Images in Churches." pp. 337–339.

bilang Leo Iconoclasto o laban sa pagsamba sa rebulto) ay nagsimulang wasakin ang mga rebulto sa loob ng lumalawak na bilog ng kanyang impluwensya. Itinala ni Thomas Hodgkin,

> Ang ugnayan sa Mohamedanismo ang siyang nagbukas ng mga mata ni Leo at ang mga taong tumayo sa paligid ng kanyang trono, mga taong simbahan gayundin mga layko (di-pari), sa mga hamak at mapag-idolong pamahiing gumapang sa Simbahan at nangibabaw sa buhay ng isang relihiyon, na ayon sa pagkapahayag nito ay pinakadalisay at pinakaespiritwal, ay mabilis na nagiging isa sa mga pinakamapamahiin at pinakamateryalistikong nakita ng mundo. Sa simula ay nangurong mula sa anumang representasyon ng mga bagay na nakikita, at pagkaraan ay napahintulot sa sarili ng paggamit ng magaganda at malulungkot na mga simbolo (gaya ng Mabuting Pastol), noong ikaapat na dantaon ay sinikap ng Simbahang Kristiyano na turuan ang mga lipat-relihiyon na inihahatid sa kanya ng kanyang tagumpay nang libu-libo sa ilalim ni Constantino, sa pamamagitan ng mga representasyon ng pangunahing kaganapan sa kasaysayan ng Kasulatan sa mga dinding ng mga simbahan. Mula rito, ang ganitong pagbabago tungo sa natatanging pinarangalang mga larawan ni Cristo, ng Birhen at ng mga Santo, ay naging likas at magaan. Ang tampok na pagiging kakatwa at ang kalapastanganan, ang paglalarawan sa Makapangyarihang Maylikha ng Sandaigdigan bilang isang balbasing matandang lalaki, nakalutang sa langit, ay hindi pa isinakatuparan, ni hindi pinangahasan hanggang ang lahi ng tao ay nakagawa ng maraming hakbang pababa sa kadiliman ng *Edad Media* (Gitnang Panahon); subalit may nagawa nang sapat pang ipakita kung saan nagagawi ang Simbahan, at upang bigyang pahalaga ang pang-uuyam ng mga tagasunod ng Propeta nang kanilang itaas ang taguring "mga mapag-idolo (tagasamba ng mga diyus-diyusan)" sa mga takot at masunuring populasyon ng Ehipto at Syria. [262]

Ang kabalintunaan ng pagbabagong-anyo ni Emperador Leo mula sa pagiging matagumpay sa mga Saracenos sa Silangang Europa sa pagiging Leo Iconoclasto (laban sa idolatriya) ay di-matatakasan. Pagkaraang talunin niya ang mga Muslim, inangkin niya ang kanilang kampanya upang buwagin ang idolatriya. Sa anumang kaso, tinangka ni Papa Gregorio II na palamigin ang pagsusumigasig ni Leo sa sumusunod na payo:

---

[262] Hodgkin, Thomas. Vol. VI, Book VII, p. 431.

> Ikaw ba ay di-nakaaalam na ang mga papa ang bigkis ng pakakaisa, mga tagapamagitan ng kapayapaan sa pagitan ng Silangan at Kanluran? Ang mga mata ng mga bayan ay nakatutok sa aming kababaang-loob; at pinararangalan nila, bilang isang Diyos sa lupa, ang apostol San Pedro, na ang imahen ay pinagbabantaan mong wasakin . . . Itakwil mo ang iyong marahas at nakasasawing gawain; magnilay, manginig, at magsisi. Kung magpapatuloy ka, kami ay walang-sala sa dugong daranak sa paligsahang ito; nawa'y bumuhos ito sa iyong sariling ulo. [263]

Gaya ng isinaad ni George Bernard Shaw sa pambungad sa kanyang dula, *Saint Joan (Santa Juana)*, "Ang mga simbahan ay dapat matuto ng kababaang-loob at magturo rin nito." [264] Walang alinlangang ang taong sumisigaw, "Masdan kung gaano ako kababang-loob! Hindi mo ba masasabing ako ang pinakamapagkumbabang taong nakita mo?" ay dagliang mawawalang-karapatan. Dagdag sa puntong ito, ang papang nagbawal ng mga imahen samantalang nagsasabi ring, "Ngunit para sa estatwa ni San Pedro mismo, na ang lahat ng mga kaharian sa Kanluran ay nagtuturing sa kanyang isang diyos sa mundo, ang buong Kanluran ay maghihiganti nang matindi"[265] ay dapat makakita ng salungatang pangrelihiyong sinlaki ng isang buntala. Ang ganap na dapat "magnilay, manginig at masisi" ay magiging malinaw nang buong tapang.

Na si Papa Gregorio II at ang kanyang mga tagasunod ay nagnanais makipagdigmaan sa pagtatangol ng kanilang mga imahen ay nagpapatotoo sa napakapambihirang kahalagahan (ibig sabihin, ang halaga – *worthiness, worship*) na inilagay nila sa mga imaheng ito. At nagbuhos nga sila ng dugo, sa gayong hangganang ang pagkatalo ng hukbo ni Leo sa Ravenna ay nagpapula sa mga tubig ng ilog Po. Naging gayong karumi ang ilog na "sa loob ng anim na taon, ang masamang palagay ng madla ay nagtaboy mula sa mga isda ng ilog . . ." [266]

Nang ang Sinodo ng Constantinopla ay nagpulong noong 754 *CE,* ang Iglesia Catolica Romana ay nagtanghal ng boykoteo dahil sa pagsalungat ng Simbahang Griyego sa katuruang Katoliko. O sa pinakamaliit na antas, iyan ang dahilang maaari nilang ialay. Ang isang mas

---

[263] Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter XLIX, pp. 376–7.
[264] Shaw, George Bernard. 1924. *Saint Joan*. Preface.
[265] Labbe, P. Venice, 1728–1733. *Sacrosancta Concilia*. Vol. VII, p. 7.
[266] Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter XLIX, p. 379.

malamang na tagpo marahil, ay kinilala ng mga Katoliko ang kanilang kahinaang ipagtanggol ang isang kaugaliang ayon sa kasulatan ay itinakwil ng Makapangyarihang Diyos na inangkin nilang sinasamba.

Magkagayunman, ang Sinodo ng Constantinopla ay nagpanayam nang wala sila at,

> Makalipas ang isang mabigat na talakayan nang anim na buwan, ang 338 obispo ay nagpahayag at nagtakda ng isang nagkakaisang kautusang ang lahat ng mga natatanaw na sagisag ni Cristo, maliban sa nasa Eukaristiya, ay alinman sa lapastangan o eretiko; na ang pagsamba sa imahen ay isang pagsira sa Kristiyanismo at isang pagpapabalik sa Paganismo; na ang lahat ng gayong mga sagisag ng idolatriya ay dapat wasakin o burahin; at ang lahat ng mga tatangging isuko ang mga bagay para sa kanilang pamahiing pansarili, ay nagkasala ng pagsuway sa kapangyarihan ng simbahan at ng emperador. [267]

Ang katotohanang hindi isinama ng sinodo ang Eukaristiya sa pag-ugnay sa paganismo ay partikular na kataka-taka sa mga nakaaalam ng mga matatandang ritwal at seremonya ng Persia at Ehipto. Ang mga Persiano ay gumamit ng binasbasang tubig at tinapay sa matandang kulto ni Mithras. [268] Gaya ng itinatala ni T. W. Doane sa kanyang pag-aaral noong 1971, *Bible Myths and Their Parallels in Other Religions,*

> Sa antigong relihiyon ng Persia — ang relihiyon ni Mithra, ang Tagapamagitan, ang Manunubos at Tagapagligtas — nakakakita tayo ng pinakamalapit na pagkakahawig sa sakramento ng mga Kristiyano, at mula kung saan ay malinaw na iyon ay hiniram. Yaong mga naturuan ng mga misteryo ni Mithra, o naging *mga kasapi*, ay kinuha ang sakramento ng tinapay at alak . . . .
>
> Ang pagkaing ito ay tinawag nilang Eukaristiya, na walang pinahintulutang tumanggap maliban sa mga taong naniwalang ang mga bagay na itinuro sa kanila ay totoo, at mga nahugasan ng paghuhugas na para sa kapatawaran ng kasalanan. Si Tertullian, na nabuhay mula noong 193 hanggang 220 *A.D.,* ay nagbabalita rin ng mga deboto ni Mithra na nagdiriwang ng Eukaristiya.

---

[267] *Ibid.,* p. 369.
[268] Bonwick, James, F.R.G.S. 1956. *Egyptian Belief and Modern Thought*. Colorado: Falcon's Wing Press. p. 417.

> Ang Eukaristiya ng Panginoon at Tagapagligtas, gaya ng tawag ng mga Mago kay Mithra, ang pangalawang persona sa kanilangTrinidad, o ang kanilang sakripisyong Eukaristiko, ay laging ginawang eksakto at sa bawat aspeto ay katulad ng sa mga Kristiyanong ortodokso, sapagkat ang dalawa ay kapwa gumamit kung minsan ng tubig sa halip ng alak, o isang paghahalo ng dalawa.[269]

Ang kulto ni Osiris (ang antigong diyos ng buhay, kamatayan, at pag-aanak ng Ehipto) ay naghandog ng gayunding pang-akit ng madaling kaligtasan gaya ng ginawa ng konsepto ng kaligtasan ni Pablo sa pamamagitan ng sakripisyo ng pagtubos ni Jesus. "Ang lihim ng ganyang katanyagan ay namuhay siya [Osiris] sa mundo bilang tagapagtaguyod, namatay para sa ikabubuti ng tao, at muling nabuhay bilang kaibigan at hukom." [270] Ang mga antigong Ehipsiyo ay ginunita ang pagsilang ni Osiris nang may isang duyan at mga ilaw at ipinagdiwang taun-taon ang kanyang diumano'y muling pagkabuhay. Ginunita rin nila ang kanyang kamatayan sa pagkain ng banal na tinapay na nabasbasan ng kanilang mga pari. Naniwala silang ang pagkonsagra (basbas) na ito ay nagpalit sa tinapay na maging tunay na laman ni Osiris.[271] Kung ito ay may himig pamilyar, dapat nga, sapagkat gaya ng komentaryo ni James Bonwick, "Sapagkat kinikilalang ang tinapay pagkatapos ng ritwal ng pari ay nagiging mahiwagang katawan ni Kristo, kaya ang mga tao ng Nile ay nagpahayag na ang tinapay pagkatapos ng ritwal ng mga pari ay naging mahiwagang katawan ni Isis o Osiris: sa gayong paraan ay kinain nila ang kanilang diyos."[272]

Dagdag dito, gaya ng isinusulat ni Bonwick,

> Ang mga *cake* ni Isis ay, gaya ng mga *cake* ni Osiris, may bilog na hugis. Ang mga ito ay ipinatong sa harap ng dambana (altar). Isinusulat ni Gliddon na ang mga ito ay "kawangis ng hugis ng konsagradong *cake* ng mga Simbahang Romano at Silanganin." Si Melville ay tumitiyak sa atin, "Minarkahan ng mga Ehipsiyo ang banal na tinapay na ito ng Krus ni San Andres." Ang tinapay ng *Presencia* ay hinati bago ipinamigay ng mga

---

[269] Doane, Thomas W. 1971. *Bible Myths and Their Parallels in Other Religions*. New York: University Books. pp. 307–308.
[270] Bonwick, James. p. 162.
[271] *Ibid.,* p. 163.
[272] *Ibid.,* p. 417.

pari sa mga tao, at ipinalagay na naging laman at dugo ng Diyos. Ang milagro ay isinagawa ng kamay ng nagseremonyang pari, na nagbasbas sa pagkain.[273]

Sa kahawig na paraan, ang mga antigong *Buddhist* ay nag-alay ng isang sakramento ng tinapay at alak, ang mga Hindu ng isang Eukaristiya ng katas ng soma (isang nakalalasing na katas ng halaman), at ang mga antigong Griyego ng isang sakramento ng tinapay at tubig bilang parangal kay Demeter (kilala rin bilang Ceres, ang kanilang diyosa ng mais) at Dionysos (kilala ring Bacchus, ang kanilang diyos ng alak). Sa ganitong paraan, kinain nila ang laman at ininom ang dugo ng kanilang mga diyos.[274]

Ang mga pagkakatulad na pangrelihiyon ay gayong sapat na kalinaw upang mangailangan pa ng paliwanag. Makatwiran nating maitatanong kung paanong ang mga kulto nina Isis at Osiris ay naglagay ng tatak ng krus ni San Andres sa kanilang mga konsagradong tinapay 2,000 taon bago isinilang si San Andres. Pagkamanghuhula ng mg Ehipsiyo, o pangongopyang relihiyoso sa parte ni San Andres? Dagdag dito, may mga kapansin-pansing pagkakatulad sa pagitan ng mga misteryo ng Kristiyanismong Paulino at ng sa mga kulto nina Isis at Osiris — mga misteryong ibibilang ang pagsisilang ng birhen (si Isis ang birheng ina, si Horus ang anak) at ang sakripisyo ng pagtubos ni Osiris, na sinundan ng kanyang muling pagkabuhay at pagganap ng papel ng manunubos. Pinawalaang-bahala ni Justin Martyr, ang bantog na tagapagtanggol na Kristiyano, ang mga pagkakahawig sa pagsasabing ginaya ni Satanas ang mga seremonyang Kristiyano upang iligaw ang nalalabing sangkatauhan.[275] Datapwat, sa pagsasaalang-alang ng pagkakasunud-sunod ng panahon, ang mga naunang kaugaliang Eukaristiko at mga hiwaga ng pananampalatayang ito ay nauna sa Katolisismo ng mahigit sa 2,000 taon.

Sa pagkilala ng katotohanang ito, makatwirang nagwakas si T. W. Doane,

---

[273] *Ibid.,* pp. 417–418
[274] Doane, Thomas W. pp. 305–309.
[275] *Ibid.,* p. 307.

> Ang mga katotohanan ay nagpapakitang ang *Eukaristiya* ay isang piraso ng Paganismong kinuha ng mga Kristiyano. Ang kuwento tungkol kay Jesus at ng kanyang mga disipulo sa pagiging nasa hapunan, kung saan ang Maestro ay naghati ng tinapay, ay maaaring totoo, subalit ang pahayag na kanyang sinabi, "Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin,"—"ito ang aking katawan," at "ito ang aking dugo," ay walang dudang inimbento upang bigyang-kapangyarihan ang seremonyang *mistiko* (mahiwaga), na hiniram sa Paganismo.[276]

Mga inimbentong pahayag, sa Bibliya? Paanong magkakagayon, samantalang lahat ng mga ebanghelyo ay nagtatala ng mga salita ni Jesus sa hapunang paskuwal (*passover*)? Bueno, lahat maliban sa isa, ibig sabihin. Ayon sa Juan13:1, si Jesus ay dinakip *bago* maganap ang piging ng Paskuwa. Kaya't ito'y si Juan laban sa mga Sinoptiko (tatlong ibang ebanghelista). O kaya, para maging patas ang paligsahan, si Juan laban sa Q (pinaikling salitang Alemang *Quelle,* nangangahulugang "pinagmulan") — ang ipinalalagay na iisang pinagmulang dokumento ng mga ebanghelyong Sinoptiko.

Bago maunawaang mali, ang mga Katoliko ay hindi nagpapahintulot ng isang simbolikong pakahulugan sa kanilang mga ritwal na sakramental. Ang Konseho ng Trent (1545–63 *CE*) ay nagtatag ng mga batas tungkol sa diumano'y pagpapalit-anyo ng Eukaristiya, at ang mga batas na ito ay nananatili pa hanggang ngayon. Maging ang mas maluwag na Pangalawang Consejo Vaticano (1962–65) ay hindi nagpalabas ng pagbabago. Sa maikling salita, ang hatol ng Konseho ng Trent ay nagsasaad:

> Batas 1: Kung sinuman ang tumangging sa sakramento ng Kabanal-banalang Euakaristiya ay tinataglay nang tunay, katotohanan at kabuuan ang katawan at dugong kasama ng kaluluwa at pagkadiyos ng ating Panginoong Jesucristo, at bilang bunga ang buong Cristo, subalit sinasabing Siya ay naroon bilang isang tanda lamang, o larawan o lakas, hayaan siyang maging isang sumpa.[277]

---

[276] *Ibid.,* p. 312.
[277] Schroeder, Rev. Henry J., O.P. 1941. *Canons and Decrees of the Council of Trent* (Tekstong Orihinal na may salin sa Inggles). London: B. Herder Book Co. p. 79.

Sa ibang salita, sinumang ituring ang tinapay at alak ng Eukaristiya bilang simboliko lamang ay magiging *anathema* (o isinumpa at eskomulgado). Ang hatol ay may dagdag na lakas sa sumusunod:

> Batas 6: Kung may sinumang magsabing sa banal na sakramento ng Eukaristiya, si Cristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, ay hindi marapat sambahin sa *latria*,[278 (EN)] na lantad ding namamalas, at dahil dito ay hindi marapat parangalan nang may natatanging kabanalang ipinagdiriwang, ni pasanin nang may kabanalan sa prusisyon ayon sa kapuri-puri at pandaigdigang ritwal at kaugalian ng banal na Simbahan, ni hindi ilalantad sa madla para sambahin at ang mga sasamba roon ay mga nang-iidolo, hayaan siyang maging kasumpa-sumpa.[279]

Sa ibang salita, yaong tumangging sumamba, magparangal, o magluwalhati ay magdurusa ng katulad na kapalaran ng magturing sa Eukaristiya bilang simboliko (sagisag). Ang mga batas na Katolikong ito ay nananatili sa mga aklat hanggang ngayon, na nagpapaliwanag kung bakit napakaraming mga denominasyong Protestante ang nagsilayo sa kanilang mga pinsang Katoliko at alin sa binuwag o pinagaan ang kanilang pagpaparangal sa Eukaristiya. Ang ganitong reaksyon ay partikular na madaling unawain, sapagkat maraming kulturang pagano ang nagturo ng paghahalo ng mga katangian ng banal na larawan ng mga ninuno sa pamamagitan ng pagkain ng "tinapay na nagbagong-anyo sa laman." Kung aling pangkat ang may tunay na banal na galyetas ay nananatiling paksa ng umiiral na pagtatalo.

Bilang pagbabalik sa pangunahing paksa, ang Simbahang Katoliko ay tumugon sa Sinodo ng Constantinopla ng 754 *CE* sa pagtawag ng isang pangalawang Konseho ng Nicea noong 787 *CE*. Ang Konsehong ito ay nagpabalik sa pagsamba ng imahen sa batayang "ang pagsamba sa mga imahen ay sumasang-ayon sa Kasulatan at katwiran, sa mga ama at mga konseho ng simbahan. . . ."[280]

---

278 (EN) *latria*, ang pagsamba o pamimintuhong ukol sa Diyos lamang, salungat sa *dulia* (parangal para sa mga santo) at *hyperdulia* (ang karangalang ibinibigay sa Birhen Maria) – McBrien, Richard P. (General Editor). 1995. *HarperCollins Encyclopedia of Catholicism.* New York: HarperCollins Publishers.
279 Schroeder, Rev. Henry J. p. 80.
280 Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter XLIX, p. 397.

Biglang-bigla, ang teoriyang may ilan sa kaparian ng ikawalong dantaon ang sumali sa pagsulpot ng mga kabuti ng guni-guni ay nagsisimulang magmukhang tila mabuti. Dapat nating ipagtaka kung aling mga paring apostoliko at aling kasulatan ang sinangguni ng konsehong ito. Sa bagay na iyan, gaano talagang kaganap  na ang desisyong ito ay "sumasang-ayon sa Kasulatan at katwiran"?

Sa anu't ano man, ang mga gayong pamayananang relihiyoso na tumutol sa pagsamba sa idolo ng mga Kristiyano ay  "nalinis" ng mga hukbong Katoliko. Simula sa pagpuksa sa mga Kristiyanong Unitario nang gitnang ikasiyam na dantaon, si Emperatris Teodora ay umani ng nakapaghihinalang  karangalan ng pagiging "siyang nagpabalik ng mga imahen sa simbahang Oriental [Kanluraning Ortodokso]." [281]  Lahat ng mga sumunod na pagsisikap na alisin ang mga imahen sa simbahan ay nasugpo, na nagbunga ng mga kaugaliang idolatriyang nasasaksihan hanggang ngayon.

May higit na kapakanan ay ang pagtanggap sa mga *taong* idolo. Ang pagsambang-pari ay lumitaw noong ika-13 dantaon, sa anyo ng mga paring gumaganap bilang mga tagapamagitan sa kumpisal at kapatawaran ng mga kasalanan. Ang pagsambang-papa ay naging lantad sa anyo ng ritwal na paghalik sa paa o sinsing ng Papa. Ang malikhaing doktrina ng kawalang-kamalian *(infallibility)* ng papa, gaya ng depinisyon ni Papa Pio IX sa Unang Consejo Vaticano noong 1869–1870, ay naglagay sa papa bilang karibal ng Diyos. Ang pagsamba kay Maria at ang titulong  "Ina ng Diyos" ay isinabatas nang lubhang una pa, sa Konseho ng Efeso noong 431 *CE*. Ang mga panalanging  patungkol sa mga santo, mga anghel at sa Birhen Maria ay opisyal na ipinahintulot mula sa unang bahagi ng ikapitong dantaon. Ang tanyag na panalangin sa Birhen Maria, *Ave Maria* (Aba Ginoong Maria), ay naiwan nang sanlibong taon sa huli, at nakatanggap ng opisyal na pagkabuo sa nirepormang Aklat ng mga Awit ni Papa Pio V noong 1568. Gayunman, sa lahat ng mga taong sanhi ng pagsamba sa buong mundo, si Jesucristo ay di-tututulang siyang sinasamba ng pinakamarami.

Ang isang makapangyarihang hamon sa  kaisipangTrinitario, unang naiugnay kay

---

[281] *Ibid.,* Vol. 6, Chapter LIV, p. 242.

Theophilus Lindsey (1723–1804 *CE*) at pagkatapos ay ipinakipagtalo ng mga Kristiyanong Unitaryo sa buong mundo, ay nagtatanong kung paanong yaong nagsisisamba kay Jesus ay tutugon, kung siya ay babalik at itanong ang mga sumusunod:

a) Bakit mo ibinigay ang iyong mga debosyon sa akin? Inatasan ba kita kailanmang gawin ito, o iminungkahi ang aking sarili bilang isang layon sa pagsamba?

b) Hindi ba't palagian at hanggang sa huli ay nagbigay ako ng halimbawa ng pananalangin sa Ama, sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos? (Juan 20:17),

c) Nang nakiusap sa akin ang aking mga disipulo na turuan ko silang manalangin (Lucas 11:1–2), tinuruan ko ba silang manalangin sa aking sarili? Hindi ba't tinuruan ko silang manalangin sa walang iba kundi sa Ama?

d) Tinawag ko ba kailanman ang aking sarili bilang Diyos, o sinabi sa inyong ako ang maylikha ng mundo at dapat sambahin?

e) Si Solomon, pagkatapos itayo ang templo ay nagsabi, "Tunay bang ang Diyos ay nananahan sa mundo? Masdan, ang kalangitan at ang kalangitan ng mga kalangitan ay hindi kayang taglayin Ka; gaanong kaliit pa ang tahanang itong aking ginawa" (I Mga Hari 8:27). Kaya't paanong maaaring manahan ang Diyos sa mundo?

Ang mga tanong na ito ay pawang lalong mahalaga, sapagkat ang mga Kristiyano ay umaasang kapag nagbalik si Jesus, tutuligsain niya ang maraming "Kristiyano" bilang mga walang pananampalataya. Gaya ng isinasaad sa Mateo 7:21–23,

> Hindi lahat ng nagsasabi sa aking, "Panginoon, Panginoon," ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaong tumutupad ng kalooban ng aking Ama sa langit. *Maraming* magsasabi sa akin sa araw na yaon, "Panginoon, Panginoon, hindi ba't nagpropesiya kami sa iyong pangalan, nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan , at gumawa ng maraming himala sa iyong pangalan?" At pagkatapos ay ipapahayag ko sa kanila, "Kailanman ay hindi ko kayo nakilala; lumayo kayo sa akin, kayong mapaggawa ng kawalang-batas!"

Kaya’ t kung itatakwil ni Jesus ang ilang mga Kristiyanong nagpropesiya, nagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng mga himala sa kanyang pangalan (alalaong-baga, yaong nagsasabing “Panginoon, Panginoon”), sino ang mga walang pananampalatayang ito?

Sagot: yaong “mapaggawa ng kawalang-batas” (mga salita ni Jesus, hindi akin). At iyan ang punto, hindi ba? Sapagkat anong batas ba ang itinuro ni Jesus? Sa loob ng panahon ng kanyang misyon, “ang kalooban ng aking Ama sa langit” ay batas ng Lumang Tipan. *Iyan* ang siyang itinuro ni Jesus at iyan ang ipinamuhay ni Jesus.

Kaya’t saan sa kanyang mga turo o halimbawa iniutos ni Jesus ang paglilingkod at pagsamba sa kanyang sarili? Wala saanman. Ang kabaligtaran pa nga, sa katunayan, sapagkat itinatala ng Bibliyang itinuro niya, “‘Sasambahin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos, at Siya *lamang* ang inyong paglilingkuran’” (Lucas 4:8). Dagdag dito, iniuulat na itinuro ni Jesus, “Bakit ninyo ako tinatawag na mabuti: Walang mabuti kundi Isa, iyan ay ang Diyos” (Mateo 9:17, Marcos 10–18, at Lucas 18:19), at, “Ang aking Ama ay higit na dakila kaysa akin” (Juan 14:28 ).

Marahil sa mga dahilang ito, itinuon ng mga Kristiyano nang unang 18 dantaon ang kanilang pagsamba sa Ama, at sa Ama lamang. Gaya ng sinasabi sa atin ni Joseph Priestly, ang pananalangin kay Jesus ay isang modernong pagbabago, malayo kapwa sa mga turo at panahon ni Jesus:

> Magkagayon, ang kaugaliang pananalangin sa Ama lamang, ay matagal na pandaigdigan sa simbahang Kristiyano: ang maiikling panambitan kay Cristo, gaya ng mga nasa Litanya, “*Panginoon maawa ka sa amin, Cristo maawa ka sa amin*,” na may huling petsa kung ihahambing. Sa liturhiyang Clementino, ang pinakamatandang umiiral, na taglay ng *Mga Saligang-Batas na Apostoliko*, na marahil ay binuo noong ikaapat na dantaon, walang bakas ng anumang gayong bagay. Si Origen, sa isang malaking pagtalakay sa paksa ng pananalangin, ay nag-uudyok nang may pamimilit sa kaangkupan ng pananalangin sa Ama lamang, at hindi kay Cristo; at dahil hindi siya nagbibigay ng pahiwatig na ang mga pangmadlang anyo ng pananalangin ay may anumang ikatutuligsa sa bagay na iyon, tayo ay natural na makapagpapasyang sa kanyang panahon, ang mga gayong pagsamo kay Cristo ay hindi kilala sa mga pangmadlang pagtitipon ng mga

> Kristiyano. At sa dahilang ang gayong pagpigil ay maagang nagtatag ng mga kaugalian sa mga isip ng mga tao, maliban sa mga Moraviano lamang, na ang mga panalangin ay palaging nakatuon kay Cristo, ang pangkalahatang kaugalian ng mga Trinitaryo mismo ay, manalangin sa Ama lamang.
>
> Ngayon, sa anong prinsipyo maaaring naitatag ang ganitong maaga at pandaigdigang kaugalian? Ano ang nasa doktrina ng isang Trinidad na binubuo ng tatlong pantay-pantay na persona, na magbibigay sa Ama ng ganyang kaibahan, sa pagtatangi kaysa sa Anak o sa Espiritu?[282]

Ano nga ang naroon? Itinatala ni Priestley ang isang di-gaanong kilalang aspeto ng kasaysayan ng Kristiyanismo: iyon ay, hanggang sa kanyang kapanahunan (hulihan ng ika-8 dantaon) ang "pangkalahatang kaugalian ng mga Trinitario mismo ay, ang manalangin sa Ama lamang. " Yaong mga mayroong makabagong karanasang Kristiyano ay maaaring magkamaling maniwalang ang ika-21 dantaong kaugalian ng pananalangin kay Jesucristo ay nagsisimula sa unang Kristiyanismo.

Walang higit na malayo sa katotohanan.

Sa halos 19 dantaon matapos isilang ang Kristiyanismo, ang mga panalangin ay iniukol nang tuwiran sa Diyos lamang. Iyon ay kundi hanggang 1787 nang ang Simbahang Moraviano, isang sektang Protestanteng itinatag sa ika-15 dantaong Bohemia (sa kasalukuyang Czechoslovakia), ay nagdanas ng malalim na pagbabagong-anyong Pentekostal at nagsimulang mag-ukol ng mga pananalangin kay Jesucristo.

Kaya't bakit, kung ang tatlong persona ng iminungkahing Trinidad ay itinuturing na pantay-pantay, mananaig ang gayong pagkiling sa Ama? At hindi lamang sa isa o dalawang dekada, kundi sa unang 18 dataon ng Kristiyanismo? Maliban, iyong nga lamang, may mas malaking aral na dapat matutuhan sa pagiging nagkakaisa ng mga unang Kristiyano kaysa mga salungatan ng teolohiyang Trinitario.

Si Priestley ay isa lamang sa maraming nagtangkang hadlangan ang paglihis ng mga debosyong Kristiyano mula sa Lumikha hangang sa Kanyang nilikha — si Jesus, si Maria, ang

---

[282] Priestley, Joseph. 1786. *The Theological and Miscellaneous Works of Joseph Priestley*. Inedit ni John Towill Rutt. Hackney: George Smallfield. Vol VI, p. 29.

Espiritu Santo, at kalipunan ng mga santo. Gayunman, walang makasaysayang pagsusuri ng paksang ito ang magiging ganap kundi papansining ang Islam ay namalaging nagtaguyod ng isang mahigpit na monoteistikong (walang diyus-diyusang) pananampalataya, gaya ng inilalarawan ni Gibbon:

> Ang mga Mahometano ay matatag na natiis ang tukso ng pagpapababa sa kanilang pananampalataya at katapatan sa isang antas na may mga pandamdam at kaisipan ng tao. "Naniniwala ako sa Iisang Diyos at kay Mahomet ang apostol ng Diyos," ang simple at walang pagbabagong pagpapahayag ng Islam. Ang larawan ng katalinuhan ng Diyos kailanman ay hindi napababa ng anumang nakikitang diyus-diyusan; ang mga karangalan ng propeta kailanman ay hindi lumabag sa sukat ng makataong katangian; at ang kanyang buhay na mga turo ay pumigil sa pagkilala ng utang na loob ng kanyang mga disipulo sa mga hangganan ng katwiran at relihiyon."[283]

---

[283] Gibbon, Edward, Esq. Vol. 5, Chapter L, p. 533.

## Apendise 2 — Mungkahing Babasahin

Mga Salin ng Kahulugan ng Banal na Qur'an:

1) *The Holy Qur'an* (Ang Banal na Qur'an) (King Fahd Holy Qur-an Printing Complex, Al-Madinah Al-Munawarah, Saudi Arabia) at Ang Qur'an (Tahrike Tarsile Qur'an Inc., Elmhurst, New York) ay kapwa naglalahad ng salin ni Abdullah Yusuf Ali — isang pinakamahusay na salin, dinagdagan ng kagandahan ng mas klasikong Inggles kaysa sa matatagpuan sa mas modernong mga salin. Ang isang malaking kakulangan, gayunman, ay ang mga maramihang kamalian ng komentaryo ng tagasalin, at pinakamabuting iwasan sa pagkiling sa mas klasiko, at higit na iginagalang, na *tafaseer* (mga paliwanag ng mga kahulugan ng Qur'an).

2) *The Noble Qur'an* (Ang Dakilang Qur'an) (King Fahd Holy Qur-an Printing Complex, Al-Madinah Al-Munawarah, Saudi Arabia) isinalin nina Dr. Muhammad al-Hilali at Dr. Muhammad Muhsin Khan. Isang mas moderno at literal na (tuwirang) salin kaysa sa kay Abdullah Yusuf Ali, masinsinang sinaliksik at dinagdagan ng mga paliwanag mula sa *tafaseer* nina Ibn Katheer, Al-Qurtubee, at At-Tabaree, gayundin ng mga banggit sa mapaniniwalaang mga *hadith*, pangunahing mula sa koleksyon ni Al-Bukhari. Ito ay walang alinlangang pinakaligtas sa kamalian sa mga salin sa Inggles, datapwat ang saling ito gayunpaman ay nagtataglay ng ilang kakulangan sa kahusayan sa wikang Inggles.Bagamat isang natatanging aklat-sanggunian, ang matapat na pagbasa ay nakakasawa dahil sa balangkas at mga limitasyon sa wika.

3) *The Qur'an* (nirebisa at isinaayos ng  Saheeh International, Abul-Qasim Publishing House, Jeddah, Saudi Arabia). Isang napakahusay, madaling basahin, at mataas sa paggalang na modernong salin, inaakala ng maraming sa kabuuan ay pinakamabuting modernong saling mayroon sa wikang Inggles. Pinakamataas na inirerekomenda bilang unang aklat para sa mga naghahanap ng isang magaan, tumpak at kaiga-igayang salin ng kahulugan ng  Qur'an.

Mga Siyensya ng Qur'an:

1) *An Introduction to the Sciences of the Qur'aan* (Isang Panimula sa mga Siyensya ng Qur;an) (Al-Hidaayah Publishing, Birmingham, England), ni Abu Ammaar Yasir Qadhi.

2) *Approaching the Qur'an* (Paglapit sa Qur'an) (White Cloud Press), ni Michael Sells.

Kasaysayan ng Islam:

1) *Muhammad, His Life Based on the Earliest Sources* (Si Muhammad, ang Kanyang Buhay Batay sa mga Pinakamaagang Pinagmulan) (The Islamic Texts Society, Cambridge, England) ni Martin Lings. Isang napakahusay at malawak na kasaysayan ng buhay ni Muhammad, na napipintasan lamang nang kaunti ng ilang mga nabanggit sa unang mga kamalian.

2) *When the Moon Split* (Nang Mahati ang Buwan) ni Safi-ur-Rahman al-Mubarakpuri. Inilathala ng Maktaba Dar-us-Salam, Saudi Arabia. Isang napakahusay, nagkamit-gantimpalang kasaysayan ng Propeta, ang salin sa Inggles na ito ay bahagyang nakalulungkot, subalit angkop pa ring basahin at nakapagbibigay ng mataas na kaalaman.

Kasaysayan ng mga Arabe:

1) *A History of the Arab Peoples* (Isang Kasaysayan ng mga Mamamayang Arabe) (Warner Books) ni Albert Hourani. Mapanaliksik at malawak.

Relihiyong Pinaghambing:

1) *MisGod'ed (NaDiyos'grasya)* ni Laurence B. Brown — ang unang aklat sa seryeng ito.

2) *Misquoting Jesus* (Maling Banggit kay Jesus) (Harper San Francisco), ni Bart D. Ehrman. Marahil ang pinakamadalas basahing aklat ng kritisismo sa teksto ng bibliyang naisulat kailanman, itinataguyod ng pinakamataas na pag-aaral.

3) *Lost Christianities* (Mga Ligaw na Kristiyanismo) (Oxford University Press), ni Bart D. Ehrman. Isa pang "dapat basahin."

4) *A Muslim Study of the Origins of the Christian Church* (Isang Pag-aaral na Muslim sa mga Pinagmulan ng Simbahang Kristiyano) (Oxford University Press), ni Ruqaiyyah Waris Maqsood. Isang kalungkut-lungkot na napabayaang kayamanan ng teolohiyang sinulat ng isang kilalang iskolar na Muslim.

5) *The Mysteries of Jesus* (Ang mga Misteryo ni Jesus) (Sakina Books, Oxford), ni Ruqaiyyah Waris Maqsood. Gayunding aklat, ngunit nalathala sa ilalim ng isang titulong naiba.

Batayang Kaalaman sa Islam:

1) *What Everyone Should Know About Islam and Muslims* (Ang Dapat Malaman ng Bawat Isa Tungkol sa Islam at mga Muslim) (Kazi Publications, Chicago, IL), ni Suzanne Haneef. Isang malawak, naisulat nang magandang paunang aklat.

2) *What Every Christian Should Know About Islam* (Dapat Malaman ng Bawat Isang Kristiyano Tungkol sa Islam) (The Islamic Foundation, Markfield, England), ni Ruqaiyyah Waris Maqsood. Mas maikli sa aklat ni Suzanne Haneef, ngunit sa bawat bahagi ay mas kawili-wili at nagbibigay-kaalaman, na may mas malaking diin sa teolohiya, pinagiging timbang ng personal na salaysay.

Gabay sa Mga Bagong Muslim:

1) *Bearing True Witness* (or, *Now That I've Found Islam, What Do I Do With It?*) — (Tunay na Pagsasaksi, o, Ngayong Natagpuan Ko ang Islam, Aanhin Ko Ito?) tingnan ang *website* ng may-akda, www.leveltruth.com.

At para sa Ikaaaliw:

1) *The Eighth Scroll* (Ang Ikalawang Rolyo), ni Laurence B. Brown. Isang makasaysayang pampasabik.

2) *The Road to Mecca* (Ang Daan Tungo sa Mecca) (Islamic Book Trust, Kuala Lumpur), ni Muhammad Asad. Isang kapansin-pansin at makabagbag-pusong kuwento ng paglalakbay ng isang lalaki, una sa Islam, at pagkatapos sa daigdig ng mga Arabe.

3) *Desert Encounter* (Pagtatagpo sa Desyerto), ni Knud Holmboe. Mga alaala ng mga paglalakbay ng isang Muslim na Dinamarko sa "Italianong" Africa.

Bibliyograpiya (Sangguniang-Aklat)

Abu Nu’aem. *Dala’el An-Noobowah* (Mga Tatak ng Propeta).

*Al-Bukhari* — ang bantog na iskolar ng *hadith* ng ikasiyam na dantaon, Muhammed ibn Ismaiel ibn Ibrahim; isinalin ni Dr. Muhammad Muhsin Khan. 1997. *Sahih Al-Bukhari*. Riyadh: Darussalam.

*Al-Haakim.*

Al-Hilali, Muhammad, Ph.D. and Dr. Muhammad Muhsin Khan, M.D. *Interpretation of the Meanings of The Noble Qur’an in the English Language; A Summarized Version of At-Tabari, Al-Qurtubi and Ibn Kathir with comments from Sahih Al-Bukhari* (Interpretasyon ng mga Kahulugan ng Dakilang Qur’an sa Wikang Inggles; Isang Binuod na Bersyon nina At-Tabari, Al-Qurtubi at Ibn Kathir na may mga komentaryo mula sa *Sahih Al-Bukhari*) .

Al-Mubarakpuri, Safi-ur-Rahman. 1995. *Ar-Raheeq Al-Makhtum (The Sealed Nectar* – Ang Selyadong Nektar*)*. Riyadh: Maktaba Dar-us-Salam.

*An-Nasa’ee.*

Anthes, Richard A., John J. Cahir, Alistair B. Fraser, and Hans A. Panofsky. 1981. *The Atmosphere* (Ang Papawirin). 3rd edition. Columbus: Charles E. Merrill Publishing Co.

Arberry, A. J. 1953. *The Holy Koran: An Introduction with Selections* (Ang Banal na Qur’an: Isang Pagpapakilalang may mga Piling Sulatin). London: George Allen &

Unwin Ltd.

Arberry, A. J. 1964. *The Koran Interpreted* (Ang Qur'an na Binigyang-Kahulugan). London: Oxford University Press.

Arberry, A. J. 1996. *The Koran Interpreted* (Ang Qur'an na Binigyang-Kahulugan).. A Touchstone Book: Simon & Schuster.

Arbuthnot, F. F. 1885. *The Construction of the Bible and the Korân* (Ang Pagbuo ng Bibliya at Qur'an). London: Watts & Co.

*Ash-Shifa.*

At-Tabarani, *Al-Mu'jam Al-Kabeer* (Ang Dakilang Diksyunaryo).

Ayto, John. 1991. *Bloomsbury Dictionary of Word Origins* (Diksyunaryong Bloomsbury ng mga Pinagmulan ng mga Salita). London: Bloomsbury Publishing Limited.

*Azzirikly, Al-Aa'lam.*

Baigent, Michael and Richard Leigh. 1991. *The Dead Sea Scrolls Deception* (Ang Panlilinlang ng mga Rolyo mula sa Dagat na Patay). New York: Summit Books/Simon & Schuster Inc.

Bermant, Chaim and Michael Weitzman. 1979. *Ebla: A Revelation in Archaeology* (Ebla: Isang Rebelasyon sa Arkiyolohiya). Times Books.

The Bible, Revised Standard Version. 1977. New York: American Bible Society.

Bonwick, James, F.R.G.S. 1956. *Egyptian Belief and Modern Thought* (Paniniwala at Modernong Kaisipang Ehipsyo). Colorado: Falcon's Wing Press.

Bucaille, Maurice, M.D. 1977. *The Bible, the Qur'an and Science* (Ang Bibliya, ang Qur'an at Siyensya). Lahore: Kazi Publications.

Bultmann, Rudolf. 1971. *The Gospel of John, a Commentary* (Ang Ebanghelyo ni Juan, isang Komentaryo). Translated by G. R. Beasley-Murray. Oxford: Basil Blackwell.

Butler, Trent C. (General Editor). *Holman Bible Dictionary* (Diksyunaryong Bibliya ng Holman). Nashville: Holman Bible Publishers.

Cailleux, Andre. 1968. *Anatomy of the Earth* (Anatomya ng Mundo). New York: McGraw-Hill Book Company. Translated by J. Moody Stuart.

Carlyle, Thomas. 1841. *On Heroes, Hero-Worship and the Heroic in History* (Tungkol sa mga Bayani, Pagsamba sa Bayani at ang Mga Kabayanihan sa Kasaysayan). London: James Fraser, Regent Street.

Chamberlin, E. R. 1993. *The Bad Popes* (Ang mga Masasamang Papa). Barnes & Noble, Inc.

Cohen, M.J. and J.M. 1996. The Penguin Dictionary of Twentieth-Century Quotations (Diksyunaryo ng mga Kawikaan sa Ika-20 Dantaon). Penguin Books.

Davis, Richard A., Jr. 1972. *Principles of Oceanography* (Mga Prinsipyo ng Siyensya ng Karagatan). Reading, Massachusetts: Addison-Wesley Publishing Co.

De Lamartine, A. 1854. *Histoire de la Turquie* (Kasaysayan ng Turkiya). Paris.

Denzinger, Henricus & Schonmetzer, Adolfus. 1973. *Enchiridion Symbolorum, Definitionum et Declarationum de Rebus Fidei et Morum*. Barcinone: Herder.

Diamond, Jared. 1999. *Guns, Germs, and Steel* (Mga Baril, mga Mikrobyo at Asero). W. W. Norton and Company, Inc.

Doane, Thomas W. 1971. *Bible Myths and Their Parallels in Other Religions* (Mga Alamat sa Bibliya at ang Kanilang mga Kauri sa Ibang mga Relihiyon). New York: University Books.

Ehrman, Bart D. 2005. *Misquoting Jesus* (Maling Pagbanggit kay Jesus). HarperCollins.

Ehrman, Bart D. 2005. *Lost Christianities* (Mga Krisiyanismong Ligaw). Oxford University Press.

Elder, Danny; and John Pernetta. 1991. *Oceans* (Mga Karagatan). London: Mitchell Beazley Publishers.

*The Encyclopedia Americana International Edition*. 1998. Grolier Inc.

*Encyclopaedia Britannica*. 1994–1998. CD-ROM.

*Encyclopaedia Judaica*. 1971. Jerusalem: Keter Publishing House Ltd.

*Encyclopaedia Judaica*, CD-ROM Edition. 1997. Judaica Multimedia (Israel) Limited.

*Fath Al Bari Sharh Sahih Al Bukhari*. Ibn Hajar Al Asqalani, Bab Alqadar. Cairo: Al Maktaba Assalafiyah.

Fossier, Robert (editor). 1986. *The Cambridge Illustrated History of The Middle Ages* (Isinalarawang Kasaysayan ng Gitnang Panahon). Cambridge: Cambridge University Press.

Fox, Robin Lane. 1991. *The Unauthorized Version: Truth and Fiction in the Bible* (Ang Bersyong Walang Pahintulot: Katotohanan at Likhang-Isip sa Bibliya). Viking Press.

Gibbon, Edward, Esq. 1854. *The History of the Decline and Fall of the Roman Empire* (Ang Kasaysayan ng Pagtaas at Pagbagsak ng Imperyong Romano). London: Henry G. Bohn.

Gilman, Arthur, M.A. 1908. *The Saracens* (Ang mga Saraceno). New York: G. P. Putnam's Sons.

Gross, M. Grant. 1993. *Oceanography, a View of Earth* (Siyensya ng Karagatan: Isang Tanaw sa Daigdig). 4th edition. Englewood Cliffs: Prentice-Hall, Inc.

Guillaume, Alfred. 1990. *Islam*. Penguin Books.

Hammad, Ahmad Zaki. 1997. *Father of Flame, Commentary & Vocabulary Reference of Surat al-Masad* (Abu Lahab, Komentaryo at Sanggunian sa Talasalitaan ng

*Surat al-Masad*). Bridgeview, Illinois: Quranic Literacy Institute.

Hastings, James (Editor). 1913. *The Encyclopedia of Religion and Ethics* (Ensiklopedya ng Relihiyon at Kabutihang-Asal). Charles Scribner's Sons.

Hastings, James (editor); Revised edition by Frederick C. Grant and H. H. Rowley. 1963. *Dictionary of The Bible* . 2nd edition. Charles Scribner's Sons.

Hirschfeld, Hartwig, Ph.D. 1902. *New Researches into the Composition and Exegesis of the Qoran* (Mga Bagong Pananaliksik sa Kabuuan at Pagpapaliwanag ng Qur'an). London: Royal Asiatic Society.

Hodgkin, Thomas. 1967. *Italy and Her Invaders* (Ang Italia at ang Kanyang mga Mananakop). New York: Russell & Russell.

Hogarth, D.G. 1922. *Arabia*. Oxford: Clarendon Press.

The Holy Bible, New King James Version. 1982. Thomas Nelson Publishers.

The Holy Bible, New Revised Standard Version. Grand Rapids, MI: Zondervan Publishing House.

Hyndman, H. M. 1919. *The Awakening of Asia* (Ang Paggising ng Asia). New York: Boni and Liveright.

Ibn Hisham. *As-Seerah An-Nabawiyyah* (Ang Talambuhay Propeta).

Imam At-Tirmithi. *Mukhtasar Ash-Shama'el Al Muhammadiyyah* (Maikling Paglalarawan kay Muhammad).

Irving, Washington. 1973. *Mahomet and His Successors* (Si Mahomet at ang Kanyang mga Kasunod) . New York: G. P. Putnam's Sons.

Kähler, Martin. 1953. *Der sogemnante historische Jesus und der geschichtliche, biblische Christus.* Munich: New edition by Ernst Wolf.

Kipling, Rudyard. *Life's Handicap* (Kagipitan sa Buhay). 1891. "Bertran and Bimi."

Kraeling, Emil G. Ph. D. 1952. *Rand McNally Bible Atlas* (Mga Mapa tungkol sa Bibliya). Rand McNally & Co.

Kuenen, Philip H. 1960. *Marine Geology* (Heyolohiyang Pandagat). New York: John Wiley & Sons, Inc.

Küng, Hans. 2007. Islam, Past, Present and Future (Islam, Nakaraan, Kasalukuyan at Hinaharap). One World Publications.

Labbe, P. Venice, 1728–1733. *Sacrosancta Concilia* (Mga Banal na Kapulungan) .LaFollette, Suzanne. 1926. *Concerning Women*. "The Beginnings of Emancipation (Kapakanan ng mga Kababaihan – Ang mga Simula ng Paglaya_ ."

Lane, Edward William. 1980. *An Arabic-English Lexicon Derived From the Best and the Most Copious Eastern Sources* (Diksyunaryong Arabik-Inggles Hango sa Pinakamahuhusay at Pinakamasaganang Pinagmulan). Beirut, Lebanon: Librairie Du Liban.

Lane-Poole, Stanley. 1882. *The Speeches and Table-Talk of the Prophet Mohammad* (Ang mga Talumpati at Pananalitang Panghapag ni Muhammad). London: MacMillan and Co.

Lings, Martin. 1995. *Muhammad, His Life Based on the Earliest Sources* (Si Muhammad, ang Kanyang Buhay Batay sa mga Pinakamaagang Pinagmulan). The Islamic Texts Society.

*Manaahil Al-Irfaan fi Uluum Al-Qur'an* (Mga Balon ng Kaalaman ng mga Siyensya ng Qur'an). 1988. Muhammad Abdul-At-Theem Az-Ziqaani. Dar Al-Kutub Al-Ilmee'a.

McBrien, Richard P. (General Editor). 1995. *HarperCollins Encyclopedia of Catholicism.* New York: HarperCollins Publishers.

Meagher, Paul Kevin OP, S.T.M., Thomas C. O'Brien, Sister Consuelo Maria

Aherne, SSJ (editors). 1979. *Encyclopedic Dictionary of Religion*. Philadelphia: Corpus Publications.

*Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*. 1997. 10th edition. Merriam-Webster, Inc.

Michener, James A. May, 1955. "Islam: The Misunderstood Religion (Ang Islam: Ang Di-Maunawaang Relihiyon)," in *Reader's Digest* (American Edition).

Miller, Albert and Jack C. Thompson. 1975. *Elements of Meteorology* (Mga Sangkap ng Meteorolohiya). 2nd edition. Columbus: Charles E. Merrill Publishing Co.

Montet, Edward. 1929. *Traduction Francaise du Couran* Salin ng Qur'an). Paris.

Moore, Keith L. 1983. *The Developing Human, Clinically Oriented Embryology, With Islamic Additions (*Ang Namumuong Tao, Embriyolohiyang Pangklinika, may mga Karagdagang Islamiko) . 3rd edition. Jeddah: Dar Al-Qiblah with permission of W.B. Saunders Co.

*Muata'h Imam Malik.*

Muhammad ibn Ishaq ibn Yasar. 1963. *Seerat An-Nabi* (Talambuhay ng Propeta). Maydan Al Azhar (Cairo): Muhammad Ali Sabi'eh & Children.

Muir, Sir William. 1923. *The Life of Mohammad* (Ang Buhay ni Mohammad). Edinburgh: John Grant.

*Muslim* — ang bantog na iskolar ng *hadith* sa iaksiyam na dantaon, si Muslim ibn Al-Hajjaj.

*Musnad Abu Ya'ala.*

*Musnad Ahmad.*

Naish, John, M.A. 1937. *The Wisdom of the Qur'an* (Ang Karunungan sa Qur'an). Oxford.

*National Geographic Society*. "The Universe, Nature's Grandest Design (Ang

Uniberso, Pinakadakilang Disenyo ng Kalikasan).”

Cartographic division. 1995.

*National Geographic*. December, 1978.

*New Catholic Encyclopedia*. 1967. Washington, D.C.: The Catholic University of America.

*The New International Encyclopaedia*. 1917. 2nd edition. New York: Dodd, Mead and Company.

*Newsweek*. October 31, 1988.

Nydell, Margaret K. 2006. *Understanding Arabs* (Pag-unawa sa mga Arabe). Intercultural Press.

Ostrogorsky, George. 1969. *History of the Byzantine State*. (Kasysayan ng Estadong Bizantino) (Isinalin mula sa Aleman ni Joan Hussey). New Brunswick: Rutgers University Press.

Press, Frank and Raymond Siever. 1982. *Earth*. 3rd edition. San Francisco: W. H. Freeman and Co.

Priestley, Joseph, LL.D. F.R.S. 1782. *An History of the Corruptions of Christianity* (Isang Kasaysayan ng mga Pagsira sa Kristiyanismo). Birmingham: Piercy and Jones.

Priestley, Joseph. 1786. *The Theological and Miscellaneous Works of Joseph Priestley* (Ang mga Teolohikal at Sari-saring Sulatin ni Joseph Priestly) . Edited by John Towill Rutt. Hackney: George Smallfield.

Qadhi, Abu Ammaar Yasir. 1999. *An Introduction to the Sciences of the Qur’an* (Isang Pagpapakilala sa mga Siyensya ng Qur’an). Birmingham: Al-Hidaayah Publishing.

Ranke, Hermann. *Die Ägyptischen Personennamen* (Diksyunaryo ng mga Personal na Pangalan ng Bagong Kaharian). Verzeichnis der Namen, Verlag Von J J

Augustin in Glückstadt, Band I (1935); Band II (1952).

Rippin, Andrew (editor). 1988. *Approaches to the History of the Interpretation of the Qur'an* (Mga Panimulang Aral sa Kasaysayan ng Interpretasyon ng Qur'an). Kabanata: "Kahalagahan ng mga Paghahatid nina Hafs at Warsh," ni Adrian Brockett.

Oxford: Clarendon Press.

Robinson, Victor, M.D. 1943. *The Story of Medicine* (Ang Kasaysayan ng Medisina). New York: The New Home Library.

Ross, Alexander. 1718. *The Life of Mahomet: Together with The Alcoran at Large* (Ang Buhay ni Mahomet: Kasama ng Coran sa Kabuuan). London.

Sa'eid Hawwa. 1990. *Ar-Rasool, Salallahu Alayhi Wa Salam* (Ang Sugo, Sumakanya ang Pagpapala at Kapayapaan ng Allah). 2nd edition. Cairo: Dar As-Salaam Publishing.

*Sahih Al-Bukhari.*

Saheeh International Version of The Holy Qur'an. 1997. Abul-Qasim Publishing House. Jeddah, Saudi Arabia.

Said Qutub, *Fi Thilal Al-Qur'an* (Sa Lilim ng Qur'an).

Sale, George. 1734. *The Koran*. London: C. Ackers.

Schroeder, Rev. Henry J., O.P. 1941. *Canons and Decrees of the Council of Trent* (Mga Batas at Kautusan sa Konseho ng Trent)(Orihinal na Tekstong may Salin sa Inggles). London: B. Herder Book Co.

Seeley, Rod R., Trent D. Stephens and Philip Tate. 1996. *Essentials of Anatomy and Physiology* (Mga Pangunang Batayan sa Anatomya at Pisiyolohiya). 2nd edition. St. Louis: Mosby-Year Book, Inc.

Shaw, George Bernard. 1944. *Everybody's Political What's What?* Ano ang ano sa Pulitika ng Bawat Isa?)

Shaw, George Bernard. 1924. *Saint Joan*.

Smith, R. Bosworth, M.A. 1986. *Mohammad and Mohammadanism*. London: Darf Publishers Ltd.

Stubbe, Dr. Henry, M.A. 1975. *An Account of the Rise and Progress of Mohomedanism, with the Life of Mahomet* (Isang Pagtalakay sa Pag-angat at Pag-unlad ng Mohamedanismo, kabilang ang Buhay ni Mahomet). Lahore: Oxford and Cambridge Press.

*Sunan Tirmithee.*

Sykes, Sir Percy Molesworth. 1951. *A History of Persia* (Isang Kasaysayan ng Persia). 3rd edition. London: Macmillan & Co., Ltd.

*Tafheem-ul-Qur'an* Pag-unawa sa Qur'an).

*Tafseer ibn Kathir* (Pagpapalliwanag sa Qur'an ni ibn Kathir).

Tarbuck, Edward J. and Frederick K. Lutgens. 1982. *Earth Science* (Siyensya ng Daigdig) . 3rd edition. Columbus: Charles E. Merrill Publishing Company.

Thompson, Della (editor). *The Oxford Dictionary of Current English* (Ang Diksyunaryong Oxford ng Kalakarang Inggles). 1993. 2nd edition. Oxford University Press.

Vaglieri, Dr. Laura Veccia. Isinalin mula sa Italiano ni Dr. Aldo Caselli, Haverford College, Pennsylvania. Nalathalang orihinal sa Italiano sa titulong: *Apologia dell' Islamismo* (Isang Pakahulugan sa Islam) (Rome, A. F. Formiggini, 1925). 1980. Zurich: Islamic Foundation.

Watt, W. Montgomery. 1953. *Muhammad at Mecca* (Si Muhammad sa Mecca). Oxford: Clarendon Press.

Wegner, Paul D. *The Journey from Texts to Translations* (Ang Paglalakbay mula sa mga Teksto hanggang sa mga Salin). 1999. Grand Rapids: Baker Books.

Wehr, Hans. *A Dictionary of Modern Written Arabic* (Diksyunaryo ng Makabagong Isinulat na Arabik). 3rd printing. Beirut: Librairie Du Liban; London: MacDonald & Evans Ltd. 1980.

Weinberg, Steven. 1988. *The First Three Minutes, A Modern View of the Origin of the Universe* (Ang Unang Tatlong Minuto, Isang Makabagong Pananaw sa Pinagmulan ng Uniberso). Basic Books; Harper Collins Publishers.

Wells, H. G. 1922. *The Outline of History* (Ang Balangkas ng Kasaysayan). 4th edition. Volume 2. Section XXXI – "Muhammad and Islam (Si Muhammad at ang Islam)". New York: The Review of Reviews Company.

Whiston, William, A.M. 1998. *Josephus, The Complete Works* (Ang Kompletong Sulatin ni Josephus). Nashville: Thomas Nelson Publishers.

*Zad Al-Ma'ad*.

Zahrnt, Heinz. 1817. *The Historical Jesus* (Ang Makasaysayang Jesus). (Isinalin mula sa Aleman ni J. S. Bowden). New York: Harper and Row.

Talasalitaan ng mga Katawagan

AH: "*After Hijra* (Pagkatapos ng Hijra)." Ang pinakasimula ng kalendaryong Islamiko ay umaayon sa Hijra (paglikas o pangingibang-bayan) ng mga Muslim mula sa Makkah patungo sa Medina nang Hulyo ng taong 622 *CE*. Ang mga sumunod na petsa ay tinuos ayon sa kalendaryong lunar (sunod sa pag-ikot ng buwan), na naiiba sa kalendaryong Juliano ng halos sampung araw taun-taon.

Ayah: Pangmaramihan ng *ayat*: Talata ng Banal na Qur'an.

BH: "*Before Hijra* (Una sa Hijrah)." Tingnan ang *AH* para sa paliwanag.

Bint: "Anak na babae ni."

CE: *"Common Era"* o *"Christian Era* (Panahong Kristiyano)*."*

Fitrah: Ang panloob na kalikasang itinalaga ng Allah bilang karapatan sa pagsilang ng tao. Kabilang sa *Fitrah* ang pagkilala at pag-unawa sa Allah bilang Panginoon at Maylikha, at ang katutubong kakayahan mula sa pagsilang na kilalanin ang mabuti at masama.

Hadith: Isang tradisyong nagtatala ng mga salita, gawa, kaanyuan, o ipinakahulugang pagsang-ayon ni Muhammad ibn Abdullah.

Hafith: Isang nakapagsaulo ng Banal na Qur'an.

Haj: Ang taunang paglalakbay ng Muslim sa Makkah.

Hijra: Ang paglikas ng Muslim mula sa Makkah patungong Medina nang Hulyo ng taong 622 *CE.*

Ibn: "Anak na lalaki ni ."

Imam: Namumuno sa pagdarasal, ang tumatayo sa harapan *(amama)* ng konggregasyon.

Makkah: Kilala rin bilang Mecca, Bakka, Becca, Baca. Ang banal na lunsod na pinagdarausan ng mga Muslim ng pilgrimahe (banal na paglalakbay). Ang Kaba, na direksyong binabalingan ng mga Muslim sa pagdarasal, at ang balon ng Zam-Zam ay nasa gitna ng banal na moske.

Mecca: Tingnan ang Makkah.

Mushaf: “Aklat.”

Muslim: Isang bantog na iskolar ng hadith nang ikasiyam na dantaon, Muslim ibn Al-Hajjaj. Hindi dapat ipagkamali sa *muslim*, isang tagasunod sa Islam.

Sahaba: Ang mga kasamahan ng propeta Muhammad.

Sunni: Orihinal na sekta ng Islam, bumubuo ng 95 porsyento ng lahat ng mga Muslim.

Surah: Kabanata ng Banal na Qur’an.

Tawheed: Monoteismong Islamiko (pagsamba sa iisang Diyos).

Zakat: Ang kaloob sa dukha, na obligasyon ng mga Muslim, kahawig ng ikapu o limos.